

# Pagtuturo ng Kapakanan



Ruhi Institute





Aklat 6

# Pagtuturo ng Kapakanan

Ruhi Institute

Mga Aklat sa Serye:

Nasa ibaba ang kasalukuyang mga pamagat sa seryeng dinesenyo ng Ruhi Institute. Nilalayong gamitin ang mga aklat bilang pangunahing pagkakasunud-sunod ng mga kurso sa isang masistemang pagsisikap na pahusayin ang kakayahan ng mga kabataan at mga nasa hustong gulang sa paglilingkod sa kanilang mga pamayanan. Binubuo rin ng Ruhi Institute ang isang pangkat ng mga kursong nagsasanga mula sa ikatlong aklat ng serye para sa pagsasanay ng mga guro ng Bahá'í na mga klase para sa mga bata, at gayundin ng isang pangkat mula sa Aklat 5 para sa pagbabangon ng mga animator ng mga grupo ng junior youth. Ang mga ito ay nakalista rin sa talaan sa ibaba. Dapat banggitin na maaaring magbago ang talaan habang sumusulong ang karanasan sa larangan ng paggawa, at ang karagdagang mga pamagat ay idaragdag kapag ang ilang mga elemento ng kurikulum na kasalukuyang binubuo pa lamang ay umabot na sa yugtong maaari na itong ipamahagi nang malawakan.

| | |
|---|---|
| Aklat 1 | *Mga Pagninilay-nilay sa Buhay ng Espiritu* |
| Aklat 2 | *Bumangon upang Maglingkod* |
| Aklat 3 | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 1* |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 2* (kursong nagsasanga) |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 3* (kursong nagsasanga) |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 4* (kursong nagsasanga) |
| Aklat 4 | *Ang Kambal na Kahayagan* |
| Aklat 5 | *Pagpapalaya sa mga Kakayahan ng Junior Youth* |
| | *Panimulang Pintig: Ang unang kursong nagsasanga sa Aklat 5* |
| | *Lumalawak na Saklaw: Ang pangalawang kursong nagsasanga sa Aklat 5* |
| Aklat 6 | *Pagtuturo ng Kapakanan* |
| Aklat 7 | *Magkasamang Tinatahak ang Landas ng Paglilingkod* |
| Aklat 8 | *Ang Kasunduan ni Bahá'u'lláh* |
| Aklat 9 | *Pagtatamo ng Tanawing Makasaysayan* |
| Aklat 10 | *Pagtatatag ng Masiglang mga Pamayanan* |
| Aklat 11 | *Mga Materyal na Yaman* |
| Aklat 12 | *Pamilya at Pamayanan* |
| Aklat 13 | *Pakikilahok sa Pagkilos Panlipunan* |
| Aklat 14 | *Sumasali sa Talakayang Bayan* |

Copyright © 2007, 2023 by the Ruhi Foundation, Colombia
All rights reserved. Edition 2.1.1.PE published in 2023
Printed in Philippines

Originally published in Spanish as *Enseñar la Causa*
Copyright © 1990, 1998, 2023 by the Ruhi Foundation, Colombia
ISBN 978-628-95545-2-6

Permission for a limited printing of this book in Filipino has been granted to the National Spiritual Assembly of the Bahá'ís of the Philippines by the Ruhi Institute.

Ruhi Institute
Cali, Colombia
Email: instituto@ruhi.org
Website: www.ruhi.org

National Spiritual Assembly of the Bahá'ís of the Philippines
25 Sangley St., Greenheights Village
Brgy. San Isidro, Parañaque City, Philippines
nsa@bahai.org.ph
www.bahai.org.ph

# Nilalaman

Ilang mga Kaisipan para sa Tutor .................... v

Ang Likas na Katangiang Espiritwal ng Pagtuturo .................... 1

Mga Katangian at Saloobing Kailangang-kailangan para sa Pagtuturo .................... 43

Ang Gawain ng Pagtuturo .................... 91

# Ilang mga Kaisipan para sa Tutor

Mahalagang maunawaan ng lahat ng mga naglilingkod bilang mga tutor ng mga kurso ng Ruhi Institute na ang *Pagtuturo ng Kapakanan*, ang ika-anim sa pangunahing serye nito, ay nasa kalagayang pinag-iinugan ng proseso ng edukasyon na pinagkakaabalahan ng mga kalahok. Sa isang dako, taglay ang kanilang lumalawak na karanasan sa larangan ng paglilingkod, handa na silang magnilay-nilay nang mas malawakan sa paksang unang ipinakilala sa kanila sa Aklat 2. Sa kabilang dako, ang mga temang susuriin nila rito ay makatutulong upang mailagay nila sa wastong pagkaka-ugnay-ugnay ang lahat ng kanilang gagawin sa hinaharap, sapagkat ang isang buhay na itinalaga sa paglilingkod sa Kapakanan ay nararapat lamang na napupuspos ng maalab na hangaring makamtan ang pribilehiyong ibahagi ang mga katuruan ni Bahá'u'lláh sa mga iba.

Mula nang magsimulang tahakin ang landas ng paglilingkod na ibinukas ng mga kurso, ang mga kalahok ay nakalikom na ng maraming karanasan sa pagsasagawa, kasama ng kanilang mga kaibigan, ng isang pangkat ng magkaka-ugnay na mga gawain ng paglilingkod sa kanilang mga nayon at kapitbahayan—pagiging punong-abala ng mga pagtitipon upang manalangin, pagsasagawa ng masistemang mga pagdalaw sa mga tahanan, pagtuturo ng mga klase para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata, at pagsasali ng mga grupo ng mga junior youth sa isang programa para sa pagtamo nila ng espiritwal na lakas. Nahahabi sa lahat ng mga gawaing ito ang mga usapang nakatulong sa lumalaking bilang upang maging bihasa sa mga simulain ng Pananampalataya at upang palalimin ang kanilang kaalaman ukol sa mga katuruan nito. Ang bawat isa sa naunang mga kurso, lalo na ang Aklat 2, ay nakatulong sa pagpapa-unlad ng mga kakayahang kinakailangan upang makapasok ang mga kalahok sa ganoong mga usapan. Walang alinlangang ang marami sa kanila sa yugtong ito ay nagkaroon na ng biyaya ng pagtulong sa ibang mga kaluluwa upang makilala si Bahá'u'lláh bilang Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyan at upang magtaglay ng katapatan sa Kaniyang Pananampalataya. Ngayon ay handang-handa na sila upang pag-isipan nang higit na malalim ang gawain ng pagtuturo, na iyon ang layunin ng pangatlong yunit ng aklat na ito. Ang pangalawang yunit ay maghahain sa kanila ng isang pagkakataong nilay-nilayin ang espiritwal na mga katangian at saloobin na kailangang makamtan ng mga nagtuturo ng Pananampalataya, samantalang sa unang yunit ay madaragdagan ang kanilang pag-unawa sa espiritwal na kahalagahan nitong sagradong gawain.

Sa pagsasaliksik sa katangian ng tungkuling iniatas sa atin ni Bahá'u'lláh na ituro ang Kaniyang Kapakanan, tinatalakay ng unang yunit ang ilang pangunahing konsepto. Kabilang sa unang mga tinatalakay sa yunit ay ang konsepto ng "pag-aalab".

Hinihimok ang mga kalahok na mapagtanto nilang nauugnay ang ating tungkuling magturo sa ating panloob na kalagayan at gayundin sa mga kilos na ating isinasagawa. Na ang "pagiging" at ang "paggawa" ay dalawang nagpupunuang aspekto ng isang buhay na alinsunod sa mga katuruang Bahá'í ay isang temang pinagbabatayan ng buong serye ng mga kurso. Dito ay malinaw itong isinasaad, at sa katunayan, nagbibigay ito sa aklat ng pangkahalatang estruktura nito. Ang panimulang mga bahagi ng yunit ay makatutulong sa mga kalahok upang magtamo ng malalim na pag-unawang espiritwal sa kaisipang ito kaugnay ng pagtuturo ng Pananampalataya. Ginagamit ang ilang metaporang matatagpuan sa mga Kasulatan bilang tulong sa kanila upang makita ang mga ugnayan sa pagitan ng "pagiging" at ng "paggawa"—higit na kapansin-pansin ang larawan ng apoy, na gaanuman ito kaliit ay nagbibigay pa rin ng init at liwanag. Ipinahihiwatig dito na ang gawain ng pagtuturo ay isang natural na paghahayag sa isang kalagayan ng pagiging, na pinakamahusay itong mailalarawan bilang isang kalagayan ng pag-aalab, kung saan ang pag-ibig sa Diyos ay nagniningas nang napakatindi sa ating mga puso na walang puknat tayong nagsusumikap na ipalaganap ang Kaniyang Salita.

Ang pag-unawang natatamo ng mga kalahok mula sa kanilang pag-aaral ng mga sipi sa mga bahaging ito, kung gayon, ay dapat magbigay-daan upang mapahalagahan nila kung paano naihahayag sa praktikal na paraan sa larangan ng paglilingkod ang pagpupunuan ng "pagiging" at "paggawa". Sa gayon, ang mga ipinahihiwatig ng ilang karaniwang koro-koro kung saan ipinaghihiwalay ang dalawa, lalo na yaong nauukol sa relihiyon ang katangian, ay kailangang maging napakalinaw sa mga kalahok upang mapigilan nila ang gayong gawi ng pag-iisip na pinaghihiwa-hiwalay ang mga bagay-bagay, upang iyon ay hindi magkaroon ng impluwensiya sa paraan ng pagtingin nila sa isang buhay na nakatalaga sa pagtataguyod ng Kapakanan. Ang mga pagsasanay sa mga Bahagi 9 at 10 ay makatutulong kaugnay nito, at dapat tiyakin ng mga tutor na tumatanggap ang mga ito ng sapat na pansin. Mangyari pa, madaling makikita ng mga kalahok na ang dalawang layuning moral na kanilang isinasagawa ay ang nagbibigkis sa lahat ng aspekto ng kanilang buhay—ang kanilang paghahanap ng kaalaman, ang kanilang pagsunod sa Dibinong batas, ang kanilang mga pagsisikap sa maglingkod sa Diyos at higit pang lumapit sa Kaniya at magtamo ng mga katangiang espiritwal at pinuhin pa ang kanilang mga ugali.

Ang sagradong katangian ng tungkuling magturo ay ang tinututukan ng kasunod na ilang mga bahagi ng yunit. Sa isang daigdig kung saan ang mismong konsepto ng pagiging sagrado ay naglalaho na, ang mga kalahok ay dapat lumabas mula sa kanilang pag-aaral ng kurso taglay ang isang matalas na kamalayan sa "sagrado"—yaong pag-aari ng Diyos—at sa malalim na pag-unawa sa pananaw na habang itinuturo ang Pananampalataya, sila ay nakikipag-ugnay sa dalawang sagradong bagay: ang puso ng tao at ang Kaniyang Rebelasyon. Ang pagninilay-nilay sa piniling mga sipi mula sa mga Kasulatan ay magbibigay-liwanag sa isang gawaing lubhang espiritwal—yaon ay, ang pagbubukas ng lungsod ng puso ng tao sa Kaniyang Rebelasyon gamit ang susi ng pananalita. Ang paksa ng "pananalita" ay sasaliksikin nang detalyado sa pangatlong yunit, kung saan ay pag-iisipan ng mga kalahok ang nilalaman ng mensaheng ibinabahagi nila sa ibang kaluluwa kapag nagtuturo. Sa mga bahagi rito, hinihiling sa kanilang pag-isipan kung paano ang higit na mataas na kamalayan sa pagiging sagrado

ng gawaing ito ay hindi lamang nagpapataas sa bisa ng mga pagsisikap sa larangan ng paggawa. Sa halip, at lalo pang mahalaga, pinalalaya nito ang mga puwersang espiritwal na kinakailangan upang iangat ang gayong mga pagsisikap nang higit na mataas sa makamundong mga gawain, at sa gayon ay pinakikilos ang mga prosesong maaaring makapagdala ng saligang pagbabago, kapuwa sa indibidwal at nang sama-sama. Sa Bahagi 17 ay maglalaan ang mga kalahok ng ilang panahon sa pagsusuri sa mga ipinahihiwatig nitong higit na mataas na kamalayan. Kabilang sa mga puntos na nanaisin ng tutor na tiyaking maunawaan nila, ang dalawa ang namumukod: Una, kailangan nilang mag-ingat na hindi nila gamitin ang ilang mga paraan ng pag-iisip, na gaanuman ito laganap sa lipunan, ay magpapapasok ng mga saloobin at mga kagawiang makapipinsala sa sagradong katangian ng kanilang mga pagsisikap sa pagtuturo. Ang gawain ng pagtuturo ay hindi dapat harapin bilang pagpapaanib ng mga miyembro sa isang makabagong kapakanang panlipunan, at lalo nang hindi dapat isipin bilang pagbebenta ng isang produkto, kahit pa napakalaki ng kabutihang idudulot nito sa gumagamit. Pangalawa, dapat nilang matanto na yamang ang lahat ng kanilang mga pagsisikap sa landas ng paglilingkod ay kaugnay ng pagdadala ng mga puso na pakikipag-ugnay sa Salita ng Diyos, ang mga ito ay sagrado rin at dapat harapin nang taglay ang ganitong kamalayan.

Ang yunit ay dumadako ngayon sa isang paksang alam na alam ng mga kalahok: ang nakapagpapabagong epekto ng Salita ng Diyos. Sa gawain ng pagtuturo, nabubuo ang isang bigkis sa pagitan ng puso ng tao at ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh—ang Kaniyang pinakadakilang kaloob sa sangkatauhan—isang bigkis kung saan maaaring magsimula ang isang namamalaging proseso ng pagbabago. Tanging ang Salita ng Diyos lamang ang pinagkalooban ng kapangyarihang makagagawa ng ganoong pagbabago. Maging anupaman ang antas ng pagninilay-nilay ng mga kalahok sa paksang ito sa naunang mga kurso, dito ay itutubog nila ang kanilang mga sarili sa mismong mga Salita ni Bahá'u'lláh tungkol sa kahulugan ng Salita ng Diyos at ng kahalagahan ng paggamit sa kapangyarihan nito kapag itinuturo ang Kaniyang Kapakanan. Ang pagbibigay-diin ng Ruhi Institute sa pagsasaulo ng mga sipi mula sa mga kasulatan, sa gayon ay magiging higit pang makatwiran sa kaisipan ng mga kalahok. Ang tumpak na pagpapaliwanag sa mga katuruan, na ibinibigay ito sa mga iba sa dalisay nitong anyo, ay kabilang sa mga kahusayang sinisikap nating lahat na paunlarin sa ating mga sarili habang tinatahak natin ang landas ng paglilingkod, at upang magawa ito ay kinakailangang magpunyagi tayo sa lahat ng panahon upang iayon ang ating mga kaisipan at mga salita sa mga kasulatan sa pinakamalapit na antas na makakaya natin.

Ang yunit ay nagwawakas, kung gayon, sa paglilinaw na kapag nakikipag-usap sa mga iba tungkol sa Pananampalataya, ang ating gagamitin ay hindi lamang ang kaalamang natamo natin upang makapagbigay ng mga paliwanag na malinaw at magkaka-ugnay-ugnay bagkus gayundin ay ang kapangyarihan ng pag-ibig. Kaugnay ng pagtuturo, ang pakikipag-usap, karagdagan sa natatangi iyon ng kaligayahan, ay dapat lumikha at palakasin ang mga bigkis ng pag-ibig sa pagitan ng mga puso, na sa pamamagitan niyon ay makadadaloy ang marangal na mga damdamin at matayog na mga kaisipan.

Ang pangalawang yunit, “Mga Katangian at Saloobing Kailangang-kailangan para sa Pagtuturo” ay nagsisimula sa pagpapaalaala sa mga kalahok sa kanilang pinag-aralan sa unang yunit kaugnay ng “pagiging” at “paggawa”. Binibigyan-diin nito na mula pa sa simula ay natural na naihahayag ang pagpipino sa panloob na kalagayan ng indibidwal sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba, samantalang sa paglilingkod sa iba ay higit pang nagiging pino ang panloob na kalagayan ng sarili. Ang mga kalahok ay inaanyayahang magnilay-nilay sa ganoong mga katangiang espiritwal tulad ng kadalisayan ng puso, walang bahid ng pagkamakasarili, pananalig, kabaitan, lakas-loob, karunungan, pagkawalay, at pagpapakumbaba, kaugnay ng ating mga pagsisikap na ipalaganap ang Dibinong mga halimuyak. Ang pagpapayaman ng mga katangiang espiritwal, kasama ang kaakibat na mga saloobin, ay isang tema na muli’t muling tinatalakay sa mga kurso ng Ruhi Institute, subalit laging kaugnay ng paglilinang ng isang tanging kakayahan—ang kakayahang kinakailangan, halimbawa, upang makatulong sa madasaling katangian ng isang pamayanan, upang ibahagi sa mga iba ang mga perlas ng karunungan mula sa Rebelasyon ni Bahá’u’lláh, upang magdaos ng mga klase para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata. Sa ganitong paraan, sa paglakad ng panahon ay lumalawak at lumalalim ang pag-unawa ng mga kalahok ukol sa pangunahing mga katangian ng kaluluwa ng tao, habang sinusuri nila ang pagtutugunan ng isa’t isa sa panibagong liwanag at nasasaksihan ang pagkilos nito sa alinmang bagong larangan ng pagkilos.

Sa paggabay sa isang grupo sa yunit, nanaisin ng tutor na laging isaisip ang isang konseptong napakahalaga sa pagsasaliksik ng mga katangian espiritwal, na bagaman naroroon sa lahat ng mga kurso ng pangunahing serye, ay nagkakaroon ng pangunahing kahalagahan sa yunit na ito—yaon ay, ang gayong mga katangian ay nakabatay sa isa’t isa para sa wastong paghahayag ng mga ito. May tanging kabuluhan sa gawain ng pagtuturo ang pag-unawa na ang lakas-loob ay nangangailangan ng karunungan; na ang karunungan ay hindi naihahayag kapag walang lakas-loob; kung paanong kinakailangan ng kadalisayan ang pagkawalay mula sa makamundong ambisyon, at gayundin ay kinakailangan ang walang bahid ng pagkamakasarili; kung paanong ang kabaitan, kapag hindi hinahaluan ng pananalig sa kakayahan ng mga tao, ay maaaring madaig ng paternalismo, o kung paanong kapag walang katapatan, sa katunayan, iyon ay walang iba kundi pagbabalat-kayo.

Sa ngayon ay bihasa na ang mga tutor sa panukalang iniharap sa Aklat 3 na ang mga katangiang espiritwal ay yaong permanenteng mga estruktura na bumubuo sa ating pagkatao. Ang pagtatamo ng gayong mga katangian ay ang nagbibigay-daan upang maipakita natin ang wastong mga katangian sa ating mga ugnayan sa iba at upang iwasan yaong mga katangiang hindi kanais-nais na maaaring nakamtan natin mula sa pagpapalaki sa atin at sa ating kultura. Ang ating pagiging handang makipag-ugnayan sa mga tao at ang malasakit natin sa kanilang pagpupunyagi upang maunawaan ang katotohanan ay mga halimbawa ng mga saloobing likas na bahagi ng pagsasaliksik sa mga katangiang espiritwal na pinagtutuunan ng higit na pansin sa mas malaking bahagi ng yunit. Halimbawa, sa pag-iisip tungkol sa mga katangian ng kabaitan at pasensiya sa Bahagi 7, sinusuri ng mga kalahok ang mga sitwasyon kung saan ang mga saloobin ng paternalismo at pagpapabaya ay maaaring magpakita sa ngalan ng mga iyon.

Gayundin, pagkatapos limiin ang katangian ng pagkawalay sa Bahagi 8, hihilingin sa kanilang pag-isipan kung paano ito nauugany sa ating walang-humpay na sigasig para sa pagtuturo, isang matayog na hangaring sinisikap nating lahat na matamo. Kailangang makilala ng mga kalahok na ang pag-aalab at sigla ay mga saloobing dapat nilang sikaping ipakita at kailangan nilang tanggapin na ang kalayuan ng loob at kawalan ng malasakit ay dapat nilang iwasan. Ito ang layunin ng pagsasanay sa Bahagi 9, na dapat maging paksa ng maingat na pag-iisip.

Mangyari pa, batid ng mga naglilingkod bilang mga tutor na ang pag-unlad ng alinmang katangiang espiritwal ay nangangailangan ng pag-unawa sa ilang magkakaugnay na mga konsepto. Ang pagtatamo ng higit at higit pang mataas na mga antas ng kadalisayan, bilang isang halimbawa, ay nangangailangan ng isang antas ng pag-unawa sa dahilan ng paglikha sa puso ng tao at kung ano ang dapat nitong ilarawan, kung ano ba ang bumubuo sa gabok at latak na maaaring magpadilim sa ningning nito, at kung ano ba ang kinakailangan upang mapanatili itong malinis mula sa gayong mga dungis. Subalit higit pa sa lumalalim na pag-unawa sa gayong mga konsepto, ang isang tao ay dapat nagtataglay ng kalooban at tapat na kagustuhang umunlad sa espiritwal. Ang kalooban at kagustuhan ay hindi nalilikha sa pamamagitan lamang ng talakayang pangkaisipan; kinakailangan ng malalim at masusing pagninilay-nilay ng bawat isang indibidwal ukol sa sarili niyang panloob na kalagayan. Tungkulin ng tutor, kung gayon, na linangin ang isang kapaligirang makatutulong sa gayong pagninilay-nilay—isang kapaligirang hindi pumupukaw sa mga damdamin ng pagkakasala, na hindi humihingi ng pangungumpisal, na hindi humihimok sa pagbibintang, isang kapaligiran kung saan ay magagawa ng isang grupo ng mga magkakaibigan na talakayin nang mahinanon ang kapuwa pangkaisipan at praktikal na mga bagay, at hinahayaan sa bawat isa ang magnilay-nilay nang pribado kung ano ang kailangan niyang gawin.

Ang isang katangiang espiritwal na binibigyan ng tanging pansin ay ang pagpapakumbaba. Sa isang dako, ang tunay na pagpapakumbaba ay napakalapit na nauugnay sa kalagayan ng pag-aalab na sinisikap nating lahat makamtan. Upang marating ang gayong mga rurok ay kinakailangan nating higit at higit pang nililimot ang sarili. Ito ang katangiang nagkakaloob sa ating mga salita at mga gawa ng kapangyarihang espiritwal at pinangangalagaan tayo mula sa pagsalakay ng pagmamataas at kayabangan. Sa kabilang dako, nililikha nito ang saloobin ng pagsisikap matuto na lubhang kinakailangan para sa mabisang pagtuturo. Ang saloobin ng pagsisikap matuto na binuo batay sa saligan ng tunay na pagpapakumbaba ay ang nangangalaga mula sa kawalan ng kakayahang ibagay ang mga pamamaraan at mga deskarteng ginagamit natin sa pagtuturo ng Pananampalataya, kapuwa sa sarili nating indibidwal na mga pagsisikap at sa ating pagtulong sa sama-samang mga pagsisikap; tinutulungan tayo nitong maging higit at higit pang mahusay sa angkop na pagtugon sa mga kalagayang kinaroroonan natin—kung magpapatuloy ba nang buong lakas-loob o nang maingat, kung kikilos ba nang mabilis o mag-antabay, kung magsasalita ba nang tuwiran at walang pasubali tungkol sa katauhan ni Bahá’u’lláh o nang higit na masaklaw tungkol sa Kaniyang mga katuruan at sa mga simulaing ipinahayag Niya. Ang pagtalakay sa mga ideyang ito ay nagsisimula sa Bahagi 10 at nagwawakas sa mga pagsasanay sa Bahagi 14. Tulad nang lagi, ang halimbawa ni ‘Abdu’l-Bahá, kung saan

nagwawakas ang yunit, ay magiging gabay sa mga kalahok sa kanilang mga pagninilay-nilay sa mga katangian at mga saloobin kung saan dapat makilala ang paraan ng kanilang pakikipag-ugnay sa mga kaluluwang handang tumanggap at sa paraan ng kanilang pagharap sa mga usapan tungkol sa Pananampalataya.

Ang pangatlong yunit, na tinatalakay ang mismong gawain ng pagtuturo, ay sinusuri ang paksa sa dalawang konteksto: sa ating sariling personal na mga pagsisikap bilang mga indibidwal, at sa sama-samang mga pagpupunyagi sa antas ng masa. Ang malaking bahagi ay nakalaan sa unang nabanggit, subalit dapat tandaan ng mga tutor na ang malaking bahagi ng kanilang tatalakayin sa mga kalahok ay patungkol sa dalawang kontekstong ito. Sa katunayan, samantalang ang yunit ay magkasunod na nag-uukol ng pansin sa bawat isa, sa katunayan hindi naman hiwalay sa isa't isa ang mga ito bagkus ay magkapareho sa maraming bahagi.

Kabilang sa iminumungkahi ng yunit na mga kakayahang kailangang paunlarin ng mga kalahok upang maging mabisa sa alinmang konteksto ay yaong pagkilala at pag-aruga sa pagiging handang tumanggap sa mensahe ni Bahá'u'lláh. Ang mga katangiang espiritwal na tinutukan ng pangalawang yunit ay ang susi para dito, at tulad ng binanggit ng Guardian sa Bahagi 13, gayundin ay ang kakayahang samantalahin ang mga pagkakataong nililikha ng kaguluhan sa kasalukuyang lipunan. Sa kanilang mga talakayan, ang mga kalahok ay dapat magbigay ng sapat na pag-iisip sa mga kalagayang lumilitaw sa puso ng tao sa ilalim ng mga pagkabahala at mga hirap na dulot ng isang gumuguhong kaayusang pandaigdig.

Mangyari pa, gaanuman karami ng gayong mga pagkakataon, ang mga ito ay hindi magbubunga kung ang kakayahang ilahad ang mga katuruang Bahá'í sa isang kapani-paniwalang paraan, na angkop sa kalagayan, ay hindi nakatatanggap ng sapat na pagbibigay-pansin. Ang pinakabuod ng yunit, kung gayon, ay inilaan sa isang pagsasaliksik sa kakayahang ito, at ang mga kalahok ay tinutulungang pag-isipan ang likas na katangian nito sa tulong ng isang halimbawa—ang usapan kung saan ang isang kabataan, si Anna, ay inilalahad ang Pananampalataya sa kaniyang kaibigang si Emilia. Kailangang tiyakin ng mga tutor na mula sa pangunahing talakayan na ito ay magiging malinaw sa kaisipan ng mga kalahok ang dalawa man lamang na ideya.

Una, napakahalagang maunawaan ng mga kalahok ang pagkakaiba sa pagitan ng mga konsepto at ng impormasyon, na tinalakay sa mga Bahagi 4 hanggang 6, at gayundin kung bakit napakahalaga ng pagkakaibang ito. Sapagkat, sa huling pagsusuri, ang pag-unawa sa mga konsepto at napakalalim na mga katotohanan ang nagbibigay-daan upang magawa ng mga kaluluwang makalapit kay Bahá'u'lláh, hindi ang pagtanggap lamang ng impormasyon. Sa antas na ang gawain ng pagtuturo ay abala sa pagtataas ng kamalayan at pagpapayabong ng pag-unawa ay maaari itong makita bilang isang paraan ng pagtulong sa pagbibigay-lakas sa mga indibidwal, sa kaisipan at sa espiritwal. Dito ay kailangang gamitin ang kakayahang pinauunlad ng mga kalahok mula nang pumasok sila sa proseso ng institute upang makipag-ugnay sa Salita ng Diyos at magtamo ng pag-unawa nito, sa pamamagitan ng paglilimi nila kung paano nila gagabayan ang mga iba patungo sa mga dalampasian ng tunay na kaalaman.

Pangalawa, dapat matanto ng mga kalahok na ang usapan sa pagitan ni Anna at ng kaniyang kaibigan, na binalangkas sa mga Bahagi 7 hanggang 21, ay naglalayong magbigay sa kanila ng isang ideya kung ano ang nilalaman ng isang malinaw na paglalahad sa Pananampalataya; hindi ito dapat akalaing isang pormulang dapat gamitin nang walang pili-pili. Sa katunayan, ang mga pagsasanay na kasunod ng bawat yugto ng paglalahad ay binuo upang itampok ang pangkalahatang lohika nito at pukawin ang ilang panimulang mga kaisipan kung paano ito maiaangkop sa pagtugon sa magkakaibang mga pinanggalingan at kahiligan. Subalit, upang payabungin ng mga kalahok ang kakayahang gawin ito, kailangan nila munang matutunan nang mahusay ang paglalahad na ito sa ganitong anyo at magawang sabihin ang magkakasunod na mga ideya sa sarili nilang mga salita.

Ang pagtalakay sa indibidwal na mga pagsisikap sa pagtuturo ay nagwawakas sa Bahagi 26, kung saan ay hinihiling sa mga kalahok na suriin ang sarili nilang mga kalagayan sa buhay at kilalanin ang mga elemento ng isang personal na plano ng pagtuturo. Hinihimok sila sa Bahagi 27 na bumuo, batay rito, ng isang panimulang plano ng pagkilos para sa isang tanging yugto ng panahon, maging ilang linggo o ilang buwan. Inaasahang ang pagsasanay na ito ay magtataas sa kanilang kamalayan ukol sa kahalagahan ng regular na pagsasagawa ng pagtuturo bilang isang personal na inisyatiba sa buong buhay nila.

Ang Bahagi 28 naman ay dumadako sa paksa ng sama-samang pagkilos, na iyon ang tinututukan ng natitirang bahagi ng yunit. Inaasahang sa yugtong ito ang mga kalahok ay nagawa nang sumali sa iba't ibang uri ng kampanyang masikhay. Higit pa roon, lahat sila ay bahagi ng isang lumalaking nucleus ng aktibong mga tagapagtaguyod ng Pananampalataya na patuloy na nagpupunyagi upang isulong ang proseso ng pagtatatag ng pamayanan sa cluster na kanilang tinitirahan. Itong huling mga bahagi ay makatutulong sa kanila upang nilay-nilayin ang kanilang karanasan bilang mga kalahok ng gayong sama-samang mga pagkilos. Samantalang ang mga pagsasanay ay hindi mahaba, hindi ito nangangahulugang mamadaliin ang pag-aaral sa mga bahaging ito, at mahalagang tiyakin ng tutor na sapat na oras ang ibinibigay sa mga kalahok upang maiugnay nila ang kanilang pinag-aaralan sa sarili nilang karanasan. Sa paggawa nito, dapat nilang makita kung paano, sa sama-samang pagkilos, ang bawat indibidwal ay kailangang tumulong sa pagbubuo ng isang kapaligirang natatangi sa patuloy na tumataas na antas ng pagkakaisa, sa iba't ibang mga aspekto nito. Dapat silang makatamo ng larawang-isip nang kung paano ang nagkakaisang pagkilos sa antas ng masa, at kasama ang indibidwal na mga pagpupunyagi, ay nagsisilbing isulong ang pandaigdig na pagsisikap na pinagkakaabalahan ng pamayanang Bahá'í.

Alinsunod sa layuning ito, inihaharap ng mga bahagi ang ilang mga katanungang kailangang pag-isipan ng mga kalahok: Ano ang likas na katangian ng sama-samang pagkilos? Ano ang ibig sabihin na dapat nagkakaisa ang sama-samang pagkilos? Ano ang mga katangian ng paraan ng pagpapalaki sa Pananampalataya sa buong daigdig, at ano ang ginagampanan ng mga kampanyang masikhay? Ano ang ilan sa mga katangian ng sambayanan kung saan sila ay gumagawa, maging iyon ay ang mga nananahan sa isang nayon o ang isang populasyong handang tumanggap na nasa

isang kapitbahayan o hiwa-hiwalay sa kabuuan ng cluster? Gaano kalakas ang mga puwersang nililikha ng kanilang sama-samang pagkilos upang ibunsod ang pagsulong ng populasyon tungo sa larawang-isip ng Kaayusang Pandaigdig ni Bahá'u'lláh? Gaano kalapit ang ugnayan ng paglaki ng Pananampalataya sa kakayahang nalilinang sa pamamagitan ng proseso ng edukasyong itinataguyod ng institute para sa mga bata, mga junior youth, mga kabataan at mga nasa hustong gulang? Nalilikha ba ang kinakailangang mga kalagayan para sa mabisang sama-samang pagkilos? Patuloy bang pinalalakas ang mga bigkis ng pagkakaibigan? Natatamo ba ng mga kalahok ang pagkakaisa sa layunin sa sama-samang pagkilos? Naihahayag ba ito sa maligaya at masikhay na paggawa? Sa anong antas nahuhubog ang kanilang paraan ng pagsisikap matuto tungkol sa paglaki sa pamamagitan ng pagkilos, pagninilay-nilay sa pagkilos, at pagsasanggunian? Ang kahalagahan nitong huling katanungan ay hindi maaaring pahalagahan nang labis, sapagkat sa antas na ang gayong paraan ang nagiging paraan ng pagkilos ng isang lumalawak na nucleus ng mga kaibigan ay iyon din ang antas na magagawa nilang bumuo ng higit at higit pang mataas na pagkakaisa ng kaisipan, na lubhang kinakailangan upang matuklasan nila kung ano ang kinakailangan upang sumulong mula sa isang yugto ng paglaki patungo sa kasunod.



# Ang Katangiang Espiritwal ng Pagtuturo

## Layunin

Upang magtamo ng pag-unawa sa pagtuturo bilang gawaing
may natatanging kahulugang espiritwal at
upang mapahalagahan na ang mabisang pagtuturo
ay nangangailangan ng kapuwa "pagiging" at "paggawa"—
pagbibigay-pansin sa sariling panloob na kalagayan
at gayundin sa palagiang pagkilos

## BAHAGI 1

Sa ngayon ay ilang panahon na kayong sumusulong sa landas ng paglilingkod—isang landas kung saan ang espiritwal at pangkaisipang pag-unlad ng indibidwal ay hindi maaaring maihiwalay sa kaniyang tulong para sa pagbabago ng lipunan. Sa bawat yugto sa landas na ito ang isang kombinasyon ng pag-aaral at pagkilos ay nagpahusay sa inyong kakayahang maglingkod sa iba't ibang paraan—sa pagpapalakas sa katangiang manalangin ng inyong pamayanan, sa pagsimula at pagpapatuloy ng mga usapan sa mga kaibigan at kapamilya sa inyong kapitbahayan o nayon na nagbibigay ng espiritwal na sigla, sa pakikilahok sa isang programa ng masistemang pagdalaw sa mga tahanan, sa pagkilos bilang isang guro ng mga klase para sa mga bata o bilang isang animator ng junior youth group, o ng kapuwa nito. Sa lahat ng mga gawaing ito, inyong nadama ang kaligayahan ng pagbabahagi sa mga magkakaibang pinanggalingan at magkakaibang mga edad yaong mga perlas ng karunungan mula sa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh.

Walang alinlangang kayo ay nagsusumikap upang palakasin pa ang mga saligang espiritwal ng inyong pamayanan, at sinunggaban ninyo ang mga pagkakataong magsalita nang tuwiran at nang malalim tungkol sa katauhan ni Bahá'u'lláh at ang Kaniyang Rebelasyon sa mga interesado—halimbawa, kapag dinadalaw ang mga magulang ng mga batang nasa mga programa ng edukasyon ng institute, maaaring bilang bahagi ng isang kampanyang masikhay, o kapag nakikipag-usap sa mga kabataang pumasok sa proseso ng institute bunga ng hangaring makapaglingkod. Kahit sa inyong araw-araw na pakikipag-ugnayan sa mga kamag-anak, kaibigan, kaklase, katrabaho, at kakilala, tiyak na nakatagpo kayo ng gayong mga pagkakataon. Higit pa roon, sa ganoon at sa iba pang mga pagkakataon ay hindi kayo umiwas sa pag-anyaya sa mga nakahandang kaluluwa upang tanggapin ang katotohanan ng Kaniyang mensahe at sumali sa pamayanan ng Kaniyang mga tagasunod. Ang tatlong yunit ng aklat na ito ay makatutulong sa inyo upang nilay-nilayin ang gawain ng pagtuturo, ang gawain ng paggabay sa mga kaluluwa tungo sa mga dalampasigan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh. Mangyari pa, marami ang mga landas na magagamit ng mga tao upang makarating sa mga dalampasigang ito. Dapat nating mabatid, kung gayon, na ang malaking bahagi ng ating pag-aaralan tungkol sa nagtutugunang mga puwersang espiritwal sa pagtuturo ay kailangan din sa lahat ng ating mga pagsisikap, sa bawat tagpo at kalagayan, upang talakayin ang mga huwarang Bahá'í, upang ibahagi ang ating mga paniniwala at mga paninindigan, upang saliksikin ang espiritwal na mga bagay kasama ang mga iba, at kahit sa pag-aaruga sa mga bata—sapagkat ang mga pagsisikap na ito ay patungkol din sa pagdadala ng mga kaluluwa na makipag-ugnay sa Salita ng Diyos.

## BAHAGI 2

"Ituro ninyo ang Kapakanan ng Diyos, O mga tao ni Bahá," ang masidhing paghikayat ni Bahá'u'lláh, "sapagkat iniutos ng Diyos sa bawat isa ang tungkuling ipahayag ang Kaniyang Kalatas, at itinuturing itong pinakamarapat purihin sa lahat ng

mga gawa."  Ano ang ibig sabihin na ang pagtuturo ay tungkulin ng lahat ng kumilala kay Bahá'u'lláh?

Ang salitang "tungkulin" ay ginagamit sa pananalita ng tao sa ilang mga paraan. Kung minsan, taglay nito ang hinagap sa isang pangkat ng mga patakarang ipinataw sa atin nang walang malinaw na dahilan. Iniisip natin ang ilang tungkulin bilang mga gawaing kailangan nating gawin kahit pa mas makalulugod sa atin ang umiwas sa mga ito. Ang ibang mga tungkulin, na kaugnay ng sarili nating mabuting kalagayan at ng mabuting kalagayan ng mga minamahal natin, ay masaya nating isinasagawa. Sa pagsasanggunian sa inyong grupo, gumawa ng listahan ng ilang mga tungkuling nakalulugod sa atin.

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Karaniwang isinasagawa natin nang masikap yaong mga tungkuling mahalaga para sa atin. Halimbawa, masikap na isinasagawa ng magsasaka ang tungkuling alagaan ang kaniyang sakahan sapagkat alam niyang ang bawat gawain ay kinakailangan para sa sukdulang layunin ng pag-ani ng masaganang ani, na nakabatay roon ang panustos sa kaniyang pamilya. Ngayon, ano ang ilan sa mga bungang inaasahan nating makamtan mula sa ating mga pagsisikap na ituro ang Pananampalataya?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Ang mga tungkuling iniatas sa atin ng Kahayagan ng Diyos ay nagdudulot ng pinakamalaking kabutihan. Subalit ang kahalagahan nito ay hindi lamang sa kabutihang idinudulot nito. Ang mga ordinansa ng Diyos ay hindi lamang mga patakarang nagsasabi sa atin kung ano ang dapat at hindi dapat gawin; ang mga ito, sa pinakadiwa nito, ay mga pahayag tungkol sa realidad ng buhay ng tao. Ang isang simpleng halimbawa ay maglilinaw sa puntong ito.

Alam natin na upang magkaroon ng isang malusog na buhay kailangan nating kumain nang regular ng katamtamang sukat ng pagkain. Ang regular na pagkain,

gayumpaman, ay hindi isang walang batayang patakaran ng pagkilos na ipinataw sa atin ng ibang tao; ito ay isang pahayag tungkol sa realidad ng ating pisikal na buhay. Ang ating mga katawan ay binuo sa ganoong paraan na kinakailangan nito ng pagkain sa tuwing ilang oras, at kailangan nating tumugon sa pangangailangang ito; ang pagpapabaya rito sa wakas ay hahantong sa kamatayan.

Sa gayunding paraan, kapag binibigyan tayo ng Kahayagan ng Diyos ng isang masidhing paghikayat o kautusan, halimbawa, na kailangan nating magdasal araw-araw, hindi Siya nagpapataw sa atin ng walang batayang patakaran ng pagkilos. Sa halip ay sinasabihan tayo ng isang bagay tungkol sa realidad ng ating pagkabuhay—sa ganitong halimbawa, na ang kaluluwa ng tao ay nilikha sa gayong paraan, na upang makakain ito, kailangan nating ibaling ang ating mga puso at mga isipan nang regular tungko sa Diyos at "makipag-usap" sa Pinagmulan ng ating sarili. Gayundin, ang tungkuling ituro ang Kaniyang Kapakanan, na higit pa sa malinaw na kapakinabangang idinudulot nito sa atin at sa sangkatauhan, ay nagpapakilala ng tanging mga katotohanan tungkol sa likas na katangian ng kaluluwa ng tao at ng mga pangangailangan nito. Sa susunod na ilang mga bahagi, susuriin natin ang ilan sa mga katotohanang ito. Subalit bago gawin iyon, maaaring kapaki-pakinabang para sa inyo ang sumulat ng isang pangungusap tungkol sa likas na katangian ng bawat isa sa sumusunod. Ang isang halimbawa ay ibinigay bilang tulong sa inyo.

1. Kandila: Ang likas na katangian ng isang kandila ay ang magbigay ng liwanag.

2. Gamugamo: ______________________________

3. Apoy: ______________________________

4. Bukal: ______________________________

5. Makulimlim na ulap: ______________________________

6. Pabango: ______________________________

Sasang-ayon ba kayo na ang likas na katangian ng tao ay ang magbigay nang walang-lubay—na magbigay ng kaniyang mga ari-arian, panahon, lakas, at kaalaman?

## BAHAGI 3

Simulan natin ang ating mga pagninilay-nilay sa ilang mga ipinahihiwatig ng ating tungkuling magturo sa pamamagitan ng pag-aaral ng ilang mga sipi mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá dito at sa kasunod na dalawang bahagi. Sa isang pagkakataon ay isinulat Niya:

> **“O nabubuhay na apoy ng makalangit na pag-ibig! Ang iyong puso ay gayon na lamang ang pagliliyab sa pag-ibig sa Diyos na mula sa sampung libong milya ang init at liwanag nito ay nadarama at nakikita. Ang apoy na pinarikit ng kamay ng tao ay nagbibigay ng liwanag at init sa kapirasong lugar lamang, samantalang ang banal na apoy na pinagningas ng Kamay ng Diyos, bagaman nag-aapoy sa silangan, ay paliliyabin ang kanluran at magbibigay ng init sa kapuwa hilaga at timog; hindi lamang iyon, ito ay aakyat mula sa daigdig na ito upang magningas ang pinakamainit na apoy sa mga kaharian sa kaitaasan, pinupuspos ng liwanag ang Kaharian ng walang-hanggang kaluwalhatian.”[1]**

Sang-ayon sa sipi sa itaas, ang ating mga puso ay gayon na lamang ang ____________ sa pag-ibig sa Diyos na mula sa ____________________________ ang ____________ at _________________ nito ay ______________ at ______________ . Sinasabi sa atin ni ‘Abdu’l-Bahá na ang _______ na pinarikit ng _________________ ay nagbibigay ng _______ at __________ sa kapirasong __________ lamang, samantalang ang ___________________ na pinagningas ng _____________________ bagaman nag-aapoy sa ____________ , ay ______________ ang ____________ at magbibigay ng __________ sa kapuwa ____________ at _____________ . Ito ay aakyat mula sa daigdig na ito upang ________________ ang _____________________ sa mga kaharian sa kaitaasan, __________________ ng liwanag ang Kahahrian ng __________________________ .

## BAHAGI 4

Sa isa sa mga kaibigang matagal nang inaasam ang makaharap Siya, at sa wakas ay nagkaroon ng maikling pakikipagkita sa Kaniya, sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá ang sumusunod na mga salita:

> **“. . . Umaasa Akong ang pagtatagpong ito ay naging tulad ng mitsa ng ilawan na nadikit sa apoy at nagningas agad. Buong pag-aasam Kong hinihintay ang mga bunga ng pagkikitang ito, na ikaw ay makikita Kong nag-aapoy tulad ng isang kandila at tulad ng gamugamo ay tinutupok ang sarili sa apoy ng pag-ibig sa Diyos. Harinawang ikaw, sa pagbunsod ng katindihan ng pag-ibig at masidhing kagalakan, ay mananangis tulad ng**

**ulap, hahalakhak tulad ng sariwang kaparangan, at manginginig sa kaligayahan tulad ng walang-kahalintulad na murang punongkahoy na pinauugoy ng mga simoy ng Paraiso ng Abhá."[2]**

Sang-ayon sa siping ito, umaasa si 'Abdu'l-Bahá na matatagpuan tayong nag-aapoy tulad ng isang ______________ at tulad ng __________________ ay tinutupok ang sarili sa _________ ng __________ sa Diyos. Sa pagbunsod ng _______________ ng _____________ at ____________________ , dapat tayong ___________________ tulad ng ulap , hahalakhak tulad ng __________________________ , at manginginig sa kaligayahan tulad ng ______________________________________ na pinauugoy ng mga ___________ ng Paraiso ng Abhá.

## BAHAGI 5

At sa isang Tabletang isinulat bilang tugon sa mga katanungan mula sa isang sinaunang mga tagasunod ng Pananampalataya, sinabi ni 'Abdu'l-Bahá:

**"Ang mga babaing kawaksi ng Diyos ay kailangang makaabot sa gayong kalagayan, na sa sariling sikap at hindi nangangailangan ng tulong ay magagawa nilang unawain ang panloob na mga kahulugang ito, at maipaliliwanag nang buong-buo ang bawat isang salita; isang kalagayan kung saan ay mula sa katotohanan ng kanilang kaibuturang mga puso, ang isang bukal ng dunong ay bubulwak, at sisirit tulad ng isang bukal na lumulukso mula sa sarili nitong orihinal na pinagmumulan."[3]**

Hinahangad ni 'Abdu'l-Bahá na tayo ay makaabot sa gayong kalagayan, na sa sariling sikap at hindi nangangailangan ng tulong, ay magagawa nating ________________________ ang panloob na mga kahulugan ng mga katuruan at ___________________ nang buong-buo ang ________________________________ . Ito ay isang kalagayan kung saan ay mula sa ____________ ng ating kaibuturang mga puso, ang isang _________________________ ay bubulwak, at __________________ tulad ng isang _______________ na ______________ mula sa sarili nitong ______________________________ .

## BAHAGI 6

Iminumungkahi ng tatlong sipi na katatapos pa lamang nating pag-aralan na ang ating tungkuling ituro ang Kapakanan ay nauugnay sa panloob na kalagayang kailangan nating matamo sa gayunding antas ng pagkakaugnay nito sa mga gawaing kailangan

nating isagawa. Marami tayong maaaring matutunan tungkol sa panloob na kalagayang ito mula sa mga larawang nilalaman ng mga sipi. Pinag-uusapan nila ang mga bagay na ang mismong pag-iral ay nababatay sa pagbibigay ng sarili. Maaari bang piliin ng apoy na hindi magbigay ng liwanag at gayumpaman ay tatawagin pa ring apoy? Maaari bang piliin ng bukal na hindi umagos at gayumpaman ay maging bukal pa rin? Sa gayunding paraan, tayo ay nilikha upang maging mapagbigay at bukas-palad. Ang magbigay, ang ibahagi sa iba yaong ating taglay ay isang pangangailangan ng ating espiritwal na buhay. Mula sa lahat ng ating taglay ang pinakamahalaga ay ang kaloob ng pananalig—ang pagkilala kay Bahá'u'lláh bilang Kahayagan ng Diyos para sa ngayon. Natural lamang na ibahagi natin sa mga iba ang kaalamang natamo natin mula sa Kaniyang Rebelasyon at ang pag-ibig at kaligayahang pumupuspos sa ating mga kaluluwa mula sa Rebelasyong ito.

Mangyari pa, maaring marami tayong makakaharap na mga balakid sa ating landas, habang sinisikap nating ituro ang Kapakanan. Maaaring mahiyain tayo, maaaring natatakot tayong kumilos o magsalita, maaaring may mga pagkakataong nahihirapan tayong ilahad nang malinaw ang mga kaisipan, subalit ang lahat ng ito ay maaari nating unti-unting mapagtagumpayam kung nauunawaan nating sa pagtuturo ng Kapakanan ng Diyos, natututo tayong malayang ibigay yaong pinakamamahal sa atin. Ang sumusunod na mga salita mula sa isang liham na isinulat sa ngalan ng Guardian ay maaaring maging palagiang paalaala sa atin tungkol sa ating tungkuling ibahagi sa iba ang karunungang dibino na nilalaman ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh:

> **"Ang daigdig ay nasa napakaluhbang kaguluhan, at ang mga suliranin nito ay waring lumalala araw-araw. Samakatwid tayo ay hindi dapat umupo lamang nang walang ginagawa, sa pagkagayon magkukulang tayo sa pagsasakatuparan ng ating sagradong tungkulin. Hindi ibinigay ni Bahá'u'lláh sa atin ang Kaniyang mga Turo upang ingatan at itago ang mga ito para sa ating pansariling kaluguran at kasiyahan. Ibinigay Niya sa atin ang mga ito upang ating isalin ito ng bawat bibig, hanggang maging bihasa ang buong daigdig sa mga ito, at matamasa ang mga pagpapala at nakapagpapasiglang impluwensiya nito."[4]**

## BAHAGI 7

Ang isang paraan ng paglalarawan sa kalagayang sinisikap nating makamtan ay ang pagsabi na ito ay isang kalagayan ng pag-aalab. Habang itinutuon natin ang ating mga isipan at lakas sa pagtuturo, kung gayon, dapat nating tandaan na ang apoy ng pag-ibig kay Bahá'u'lláh na nasa ating mga puso ay dapat mag-apoy nang higit at higit pa sa bawat araw. Maaaring nanaisin ninyong isaulo ang sumusunod na sipi mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá, at tulutang lagi nitong ipaalaala sa inyo ang pangangailangang gatungan ang apoy ng pag-ibig sa Diyos sa inyong puso:

> **"O ikaw na waring ilawang nasindihan ng apoy ng Pag-ibig sa Diyos! Binasa Ko ang iyong liham nitong kamakailan, na nagsasaysay sa iyong marubdob na pag-ibig at sa iyong pag-aalab sa apoy ng pag-ibig sa iyong Panginoon, ang Makapangyarihan, ang Pinupuri, at ipinakilala ang tumatagos na impluwensiya ng Espiritu ng Katotohanan na nananalaytay sa iyong mga bisig at nerbiyos, sa iyong mga ugat at arterya, sa iyong mga buto at dugo at laman, sa gayong paraan na inagaw na nito mula sa iyong mga kamay ang mga renda ng kapangyarihan, at pinakikilos ka sang-ayon sa kagustuhan nito, pinasasalita ka sang-ayon sa kagustuhan nito, at inaakit ka sang-ayon sa kagustuhan nito. Ito sa katunayan ay marapat sa bawat pusong napupuspos ng diwa ng pag-ibig sa Diyos. Hindi magtatagal iyong makikita ang kahanga-hangang mga bunga at matutuklasan ang mga tanda ng iyong Makapangyarihang Panginoon."[5]**

## BAHAGI 8

Inilalarawan ng sipi sa itaas ang isang kalagayan kung saan ay wala tayong ibang magawa kundi maglingkod at ituro ang Kapakanan. Ganoon na lamang ang pagkapuspos ng Espiritu ng Katotohanan sa ating mismong pagkatao na inagaw na nito ang mga renda ng kapangyarihan mula sa atin at pinakikilos tayo sang-ayon sa kagustuhan nito. Sikaping isipin ang mga ibubunga kapag lalabanan ang ganoong natural na impluwensiya, sa pamamagitan ng pagninilay-nilay sa bawat isa sa sumusunod:

a. Isang bukal na tumatanggap ng tubig subalit ayaw dumaloy: ____________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

b. Isang tao na patuloy na tumatanggap ng mga biyaya ng Diyos subalit ayaw ibahagi ang mga ito sa mga iba: ___________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

c. Isang tumatanggap ng kaalaman subalit hindi ito ibinabahagi sa mga iba:_

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

d. Isang tao na tumanggap ng kaloob ng pananalig subalit hindi naglilingkod at nagtuturo ng Kapakanan: _______________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## BAHAGI 9

Habang nagninilay-nilay kayo tungkol sa katangian ng pag-aalab, dapat ninyong tandaan na ang "pagiging" at ang "paggawa" ay dalawang nagpupunuang bahagi ng pamumuhay sang-ayon sa mga katuruang Bahá'í. Lubhang napakahigpit ng pagkakahabi nito sa isa't isa na mabibigo ang pagtatangkang ipaghiwalay ito. Hindi tayo maaaring maghintay ng buong buhay hanggang sa umabot tayo sa kalagayan ng ganap na pag-aalab bago tayo kumilos. Kahit ang pinakamaliit na apoy ay nagbibigay ng init at liwanag. Maraming mga bagay ang kailangan nating isagawa nang sabay-sabay. Dapat tayong magdasal at magnilay-nilay sa malalim na kahulugan ng mga Kasulatang pinag-aaralan natin sa araw-araw. Dapat nating sikaping dalisayin ang ating mga puso at mamalas sa ating mga sarili ang Kaniyang mga katangian. Dapat nating buksan ang ating panloob na mga mata, masdan ang Kaniyang kagandahan at mabighani niyon. At dapat tayong maging aktibo sa larangan ng paglilingkod at ibahagi sa mga iba ang kaalamang natatamo natin mula sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh. Batid ang ugnayan sa pagitan ng "pagiging" at "paggawa", alin sa sumunusod na mga pahayag ang sasabihin ninyo nang walang pag-aatubili? Markahan ang mga iyon.

_____ Ang pagdalaw sa mga tao sa kanilang mga tahanan at pakikipag-usap sa kanila sa makabuluhang mga usapan ay nangangailangan ng malaking lakas-loob. Una ay kailangan ko munang madaig ang aking matinding pagkamahiyain, pagkatapos ay magiging handa na akong ibigay ang ganitong paglilingkod.

_____ Bagaman kinakabahan ako sa pagsimula ng mga usapan sa mga taong hindi ko gaanong kilala, inilagay ko ang aking pagtitiwala sa Diyos, sa kabatirang sa pamamagitan lamang ng pagkilos ay madadaig ko ang aking pagkamahiyain.

_____ Wala akong sapat na kaalaman upang talakayin ang Pananampalataya sa mga iba. Dapat ko munang dagdagan ang aking kaalaman bago ko hanapin ang mga kaluluwang handang tumanggap at sikaping ibahagi sa kanila ang mga katuruan.

_____ Ang karunungang maaari nating makuha mula sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ay walang hangganan, gayumpaman kahit ang kaliit-liitang malalim na pag-unawa na nagagawa nating makuha mula rito ay lubhang napakahalaga na dapat natin itong ibahagi nang masagana sa mga iba.

______ Alam kong wala ako sa kasakdalan sa anumang paraan at malayo pa ang aking tatahakin bago makita sa akin ang marami sa mga katangiang espiritwal na inilalarawan sa mga Kasulatan. Subalit ipinangako naman ni Bahá'u'lláh na tutulungan Niya ang lahat ng magbabangon upang maglingkod sa Kaniya, kaya dapat ko lang sikaping gawin ang pinakamahusay na kaya ko.

______ Bagaman marami akong kakulangan, magbabangon ako at maglilingkod sa Kapakanan. Ang pagbabahagi sa iba ng mga katuruan ni Bahá'u'lláh ay makatutulong upang lumakas pa ang aking pag-ibig sa Kaniya at tutulong iyon sa akin sa paglilinang ng kinakailangang mga kakayahan at katangiang espiritwal.

______ Gustong-gusto ko sanang maging guro ng klase para sa mga bata, ngunit dapat muna akong magkaroon ng lahat ng kinakailangang mga katangian ng isang mahusay na guro. Paano matututo ang mga mag-aaral kung ako ay hindi magiging magandang halimbawa?

______ Sa paggawa ng pagtuturo ng isang klase, ang aking pagmamahal sa mga bata ay lumalaki, at nakatatagpo ako ng maraming mga pagkakataong isagawa ang pagiging bukas-palad, pasensiya, at masuyong kabaitan.

______ Dapat madama ng mga junior youth na ginagabayan ko bilang animator na pwede nila akong makausap. Kung sa palagay nila ay masyado akong banal, hindi sila mapapalagay na sabihin nang malaya ang kanilang mga pananaw. Ang pinakamahalagang bagay ay dapat naroon akong kasama nila bawat linggo.

______ Sa paglilingkod bilang animator ng isang grupo ng mga junior youth, dapat kong asikasuhin ang pagpipino sa aking pagkatao, tulad ng pagsisikap kong tulungan sila sa kanilang espiritwal at pangkaisipang pag-unlad.

______ Sa pangkalahatan, sa alinmang larangan ng paglilingkod, kung sasabihin ko ang tamang mga bagay, hindi mahalaga kung ang kaluluwa ko ay nag-aalab man o hindi.

______ Ang kailangan ko lang tutukan ay ang mahalin si Bahá'u'lláh. Sa gayon ay hindi ko na kailangang magsalita pa. Sa labis na pag-aalab ng aking puso ay magtataka ang mga tao kung bakit ako ganoon. Kapag natuklasan na nilang iyon ay dahil sa ako ay isang Bahá'í, sila ay magsasaliksik at tatanggapin ang Pananampalataya sa sarili nilang pagkukusa.

______ Ang pagtuturo ay isang kalagayan ng pagiging. Natural itong darating. Bakit ka pa magsusumikap!

_____ Ang pagtuturo ay isang natural na kalagayan ng pagiging. Hindi na kailangang gumawa ng masistemang mga plano upang hanapin ang mga kaluluwang handang tumanggap at makipag-usap sa kanila tungkol sa katauhan ni Bahá'u'lláh at ng Kaniyang mga katuruan. Dapat mo lamang hayaan itong mangyari!

## BAHAGI 10

Nagkasundo tayong maaari at dapat nating ibahagi ang mga katuruan ni Bahá'u'lláh mula sa mismong sandaling kilalanin natin Siya. Ang larawang ginamit natin, ng isang apoy na gaanuman kaliit, ay nagbibigay pa rin ng liwanag at init. Kasabay niyon, nauunawaan din natin na samantalang hindi kailanmang hinahayaang humina ang atin mga pagsisikap sa larangan ng paggawa, dapat tayong patuloy na magsumikap upang pagyamanin pa ang ating espiritwal na buhay, ginagatungan ang apoy ng pag-ibig sa Diyos sa ating mga puso at pinalalakas ang katindihan nito. Kung gayon ay huminto tayo nang sandali at nilay-nilayin yaong nagpapalakas sa pag-aalab.

Nasa ibaba ang dalawang pangkat ng mga pahayag. Ang pangkat sa kaliwa ay nagtataglay ng ilang mga pahayag, na bagaman naglalaman ng ilang katotohanan, ay nagsasanhi ng pagkalito sa bagay na iyon. Ipagtambal ang bawat isa sa pahayag na nasa pangkat sa kanan na sa palagay ninyo ay higit na angkop.

_____ Ang kaalaman ay isang lambong. Ang labis na kaalaman ay nagbubunga ng kapalaluan. Dapat mag-ingat na hindi bigyan ng labis na kahalagahan ang pag-aaral sa mga Kasulatan. Sapat na ang tumutok sa pagmamahal sa Diyos at sa sangkatauhan

_____ Lubos na mahalaga ang pag-aalab na dapat ihiwalay ng tao ang kaniyang sarili sa lahat ng gawain sa loob ng ilang panahon upang tutukan lamang ang pagpapabuti ng sarili niyang panloob na kalagayan.

_____ Kapag ang isang tao ay nag-aalab sa apoy ng pag-ibig sa Diyos, walang kahirap-hirap

a. Ang pagtuturo at paglilingkod sa Kapakanan ay kinakailangan para sa espiritwal na paglago at upang madagdagan ang pag-aalab ng sarili.

b. Sa wakas, ang pag-aalab ay naba-batay sa biyaya ng Diyos. Gayum-paman, hindi nito ipinahihiwatig na hindi kailangan ang pagsisikap. Ang pagdarasal araw-araw, ang pagsusumamo sa Kaniyang Bungad, ang pagbasa sa mga Kasulatan, at ang aktibong pagli-lingkod sa Kaniya—pinalalakas nito ang mga kakayahan ng kaluluwa upang tumanggap sa biyaya at pagpapala ng Diyos.

c. Ginagatungan ng kaalaman ang apoy ng pag-ibig kay Bahá'u'lláh sa puso ng tao. Habang higit pa

siyang nabubuhay sa kalagayan ng patuloy na kaligayahan

______ Nabibigo tayo sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos dahil hindi sapat ang ating pag-ibig kay Bahá'u'lláh.

______ Ang pag-aalab ay nagbubuhat lamang sa biyaya ng Diyos. Kung gayon ay hindi na nating kailangang magsumikap upang palakasin pa ang katindihan nito.

______ Kapag ang apoy ng pag-ibig sa Diyos ay nasindihan na sa puso ng tao, hindi na ito kailanman mamamatay pa. Mananatili itong nag-aalab nang sarili nito, at dadalisayin ang puso mula sa pagkamakasarili at silakbo ng damdamin.

Siyang nakikilala ng tao sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kaniyang Rebelasyon at sa paglilingkod sa Kaniyang Kapakanan, lalong lumalalim ang pag-ibig ng tao sa Kaniya. Kapag ang isang tao ay malaya sa pagkamakasarili, na iyon ang nagbubunga ng kapalaluan at ginagawang maging lambong ang kaalaman, ang pagtamo ng kaalaman ay nakatutulong nang malaki upang madagdagan ang pag-aalab ng sarili.

d. Sa gayunding paraan na ang dasal at paglilingkod sa Kapakanan ay nakatutulong upang patindihin ang apoy ng pag-ibig sa Diyos sa puso ng tao, ang mga hangin ng pagkamakasarili at mga hangaring mapag-imbot ay sinusubhan ito. Samakatwid, kailangan ng taong maging mapagmatyag at pangalagaan ang apoy ng pag-ibig sa Diyos sa sariling puso.

e. Habang ang tao ay naglilingkod nang walang kapaguran sa landas ng Diyos, ang mga lambong ng sarili ay natutupok ng apoy ng Kaniyang pag-ibig, at nadarama ng tao ang kaligayahan ng paglapit sa Kaniya.

f. Kahit pa mahal natin si Bahá'u'lláh ay maaari pa rin tayong makagawa ng maraming pagkakamali, dahil mahina tayo at lagi nating kailangan ang Kaniyang awa at kapatawaran. Ang pagsusumikap na sumunod sa Kaniyang mga kautusan ay nakadaragdag sa pag-aalab.

Ngayon ay sumulat ng isang maikling parapo na naglalarawan sa sarili ninyong mga salita kung paano pinalalakas ang pag-aalab.

________________________________________________________________________________

## BAHAGI 11

Yamang napag-isipan na ang kalagayan ng pag-aalab, isang kalagayan kung saan bunga ng pag-aapoy sa pag-ibig sa Diyos ay sinisikap natin nang walang-puknat ang palaganapin ang liwanag ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, basahin natin at nilay-nilayin ang sumusunod na mga sipi:

> **"Sabihin: Ang tulungan Ako ay ang ituro ang Aking Kapakanan. Ito ay isang paksang nilalaman ng buong mga Tableta. Ito ay ang di-nagbabagong utos ng Diyos, walang-hanggan noong nakaraan, walang-hanggan sa hinaharap."[6]**

> **"Huwag masiphayo, O mga sambayanan ng daigdig, kapag ang bituing-araw ng Aking kagandahan ay lumubog, at ang kalangitan ng Aking tabernakulo ay natago sa inyong mga mata. Magbangon at itaguyod ang Aking Kapakanan, at dakilain ang Aking Salita sa mga tao. Kami ay**

**kasama ninyo sa lahat ng sandali, at palalakasin kayo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan.”**[7]

**“Iniutos at ipinataw ng Panulat ng Pinakamataas sa bawat isa ang tungkuling ituro ang Kapakanang ito. . . . Tiyak na pasisiglahin ng Diyos ang sinumang iwawalay ang kaniyang sarili mula sa lahat liban sa Kaniya, at gagawing sumirit at umagos nang masagana ang dalisay na mga tubig ng karunungan at pananalita mula sa kaniyang puso.”**[8]

**“Iniatas ng Diyos sa bawat isa ang tungkulin ng pagtuturo ng Kaniyang Kapakanan. Ang sinumang magbangon upang isagawa ang tungkuling ito, bago pa niya ipahayag ang Kaniyang Kalatas, ay kailangang gayakan ang kaniyang sarili ng palamuti ng isang matwid at kapuri-puring pagkatao, nang sa gayon ang kaniyang mga salita ay umakit sa mga puso ng gayong mga handang makinig sa kaniyang panawagan.”**[9]

**“O kayong mga minamahal ng Diyos! Huwag kayong humimlay sa inyong mga higaan, hindi lamang iyon, pakilusin ang inyong mga sarili agad nang makilala ninyo ang inyong Panginoon, ang Manlilikha, at marinig ang mga bagay na sumapit sa Kaniya, at magmadali upang tumulong sa Kaniya. Kalagan ang inyong mga dila, at ipahayag nang walang tigil ang Kaniyang Kapakanan. Ito ay magiging higit na mabuti para sa inyo kaysa sa lahat ng mga kayamanan ng nakaraan at ng hinaharap, kung kayo ay nabibilang sa kanilang mga nakauunawa sa katotohanang ito.”**[10]

Iminumungkahing isaulo ninyo hanggang maaari ng pinakamarami sa mga sipi sa itaas.

## BAHAGI 12

Kapag isinasaalang-alang ang iba’t ibang aspekto ng ating tungkuling magturo, dapat nating tandaan na ang mga batas ng Diyos ay isang tanda ng Kaniyang biyaya sa atin. Ni isang saglit ay hindi natin dapat isipin na nakagagawa tayo ng kabutihan sa Diyos sa pagsunod sa Kaniyang mga payo at mga utos. Kung nanaisin Niya, sa pamamagitan ng isang salita ay magagawa Niyang maitatag ang ganap na tagumpay ng Kaniyang Kapakanan. Isang di-masukat na biyaya ang pagbigay Niya sa bawat isa sa atin ng pagkakataong itaguyod ang Kaniyang Pananampalataya. Sinasabi ni Bahá’u’lláh:

**“Kung Aming ikasisiya ay gagawin Naming magtagumpay ang Kapakanan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng isang salita lamang mula sa Aming kinaroroonan. Siya sa katunayan ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Nakagagapi. Kung hahangarin ito ng Diyos, lilitaw mula sa mga kagubatan ng makalangit na kapangyarihan ang di-malulupig na leon na**

**ang lakas ng pag-atungal ay katulad ng mga kulog na dumadagundong sa mga kabundukan. Subalit dahil ang Aming masuyong pagkalinga ay nakahihigit sa lahat ng bagay, itinadhana Naming ang ganap na tagumpay ay dapat makamtan sa pamamagitan ng wika at pananalita, nang sa gayon ang Aming mga tagapaglingkod sa buong daigdig, sa pamamagitan nito, ay maging tagatanggap ng banal na kabutihan. Ito ay isa lamang palatandaan ng biyaya ng Diyos na ipinagkaloob sa kanila."**[11]

Sa wikang binibigkas at nasusulat, ang mga metapora ay madalas gamitin upang ipahatid ang isang ideya—yaon ay, ginagamit ang isang salita o parirala na nagpapagunita sa isang larawan upang mailarawan ang isang bagay na hindi nakikita. Sa siping ito, ginagamit ni Bahá'u'lláh ang metapora ng leon. Ang leon ay lumalabas mula sa mga kagubatan ng makalangit na kapangyarihan, at ang kaniyang pag-atungal ay tulad ng kulog na dumadagundong sa mga kabundukan. Ang ganitong larawan ay nagbibigay sa atin ng isang sulyap sa kapangyarihan ng Diyos, ang Manlilikha. Sa pamamagitan ng isang kilos lamang ay magagawa Niyang ipabatid ang Kaniyang kapangyarihan, at ang lahat ng mga sambayanan ng daigdig ay yuyukod sa pagsunod sa Kaniya. Dahil lamang sa Kaniyang masuyong kabaitan ay tinutulutan Niya tayo, ang Kaniyang mga tagapaglingkod, na maging mga instrumeno ng pagpapalaganap ng Kaniyang Pananampalataya. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap gamit ang mga salita at mga parirala mula sa sipi:

1. Kung ikasisiya ng Diyos, gagawin Niyang ______________________________ ________________________________________________________________ .

2. Kung hahangarin ito ng Diyos, ______________________________________ ________________________________________________________________ .

3. Ang pag-atungal ng leon na ito ay magiging katulad ng __________________ ________________________________________________________________ .

4. Subalit, sapagkat ang Kaniyang masuyong pagkalinga ay nakahihigit sa lahat ng bagay, itinadhana ng Diyos na _____________________________________ ____________________________________________ .

5. Ito ay Kaniyang ginawa nang sa gayon ________________________________ ________________________________________________________________ .

6. Ito ay isa lamang _________________________________________________ .

## BAHAGI 13

Hindi madalang para sa tao ang magtaglay ng tanging mga paniniwala, at kasabay niyon, ay sinasabi ang mga bagay na salungat sa mga paniniwalang iyon. Sa karaniwan ay hindi madali ang maging "*consistent*" o hindi pabago-bago. Tayong lahat ay may mga kaugalian ng isipan, na binuo sa kahabaan ng ating mga buhay, na nagiging sanhi upang sabihin natin ang mga bagay-bagay nang hindi pinag-iisipan ang mga iyon. Kapag pinag-isipan natin ang mga iyon nang bahagya, magiging malinaw sa ating mga sarili na hindi naman tayo naniniwala sa ilang mga bagay na sinasabi natin. Habang sumusulong ang ating pag-unawa, kung gayon, kapuwa kaugnay ng mga katuruan at mula sa karanasan, kapaki-pakinabang ang huminto nang sandali sa tuwi-tuwina upang suriin ang katumpakan ng ilang mga pahayag. Ipasiya kung alin sa mga sumusunod ay naaayon sa inyong pag-unawa sa konsepto ng pagtuturo bilang isang tungkulin. Markahan ang mga iyon.

_____ Masigla akong nakikilahok sa mga pagsasanggunian ng aking pamayanan tungkol sa gawaing pagtuturo at inihahain ang mga mungkahi sa kung paano ito dapat gawin. Sa ganitong paraan tinutupad ko ang aking tungkuling magturo.

_____ Sa tuwing may nakatutok na gawaing pagtuturo sa aking pamayanan, umuusal ako ng tanging mga dalangin para dito. Sa ganitong paraan tinutupad ko ang aking tungkuling magturo.

_____ Sa tuwing may lumilitaw na pagkakataon, naghahain ako ng ilang malalim na pag-unawa hango sa mga katuruan ni Bahá'u'lláh. Sapat na iyan para sa akin upang matupad ko ang aking tungkuling magturo.

_____ Naituro ko ang Pananampalataya sa isang tao nitong taong ito. Natupad ko na ang aking tungkulin para sa taon.

_____ Alam ng lahat ng aking kakilala na ako ay isang Bahá'í, at sinabi ko na rin sa mga interesado ang tungkol kay Bahá'u'lláh at ang Kaniyang Rebelasyon. Naaubos ko na lahat ng mga paraang nakabukas sa akin upang ituro ang Pananampalataya.

_____ Tinutupad ko ang aking tungkuling magturo sa pamamagitan ng pagsabi sa lahat ng nakikilala ko na ako ay isang Bahá'í.

_____ Ang pinakamahusay na paraan upang matupad ko ang aking tungkuling magturo ay ang magkaroon ng huwarang pamumuhay. Hindi na kailangan pa ng salita.

_____ Sinisikap kong sundin ang lahat ng mga utos at paghikayat ni Bahá'u'lláh, kasama na roon ang pagturo sa Kaniyang Kapakanan,

sapagkat sa ganitong paraan lamang ako maaaring magkaroon ng huwarang pamumuhay.

_____ Alam kong iniatas ni Bahá'u'lláh sa bawat isa sa Kaniyang mga tagasunod ang tungkuling ituro ang Kaniyang Kapakanan. Subalit hindi naman "lahat" ang ibig Niyang sabihin. Ang tinutukoy lamang Niya ay yaong mga lubhang maalam sa Pananampalataya at marami nang karanasan.

_____ Sa tuwing iniisip ko ang kagandahan ng mga katuruan ni Bahá'u'lláh, napupuspos ako ng kaligayahan na hindi ko makita kung paanong hindi ko ibabahagi sa iba ang Kaniyang mensahe.

_____ Sa pamamagitan ng pagtutupad ko sa aking tungkuling ituro ang Kapakanan ay tatanggap ako ng Dibinong pagpapatibay.

_____ Tinutupad ko ang aking tungkuling ituro ang Kapakanan dahil sa aking pag-ibig kay Bahá'u'lláh at dahil sa pag-ibig na ikinintal Niya sa akin para sa buong sangkatauhan.

_____ Napakarami naming isinasagawang mga gawaing pagtatatag ng pamayanan sa aming kapitbahayan na darating ang panahong ang higit at higit na marami pang mga pamilya ay sasapi sa Pananampalataya. Hindi na natin kailangan pang humanap ng mga pagkakataong magsalita tungkol kay Bahá'u'lláh at sa Kaniyang Rebelasyon at tumulong sa pagpapatibay ng mga kaluluwa sa Kaniyang Kapakanan.

Isaulo ang sumusunod na sipi mula sa isang Tabletang ipinahayag ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"O ikaw na hinahanap ang Kaharian ng Diyos! Kung nais mong ang iyong pananalita at pagsasalita ay tumagos sa mga pusong tumigas na, alisin sa iyong sarili ang lahat ng pagkagiliw sa daigdig at ibaling ang iyong mukha sa Kaharian ng Diyos. Pagningasin sa iyong puso ang apoy ng pag-ibig sa Kaniya sa gayong paraan na ikaw ay magiging isang lumiliyab na apoy at isang makinang na kandila ng pamamatnubay. Sa gayon ang iyong pagsasalita, sa pagpapatibay ng Espiritu Santa, ay titimo sa bawat puso."[12]**

## BAHAGI 14

Ngayong pinag-isipan na natin ang kahalagahan ng pagtuturo bilang isang tungkulin, nilay-nilayin naman natin ang pagiging sagrado ng gawaing ito, na tinawag dito ng Guardian ang ating pansin sa pinag-aralan nating sipi sa Bahagi 6. Sa anong diwa sagrado ang pagtuturo? Mangyari pa, ang mismong katotohanan na ito ay isang paghikayat mula sa Diyos ay ginagawang sagrado ang tungkuling ito. Subalit may iba

pa bang mga panig ng pagiging sagrado na dapat nating suriin kaugnay ng pagtuturo? Sa isa sa Kaniyang mga Tableta ay sinasabi ni Bahá'u'lláh:

> **"Yaong inilaan Niya para sa Kaniyang sarili ay ang mga lungsod ng mga puso ng tao; at sa Araw na ito ang mga susi sa mga ito ang mga minamahal Niya na Siyang Naghaharing Katotohanan. Harinawang ang bawat isa at ang lahat ay tulutang mabuksan ang mga pinto ng mga lungsod na ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pinakadakilang Pangalan."[13]**

Sa isa pang sipi ay sinasabi Niya:

> **"Ang mga bagay na inilaan Niya para sa Kaniyang sarili ay ang mga puso ng tao, upang magawa Niyang linisin mula sa mga iyon ang lahat ng makalupang dungis, at tulutan silang makalapit sa banal na Pook na hindi kailanman malalapastangan ng mga kamay ng walang pagsasampalataya. Buksan, O mga tao, ang lungsod ng puso ng tao sa pamamagitan ng susi ng inyong pananalita. Sa gayon, sang-ayon sa isang itinadhanang sukat, ay iniatas Namin sa inyo ang inyong tungkulin."[14]**

Ang pagsagot sa sumusunod na mga katanungan ay makatutulong sa inyo upang makita kung paano nauugnay itong mga sipi sa pagiging sagrado at sa gawain ng pagtuturo:

1. Ano ang inilaan ng Diyos para sa Kaniyang sarili? ______________________

2. Sino ang may-ari ng puso ng tao? ___________________________________

3. Anong salita ang ginagamit natin upang ilarawan "yaong pag-aari ng Diyos? _
   ________________________________________________________________

4. Sino ang mga susi sa mga puso ng tao? _______________________________

5. Ano ang nais ng Diyos na linisin mula sa mga lungsod na iyon? ___________
   ________________________________________________________________

6. Saan Niya gustong makalapit ang mga pusong ito? _____________________
   ________________________________________________________________

7. Anong susi ang ating gagamitin upang buksan ang lungsod ng puso ng tao? __

8. Anong tungkulin ang iniatas sa atin sa mga siping ito? ___________________
   ________________________________________________________________

## BAHAGI 15

May isa pang panig sa pagiging sagrado na kailangan nating isaalang-alang sa ating pagsisikap na suriin ang kaugnayan nito sa pagtuturo. Sa isa sa Kaniyang mga Tableta, tinukoy ni Bahá'u'lláh ang Kaniyang Rebelasyon sa ganitong mga salita:

> **"Sabihin: Ito ang selyado at mistikong Pergamino, ang repositoryo ng di-mababagong Kautusan ng Diyos, nagtataglay ng mga salitang binakas ng Daliri ng Kabanalan, nababalot sa lambong ng di-maarok na hiwaga, at ipinababa na ngayon bilang tanda ng biyaya Niya na Siyang Lubusang Makapangyarihan, ang Napakatanda sa mga Araw. Itinakda Namin doon ang mga tadhana ng lahat ng mga namumuhay sa lupa at ng mga nananahan sa langit, at isinulat ang kaalaman ng lahat ng bagay mula una hanggang huli."**[15]

Sa sipi sa itaas, inilalarawan ni Bahá'u'lláh ang Kaniyang Rebelasyon bilang isang selyado at mistikong Pergamino. Ang pergamino ay isang rolyo ng papel kung saan ay nasusulat ang isang mahalagang mensahe. Itong selyado at mistikong Pergamino ay ang repositoryo ng Kautusan ng Diyos—yaon ay, taglay nito yaong iniutos ng Diyos at hindi ito maaaring mabago. Ang sumusunod na pagsasanay ay maaaring makatulong sa inyo upang makatamo ng malalim na mga pag-unawa ukol sa kahulugan ng siping ito. Punuan ang mga patlang gamit ang mga salita mula sa sipi at pagkatapos ay basahin nang magkakasunod ang mga pangungusap.

1. Ang Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ay ipinababa sa atin bilang tanda ng _________ ng Diyos.

2. Yaong ipinababa ay ang _______________ at _______________ na Pergamino na dati ay nababalot sa loob ng __________ at __________________________ .

3. Ito ang repositoryo ng _________________________________ ng Diyos.

4. Dito ay itinakda ng Diyos ang mga tadhana ng lahat ng ____________________ sa lupa at langit.

5. Nilalaman ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ang ___________________ ng lahat ng bagay mula ______________ hanggang _____________ .

## BAHAGI 16

Pag-isipan ngayon ang pinag-aralan na natin sa dalawang nakaraang bahagi. Ang pagtuturo ay sagradong tungkulin ng bawat Bahá'í, sapagkat iniutos ito sa atin ng Diyos. Higit pa rito, kapag nagtuturo tayo, dalawang lubhang sagradong bagay ang ating pinakikitunguhan. Ang isa ay ang puso ng tao, na ito ay pag-aari ng Diyos. Ang

pagtuturo, sa katunayan, ay maaaring ilarawan bilang yaong gawaing espiritwal na nagbubunga ng pagbubukas sa Kaniya ng lungsod ng puso ng tao. Ang isa pang sagradong bagay na nauugnay sa pagtuturo ay ang Rebelasyon ni Bahá'u'lláh. Nagtuturo tayo upang iugnay ang puso sa Kaniyang Rebelasyon, ang Kaniyang pinakadakilang kaloob sa sangkatauhan.

Gunitain ang mga pagkakataon sa inyong buhay kung kailan nadama ninyong nahaharap kayo sa sagrado. Kung kayo ay nakapunta sa Banal na mga Dambana nina Bahá'u'lláh at ng Báb, sariwa pa rin sa inyong alaala ang mga damdamin sa paglapit doon, at sa pagyukod sa Kanilang Sagradong mga Bungad. Subalit kahit na hindi pa kayo nagkakaroon ng ganoong biyaya, tiyak na marami nang mga pagkakataon sa inyong buhay nang kayo ay nabighani sa pananalangin, habang ang inyong isipan at puso ay nakabaling sa Diyos, at napakalinaw ninyong nadama na kayo ay nakatayo sa Kaniyang harapan. Ano ang ilan sa mga damdaming pumuspos sa inyong puso sa ganoong mga sandali? Markahan ang mga ito mula sa sumusunod na listahan:

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| _____ | masidhing pag-ibig | ______ | pagpapakumbaba | _____ | kaligayahan |
| _____ | sindak | ______ | pagkabalisa | _____ | di-nararapat |
| _____ | kawalang-bahala | ______ | masidhing galak | _____ | pitagan |
| _____ | pagpapasakop | ______ | pagpapasalamat | _____ | katiwasayan |

## BAHAGI 17

Ipinaalaala sa atin nitong huling pagsasanay ang saloobin ng pamimitagan na ating ginagamit kapag nilalapitan yaong sagrado at ang marangal na mga damdaming pinupukaw sa ating puso kapag nakatayo tayo sa harap ng sagrado. Kaugnay nito, kailangang itanong ang isang mahalagang katanungan: Sa anong paraan pinagkakalooban ng bisa ang inyong mga gawa ng sarili ninyong kamalayan sa sagradong katangian ng pagtuturo? Upang makatulong sa inyo sa pagsagot sa katanungang ito, iminumungkahing isagawa ninyo ang isang pagsasanay kung saan ang tatlong magkakaibang paraan ng pagtingin sa gawain ng pagtuturo ay inilalarawan, at hinihimok kayong pag-isipan ang mga bunga ng bawat isa. Huwag mabahala na waring artipisyal ang pagsasanay; magkagayon pa man, ito ay makapagbibigay sa inyo ng ilang kinakailangang malalim na pag-unawa.

> Bilang bahagi ng isang lumalaking *nucleus* ng masigasig na mga tagapagtangkilik ng Pananampalataya sa inyong kapitbahayan o nayon, ikaw ay isang miyembro ng *team* na abala sa pagsisikap ng sama-samang pagtuturo. Kayo at ang iba pang mga miyembro ay sama-samang dumadalaw sa mga tahanan ng mga indibidwal at mga pamilya—na ang ilan sa kanila, sa isa o iba pang paraan ay nauugnay na sa mga gawaing pagtatatag ng pamayanan na isinasagawa—at tinatalakay sa kanila ang saligang mga katotohanang nadadambana sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, tinutulungan silang makilala Siya bilang Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyang panahon. Isipin natin halimbawa na tinulungan ng inyong team sa loob ng ilang panahon ang humigit-kumulang tatlumpung katao na tanggapin ang Kapakanan at sumali sa

pamayanang Bahá'í. Maaari nating ipagpalagay na isinagawa ng bawat miyembro ng team ang kaniyang tungkuling magturo nang may sukdulang katapatan at dahil lamang sa pag-ibig kay Bahá'u'lláh. Subalit paano kung ang kamalayan ng team sa ginagawa nito ay hindi magkapareho sa lahat ng pagkakataon?

Sabihin na nating sa simula ay nakita ninyo ang inyong mga sarili na katulad ng mga nagtitinda. "Ang pagtuturo ay katulad ng pagtitinda," sinabi ninyo sa inyong mga sarili. "Nasa Pananampalataya ang pinakamahusay na mga ideyang lumalaganap. Mahusay tayong mga tagapagturo kung maihaharap natin nang mabisa ang Pananampalataya at maibebenta itong napakagandang mga ideya sa mga tao." Ang sampung kaluluwa ay pumasok sa Pananampalataya sa ganitong paraan.

Ngayon ay ipagpalagay na pagkalipas ng ilang panahon, nakita ninyo at ng iba pang mga miyembro ng team ang inyong ginagawa ay parang katulad din ng pagpapasapi ng mga indibidwal sa isang makabagong kilusang panlipunan. "Sa napakasamang kalagayan ng daigdig," sinasabi ninyo sa inyong mga sarili, "ang kailangan ay ang makapagpasapi ng pinakamaraming tao sa pinakamabilis na panahon hanggang maaari—mga taong makikita sa mga katuruan ang mga lunas sa mga suliranin ng sangkatauhan at magpupunyagi upang maitatag ang pagkakaisa, upang maiwaksi ang mga pagkiling, at upang itaguyod ang katarungan." At sa gayon ay masigla kayong nagsimulang anyayahan ang mga iba sa pagtataguyod ng gayong mahalagang mga huwaran tulad ng kapayapaan, pagkakaisa, ang pagkakapantay-pantay ng mga kasarian, at ang pagwawaksi ng pagkiling. Sampung tao ang tumanggap sa Pananampalataya mula sa ganitong mga pagsisikap.

Paglipas ng ilan pang panahon, nag-aalala pa rin kayo sa kalagayan ng daigdig at sa pangangailangang paramihin ang mga taong magagawang ilapat ang mga katuruan ni Bahá'u'lláh upang magbago ito. Subalit ang inyong team ay nagkaroon na ng higit na malalim na pag-unawa sa sagradong katangian ng pagtuturo. Ngayon sa bawat pagkakataong ipinaliliwanag ninyo ang mga katotohanan ng Pananampalataya sa kaninuma, lubos ninyong batid na ang kaugnay ninyo ay puso ng tao, na pag-aari ng Diyos. Ipinapaalaala ninyo sa inyong sarili na ang ginagawa ninyo ay ginagamit ang susi ng inyong pananalita upang buksan ang mga pintuan ng lungsod ng pusong ito at iniuugnay ito sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh. Sa ganitong kalagayan ang sampu pang tao ang nagpahayag ng kanilang pananalig.

Yamang natulungan na itong tatlumpung kaibigan na tanggapin ang Kapakanan, ang inyong team ay nagsisimula na ngayon ng masistemang pagsisikap upang palalimin ang kanilang kaalaman sa mga katuruan, at hinihimok sila, na hanggang maaari ay pumasok sa proseso ng institute at maging mga tagapagpaganap ng pagpupunyaging magtatag ng pamayanan sa inyong nayon o kapitbahayan. Sa palagay ba ninyo ay magkakaroon ng anumang pagkakaiba

sa pagitan ng tatlong grupo sa sidhi ng kanilang pakikilahok sa gawaing Bahá'í? Magiging mas mabisa ba ang inyong mga pagsisikap sa alinmang grupo? Mangyari pa, mula sa alinman sa tatlong grupo ay maaaring lumitaw ang mga indibidwal na labis nang inihanda ni Bahá'u'lláh at sabik na sabik sumisid sa Kaniyang Rebelasyon na mabilis silang nagpapalalim at nakikilahok sa mga gawain ng pamayanan. Subalit ang hinihiling sa inyong pag-isipan ay ang bawat grupo bilang isang kabuuan. Sa karaniwan, sa palagay ba ninyo ay magkakaroon ng anumang malaking pagkakaiba sa pagitan ng tatlo? Talakayin ang katanungang ito sa inyong grupo at isulat ang inyong mga hinulo sa ibaba.

Upang mapag-isipan pa ang katanungang iniharap namin—yaon ay, kung ang inyong lumalaking kamalayan sa sagradong katangian ng pagtuturo ay nagkakaloob ng bisa sa inyong mga gawa—tingnan natin ang isa pang eksena. Tulad ng nabanggit na, marami sa mga gawaing pagtatatag ng pamayanan na inyong isinasagawa sa inyong nayon o kapitbahayan ay ang pag-uugnay ng mga kaluluwa sa Salita ng Diyos, at sa malawak na pagpapakahulugan, ay maaaring ituring bilang pagtuturo. Ipagpalagay na kayo ang isang miyembro na ngayon ng isang team na abala sa pag-aanyaya ng sunud-sunod na mga grupo, lalo na ng mga kabataan, na pumasok sa pangunahing serye ng mga kurso ng institute at magsimulang tahakin ang landas ng paglilingkod. Sabihin na nating taglay ang mga pakiwaring kahalintulad ng inilarawan sa itaas, ay nakipag-usap kayo sa tatlong pangkat ng mga kabataan, na pinaunlakan ang inyong paanyaya. Muli, sa pag-iisip sa kabuuan ng bawat grupo, sa palagay ba ninyo ay magkakaroon ng mga pagkakaiba sa pagitan nila, halimbawa, kaugnay ng antas ng pagtatalaga na ipinakikita

nila sa pagpupursige sa kanilang espiritwal at pangkaisipang pagsulong at sa pagtulong sa pagpapabago ng lipunan?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

## BAHAGI 18

Kapag ang mga pintuan sa lungsod ng puso ng tao ay nagbukas at ang puso ay naiugnay sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, ang isang napakalalim na proseso ng pagbabago ay nagsisimula. Ang pagbabagong ito ay hindi nagaganap sa isang kisap-mata bagkus ay nangyayari sa paglipas ng panahon habang isinasagawa natin ang pag-aaral at paglilingkod nang may matatag na pagtatalaga. Gayumpaman, kailanman ay hindi natin maaaring tawaran ang kahalagahan ng mismong kilos ng pagtanggap kay Bahá'u'lláh sa prosesong ito ng pagbabago. Ang pagkilala sa Araw ng Katotohanan at ang pagtulot sa mga sinag nito na makapasok at tanglawan ang puso ay ang tanging pinakamahalagang hakbang na maaaring gawin ng isang tao sa kaniyang buong buhay. Sa pagninilay-nilay sa pagbabagong nagaganap kasunod ng pagkilala kay Bahá'u'lláh, higit na mahusay nating nauunawaan kung paano natin matutulungan ang mga iba na gawin itong napakahalagang hakbang. Maaari ba kayong sumulat ng isa o dalawang pangungusap tungkol sa ilang mga pagbabagong nagaganap sa bawat isa sa mga sumusunod kapag tinanggap na natin si Bahá'u'lláh at nagsisimulang kumilos sang-ayon sa Kaniyang mga katuruan?

1. Sa ating mga puso: ______________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2. Sa ating mga isipan: ______________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

3. Sa ating mga pananaw: ____________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

4. Sa ating pagkatao: ______________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

5. Sa ating mga ugnayan sa ating mga kapwa-tao: ____________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

6. Sa ating mga layunin sa buhay: ________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

7. Sa ating pananaw sa daigdig: __________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## BAHAGI 19

Tinalakay natin nang maikli sa Aklat 5 ang konsepto ng kapangyarihan nang tayo ay magnilay-nilay sa nagtutugunang mga lakas ng pagbibigay ng espiritwal na lakas. Ang temang ito ay nangangailangan ng karagdagang pagninilay-nilay kaugnay ng ating talakayan dito. Sa pisikal na daigdig, ang pagbabago ay nagaganap sa pamamagitan ng paglapat ng kapangyarihan. Upang makalipat tayo mula sa isang lugar tungo sa iba pang lugar, upang tumubo ang isang halaman, upang magbigay ng liwanag ang isang ilawan, upang umagos ang mga ilog, at upang tumaas at humupa ang mga alon, kinakailangan ang kapangyarihan—ang kapangyarihang ibinibigay ng mga kalamnan ng katawan ng tao, ang kapangyarihang ibinibigay ng araw, ng elektrisidad, o ng puwersa ng gravity. Mahalagang itanong, kung gayon, Ano ang mga kapangyarihang nagdudulot ng uri ng pagbabagong inilarawan ninyo sa nakaraang bahagi? Lubhang napakahalaga ng katanungang ito sa pag-unawa natin sa katangiang espiritwal ng pagtuturo na ilalaan natin ang nalalabing bahagi ng yunit na ito sa paghahanap ng mga kasagutan nito. Upang magsimula, ipasiya kung alin sa sumusunod na mga kapangyarihan ang makatutulong sa espiritwal na pagbabago ng indibidwal at ng lipunan:

_____ Ang kapangyarihan ng dasal

_____ Ang kapangyarihan ng dalisay at mabuting mga gawa

_____ Ang kapangyarihan ng Salita ng Diyos

_____ Ang kapangyarihan ng katarungan

_____ Ang kapangyarihan ng espada

_____ Ang kapangyarihan ng pagkakaisa

_____ Ang kapangyarihan ng katotohanan

_____ Ang kapangyarihan ng halimbawa

_____ Ang kapangyarihan ng mabait na mga salita

_____ Ang kapangyarihan ng kapani-paniwalang pangangatwiran

_____ Ang kapangyarihan ng pera

_____ Ang kapangyarihan ng matwid na pagkatao

_____ Ang kapangyarihan ng Kasunduan

_____ Ang kapangyarihan ng pampulitikang pagdomina

_____ Ang kapangyarihan ng pag-aalsa

_____ Ang kapangyarihan ng pag-ibig

_____ Ang kapangyarihan ng pangungumbinsi

_____ Ang kapangyarihan ng pananalig

_____ Ang kapangyarihan ng mga kaisipang nakatutulong at walang bahid ng pagkamakasarili

_____ Ang kapangyarihan ng baril

_____ Ang kapangyarihan ng tunay na kaalaman

_____ Ang kapangyarihan ng katwiran

_____ Ang kapangyarihan ng pananakot

_____ Ang kapangyarihan ng mapagpakumbabang paglilingkod sa Kapakanan

## BAHAGI 20

Mula sa lahat ng mga kapangyarihang nakatutulong sa espiritwal na pagbabago ang isa ay namumukod-tangi, bilang saligang puwersa na pinagbabatayan ng lahat ng ibang kapangyarihan. Alin iyon?

Sa kahabaan ng mga dantaon, may paniniwala sa pag-iral ng isang sangkap na tinaguriang "elixir", na kapag ito ay inilapat sa tanso, o sa katunayan sa alinmang elemento, babaguhin iyon upang maging ginto. Ang prosesong ito, na hinanap ng marami subalit hindi natagpuan, ay tinaguriang "transmutasyon ng mga elemento". Sa isa sa Kaniyang mga Tableta, ginagamit ni Bahá'u'lláh ang paglalarawang ito upang ipahayag ang isang napakalalim na katotohanang espiritwal:

> **"Ang kasiglahan ng pananalig ng tao sa Diyos ay namamatay na sa bawat lupain; walang iba liban sa Kaniyang nakagagaling na gamot ang**

**kailanman ay makapanunumbalik sa iyon. Ang kalawang ng pagiging di-makadiyos ay kumakain sa kalamnang bumubuhay sa lipunan ng tao; ano pa liban sa Elixir ng Kaniyang mabisang Rebelasyon ang makalilinis at muling makapagbibigay-buhay sa iyon? Nasa kapangyarihan ba ng tao, O Ḥakím, ang gumawa ng pagbabago sa mga elementong bumubuo sa alinman sa napakaliit at hindi mahahating bahagi ng mga bagay na gayong napakalubos na mababago ito upang maging pinakadalisay na ginto? Waring nakagugulo man ito sa isipan at napakahirap, ang higit pang matinding gawain ng pagbabago ng malademonyong lakas upang maging makalangit na kapangyarihan ay isang kakayahang ipinagkaloob sa Amin upang maisagawa. Ang Puwersang makagagawa ng gayong pagbabago ay higit na mabisa pa kaysa sa Eliksir mismo. Ang Salita ng Diyos lamang ang tanging makaaangkin ng kakayahang kinakailangan para sa gayong kalaki at gayong kalawak na pagbabago."[16]**

Ngayong nabasa na ninyo ang siping ito, aling kapangyarihan ang masasabi ninyong namumukod-tangi, bilang saligang puwersa na pinagbabatayan ng lahat ng ibang kapangyarihan? ______________________________________________

Ano ang kayang gawin ng puwersang ito? ________________________________

________________________________________________________________

## BAHAGI 21

Sa sipi sa itaas, sinasabi sa atin na bagaman napakahirap ng transmutasyon ng isang elemento upang maging dalisay na ginto, tiyak na higit pang mahirap ang pagbabago ng malademonyong lakas upang maging makalangit na kapangyarihan. Gayumpaman ang Salita ng Diyos, at ang Salita ng Diyos lamang, ang maaaring makagawa ng gayong lubusang pagbabago. Subalit kailangan nating itanong kung ano ang "Salita ng Diyos" na makagagawa ng gayong napakatinding tagumpay? Sinasabi ni Bahá'u'lláh:

**"Bukod dito, iyong alamin na ang Salita ng Diyos—dakilain nawa ang Kaniyang kaluwalhatian—ay higit na mataas at lubhang higit na mahusay kaysa anumang mabatid ng mga pandama, dahil ito ay ginawang banal mula sa anumang katangian o sangkap. Nakahihigit ito sa mga hangganan ng kilalang mga elemento at ito ay higit na mataas sa lahat ng pangunahin at kilalang mga sangkap. Ito ay naging hayag nang walang anumang pantig o tinig at ito ay walang iba kundi ang Utos ng Diyos na laganap sa lahat ng nilikhang bagay. Kailanman ay hindi ito ipinagkait sa umiiral na daigdig. Ito ay ang biyaya ng Diyos na laganap sa lahat, na mula rito ay nagbubuhat ang lahat ng biyaya. Ito ay isang bagay na napakalaki ang kaibhan sa lahat ng nilikha o malilikha."[17]**

1. Ang Salita ng Diyos ay higit na __________________ at lubhang higit na ________________ kaysa anumang mabatid ng mga pandama.

2. Ang Salita ng Diyos ay ginawang __________________ mula sa anumang ___________________ o _____________________ .

3. Ang Salita ng Diyos ay _____________________ sa mga hangganan ng ___________________________________ .

4. Ang Salita ng Diyos ay higit na __________________ sa lahat ng ________________ at ___________________ mga sangkap.

5. Ang Salita ng Diyos ay naging hayag nang walang anumang ______________ o ___________ .

6. Ang Salita ng Diyos ay ang _________________ ng Diyos.

7. Ang Salita ng Diyos, ang Kaniyang Utos, ay laganap sa ___________________ ___________________________ .

8. Ang Salita ng Diyos, ang Kaniyang Utos, ay hindi kailanman ______________ sa ____________________________________ .

9. Ang Salita ng Diyos ay ang Kaniyang _______________ na laganap sa lahat, na mula rito ay nagbubuhat ang lahat ng _______________ .

10. Ang Salita ng Diyos ay isang bagay na ______________________________ sa lahat ng ________________ o __________________ .

## BAHAGI 22

Ang isa pang paglalarawan na nagbibigay sa atin ng isang sulyap sa kapangyarihan ng Salita ng Diyos ay ang pagdugsong ng mga pantig na MA at GING. Sa mga Kasulatan ay sinasabi sa ating ipinagdugsong ng Diyos ang mga pantig na MA at GING at sa gayon ay ibinigay ang utos na "MAGING". Bunga niyon ang buong sangnilikha ay umiral. Sa isang dalanging ipinahayag ni Bahá'u'lláh, tinutukoy Niya ang Diyos, na ating Manlilikha, bilang

> **"sa Kaniya na sa pamamagitan ng isang kilos ng Kaniyang daliri ang lahat ng mga pangalan at ang kaharian ng mga iyon ay nilikha, at ang lahat ng mga katangian at ang sinasakupan ng mga iyon ay nilalang, at Siya, sa pamamagitan ng isa pang kilos ng daliri ding iyon, ay pinagsama ang mga**

**pantig na Ma at Ging (Maging) at pinagbuklod ito, at sa gayon ay ginawang mahayag yaong di-maunawaan ng pinakamatayog na mga kaisipan ng Iyong mga piniling nagtatamasa ng pagkalapit sa Iyo, at walang-kakayahang unawain ng pinakamalalim na karunungan ng gayon sa Iyong mga minamahal na lubos na deboto sa Iyo.”[18]**

Sa isa pang Tableta, sinasabi ni Bahá’u’lláh:

**“Ang bawat bagay ay nangangailangan ng pinagmulan at ang bawat gusali, ng isang nagtayo nito. Tunay na ang Salita ng Diyos ay ang Sanhi na nauna sa nilikhang daigdig—isang daigdig na pinalamutihan ng mga karingalan ng Napakatanda sa mga Araw ngunit muling binabago at muling nililikha sa lahat ng panahon. Hindi masukat ang kadakilaan ng Diyos ng Karunungan na Siyang nagtayo nitong maringal na balangkas.”[19]**

## BAHAGI 23

Nalaman na natin ngayon na ang Salita ng Diyos ay ang Kaniyang utos at biyaya na laganap sa lahat at hindi ito binubuo ng mga pantig o tinig. Subalit may mga salitang umiiral na maaari nating mabasa at marinig, na taglay ng mga iyon ang kapangyarihan ng Salita ng Diyos, na iyon ay ang mga inusal ng Kahayagan. Ang mga ito ay may kapangyarihan upang lumikha, upang muling bumuhay, at upang magpabago, at dahil dito, ang mga ito ay tinaguriang “Mapanglikhang Salita”. Sinasabi sa atin ni Bahá’u’lláh na:

**“Ang bawat salitang nagbuhat sa bibig ng Diyos ay pinagkalooban ng gayong bisa na magagawa nitong ikintal ang panibagong buhay sa bawat katawan ng tao, kung kayo ay nabibilang sa gayong mga nakauunawa sa katotohanang ito.”[20]**

**“O aking kaibigan! Ang Salita ng Diyos ay ang hari ng mga salita at ang laganap na bisa nito ay hindi matataya. Ito kailanman ay nangingibabaw at patuloy na mangingibabaw sa kaharian ng nilikha. Sinabi ng Dakilang Nilalang: Ang Salita ay ang susing nagbubukas sa lahat ng susian sa buong daigdig, yayamang sa pamamagitan ng kapangyarihan nito ang mga pinto ng mga puso ng tao, na sa katotohanan ay mga pinto sa kalangitan, ay nabubuksan.”[21]**

**“Pinagningas ng Salita ng Diyos ang puso ng daigdig; lubhang nakalulungkot kung kayo ay hindi maparikit ng ningas nito!”[22]**

Nasa ibaba ang ilang mga katanungang kaugnay ng mga sipi sa bahaging ito at sa nakaraang mga bahagi. Bagaman ang ilang mga katanungan ay humihingi lamang

ng “oo” o “hindi” mula sa inyo, ang pagsagot sa buong pagsasanay ay makatutulong upang maging malinaw ang inyong pag-unawa sa kapangyarihan ng Salita ng Diyos.

1. Ang Salita ng Diyos ay binubuo ba ng mga pantig at tinig? ________________

2. Ang Salita ng Diyos ay binubuo ba ng anumang kilalang sangkap? _________

3. Ang Salita ng Diyos ay mababatid ba ng ating mga pandama? ______________

4. Ano ang Salita ng Diyos?

   a. Ito ay walang iba kundi ___________________________________________

   b. Ito ang _______________ ng Diyos na ______________________________

5. Ano ang ibig sabihin na laganap sa lahat ng nilikhang bagay ang Utos ng Diyos? ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

6. Maaari bang umiral ang anumang bagay sa sanlibutan kung ito ay hindi nilikha ng Utos ng Diyos? ____________________________________________________

7. Ano ang ibig sabihin na laganap sa lahat ang biyaya ng Diyos? _____________

   ______________________________________________________________

8. Ano ang mangyayari kung ang biyaya ng Diyos ay ipagkakait sa umiiral na daigdig? ____________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

9. Dahil ang Salita ng Diyos hindi naman nababatid ng ating pisikal na mga pandama at mga kakayahan, paano natin ito nababatid? ___________________

10. Sino ang “bibig ng Diyos” na sa pamamagitan Niya ay nagsasalita ang Diyos?

   ______________________________________________________________

11. Ano ang ipinagkaloob sa bawat salitang binigkas ng Kahayagan ng Diyos? ___

   ______________________________________________________________

12. Ano ang ilan sa mga katangian ng “panibagong buhay” na ikinintal ng Salita ng Diyos sa bawat katawan ng tao? ________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

13. Gaano kalaki ang bisa ng Salita ng Diyos? ____________________________

14. Ano ang susing nagbubukas sa lahat ng susian sa buong daigdig? __________

15. Ano ang ginagawa ng Salita ng Diyos sa mga puso ng tao? _______________

16. Ano ang nagpaningas sa puso ng daigdig? ____________________________

17. Anong ningas ang dapat magparikit sa atin? ___________________________

Ngayon ay isaulo ang sumusunod na sipi:

> **"Ito ang araw upang magsalita. Tungkulin ng mga tao ni Bahá na magsumikap nang may lubos na pagtitiyaga at pagtitimpi, na patnubayan ang mga sambayanan ng daigdig sa Pinakadakilang Guhit-tagpuan. Ang bawat katawan ay nananawagan nang malakas para sa isang kaluluwa. Kailangang buhayin ng mga kaluluwang makalangit, sa pamamagitan ng hininga ng Salita ng Diyos, ang mga patay na katawan at bigyan sila ng isang bagong espiritu."[23]**

## BAHAGI 24

Suriin natin ang ugnayan sa pagitan ng ilang mga ideyang tinalakay na natin sa nakaraang mga bahagi. Tinatawagan tayo ni Bahá'u'lláh upang buksan ang lungsod ng puso ng tao sa pamamagitan ng susi ng ating pananalita. Kapag ang mga pinto ng lungsod na ito ay nabuksan na at ang puso ay naiugnay na sa Kaniyang Rebelasyon, ang isang kamangha-manghang pagbabago ay nagsisimulang maganap. Kabilang sa mga kapangyarihang nagbubunsod sa pagbabagong ito, ang kapangyarihan ng Salita ng Diyos, na inihahatid sa pamamagitan ng mga salita ng Kahayagan, ay ang hinding-hindi maaaring mawala. Ang ibig sabihin ba nito ay pinakamaiging hindi tayo gumamit ng sarili nating mga salita sa pagtuturo at bigkasin lamang sa mga iba ang mga sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh?

Sa pagsagot sa katanungang ito, ipaalaala sa inyong sarili ang asal ng ilang mga panatiko sa relihiyon na dala-dala ang kopya ng isang Banal na Aklat, at gamit ito ay lagi silang nangangaral sa mga tao. Tiyak na hindi ganito ang paraan na nais nating gamitin. Sa inyong pag-aaral ng Aklat 2, hinihimok kayong humanap ng paninimbang sa pagitan ng tuwirang pagsipi mula sa mga Kasulatan at sa paggamit ng sarili ninyong mga salita sa pagpapaliwanag ng mga katuruan at mga simulain ng Pananampalataya. Tiyak na mula roon ay pinaunlad na ninyo ang ganitong kakayahan sa pamamagitan ng mga gawain ng paglilingkod na inyong isinagawa sa inyong kapitbahayan o nayon.

Basahin ang sumusunod na paghikayat ni Bahá'u'lláh at nilay-nilayin muli kung paano tayo dapat matutong gamitin ang kapangyarihan ng Salita ng Diyos sa ating mga pagsisikap na magturo:

> **"Nararapat limiin at nilay-nilayin ng banal na mga kaluluwa sa kanilang mga puso ang tungkol sa mga pamamaraan ng pagtuturo. Mula sa mga teksto ng kamangha-mangha at makalangit na mga Kasulatan ay dapat nilang isaulo ang mga parirala at mga sipi kaugnay ng iba't ibang kalagayan, upang habang nagsasalita sila ay mabibigkas nila ang banal na mga bersikulo kailanman ito hingiin ng pagkakataon, dahil ang banal na mga bersikulong ito ay ang pinakamabisang elixir, ang pinakamatindi at pinakamalakas na agimat. Napakabisa ang impluwensiya ng mga ito na ang nakikinig ay hindi magkakaroon ng anumang dahilan upang mag-atubili."[24]**

1. Sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh na dapat nating _______________ at _________ _______________ sa ating mga puso ang tungkol sa mga ___________________ ng ______________________ .

2. Dapat nating ___________________ ang mga parirala at mga _______ kaugnay ng iba't ibang paksa mula sa mga ___________ ng Banal na mga Kasulatan.

3. Dapat nating isaulo ang mga sipi mula sa Banal na mga Kasulatan upang habang tayo ay __________________ ay ___________________ natin ang banal na mga bersikulo kailanman ito _____________________________________________ .

4. Dapat nating bigkasin ang banal na mga bersikulo sa ating pananalita dahil ang mga ________________________ na ito ay ang pinakamabisang ___________ .

5. Napaka___________ ang ______________________ ng mga banal na bersikulo na ang ______________________ ay hindi magkakaroon ng anumang dahilan upang ______________________ .

## BAHAGI 25

Sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh na isaulo ang mga parirala at mga sipi mula sa Banal na mga Kasulatan upang magamit natin ang mga iyon sa ating pananalita tuwing may pagkakataon. Malinaw na unang-una at pangunahing tinutukoy nito ang sarili Niyang mga Kasulatan, sapagkat Siya ang Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyan, at tulad ng lahat ng nakaraang mga Kahayagan, katulad ng Báb, ang Kaniyang pananalita ay bumubuo ng Mapanglikhang Salita.

Subalit paano naman ang mga salita ni 'Abdu'l-Bahá?  Kasama ang iba pang mga miyembro ng inyong grupo, nilay-nilayin ang epekto ng kapangyarihan ng Kaniyang mga salita sa tagapakinig. Isipin ang epekto ng Kaniyang mga salita sa sarili ninyong puso, bilang halimbawa, noong pinag-aaralan ang mga iyon sa naunang mga aklat sa seryeng ito. Maaaring naaalaala rin ninyo ang malalim na mga pag-unawang natamo ninyo mula sa mga pahayag sa pangalawang yunit ng Aklat 2 na batay sa Kaniyang mga panayam at mga Tableta, na nakatulong sa inyo sa paglilinang ng mga kakayahang kinakailangan upang pumasok sa makabuluhan at nakapagpapasiglang usapan. Bagaman ang Kaniyang mga Kasulatan ay hindi maituturing bilang mga bersikulo na dibinong ipinahayag, nagtataglay ang mga iyon ng sarili nitong katayuan. Saan nagmumula ang kapangyarihan ng Kaniyang mga salita? Hindi ba kanais-nais para sa atin na isama ang mga sipi mula sa Kaniyang mga kasulatan sa ating pananalita tulad ng ginagawa natin mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh?

Ngayon ay isipin ang gayunding mga katanungan kaugnay ng mga kasulatan ng Guardian, sa paggunita, halimbawa, ng mga siping ginamit sa naunang mga aklat na nakatulong sa pagbibigay-liwanag sa inyong mga kaisipan ukol sa iba't ibang mga tema. Pagkatapos gawin iyon, isagawa rin ang kahalintulad na talakayan kaugnay ng patnubay mula sa Universal House of Justice.

## BAHAGI 26

Nakita na natin kung gaano kahalaga ang pagsasaulo ng mga sipi mula sa mga kasulatan para sa ating mga pagsisikap na ituro ang Kapakanan. Gayumpaman ay alam din natin na kailangan din nating gamitin ang sarili nating mga salita sa pagbabahagi ng mga katuruan ni Bahá'u'lláh, sapagkat hindi naman tayo pwedeng sumipi lamang nang sumipi mula sa mga kasulutan ng Pananampalataya sa pakikipag-usap sa mga tao. Ang mga sipi ay dapat isama sa ating mga usapan at talakayan sa isang natural na paraan. Ang tanong kung gayon ay: Paano natin titiyakin na ang ating mga salita ay tumitimo sa mga puso ng ating mga kausap at nakatutulong sa kanila upang makalapit kay Bahá'u'lláh at makarating sa mga dalampasigan ng karagatan ng Kaniyang Rebelasyon?

Malinaw na ang sagot ay bagaman ginagamit natin ang sarili nating mga salita, ang ating sinasabi ay dapat nagtutugma nang lubusan sa mga katuruan. Hindi natin dapat ibigay ang sarili nating mga teoriya, sa halip ay ang mensahe ni Bahá'u'lláh sa pinakadalisay na anyo hanggang maaari. Mangyari pa, kinakailangan nitong itubog natin ang ating mga sarili sa mga kasulatan at patuloy na palalimin ang ating kaalaman at pag-unawa sa Pananampalataya. Kaugnay nito, ipinapayo ng Guardian:

> **"Tiyak na ang pinakamahusay na paraan ng pagtuturo ay ang patunayan ang ating mga sinasabi sa pamamagitan ng palaging pagtukoy sa mismong mga salita ni Bahá'u'lláh at ng Master. Sa ganito ay maiiwasan ang pagbigay ng mga indibidwal ng maling pagpapakahulugan sa Kapakanan.**

**Ang anumang sinasabi nitong mga banal na Liwanag ay ang katotohanan, at kung gayon Sila ang mga pamantayan ng ating mga sinasabi.**

**"Gayumpaman, ito ay hindi nangangahulugang may limitasyon ang ating kalayaang makapagpahayag. Lagi tayong makakikita ng bagong mga paraan upang makalapit sa katotohanang iyon o upang ipaliwanag kung ano ang naging impluwensiya ng mga ito sa ating buhay at kalagayan. Kapag higit na malalim ang ating mga pag-aaral higit na mauunawaan natin ang kahulugan ng mga Katuruan."[25]**

**"Ang ibig sabihin ng magpalalim sa Kapakanan ay ang pagbasa sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh at ng Master nang lubhang masusi na maibibigay ito sa mga iba sa pinakadalisay nitong anyo. Marami ang may mababaw na pagkaunawa tungkol sa kung ano ang pinaninindigan ng Kapakanan. Samakatwid ay inilalahad nila ito kasama ang lahat ng uri ng sarili nilang mga ideya. Dahil ang Kapakanan ay nasa maagang panahon pa lamang nito, dapat tayong lubusang mag-ingat na hindi tayo makagawa ng ganitong pagkakamali at mapinsala ang Kilusang labis nating minamahal.**

**"Walang katapusan ang pag-aaral sa Kapakanan. Habang higit na binabasa natin ang mga Kasulatan, higit na maraming katotohanan ang ating matatagpuan dito at higit pa nating makikita na ang ating nakaraang mga akala ay mali pala."[26]**

Ngayon ay basahin ang sumusunod na mga pahayag at ipasiya kung alin ang totoo. Huwag masiyahan sa pagmarka lamang ng mga sagot. Ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya ay makatutulong sa inyo upang pag-isipan pa ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga kasulatan nang masistema.

______ Ang pag-aaral ng mga kasulatan ay para lamang sa mataas ang pinag-aralan. Para sa mga iba ay sapat nang ipaliwanag sa kanila ang ilang pangunahing ideya sa simpleng mga salita.

______ Lahat tayo ay dapat mag-aral ng mga kasulatan. Kahit ang mga taong hindi bihasa sa pagbabasa ay maaaring mag-aral, sa tulong ng iba, ng isa-isang sipi.

______ Habang pinag-aaralan natin ang mga kasulatan at nagtatamo ng higit at higit pang malalim na pag-unawa sa Pananampalataya, nagagawa nating ipahayag nang higit na matapat ang mga katotohanang nadadambana sa Rebelasyon, at samakatwid ang ating mga salita ay magkakaroon ng higit na malaking epekto sa tagapakinig.

______ Sa pagsisikap na maging matapat sa mga kasulatan kapag itinuturo ang Kapakanan, nilalagyan natin ng limitasyon ang ating kalayaan sa pag-iisip at pananalita.

______ Kapag tayo ay matapat sa mga kasulatan tuwing itinuturo ang Kapakanan, ang ating mga kaisipan ay maitataas sa higit na mataas na antas; hindi tayo magiging alipin ng mga kuro-kuro ng iba at hindi makukulong sa makitid na pag-iisip.

______ Kapag tayo ay matapat sa mga kasulatan tuwing itinuturo ang Kapakanan, tayo ay magtatamo ng inspirasyon, at ang malalim na mga pag-unawa at mga kasagutan ay papasok sa ating isipan na hindi pa natin naisip noong nakaraan.

______ Kapag nabasa mo na ang isang aklat o Tableta na ipinahayag ng isa sa Pangunahing mga Katauhan ng Pananampalataya, walang saysay ang muling pagbasa nito.

______ Kahit na ilang ulit nating basahin ang alinmang sipi mula sa mga kasulatan, lagi tayong nakahahanap ng bagong kahulugan at sariwang malalim na pag-unawa mula roon.

______ Hindi natin pinag-aaralan ang mga kasulatan upang makalikom lamang ng napakaraming impormasyon tungkol sa Pananampalataya. Ang mahalaga ay ang pagninilay-nilay sa mga kasulatan at ang pagsusumikap na maunawaan ang mga kahulugang natatago roon.

______ Kapag itinuturo natin ang Kapakanan, hindi natin dapat palabuin ang mga katotohanang nahimalay natin mula sa mga kasulatan dahil sa paghalo sa mga ito ng lahat ng uri ng mababaw na mga ideyang nauuso sa pana-panahon.

______ Kapag isinasama natin ang malalim na mga pag-unawa mula sa mga katuruan sa usapang di-pormal o sa pag-aaral ng isang temang may kahalagahang espiritwal sa pagdalaw sa tahanan ng isang kaibigan o kapitbahay, hindi lamang ang mga kausap natin ang nakikinabang sa mga perlas ng karunungang matatagpuan sa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh. Tayo rin ay lumalalim ang pag-unawa sa napakalalim na mga katotohanang nadadambana sa Kaniyang mga Kasulatan.

______ Habang sumusulong tayo sa mga kurso ng institute at isinasagawa ang mga gawain ng paglilingkod na hinihikayat ng mga iyon, patuloy nating pinalalalim ang ating kaalaman sa Pananampalataya habang pinauunlad ang ating kakayahang maglingkod sa pamayanan.

## BAHAGI 27

Kapag ang ating mga salita ay umaalinsunod sa mga katuruan ni Bahá'u'lláh sang-ayon sa pagpapakahulugan ni 'Abdu'l-Bahá at ng Guardian, at sa patnubay na natatanggap natin mula sa Universal House of Justice, pinagkakalooban ang mga iyon ng matinding kapangyarihan. Ang kapangyarihang ito ay lalo pang lumalaki kapag natututunan natin ang mga sipi mula sa mga kasulatan at inihahabi ang mga ito sa ating pananalita sa natural na paran at nang may karunungan. Subalit ang ating mga salita ay kailangan ding tumupad sa iba pang mga kundisyon upang ito ay tumimo sa mga puso ng ating mga kausap. Lalo na ay dapat itong magtaglay ng puwersa ng pag-ibig, isang pag-ibig na tunay na nadarama, hindi ang hitsura lamang ng pag-ibig. Sa isa sa Kaniyang mga panayam, sinabi ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"Kung iniibig kita, hindi ko kailangang ulit-uliting magsalita tungkol sa aking pag-ibig—malalaman mo iyon kahit walang salita. Sa kabilang dako, kung hindi kita iniibig, iyon ay malalaman mo rin—at hindi ka maniniwala kung sabihin ko man sa isang libong salita, na iniibig kita."**[27]

Ang pag-ibig ay hindi lamang isang simulaing di-nakikita na sinasabi lamang. Ito ay tunay na umiiral, at kapag tunay na minamahal ng isang tao ang isa pa, may buklod na nabubuo sa pagitan ng mga puso at sa pamamagitan niyon ay maaaring dumaloy ang marangal na mga damdamin at matayog na mga ideya. Maaaring iangat ng isang kaluluwa ang isa pa, at kapuwa silang napupuspos ng kaligayahan.

Si Mírzá Abu'l-Faḍl, isang debotong Bahá'í na lubos na pinagkakatiwalaan ni 'Abdu'l-Bahá, minsan ay sinuri ang konsepto ng pag-ibig para sa sangkatauhan sa isang talumpating ibinigay sa isang grupo ng mga kaibigan. Ipinaliwanag niyang napakadali para sa alinman sa atin na maupo nang maginhawa sa isang bahay na may magandang hardin at sabihing, "Mahal ko ang sangkatauhan." Subalit, tulad ng ipinabatid ni Mírzá Abu'l-Faḍl, ang pag-ibig ay nagiging tunay lamang kapag ito ay sinusubok. Sa pagkakataon lamang na nakikibaka na tayo sa mga digmaan ng pag-ibig at muli't muling nasugatan alang-alang sa pag-ibig, ay doon pa lamang natin masasabing "Umiibig ako" nang buong karapatan at katiyakan. Sa gayon, siya ay nagpatuloy, kapag sinasabi ng isang tao na taglay niya ang pag-ibig sa kaniyang puso, kailangan niyang subukin ang kaniyang sarili at tingnan kung natutupad niya ang lahat ng mga kundisyon ng pag-ibig.

Ano ang ilan sa mga kundisyong ito? Malinaw na kabilang sa mga ito ang katapatan at pagkamakatotohanan, pagiging mapagbigay at bukas-palad, pagpapatawad at pagkamapagkakatiwalaan. Sapagkat ano ba ang di-matapat na pag-ibig kundi pagbabalat-kayo? Ano ang ibubunga ng pag-ibig na pinaghaharian ng selos at dominasyon, at hindi ng pagiging mabait at mapagbigay? Anong uri ng pag-ibig ang nauugnay sa paghihiganti sa halip ng kapatawaran? Paano magtitiwala ang sinuman sa ating pag-ibig kung tayo ay hindi mapagkakatiwalaan?

Taglay ang ganitong pagkaunawa sa pag-ibig, ibaling natin ngayon ang ating pansin sa nagtutugunang mga bahagi ng pagtuturo. Kapag ikaw ay nagtuturo ng Kapakanan, ikaw ay nakikipag-ugnay sa isang kapwa-tao. Ikaw ay hindi nagtuturo sa abstrak lamang. Isipin ang iyong mga damdamin para sa isang taong minamahal mo—isang mahal na kaibigan, ang iyong ina at ama, mga kapatid, asawa, mga anak. Ang mga damdaming ito ay talagang tunay. Mangyari pa, hindi naman makatwirang paniwalaan na maaari nating mahalin ang isang taong di-kilala nang may kaparehong katindihan ng pagmamahal natin sa mga malapit sa atin. Gayumpaman, ang mahalagang maunawaan ay sa pagtuturo ay ipinahahayag natin ang ating pag-ibig sa sangkatauhan, isang pag-ibig na dapat maisalin sa konkretong pag-ibig para sa indibidwal na mga miyembro ng sangkatauhan. Hindi sapat para sa atin ang magkaroon ng abstrak na pag-ibig para sa isang abstrak na huwaran ng sangkatauhan.

Ang isang mahalagang katanungan na dapat itanong kaugnay nito ay: Sa anong dahilan natin hindi mamahalin ang isang tao, kahit isang di-kilala, na sapat nang nabighani upang makinig sa mensahe ni Bahá'u'lláh? Sa paglilimi sa katanungang ito, isipin si 'Abdu'l-Bahá at ang Kaniyang pag-ibig sa sangkatauhan. Hindi ba Niya ibinuhos ang pagmamahal at kabutihan sa bawat isa at sa lahat ng taong nakaharap Niya?

Upang madagdagan ang inyong pag-unawa sa kapangyarihan ng pag-ibig sa pagtuturo ng Kapakanan, ipasiya kung ang sumusunod na mga pahayag ay totoo:

______ Ang mga salita ay mga salita. Pareho lang ang epekto nito kapag sinabi iyon nang may pag-ibig sa puso o wala.

______ Kapag ang mga salita ay nadadamtan ng pag-ibig, higit na malaki ang epekto nito sa puso ng tagapakinig.

______ Ang maaari lamang nating mahalin ay ang taong kilala natin, tulad ng ating ina o ama, o isang matalik na kaibigan.

______ Maaaring mahalin ang isang tao na hindi natin kilala.

______ Hindi posible ang ipakita ang pagmamahal sa lahat ng tao liban lamang kung ikaw ay isang uri ng santo.

______ Ang pagmamahal sa sangkatauhan ay nangangahulungan ng pagmamahal sa lahat ng tao sa magkaparehong tindi.

______ Na ang isang taong hindi mo kilala ay nagbibigay ng panahon upang makipag-usap sa iyo tungkol sa Pananampalataya ay gumigising ng pag-ibig sa iyong puso para sa kaniya.

______ Magkasalungat ang sabihing, "Mahal ko ang sangkatauhan subalit ayaw kong turuan ang sinuman at ibigay sa kanila ang napakalaking mga

biyayang bunga ng pagtanggap kay Bahá'u'lláh bilang Kahayagan ng Diyos para sa ngayon."

______ Kung hindi natin itinuturo ang Kapakanan, ito ay dahil sa hindi sapat ang ating pagmamahal sa sangkatauhan.

______ Hindi naman ibig sabihin na kulang ang pagmamahal sa sangkatauhan ng mga nag-aatubili sa pagtuturo ng Kapakanan. Maaaring may iba pang mga dahilan, tulad ng takot, kakulangan ng lakas-loob, o pagiging mahiyain, na pumipigil sa pagtuturo ng isang taong puno ng pag-ibig.

______ Ang dapat lamang nating turuan ay ang ating mga kaibigan, at hindi ang mga di-kilala.

______ Dapat nating mahalin ang lahat ng ating tinuturuan.

______ Kung sa pakiwari natin ay hindi pa sapat ang ating pagmamahal sa sangkatauhan, hindi tayo dapat magturo.

______ Ang mismong pagtuturo ay nakadaragdag sa ating pagmamahal sa ating mga kapwa-tao. Samakatwid ay hindi natin dapat gawing dahilan ang kakulangan ng pagmamahal upang hindi magturo.

______ Ang ating pag-ibig sa Diyos ang tumutulak sa atin upang isabalikat ang sagradong tungkulin na ituro ang Pananampalataya, at ang ating pag-ibig sa Kaniya ang lumilikha sa ating mga puso ng pag-ibig sa sangkatauhan.

## BAHAGI 28

Sinabi natin na kapag tayo ay nagtuturo, isinasalin natin ang ating pag-ibig sa sangkatauhan na maging pag-ibig sa isa o higit pa sa indibidwal na mga miyembro nito. Ang kapangyarihan ng pag-ibig ay nagkakaroon ng paghahayag kapag ito ay itinutuon sa isang bagay o isang tao. Subalit dapat nating tandaan na walang hangganan ang mismong pag-ibig. Ang pag-ibig ay walang-hanggan, hindi natatakdaan, walang katapusan. Itong walang katapusang pag-ibig ay hindi maihahayag nang sapat kapag ito ay nakukulong sa makitid at nakapipigil na mga motibo. Kapag minahal natin ang isang tao, sinasabi sa atin ni 'Abdu'l-Bahá na "hayaang iyon ay sa pamamagitan ng sinag ng Walang-katapusang Pag-ibig! Hayaang iyon ay ipasa-Diyos at iukol sa Diyos!" Ang pag-ibig ay "konsagrado nang higit pa sa mga akala at mga hinagap ng tao". Dapat nating "isabog ang liwanag ng isang walang-hanggang pag-ibig sa bawat tao" na ating nasasalubong, ang sinabi ni 'Abdu'l-Bahá. Isaulo natin ang sumusunod na sipi:

**"O apoy ng pag-ibig sa Diyos! Ang sinag ay kailangang magbigay ng liwanag at ang araw ay kailangang sumikat; ang kabilugan ng buwan ay kailangang suminag at ang bituin ay kailangang magningning. Yamang ikaw ay isang sinag, magsumamo ka sa Panginoon upang ikaw ay magbigay ng pag-iilaw at kaliwanagan, upang paliwanagin ang mga sugpungang-guhit at upang tupukin ang daigdig ng apoy ng pag-ibig sa Diyos. Umaasa Akong iyong matatamo ang gayong katayuan, hindi lamang iyon, mahihigitan pa iyon."**[28]

## BAHAGI 29

Upang wakasan ang yunit na ito, dapat nating ipaalaala sa ating mga sarili ang isang mahalagang katotohanang natutunan nating lahat sa ating mga buhay: na kapag walang tulong ng Diyos ay walang maaaring matamo. Kapag itinuturo ang Kapakanan, kung gayon, kailangang lagi tayong may kamalayan sa tulong ng Diyos at humingi ng lakas mula sa mga hukbo ng Kataas-taasang Kalipunan. Nasa ibaba ang ilan lamang mula sa napakaraming mga sipi mula sa mga Kasulatan tungkol sa paksang ito. Maaaring nanaisin ninyong isaulo ang mga ito, kung hindi pa ninyo nagagawa iyon sa nakaraang mga pagkakataon.

**"Saksi ang pagkamatwid ng Diyos! Ang sinumang magbukas ng kaniyang mga labi sa Araw na ito at banggitin ang pangalan ng kaniyang Panginoon, ang mga hukbo ng inspirasyong Dibino ay papanaog sa kaniya mula sa kalangitan ng Aking pangalan, ang Nakababatid ng Lahat, ang Sukdulang Marunong. Papanaog din sa kaniya ang Kalipunan sa kaitaasan, na itinataas ng bawat isa ang isang kalis ng dalisay na liwanag. Ganoon ang itinadhana sa kaharian ng Rebelasyon ng Diyos, alinsunod sa utos Niya na Siyang Ganap na Maluwalhati, ang Pinakamalakas."**[29]

**"Sa katunayan ay tutulungan Niya ang lahat ng tumutulong sa Kaniya, at gugunitain ang lahat ng gumugunita sa Kaniya. Sumasaksi rito ang Tabletang ito na nagsabog ng luningning ng masuyong kabaitan ng iyong Panginoon, ang Ganap na Maluwalhati, ang Lubos na Nakagagapi."**[30]

**"Sabihin: Mag-ingat, o mga tao ni Bahá, na hindi nakawin ang inyong lakas ng mga makapangyarihan sa lupa, o na puspusin kayo ng takot ng mga naghahari sa daigdig. Ilagay ang inyong pananalig sa Diyos, at ipagkatiwala ang inyong mga gawain sa Kaniyang pangangalaga. Sa katunayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katotohanan ay gagawin Niya kayong matagumpay, at sa katunayan Siya ay may kapangyarihang gawin ang anumang naisin Niya, at tinatanganan Niya ang mga renda ng lubos na makapangyarihang lakas."**[31]

**"Saksi ang Diyos na liban sa Kaniya ay walang ibang Diyos! Kung magbabangon ang sinuman para sa tagumpay ng aming Kapakanan, gagawin ng Diyos na magtagumpay siya kahiman libu-libong mga kalaban ang magsama-sama laban sa kaniya. At kung ang kaniyang pag-ibig para sa Akin ay higit pang lalakas, itatatag ng Diyos ang kaniyang pangingibabaw sa lahat ng mga kapangyarihan sa kalupaan at kalangitan. Sa gayon ay inihinga Namin ang espiritu ng kapangyarihan sa lahat ng mga rehiyon."[32]**

**"Siya ay tutulong sa inyo sa pamamagitan ng dagsa-dagsang mga di-nakikita, at itataguyod kayo sa mga hukbo ng inspirasyon mula sa Kalipunan sa kaitaasan; ipadadala Niya sa inyo ang matamis na mga pabango mula sa pinakamataas na Paraiso, at ipasasamyo sa inyo ang dalisay na mga hiningang humihihip mula sa mga hardin ng rosas ng Kalipunan sa kaitaasan. Ihihinga Niya sa inyong mga puso ang espiritu ng buhay, gagawing makapasok kayo sa Arko ng kaligtasan, at ihahayag sa inyo ang Kaniyang malinaw na mga tanda at mga sagisag. Tunay na ito ang nag-uumapaw na biyaya. Tunay na ito ang tagumpay na walang makatatatwa."[33]**

**"O kayong mga tagapaglingkod sa Bungad ng Kabanalan! Ang matagumpay na mga hukbo ng Makalangit na Kalipunan, natitipon at nakahanay sa mga Kaharian sa itaas, ay nakatayong handa at umaasang makatulong at tiyakin ang tagumpay sa magiting na kabalyerong iyon na buong lakas-loob na pinasusugod ang kaniyang kabayo sa larangan ng paglilingkod. Mahusay ang kalagayan ng mandirigmang walang-takot, na nasasandatahan ng kapangyarihan ng tunay na Kaalaman, ay nagmamadali sa digmaan, binubugaw ang mga hukbo ng kamangmangan, at pinakakalat ang mga hukbo ng kamalian, habang itinataas ang Bandila ng Banal na Pamamatnubay, at pinatutunog ang Pakakak ng Tagumpay. Saksi ang pagkamatwid ng Panginoon! Siya ay nakatamo ng maluwalhating tagumpay at nakamtan ang tunay na pagwawagi."[34]**

# MGA REPERENSIYA


1. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni Abdu’l-Bahá* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2021), blg. 177.1, p. 325.

2. *Tablets of Abdul-Baha Abbas* (New York: Bahá’í Publishing Committee, 1915, 1940 printing), tomo. 2, p. 473. (awtorisadong salin)

3. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá*, blg. 142.9, p. 266.

4. Mula sa liham ng ika-27 ng Marso 1933 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi para sa isang Local Spiritual Assembly, inilathala sa *Bahá’í News*, blg. 73 (Mayo 1933), p. 2.

5. *Tablets of Abdul-Baha Abbas* (New York: Bahá’í Publishing Committee, 1916, 1930 printing), tomo. 3, pp. 716–17. (awtorisadong salin)

6. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2017), blg. 13.4, p. 224.

7. Bahá’u’lláh, sa *Ang Kitáb-i-Aqdas: Ang Pinakabanal na Aklat* (Manila: Bahá’í Publishing Trust, 2003), par. 38, mp. 41-42; gayundin sa *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), LXXI, par. 1, p. 155.

8. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, CXLIV, par. 1, p. 355.

9. Ibid., CLVIII, par. 1, p. 380.

10. Ibid., CLIV, par. 2, p. 374.

11. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, blg. 13.9, p. 226.

12. *Tablets of Abdul-Baha Abbas* (New York: Bahá’í Publishing Committee, 1909, 1930 printing), tomo 1, p. 194. (awtorisadong salin)

13. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, CXV, par. 3, p. 273.

14. Ibid., CXXXIX, par. 5, p. 344.

15. Ibid., CXXIX, par. 6, mp. 318–19.

16. Ibid., XCIX, par. 1, mp. 226–27.

17. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, blg. 9.10, p. 161.

18. *Mga Dalangin at mga Pagninilay ni Bahá'u'lláh* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2021), CLXXIX, par. 5, p. 377.

19. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, blg. 9.12, p. 162.

20. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, LXXIV, par. 1, p. 160.

21. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, blg. 11.31, p. 199.

22. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, CXLVII, par. 2, p. 358.

23. Bahá'u'lláh, sinipi ni Shoghi Effendi, *The Advent of Divine Justice* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2006, 2018 printing), par. 114, p. 125.

24. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, blg. 13.18, mp. 228-229.

25. Mula sa liham ng ika-16 ng Pebrero 1932 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi para sa isang indibidwal, inilathala sa *The Importance of Deepening Our Knowledge and Understanding of the Faith: A Compilation of Extracts from the Writings of Bahá'u'lláh, the Báb and 'Abdu'l-Bahá and the Letters of Shoghi Effendi and the Universal House of Justice*, tinipon ng Research Department ng Universal House of Justice (Ingleside: Bahá'í Publications Australia, 2021), blg. 103, mp. 48–49.

26. Mula sa liham ng ika-25 ng Abril 1926 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi sa isang indibidwal, ibid., blg. 93, p. 44; gayundin sa "The Universal House of Justice: A Compilation Prepared by the Research Department of the Universal House of Justice" (Pebrero 2021) par. 58.13.

27. Mula sa isang talumpati noong ika-16 at 17 ng Oktubre 1911, inilathala sa *Mga Pagsasalita sa Paris: Mga Talumpati noong 1911 ni 'Abdu'l-Bahá* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 1964, 2021), blg. 1.13, p. 6.

28. Mula sa isang Tableta ni 'Abdu'l-Bahá. (awtorisadong salin)

29. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, CXXIX, par. 3, p. 317.

30. Bahá'u'lláh, sinipi ni Shoghi Effendi, *The Advent of Divine Justice*, par. 109, p. 115.

31. Ibid., par. 113, p. 124.

32. Bahá'u'lláh, sinipi ni Shoghi Effendi, *The World Order of Bahá'u'lláh: Selected Letters* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1991, 2012 printing), p. 106.

33. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, blg. 157.4, mp. 297–98.

34. Ibid., blg. 208.1, p. 421.



# Mga Katangian at Saloobing Kailangang-kailangan para sa Pagtuturo

## Layunin

Upang nilay-nilayin ang mga katangian at saloobing kinakailangan upang maituro ang Pananampalataya nang mabisa

## BAHAGI 1

Sa pagtahak sa landas ng paglilingkod na binubuksan nitong serye ng mga kurso, hindi lamang kayo nagtamo ng kaalaman, mga kasanayan at mga kakayahang hinihingi nito subalit ay nagtamo rin ng malalim na pag-unawa sa ilang espiritwal na mga katangian at saloobin na kinakailangan upang sumulong nang tuloy-tuloy. Nagnilay-nilay na tayo sa ilan sa gayong mga katangian at saloobin sa nakaraang mga kurso, subalit dito ay pag-iisipan natin ang ilang tiyak mula sa mga ito, kaugnay ng sagradong gawain ng pagtuturo. Sa paggawa nito, ang dapat nating hindi kailanman limutin, tulad ng binigyan-diin sa nakaraang yunit, ay ang "pagiging" at ang "paggawa" ay nagpupunuan at di-maihihiwalay na mga aspekto ng isang buhay na espiritwal. Ang ating mga pagsisikap na gawing ganap ang ating panloob na kalagayan at paunlarin ang mga katangiang espiritwal, na pangunahin ang kahalagahan sa kalagayan ng ating pagkatao, ay dapat makatagpo ng paghahayag sa larangan ng paglilingkod. Kailangan nating bumangon upang magturo, kung gayon, at sa pagtitiwalang habang ginagawa iyon, ang mga katangiang espiritwal na dapat magtangi sa sagradong gawain na ito ay higit pang mapalalakas sa atin. Kaugnay nito, ilista ang ilan sa mga katangiang sa palagay ninyo ay dapat pagsikapang maihayag sa higit at higit pang malaking sukat upang tayo ay maging higit pang mabisang mga instrumento para sa pagpapalaganap ng Pananampalataya.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Sa susunod na mga bahagi ay ihahain sa inyo ang maikling mga sipi kaugnay ng ilang mga katangiang espiritwal, at tiyak na ang ilan sa mga iyon ay nabanggit ninyo sa itaas. Ang mga katanungan at pagsasanay sa bawat bahagi ay makatutulong sa inyo upang suriin kung paanong ang pag-unlad ng isang tiyak na katangian ay pinahuhusay ang inyong pagiging mabisa sa pagtuturo ng Kapakanan. Mahalagang linawin sa yugtong ito na ang ating talakayan ay hindi tungkol sa pagtatamo ng kasakdalan kundi ay ang pagsusumikap patungo sa kasakdalan. Halimbawa, sa kasunod na bahagi ay pag-iisipan natin kung paano ang pagtataas sa kadalisayan ng puso ay nagpapahusay sa mga pagsisikap sa larangan ng pagtuturo, subalit hindi naman nating sinasabing kapag hindi pa tayo mismong diwa ng kadalisayan ay hindi na tayo maaaring magturo. Natural lamang na pinababaling tayo ng mga kasulatan tungo sa kaganapan, sapagkat kung wala tayong kamalayan sa layunin paano tayo magsusumikap patungo roon?

## BAHAGI 2

Sa isa sa Kaniyang mga Tableta kung saan ay tinatawagan tayong palaganapin ang mga katuruan, sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá:

> **“Ang layunin ay ito: Dapat dalisay ang hangarin ng tagapagturo, malaya ang kaniyang puso, naaakit ang kaniyang espiritu, payapa ang kaniyang isipan, matibay ang kaniyang pagtatalaga, dakila ang kaniyang kagandahang-loob, at sa pag-ibig sa Diyos ay isang nagniningning na sulo.”[1]**

Sa isa pang Tableta, hinihimok Niya tayo:

> **“. . . maging banal kayo at dalisay mula sa daigdig na ito at sa mga nananahan doon; tulutang pakinabangan ng lahat ang inyong mga hangarin; putulin ang inyong pangangapit sa lupa at tulad ng pinakadiwa ng espiritu ay maging magaan at pino kayo. Sa pagkagayon, taglay ang pagtatalagang matatag, ang pusong dalisay, ang espiritung nagdiriwang, at ang dilang matatas, gugulin ang inyong panahon sa pagpapalaganap ng mga simulaing makadiyos . . .”[2]**

Sa inyong palagay ay bakit napakahalaga sa pagtuturo ang dalisay na puso at dalisay na layunin? Paano kung ang ating mga layunin ay hindi dalisay subalit napakahusay natin sa pagkukunwari at pagkumbinsi sa mga iba na dalisay nga ang mga ito? Ang ilang mga dungis na madaling maisip kaugnay ng pagtuturo ay isang damdaming nakahihigit sa iba, isang hangaring makilala, at ambisyon. Maaari ba ninyong ipaliwanag kung ano ang epekto ng bawat isa sa gawain ng pagtuturo?

1. Damdaming nakahihigit sa iba: ________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

2. Hangaring makilala: ________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

3. Ambisyon: ________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

## BAHAGI 3

Sinasabi ng isang liham na isinulat sa ngalan ng Guardian na:

> **"Tiniyak sa atin ng Master na kapag nililimot natin ang ating mga sarili, at nagpupunyagi sa abot ng lahat ng ating kakayahan upang makapaglingkod at maituro ang Pananampalataya, tumatanggap tayo ng banal na tulong. Hindi tayo ang gumagawa, ngunit tayo ay ang mga instrumentong ginagamit sa pagkakataong iyon para sa layunin ng pagtuturo ng Kaniyang Kapakanan."[3]**

Sa isa pang liham ay ipinaliwanag niya:

> **"Maaaring pagningasin ang isang buong bansa ng kahit isa lamang kaluluwang may kaganapang-isip, na may espiritwal na pag-unawa at malalim na kaalaman sa Pananampalataya—ganoong katindi ang kapangyarihan ng Kapakanan na kumilos sa pamamagitan ng isang lagusang dalisay at hindi makasarili."[4]**

Sa pagsisikap nating iayon ang ating mga buhay sa espiritu ng mga katuruan, sinisikap nating lahat na iwaksi ang *ego* o pagiging makaako at sinisikap na maging di-makasarili. Sa paglalakbay na ito patungo sa walang bahid ng pagkamakasarili, kailangan nating mabatid na maaaring mahulog sa patibong ng pag-uuna sa sarili kahit na dalisay ang ating layunin. Maaari tayong tapat na nagmamalasakit sa pagsulong at mabuting kalagayan ng mga iba, subalit ay ibinubunsod ng hangaring maging sentro ng bawat sitwasyon. Sa pag-iisip na "Tumutulong ako sa iba", ang taong nahulog sa ganitong patibong ay nagbibigay-diin sa "ako" at hindi sa "iba" o sa gawain ng pagtulong. Isipin na kayo ay nakikipag-usap sa inyong kaibigan tungkol sa Pananampalataya. Alin sa sumusunod na mga pangungusap ang magpapakilala sa inyong mga kaisipan at damdamin kung buong kamalayan ninyong sinisikap na iwasan ang pag-uuna sa sarili—na iniiwasan ninyong ilagay ang inyong sarili sa sentro ng lahat ng bagay?

_____ Harinawang buksan ng Diyos ang kaniyang puso at pagkalooban siya ng tunay na pag-unawa.

_____ Sana ang aking mga pagkukulang ay hindi maging hadlang sa kaniyang pagkilala sa katotohanan ng Pananampalataya.

_____ Ang sarap ng pakiramdam kapag natuturo. Tuwang-tuwa ako kapag nahikayat ko ang isang tao sa katotohanan.

_____ Pagkatapos ng lahat ng ginawa ko para sa kaniya, ng napakaingat na mga paliwanag sa mga bagay, dapat lamang na maging Bahá'í siya.

_____ Sana ay makilala ng kaibigan ko si Bahá'u'lláh at madama ang ganoong kaligayahang nadarama ko sa paglilingkod sa Kaniyang Kapakanan.

_____ O Diyos, ilagay po Ninyo ang tamang mga kaisipan sa aking isip at ibigay sa akin ang tamang mga salita upang maibahagi ko ang mga katuruan sa paraang matitimo ang kaniyang puso.

## BAHAGI 4

Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá sa atin:

> **"Itaas ang inyong mga puso sa ibabaw ng kasalukuyan at tumingin nang may pananalig sa kinabukasan! Ang binhi ay ipinunla ngayon, ang butil ay nahulog sa lupa, ngunit tingnan na darating ang araw na iyon ay magiging isang maluwalhating punongkahoy at ang mga sanga niyon ay mahihitik ng mga bunga. Magdiwang at matuwa na ang araw na ito ay sumapit, piliting maalagata ang kapangyarihan nito, sapagkat ito ay tunay na kahanga-hanga! Pinutungan kayo ng Diyos ng karangalan at sa inyong mga puso ay Kaniyang inilagay ang isang makinang o maluningning na bituin; sa katotohanan, ang liwanag niyon ay lubos na magpaniningning sa buong daigdig!"[5]**

Ang payo ng Guardian sa atin ay:

> **"Samakatwid ay dapat ninyong lubusang pagsikapan na mapanatiling naglalagablab sa loob ninyo ang sulo ng pananalig, sapagkat sa pamamagitan niyon ay tiyak na matatagpuan ninyo ang patnubay, lakas at tagumpay sa dakong huli."[6]**

Tiyak na sasang-ayon kayo na sa sandaling kinilala ng isang tao si Bahá'u'lláh bilang Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyan, ang unang siklab ng pananalig ay nagsimula nang mag-apoy sa kaniyang puso. Kung gayon ay sasang-ayon din kayo na yaong mga nagtuturo ay dapat maging mga instrumento upang ang siklab na ito ay mag-apoy. Subalit paano kung ang apoy ng pananalig ay hindi naman nag-aapoy sa sarili nating mga puso? Ano ang ating gagamitin upang umapoy ang siklab sa puso ng nakikinig? Maaari tayong pumasok sa lubos na kawili-wiling mga usapan at magbigay ng pinakamatatas na mga pahayag, subalit kapag walang pananalig, ang mga ito ay magkakaroon ng napakaliit lamang na epekto, sapagkat nadarama ng nakikinig kung talaga bang naniniwala tayo sa ating sinasabi. At habang higit na malakas ang pag-apoy ng sulo ng pananalig sa ating mga puso, higit na malaki ang pagkakataong makatulong sa mga iba upang makilala si Bahá'u'lláh. Subalit, sa ano tayo dapat manalig kapag humahakbang tayo sa larangan ng pagtuturo? Maaari ba kayong magbanggit ng ilang mga bagay? May ilang halimbawang ibinigay upang makatulong sa inyo.

1. Pananalig sa kapangyarihan ng banal na tulong
2. Pananalig na ang mga katuruan ni Bahá'u'lláh ay ang tunay na kailangan ng sangkatauhan
3. Pananalig sa kakayahan ng bawat kaluluwa upang makilala si Bahá'u'lláh
4. ______________________________
5. ______________________________
6. ______________________________
7. ______________________________
8. ______________________________
9. ______________________________
10. ______________________________

## BAHAGI 5

Hinihimok tayo ni 'Abdu'l-Bahá na:

> **"Magsalita, kung gayon; magsalita nang buong lakas-loob sa bawat pagtitipon. Kapag ikaw ay magsisimula na ng iyong talumpati, bamaling muna kay Bahá'u'lláh, at humingi ng mga pagpapatibay ng Espiritu Santo, pagkatapos ay buksan ang iyong mga labi at sabihin ang anumang inimumungkahi sa iyong puso; ito, gayumpaman, nang may sukdulang lakas-loob, pamimitagan at pananalig."**[7]

At sa isang liham na isinulat sa ngalan ng Guardian ay mababasa natin:

> **"Ang Bahá'í na nagtuturo ay dapat na lubos ang lakas-loob. Dito nakasalalay ang kaniyang lakas at ang lihim ng kaniyang tagumpay. Kahit na nag-iisa, at gaanuman katindi ang kawalang-damdamin ng mga taong nasa paligid mo, dapat kang manalig na ang mga hukbo ng Kaharian ay nasa iyong panig, at sa pamamagitan ng tulong nila tiyak na madadaig mo ang mga hukbo ng karimlan na humaharap sa Kapakanan ng Diyos. Samakatwid ay magpursige, maging maligaya at puno ng tiwala."**[8]

Ang pagharap sa bagong mga sitwasyon, ang hindi pagpansin sa sarili nating mga limitasyon, ang magsalita tungkol sa Pananampalataya sa mga bago pa lamang nating nakilala, ang ibahagi sa ating mga kapwa-tao yaong itinuturing natin na pinakamahalaga sa kabatirang maaaring hindi ito tanggapin—ang lahat ng ito ay nangangailangan ng lakas-loob. Mangyari pa, nahahanap natin ang lakas-loob kapag nagtitiwala tayo sa Diyos at lubos tayong umaasa sa Kaniya. Ang kabatirang gagabayan at tutulungan Niya tayo ay nagbibigay sa atin ng lakas upang gawin ang mga bagay na maaaring kinatatakutan natin. Ano ang mangyayari kung wala tayong lakas-loob kapag

nagtuturo ng Kapakanan? Mawawalan ba tayo ng mga pagkakataon? Magbigay ng ilang mga halimbawa sa kung paano kinakailangan ang lakas-loob sa pagtuturo.

Ang dapat nating mabatid ay samantalang kinakailangan natin ng lakas-loob upang magturo, ang mismong paggawa ng pagtuturo ay nakadaragdag sa ating lakas-loob. Upang matulungan kayong maalaala ito, maaaring nanaisin ninyong isaulo ang sumusunod na sipi, kung hindi pa ninyo nagagawa iyon:

**"Ang pinagmumulan ng lakas-loob at kapangyarihan ay ang pagtataguyod sa Salita ng Diyos, at katatagan sa Kaniyang pag-ibig."[9]**

## BAHAGI 6

Sinasabi sa atin ni 'Abdu'l-Bahá na:

**"Ang gawaing pagtuturo sa ilalim ng lahat ng kalagayan ay dapat masiglang isinasagawa ng mga mananampalataya sapagkat ang banal na mga pagpapatibay ay nababatay rito. Kung ang isang Bahá'í ay iiwas sa pagiging ganap, masigla at buong-pusong nakikilahok sa gawaing pagtuturo, tiyak na ipagkakait sa kaniya ang mga biyaya ng Kahariang Abha. Gayumpaman, ang gawaing ito ay dapat may kaakibat na karunungan—hindi yaong karunungang hinihinging manahimik na lang ang isang tao at limutin ang ganoong tungkulin, sa halip ay yaong hinihinging ipakita ng isang tao ang banal na pagpaparaya, pag-ibig, kabaitan, pasensiya, isang mabuting pag-uugali, at banal na mga gawa."[10]**

At sa isa pang sipi ay ipinaliwang Niya na:

**"'Hindi lahat ng nalalaman ng isang tao ay maaaring ibunyag, ni lahat ng kaniyang maaaring ibunyag ay maituturing na napapanahon, ni hindi lahat ng napapanahong salita ay masasabing naaangkop sa kakayahan ng mga tagapakinig nito.' Ganoon ang sukdulang karunungan na kailangang pairalin sa inyong mga gawain. Huwag maging pabaya roon, kung ninanais ninyong maging taong nakakikilos sa lahat ng kalagayan. Sa simula ay alamin muna ang sakit at kilalanin ang karamdaman, pagkatapos ay ibigay ang lunas, sapagkat ganoon ang ganap na pamamaraan ng isang mahusay na manggagamot."[11]**

Ang lakas-loob ay dapat nahahaluan ng karunungan. Hindi ito nangangahulugan na dapat pigilan ng karunungan ang lakas-loob. Ang dalawa ay dapat maging kapit-kamay sa isa't isa. Kapag mayroon tayong lakas-loob at karunungan, matapang tayong pumapasok sa larangan ng pagkilos, at taglay ang mahusaay na pagpapasiya at malinaw na pag-iisip, ay sumusulong tayo. Kung ano ang sasabihin at kung ano ang hindi sasabihin, kung paano ang pinakamahusay na pagharap sa maselan na mga sitwasyon at kung paano sasagutin ang mga katanungan—ang lahat nitong mga pasiya ay kailangang gawin nang may karunungan. Subalit ang karunungan ay hindi dapat gawing dahilan para sa hindi pagkilos. Hindi natin dapat ugaliin ang laging pagsabi ng: "Kawalang-ingat ang gawin ito. Kawalang-ingat ang gawin iyon." Nasa ibaba ang ilang mga sitwasyon na maaaring mangyari sa inyo. Ano sa inyong palagay ang pinakamabuti o pinakamarunong na paraan ng pagharap sa bawat isa?

1. Tinatalakay ninyo ang Pananampalataya sa dalawang tao. Habang nagpapatuloy ang usapan, nagiging maliwanag na interesado sa Pananampalataya ang isa subalit ang isa pa ay hindi interesado. Ano ang inyong gagawin?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. May nakilala kayo sa isang pagtitipon at pumasok sa isang usapan tungkol sa Pananampalataya. Samantalang buong ingat siyang nakikinig sa iyo, wala siyang gaanong sinasabi ni hindi nagtatanong. Ano ang iyong gagawin?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Inanyayahan ka ng isang taong waring napaka-interesado sa Pananampalataya sa kaniyang tahanan upang matuto pa siya tungkol dito. Iniharap mo ang ilang mga aspekto ng mga katuruan sa kaniya, at waring maganda naman ang takbo ng iyong pagdalaw. Sinabi niya sa iyo na lubos niyang nagustuhan ang kaniyang narinig at sa palagay niya ang Pananampalataya ay ang sagot sa mga suliranin ng sangkatauhan. Pagkatapos ay humingi siya sa iyo ng maraming mga pamphlet tungkol sa Pananampalataya upang maipamigay niya ang mga iyon sa isang pampulitikang rally na dadaluhan niya sa kinabukasan. Ano ang iyong gagawin?

4. Ikaw ay nakikilahok sa dalawang-linggong kampanya sa inyong nayon. Ang layunin ay upang paramihin ang bilang ng mga nakikilahok sa mga gawaing pagtatatag ng pamayanan at upang anyayahang tanggapin ng handang mga kaluluwa ang Kapakanan. Mangyari pa, batid na ng maraming pamilya ang mga gawaing Bahá'í sa nayon, o konektado pa nga sa mga iyon sa alinmang paraan, at ginugugol ninyo ang mga araw ng kampanya sa pagdalaw sa mga tahanan at pakikipag-usap sa mga miyembro ng pamilya ukol sa mga paksang angkop sa antas ng kanilang kahandaang tumanggap. Sa mga gabi, nagkakaroon ng mga pagtitipon na bukas sa lahat ng tao sa nayon, kung saan tinatalakay ang iba't ibang mga aspekto ng mga katuruan ng Pananampalataya at ang mga ipinahihiwatig ng mga ito para sa pamumuhay ng pamayanan.

   Isang gabi, ang isang dumalo sa pagtitipon ay nagtanong sa inyo tungkol sa isang tanging batas ng Bahá'í. Sinagot mo siya, subalit hindi niya tinatanggap ang iyong paliwanag. Sinisikap ng ilang iba pang mga kalahok ng kampanya na tugunan ang kaniyang katanungan, subalit paglipas ng ilang panahon ay nagiging maliwanag na sinisikap lamang niyang siraan ang Pananampalataya sa mga mata ng mga naroroon. Ano ang iyong gagawin?

5. Ikaw ay isang miyembro ng team na dumadalaw sa mga tahanan sa isang kapitbahayan sa pag-asang madagdagan ang bilang ng mga batang nakikilahok sa mga klase para sa kanilang edukasyong espiritwal. Nalalaman ng karamihan ng mga pamilya na may naitatag nang mga klase, at maganda ang kanilang pagtanggap sa ganitong pag-unlad sa kapitbahayan at masaya silang matuto ng higit pa tungkol dito. Sa panahon ng inyong mga pagdalaw, halos ang tutok ninyo ay ang ilang mga konseptong pang-edukasyon na matatagpuan sa mga kasulatang Bahá'í, na iyon ay pumupukaw ng masiglang usapan sa mga magulang. Subalit sa isang tahanan, ang isang kamag-anak na dumadalaw roon ay nagbahagi ng pangangamba, at sinabing baka sinisikap ninyong gawing kasapi ng Pananampalataya ang mga batang dumadalo sa mga klase. Ano ang inyong gagawin?

6. Ang isang kabataang nag-aaral ng mga kurso ng institute sa loob ng ilang panahon at naglilingkod bilang animator ng isang junior youth group ay nagpasiya na siya ay sasapi na sa Pananampalataya. Subalit ang kaniyang mga magulang ay balisa sa pasiya ng kanilang anak. Ano ang inyong gagawin?

## BAHAGI 7

Sinasabi ni Bahá'u'lláh sa atin:

**"Ipakita ang kahinahunan at kabutihan at pag-ibig sa isa't isa. Kung ang sinuman sa inyo ay walang kakayahang unawain ang isang katotohanan, o nagpupunyaging maunawaan ito, ipakita kapag nakikipag-usap sa kaniya, ang diwa ng sukdulang kabaitan at mabuting kalooban. Tulungan siyang makita at maunawaan ang katotohanan, nang hindi ipinapalagay na nakahihigit, nang kahit bahagya, ang inyong sarili sa kaniya, o nagtataglay ng higit na mga kakayahan."**[12]

Sa isa pang sipi ay hinihimok Niya tayo:

**"Makihalu-bilo sa lahat ng tao, O mga tao ni Bahá, sa diwa ng pakikipagkaibigan at mabuting samahan. Kung kayo ay nakababatid ng isang tanging katotohanan, kung kayo ay nagtataglay ng isang hiyas, na ipinagkait sa mga iba, ibahagi ito sa kanila sa wika ng sukdulang kabaitan at mabuting saloobin. Kung tanggapin ito, kung matupad ang layunin nito, ang iyong pakay ay natamo na. Kung ang sinuman ay tumanggi rito, hayaan siya sa kaniyang sarili, at sumamo sa Diyos na patnubayan siya. Mag-ingat na baka ikaw ay maging masungit sa kaniya. Ang mabait na dila ay ang batubalani ng mga puso ng tao. Ito ay ang tinapay ng espiritu, dinaramtan nito ng kahulugan ang mga salita, ito ay ang bukal ng karunungan at pag-unawa...."**[13]

Sinisikap nating lahat na ipakita ang masuyong kabaitan at pasensiya sa ating mga pakikitungo sa mga tao. Subalit hindi natin dapat pagkamaliang kabaitan ang ibang mga bagay. Halimbawa, kung minsan ang waring kabaitan, sa katotohanan, ay paternalismo. Ang taong nahihirapang makilala ang kakayahan ng mga tao at pinakikitunguhan sila nang mabait, subalit ay parang mga musmos sila, ay nagpapakita ng paternalismo. Ang pagbabalat-kayo ay maaari ding iharap ang sarili nito bilang kabaitan; maaaring ipakita ng isang tao ang sukdulang masuyong kabaitan subalit sa katunayan ay iniisip lamang ang sariling mga kapakanan. Tulad ng kabaitan, ang pasensiya kung minsan ay maaaring abusuhin. Halimbawa, maaari itong gawing dahilan para sa pagpapabaya. Upang mapag-isipan pa ang mga ideyang ito, isagawa ang mga pagsasanay sa ibaba.

1. Ipinaliwanag mo ang mga katuruan ng Pananampalataya sa isang tao nang buong kabaitan. Subalit sa wakas siya ay nagpahayag ng ilang pagtutol sa iyo, at ikaw ay nagalit. Matapat ba ang iyong kabaitan? ____________________

2. Sa pagpapakilala ng Pananampalataya sa tao na kaunti lamang ang pormal na edukasyon, madalas kang humihinto at itinatanong na: "Nauunawaan mo ba, mahal kong kaibigan?" Ito ba ay kabaitan o paternalismo? ____________________

3. Ipinakikilala mo ang Pananampalataya sa isang tao na kaunti lamang ang pormal na edukasyon. Ipinasiya mong ang maraming malalim na konseptong matatagpuan sa mga Kasulatan ay labis na mahirap para sa kaniyang pag-unawa, kaya ibinaba mo ang mensahe ni Bahá'u'lláh na maging ilang simpleng ideya lamang. Ito ba ay kabaitan o paternalismo? ____________________

4. Ipinakikilala mo ang Pananampalataya sa isang tao na kaunti lamang ang pormal na edukasyon. Bagaman nangangailangan ng mahabang panahon, ibinabahagi mo sa kaniya nang buong-buo ang paglalahad sa pangunahing mga katotohanan nito, binabasa ninyong dalawa ang nauugnay na mga sipi mula sa mga Kasulatan at tinatalakay ang kahulugan ng mga ito. Ito ba ay pasensiya o paternalismo? ________

5. Ang isa sa inyong mga kapitbahay ay waring handang tumanggap sa Pananampalataya, kaya ikaw ay nagpasiyang magkaroon ng serye ng mga usapan sa kaniya. Sa kahabaan nitong mga usapan at sa sukdulang kabaitan, tinutulungan mo siyang magtamo ng isang pagpapahalaga sa mga katuruang Bahá'í at inaaruga ang kaniyang pag-unawa hanggang sa makilala niya si Bahá'u'lláh. Pakatapos magparehistro sa pamayanan, itinutuloy mo ang pag-aruga sa kaniya at tinutulungan siyang matuto nang higit pa tungkol sa mga katuruan at magsimulang ibahagi ang mga ito sa mga iba. Ito ba ay paternalismo? ________________________________________________

6. Sa isang kampanya ng pagdalaw sa mga tahanan sa isang karatig kapitbahayan, nakilala mo ang isang ama na waring sabik malaman ang higit pa tungkol sa Pananampalataya. Pagkatapos ng isang maikling usapan, sinabi niya sa iyong nagustuhan niya ang kaniyang narinig at humingi siya ng literaturang mababasa. Ibinigay mo sa kaniya ang isang maikling panimulang aklat at ipinasiya mo na dahil waring abala siya ay maghihintay ka ng ilang buwan bago mo siya muling dalawin. Ito ba ay pasensiya o pagpapabaya? ________________________________________________

May naiisip ba kayong iba pang mga sitwasyon kung saan ay maaaring may paternalismo o pagbabalat-kayo na nasa anyo ng kabaitan, o ng pagpapabaya na nag-aanyong pasensiya?

## BAHAGI 8

Sinasabi ni Bahá'u'lláh:

**"Kung babangon sila upang ituro ang Aking Kapakanan, kailangan nilang tulutang maantig sila ng hininga Niya na Siyang Hindi Napipigilan at kailangang palaganapin iyon sa ibayong lupa taglay ang mataas na pagtatalaga, mga kaisipang lubos na nakatutok sa Kaniya, mga pusong ganap na nakawalay at malaya sa lahat ng bagay, at mga kaluluwang dinalisay mula sa daigdig at mga karangyaan nito. Nararapat sa kanilang piliin bilang pinakamahusay na panustos para sa kanilang paglalakbay ang pagsalig sa Diyos, at damtan ang kanilang mga sarili ng pag-ibig sa kanilang Panginoon, ang Pinakadakila, ang Ganap na Maluwalhati. Kung iyon ay gagawin nila, ang kanilang mga salita ay magkakabisa sa kanilang mga tagapakinig."**[14]

Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

**"Ang mga ito ay magpupunyagi nang walang-puknat, sa araw at sa gabi, hindi papansinin ang mga pagsubok ni ang mga pighati, hindi tutulutang magkaroon ng paghinto ang kanilang mga pagsisikap, hindi maghahanap ng pamamahinga; hindi pahahalagahan ang lahat ng kaluwagan at kaginhawahan, at nang**

**nakawalay at walang-dungis, ay itatalaga ang bawat mabilis na lumilipas na sandali ng kanilang mga buhay sa pagpapalaganap ng banal na halimuyak at sa pagdadakila ng banal na Salita ng Diyos."[15]**

Alam natin mula sa ating pag-aaral ng Aklat 2 na ang pagkawalay ay isang pangangailangan ng maligayang pagtuturo. Samantalang umaasa tayong ang paglilingkod na ibinibigay natin ay magbubunga ng karapat-dapat na mga resulta, tinatanggap natin na kapag labis tayong nakapangapit sa mga resulta, kung labis tayong apektado ng pagpuri o ng pagpula, mawawala sa atin ang kaligayahang nagbibigay-buhay sa ating mga hakbang. Ang pagbubuo sa sumusunod na mga pangungusap sa ibaba ay makatutulong sa inyo upang pag-isipan nang higit pa ang kahulugan ng pagkawalay sa pagpasok natin sa larangan ng pagtuturo.

1. Kapag bumabangon tayo upang ituro ang Kapakanan, dapat nating tulutang maantig tayo ng ________________________________________ .

2. Kapag bumabangon tayo upang ituro ang Kapakanan, ang ating mga kaisipan ay dapat ________________________________________ .

3. Kapag bumabangon tayo upang ituro ang Kapakanan, ang ating mga puso ay dapat ______________________ at malaya sa ____________________ .

4. Kapag bumabangon tayo upang ituro ang Kapakanan, ang ating mga kaluluwa ay dapat ________________________________________ .

5. Dapat nating piliin bilang pinakamahusay na panustos sa ating paglalakbay ang ________________________________________ .

6. Dapat nating damtan ang ating mga sarili ng ______________________ .

7. At kapag pumasok na tayo sa larangan ng paglilingknod, dapat tayong magpunyagi nang ________________ , sa araw at gabi.

8. Hindi natin dapat pansinin ang mga ____________ ni ang mga __________ , hindi maghahanap ng ____________ , hindi pahahalagahan ang lahat ng ______________________ .

9. Nang nakawalay at walang-dungis, dapat nating italaga ____________________ ____________________ ng ating mga buhay sa ____________________ ______________________ at sa ______________________________ ________________ .

## BAHAGI 9

Sinasabi ni Bahá'u'lláh sa atin na:

**"Isigaw at tawagin ang mga tao patungo sa Kaniya na Siyang Naghaharing Panginoon ng lahat ng mga daigdig, habang taglay ang gayong sigasig at pag-aalab na ang lahat ng tao ay magniningas dahil sa iyo."**[16]

Hinihimok tayo ni Shoghi Effendi na:

**". . . tulutang magbangon tayo upang ituro ang Kaniyang Kapakanan taglay ang pagkamatwid, pananalig, pag-unawa, at sigla. Tulutang ito ang maging pinakamataas at pinakamahigpit na tungkulin ng bawat Bahá'í. Tulutang gawin natin itong maging ang nangingibabaw na pagkahilig ng ating buhay."**[17]

Upang tayo ay magtagumpay sa ating mga pagsisikap na gabayan ang malaking mga bilang tungo sa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, dapat tayong ibinubunsod ng matinding pagkahilig na ituro ang Pananampalataya. Ang ating mga puso ay dapat nag-aapoy sa sigla, sapagkat paano nating ibabahagi ang kaligayahan ng pagiging isang Bahá'í kung tayo mismo ay hindi maligaya at masigla? Subalit sa ating kasabikang ibahagi sa iba ang mensahe ni Bahá'u'lláh, kailangan nating mag-ingat na hindi tayo lumampas sa wastong mga hangganan at sa gayon ay lumayo yaong mga sinisikap nating turuan. Kaugnay nito, ang isang salita na madalas nating marinig ay "proselytization" o "sapilitang pangungumberte", na ito ay nangangahulugang paglalagay ng di-marapat na pamimilit o panggigipit sa isang tao upang magbago siya ng kaniyang Pananampalataya. Mahigpit na ipinagbabawal sa mga Bahá'í ang sapilitang pangungumberte. Subalit sa pag-iwas sa sapilitang pangungumberte, hindi tayo dapat maging labis na walang-kibo at labis na hindi kapani-paniwala na wala nang bisa ang ating mga pagsisikap sa pagtuturo.

Upang matulungan kayong pag-isipan ang pagkakaiba ng pagkahilig sa pagtuturo at sapilitang pangungumberte, basahin ang sumusunod na mga pahayag at ipasiya kung alin ang mga kalagayang lumalampas na sa wastong mga hangganan. Markahan ang mga iyon ng "L". Alin ang mga kalagayan na labis tayong walang-sigla na wala na tayong bisa? Markahan ang mga iyon ng "W". Alin ang mga kalagayang ang inyong paraan ay masigla at nasa wastong mga hangganan? Markahan ang mga iyong ng "M"

______ Lubos kayong nabibighani sa Pananampalataya na sa bawat pagkakataon ay ipinapasok ninyo sa inyong mga usapan, sa isang natural na paraan at nang may karunungan, ang mga simulain at mga katuruang Bahá'í. Kapag naaangkop, binabanggit ninyong ang pinagmumulan ng inyong mga ideya ay ang mga katuruan ni Bahá'u'lláh.

______ Lubos kayong masigasig na kahit pa ayaw makinig ng tao sa inyong paglalahad sa Pananampalataya, halos pilitin ninyo silang makinig.

______ Ayaw ninyong isipin ng tao na panatiko kayo sa inyong relihiyon, kaya kahit pa magtanong sila sa inyo tungkol sa Pananampalataya, maikli lamang ang inyong sagot. Kung magpursige sila at muling magtanong, sa wakas ay binibigyan ninyo sila ng aklat at sinasabi sa kanilang basahin nila iyon para sa kanilang sarili.

______ Isinaayos ang isang kampanya upang ituro ang Pananampalataya sa ilang mga nayon kung saan bukas na bukas at handang tumanggap ang mga tao. Ipinasiya ng inyong team na ang pinakamahusay na paraan ay magbahay-bahay at ipakilala ang Pananampalataya, sapagkat sa katunayan ang karamihan ng mga tao ay magdaramdam kung kayo ay dadalaw sa kapitbahay at hindi sila dadalawin.

______ Ang masikhay na kampanya ay nagsimula kamakailan sa isang karatig nayon upang saliksikin kasama yaong mga bagong nagpatala sa Pananampalataya, ang mga tema ng pagpapalalim sa kanilang kaalaman ukol sa mga katuruan. Pumunta kayo sa ilang mga tahanan, subalit sa bawat pagkakataon ay sinabihan kayo ng ibang mga miyembro ng pamilya na ang mga hinahanap ninyo ay wala roon. Kayo ay umaalis kayo nang bigo.

______ Ang masikhay na kampanya ay nagsimula kamakailan sa isang karatig nayon upang saliksikin kasama yaong mga bagong nagpatala sa Pananampalataya, ang mga tema ng pagpapalalim sa kanilang kaalaman ukol sa mga katuruan. Bagaman hindi ninyo natagpuan ang karamihan ng mga hinahanap ninyo, binabati ninyo ang ibang mga kapamilya na nakausap ninyo, at sa kabatirang bukas at handang tumanggap ang mga taong taganayon, itinatanong ninyo sa kanila kung nais nilang makipag-usap tungkol sa Pananampalataya

______ Miyembro kayo ng teaching team sa isang karatig nayon kung saan ang mga tao ay walang gaanong paraang magkaroon ng pormal na edukasyon at mga serbisyong pangkalusugan, kaya ipinasiya ng team na ang pinakamahusay na paraan ay ang bigyang-diin ang lahat ng mabuting mga bagay na maaaring magawa ng Pananampalataya para sa kanila. Nangangako kayo sa kanila na kung sila ay maging Bahá'í tutulungan ninyo sila upang makapagtatag ng paaralang pang-akademika para sa kanilang mga anak at ng isang maliit na klinikang pangkalusugan.

______ Miyembro kayo ng teaching team sa isang karatig nayon kung saan ang mga tao ay walang gaanong paraang magkaroon ng pormal na edukasyon. Subalit may tiwala kayo sa kanilang espiritwal na kakayahan at hindi kayo umiiwas sa pagkakaroon ng malalim na mga usapan tungkol sa mga katuruan ni Bahá'u'lláh. Ipinaliwanag ninyo sa mga miyembro ng konseho ng nayon kung paano nakatutulong ang mga kurso ng institute, na batay sa mga katuruan, upang lumikha ng kakayahang gumawa para sa pagpapabuti ng pamayanan. Iminungkahi ninyong bumalik at tumulong sa maliit na grupo ng mga kabataan sa pag-aaral ng unang kurso.

______ Sinisimulan ninyo ang bawat pagtitipon kasama ang mga interesado sa Pananampalataya sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga declaration card at pag-anyaya sa kanilang maging mga miyembro ng pamayanang Bahá'í kung kailan nadarama nilang gawin iyon.

______ Madalas ninyong simulan ang mga pagtitipon kasama ang mga interesado sa Pananampalataya sa pagsabi sa kanilang ang mensahe ni Bahá'u'lláh ay para sa buong sangkatauhan at isang kaligayahan ang ibahagi sa kanila ang ilan sa Kaniyang mga katuruan. Binabanggit din ninyo na hindi sila dapat mag-atubili

sa pagtanong ng anumang mga katanungang pumasok sa kanilang mga isipan, na sisikapin ninyong sagutin sa abot na inyong kakayahan. Sa dakong wakas ng pagtitipon, kung waring naaangkop, ipaliliwanag ninyo kung ano ang ibig sabihin ng pagpasok sa Pananampalataya, at sinasabi, mangyari pa, na ito ay isang personal na bagay na dapat pag-isipan ng bawat indibidwal, nang malaya sa pamimilit.

______ Sinisimulan ninyo ang bawat pagtitipon kasama ang mga interesado sa Pananampalataya sa pagsabi sa kanilang ang layunin ng pagtitipon ay hindi para sa pangungumberte sa kanila. Nais lamang ninyong ibahagi sa kanila ang ilang mga ideya. Mahalagang gumamit sila ng mahabang panahon sa pagsasaliksik ng katotohanan bago pa pag-isipan ang posibilidad ng pagrehistro sa pamayanang Bahá'í.

______ Mahaba-habang panahon mo nang tinuturuan ang isang kaibigan at nakikita mong ang siklab ng pananalig ay naroroon na sa kaniyang puso, kaya isang araw ay inanyayahan mo siyang sumapi sa pamayanang Bahá'í.

______ Mahaba-habang panahon mo nang tinuturuan ang isang kaibigan at nakikita mong ang siklab ng pananalig ay naroroon na sa kaniyang puso, kaya patuloy mo siyang inaanyayahan sa mga gawaing Bahá'í sa pag-iisip na balang araw ay magiging Bahá'í din siya.

______ Bahagi ka ng isang team na nakikilahok sa isang kampanya upang ituro ang Pananampalataya sa inyong kapitbahayan. Hindi ka naman talaga tumutulong sa mga talakayan at pagpaplano sa halip ay ginugugol ang karamihan ng iyong oras sa pagtingin sa iyong cellphone. Nang magsimula na ang kampanya, sa tuwi-tuwina ay itinataas mo ang iyong ulo mula sa pagkatitig nito sa cellphone upang tingnan kung ano na ang nangyayari at tumango-tango upang ipakitang sumasang-ayon ka sa ibang mga miyembro ng team na sila naman ay abala sa pakikipag-usap sa mga tao sa kapitbahayan.

______ Ikaw ay isang miyembro ng team na nakikilahok sa isang kampanya upang ituro ang Pananampalataya sa iyong kapitbahayan. Pumunta ang iyong team sa isang publikong lugar, at hinihinto mo ang bawat taong dumaraan at itinatanong: "Narinig na ba ninyo ang tungkol kay Bahá'u'lláh?"

______ Nakikilahok kayo sa isang kampanya upang gawing masikhay ang mga pagsisikap sa pagtatatag ng pamayanan sa isang kapitbahayan. Bilang bahagi ng panimulang yugto ng kampanya, ang inyong grupo—na halos binubuo ng ilang mga kaibigang bagong lipat doon—ay pinag-aaralan ang kapitbahayan at nagiging bihasa sa gayong mga lugar tulad ng mga paaralan, mga park at community center kung saan ay maaari ninyong makaharap ang mga kabataan na may hangaring maglingkod sa sangkatauhan. Batay sa natutunan nito, ang grupo ay bumuo ng plano upang isagawa ang isang hanay ng mga gawain: ang gumugol ng panahon sa mga lugar na ito, ang magbigay ng iba't ibang pagtatanghal sa high school, ang magdaos ng mga pagtitipon sa gabi, at ang dumalaw sa mga tahanan ng mga indibidwal na nagpapakita ng interes sa proseso ng edukasyong itinataguyod ng institute. Habang nakakausap ninyo ang mga kabataan, tinatalakay ninyo sa kanila ang namumukod na mga

katangian ng panahon ng kabataan at ang kahalagahan ng paglakad sa isang landas ng paglilingkod kung saan ay maaari nilang matutunan ang pagtulong sa mga iba, lalo na yaong mga nakababata sa kanilang mga sarili, sa pagtatamo ng kaalaman, mga kasanayan, at mga katangiang espiritwal. Inaanyayahan ninyo ang sinumang nagnanais malaman ang higit pa na ipagpatuloy ang usapang ito sa mga pagtitipong nakaplano para sa mga gabi. Inihahanda ninyo ang inyong mga sarili na tulungan ang sinumang nagnanais nang magsimula ng kanilang pag-aaral at alalayan sila sa mga gawain ng paglilingkod na kanilang isasagawa. Batid din ninyong di-magtatagal ay maaaring tanggapin ng ilan sa kanila ang Pananampalataya, at hindi kayo iiwas sa pag-anyaya sa kanilang sumali sa pamayanang Bahá'í.

_____ Nakikilahok kayo sa isang kampanya upang gawing masikhay ang mga pagsisikap sa pagtatatag ng pamayanan sa isang kapitbahayan. Bilang bahagi ng panimulang yugto ng kampanya, ang inyong grupo—na halos binubuo ng ilang mga kaibigang bagong lipat doon—ay ginugugol ang malaking oras sa mga park, mga paaralan at mga community center sa nakikipag-usap sa mga kabataan at inaanyayahan sila sa mga pagtitipon na idaraos sa mga gabi. Tinitiyak ninyong bigyang-diin na magkakaroon ng maraming panahon para sa pagkakantahan at para sa pakikipagkapwa, at hindi binibigyang-halaga ang layunin ng pagtitipon, na iyon ay ang talakayin sa kanila kung paano nila itutuon ang kanilang mga lakas tungo sa paglilingkod sa kanilang pamayanan. Kumbinsido kayong kapag nahuli ninyo ang kanilang interes sa ganitong paraan at makipagkaibigan sa kanila, madali nang pumasok sa usapan tungkol sa namumukod na mga katangian ng panahon ng kabataan at ang kahalagahan ng paglakad sa isang landas ng paglilingkod. Dahil maliit na bahagi lamang ng mga dumalo sa pagtitipon sa gabi ang nananatili nang maunawaan nila ang tunay na pakay ng pag-anyaya sa kanila, ipinapasiya ninyong kailangan ninyong humanap ng mas malaking mga bilang upang makamtan ninyo ang inyong mga layunin.

_____ Kayo ay nakikilahok sa dalawang-linggong kampanya upang dalawin ang maraming mga pamilya sa inyong nayon na nakikilahok ang mga bata sa mga children's class o sa junior youth group. Balak ninyong dalawin ang malaking bilang ng mga tahanan at anyayahan ang mga pamilyang waring handang tumanggap na sumapi na sa pamayanang Bahá'í. Ipinasiya ninyong ang pinakamahusay na paraan ay banggitin ang ilang mga ideya lamang na alam ninyong kinahihiligan ng populasyong lokal, at iniiwasan ang mga paksa, na bagaman mahalaga, ay maaaring magbunga ng mga katanungan; pagkatapos ay aanyayahan ninyo ang lahat ng mga miyembro ng bawat tahanan na magparehistro.

_____ Kayo ay nakikilahok sa dalawang-linggong kampanya upang dalawin ang maraming mga pamilya sa inyong nayon na nakikilahok ang mga bata sa mga children's class o sa junior youth group at anyayahan yaong mga handang tumanggap na sumali sa pamayanang Bahá'í. Napansin ng inyong team na ang karamihan ng mga pamilyang dinadalaw nito ay sabik pag-usapan ang mga katuruang Bahá'í, ang mga iba ay mabilis na tinatanggap ang Kapakanan at ang mga iba pa ay naghahain ng mga katanungang nais nilang saliksikin pa. Batid ninyong ang kampanyang ito ay bahagi ng isang nagpapatuloy at pang-

matagalang proseso ng pagpapalawak at pagpapatatag, at sa gayon ay ginugugol ninyo ang kinakailangang panahon sa bawat pamilya, sinasagot ang mga katanungang lumilitaw at pinalalawak ang kanilang pag-unawa sa mga katuruan ng Pananampalataya. Sa ganitong paraan, higit pa sa pagtulong sa paglaki ng mga bilang at sa pagpaparami ng mga gawain, ang bawat pagdalaw ay nagpapalalim sa mga ugat ng Pananampalataya sa pamayanan.

## BAHAGI 10

Tulad ng nabanggit na, ang pagbibigay-diin na inilalagay natin sa mga katangiang espiritwal sa ating talakayan ng pagtuturo ay hindi nangangahulugang kailangang wala na tayong kapintasan upang maituro natin ang Kapakanan. Sa halip ay tinatawagan tayong magbangon at maglingkod sa Pananampalataya, habang patuloy na pinagninilay-nilayan ang ating sariling panloob na kalagayan at sinisikap na ihayag sa higit at higit pang mataas na mga antas ang gayong mga katangiang tulad ng kadalisayan ng puso, walang-bahid ng sarili, pananalig, lakas-loob, karunungan, masuyong kabaitan, at pagkawalay. Mangyari pa, marami pang ibang mga katangiang nangangailangan ng ating pansin—mapagbigay, mapagparaya, at matatag, sa pagbanggit lamang ng ilan. Subalit ang ating talakayan dito ay magkukulang kung hindi natin pag-uusapan ang katangian ng pagpapakumbaba.

Mangyari pa, pinong-pino ang mga gawi ng pagpapakumbaba. Habang tayo ay nabibighani sa Diyos at nililimot ang "sarili", at sumasailalim sa Kaniyang Kalooban, sa gayon ang ating mga salita at kilos ay nasasalinan ng kapangyarihan. Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"Ang tagapagturo, kapag nagtuturo, ay dapat siya mismo ay nagniningas, upang ang kaniyang pananalita, tulad ng isang apoy, ay magkakaroon ng impluwensiya at tutupukin ang lambong ng sarili at kapusukan. Dapat din siyang maging ganap na mapagpakumbaba at pagkamababa upang ang mga iba ay matuto, at maging ganap na nililimot ang sarili at naglalaho upang makapagturo siya sa pamamagitan ng himig ng Kalipunan sa kaitaasan—kung hindi ang kaniyang pagtuturo ay hindi magkakabisa."[18]**

At kaugnay ng ating mga pagsisikap na tulungan ang mga iba upang makilala ang katotohanan ng Kapakanan, sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá sa atin na:

> **"Sang-ayon sa mga banal na turo sa maluwalhating dispensasyong ito, hindi natin dapat hamakin ang sinuman at tawagin siyang mangmang, sinasabing: "Hindi mo alam, subalit alam ko." Sa halip ay dapat nating tingnan ang mga iba nang may paggalang, at habang sinisikap na ipaliwanag at ipakita, dapat tayong magsalita na waring sinasaliksik ang katotohanan, sinsabing: "Narito sa harap natin ang mga bagay na ito. Saliksikin natin upang tiyakin kung saan at kung sa anong anyo matatagpuan ang katotohanan." Hindi dapat ituring ng tagapagturo ang kaniyang sarili bilang maalam at ang mga iba bilang mangmang. Ang gayong kaisipan ay lumilikha ng pagmamataas, at ang pagmamataas ay hindi nakatutulong sa pag-impluwensya. Hindi dapat makita ng tagapagturo sa kaniyang sarili ang anumang pagkamataas; dapat siyang magsalita nang may sukdulang kabaitan, kababaan at pagpapakumbaba, sapagkat ang gayong**

**pananalita ay magkakaroon ng impluwensiya at makapagtuturo sa mga kaluluwa."**[19]

Ang *passion* o matinding damdamin ay isinalin sa unang sipi ng bahaging ito bilang "kapusukan", at sa pangalawang sipi sa naunang bahagi bilang "nangingibabaw na pagkahilig". Ano ang pagkakaiba nitong dalawang anyo ng matinding damdamin?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Kasama ang ibang mga miyembro ng inyong grupo, talakayin kung paano pinatitindi ng pagpapakumbaba ang impluwensiyang idinudulot ng ating mga salita. Isulat ang ilan sa inyong mga kaisipan.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

## BAHAGI 11

Ang ating talakayan sa nakaraang bahagi ay naghahain ng isa pang punto kaugnay ng pagpapakumbaba na kailangan nating bigyang-pansin. Totoong dapat tayong patuloy na nagsusumikap upang pawiin ang mga kapintasan ng ating pagkatao at pahusayin ang ating panloob na kalagayan, sa kabatirang ang bisa ng ating mga pagsisikap magturo ay nababatay sa mga katangiang espiritwal na ating naihahayag. Subalit kailanman ay hindi natin dapat ipagpalagay, nang kahit isang sandali, na ang anumang tagumpay natin sa larangan ng pagtuturo ay bunga ng sarili nating mga kabutihan. Pinangangalagaan tayo ng pagpapakumbaba mula sa pag-angkin ng damdaming mahalaga ang ating sarili.

Kailangan nating laging ihiwalay ang ating mga tagumpay sa pagtuturo ng Kapakanan mula sa ating mga sarili. Ang anumang bahaging ginampanan natin upang matulungan ang isang kaluluwa sa pagkilala kay Bahá'u'lláh ay isang kaloob na ibinigay sa atin ng Diyos. Siya ang pumipili ng tao na Kaniyang gagamitin para sa Kaniyang gawain. Maaari lamang tayong umasa na maging isang lagusan na Kaniyang gagamitin at sikaping matamo ang mga katangiang iyon na magbibigay-daan upang tayo ay maging Kaniyang mga instrumento. Sa Natatagong mga Salita ay nababasa natin:

**"Magpakumbaba ka sa harapan Ko, upang Ako'y magiliw na dumalaw sa iyo. Magbangon sa ikatatagumpay ng Aking kapakanan, upang habang nasa ibabaw pa ng lupa ay matamo mo ang tagumpay."**[20]

Ang sumusunod na sipi mula sa isang liham na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi ay nagbibigay sa atin ng isang babala:

> **"Maaaring ang dahilan kung bakit wala kang gaanong tagumpay sa larangan ng pagtuturo ay dahil sa labis na pagtingin mo sa sarili mong mga kahinaan at kawalan ng kakayahang palaganapin ang kalatas. Paulit-ulit tayong hinimok ni Bahá'u'lláh at ng Master na huwag pansinin ang sarili nating mga pagkukulang at ilagay ang ating buong tiwala sa Diyos. Darating sa atin ang tulong Niya kung magbabangon lamang tayo at magiging masigasig na daluyan para sa biyaya ng Diyos. Sa akala mo ba ang mga nagtuturo ang gumagawa ng mga bagong-sapi at nagpapabago ng mga puso? Hindi, tiyak na hindi. Sila ay mga dalisay na kaluluwa lamang na ginagawa ang unang hakbang, at pagkatapos ay hinahayaan nila ang espiritu ni Bahá'u'lláh na magpakilos at gumamit sa kanila. Kung sinuman sa kanila ang mag-akala, nang kahit isang saglit lamang, na ang kaniyang mga tagumpay ay dahil sa sarili niyang mga kakayahan, tapos na ang kaniyang gawain at nagsimula na ang kaniyang pagbagsak. Ito sa katunayan ang dahilan kung bakit napakaraming mahusay na kaluluwa, pagkaraan ng napakagandang mga paglilingkod, ay biglang natutuklasan na walang-kakayahan ang kanilang mga sarili at maaaring itinapon na ng Espiritu ng Kapakanan bilang mga kaluluwang walang-silbi. Ang sukatan ay ang antas ng ating kahandaang pakilusin ang kagustuhan ng Diyos sa pamamagitan natin.**
>
> **"Samakatwid ay huwag maging abala sa iyong mga kahinaan; magkaroon ng lubos na pagsasalig sa Diyos; tulutang mag-apoy ang iyong puso sa pagnanasang makapaglingkod sa Kaniyang misyon at ipahayag ang Kaniyang panawagan; at iyong makikita na kusang darating ang kahusayang magsalita at ang kakayahang mapagbago ang mga puso ng tao.**
>
> **"Tiyak na ipagdarasal ni Shoghi Effendi ang iyong tagumpay kung ikaw ay magbabangon at magsisimulang magturo. Sa katotohanan sa mismong pagbangon pa lamang ay makakamtan mo na ang tulong at biyaya ng Diyos."[21]**

Makapagbibigay ba kayo ng ilang halimbawa kung paano tayo nawawalan ng bisa sa pagtuturo ng Kapakanan dahil sa kapalaluan at kayabangan?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

Ngayon, upang mapag-isipan pa ang magkakaibang anyo ng kapalaluan kaugnay ng pagtuturo, isagawa ang sumusunod na mga pagsasanay:

1. Isinasagawa ang isang sama-samang pagsisikap upang ituro ang Pananampalataya sa mga indibidwal at pamilya na may ugnayan na sa mga gawaing pagtatatag ng pamayanan sa isang kapitbahayan. Hinati ang mga kalahok sa mga team at hiniling sa kanilang gamitin ang isang paraang napatunayan nang mabisa noong nakaraang mga pagkakataon. Subalit sa pakiwari ng isang kalahok ang gayong paraan ay hindi nagbibigay-daan upang magamit niya ang ipinapalagay niyang pinakamahusay niyang mga talento. Alin sa sumusunod na mga reaksiyon ay nagpapakilalang wala siyang kapalaluan?

    ______ Hindi makikilahok sa pagsisikap dahil hindi nito nabibigyang-daan ang paggamit ng kaniyang mga talento sang-ayon sa kagustuhan niya.

    ______ Maligayang nakikilahok, gumagawa kasama ng kaniyang mga kapwa-kalahok sa anumang paraang kinakailangan at ginagamit ang iba niyang mga kakayahan.

    ______ Naghahanap ng maipupula sa sama-samang pagsisikap, sinasabing hindi ito gumagamit ng magandang paraan kasi hindi nito ginagamit ang lahat ng mga talento at mga kakayahan ng mga kalahok.

2. Nabalitaan ng isang grupo ng mga kaibigang naglilingkod sa isang kapitbahayan ang isang paraan ng pagtuturo na nagkakaroon ng napakahusay na mga resulta sa ibang kapitbahayan sa rehiyon. Alin sa sumusunod ang magiging pinaka-angkop na tugon ng grupo, na kapuwa hindi ipinakikita ang kapalaluan o ang kakulangan ng karunungan?

    ______ Pagpapasiya, nang hindi pa sinusuri ang paraan, na iyon ay hindi maaaring magawa sa kanilang kapitbahayan sapagkat magkakaiba ang mga kalagayan.

    ______ Pagpapasiya na yamang nagawa ito sa isang lugar, dapat din itong magawa sa ibang lugar at dapat ito isagawa agad nang walang pagbabago.

    ______ Maingat na pagsuri sa paraan upang makita kung ang kabuuan o ang bahagi nito ay maaaring magawa sa bagong mga kalagayan, at batay rito ay ginagamit ang paraan at binabago iyon sa anumang paraang ipinakikita ng karanasan ay kinakailangan.

3. Inatasan ng mga institusyon ng Pananampalataya ang isang tao mula sa isang kapitbahayan kung saan ang proseso ng pagtatatag ng pamayanan ay nakasulong na nang malayo na dumalaw sa isang malapit na kapitbahayan, kung saan ang gawain ay sumusulong din naman subalit hindi pa gaanong maunlad. Siya ay inatasang tumulong sa mga kaibigan sa kanilang mga pagsisikap. Alin sa sumusunod ang nagpapakilalang wala siyang kapalaluan?

    ______ Nililinaw sa mga kaibigan sa kapitbahayan na kaniyang dinadalaw na siya ay pinapunta roon ng mga institusyon at nagbibigay ng isang mahabang listahan ng mga bagay na kailangan nilang isagawa.

______ Walang tigil na pagsasalita at pagpupuri sa mga pagsulong na nagaganap sa kapitbahayan na kaniyang pinanggalingan at hindi nagbibigay ng pagkakataon sa mga taga kapitbahayan na kaniyang dinadalaw na magbahagi rin ng mga karanasan mula sa sarili nilang realidad.

_____ Pinakikinggan ang mga kaibigan sa kapitbahayan na kaniyang dinadalaw tungkol sa kanilang mga karanasan, nakikilahok sa kanila sa pagpaplano at pagkilos, at pagbahagi, sa angkop na paraan, tungkol sa natutunan na sa kapitbahayan na kaniyang pinanggaligan na maaaring makatulong sa kanila sa pagtitiyak kung ano ang kanilang magiging kasunod na mga hakbang.

4. Malapit nang magsimula ang isang kampanya sa isang kapitbahayan upang isama ang higit at higit pang mga kabataan sa isang usapan tungkol sa kung paano nila mapauunlad ang kanilang mga talento at mga kakayahan at tumulong sa pagpapabuti ng kanilang mga pamayanan. Yaong mga magpapakita ng interes ay aanyayahang mag-aral ng mga kurso ng institute upang linangin ang kanilang kakayahan sa paglilingkod. Ang lahat ng mga kalahok sa kampanya ay hinati sa mga team ng tig-dalawa. Sa bawat team, ang isang taong may higit na karanasan ay ipinaris sa isang taong hindi pa gaano ang karanasan at kailangan pang magtamo ng tapang at lakas-loob sa larangan ng paggawa. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng kawalan ng kapalaluan sa bahagi ng miyembro ng team na mas maraming karanasan?

_____ Madalas sumasabad sa tuwing kinakausap ng miyembro ng team na walang gaanong karanasan ang mga kabataan at sa huli ay siya na lang ang nakikipag-usap.

______ Hinahayaang ang miyembrong hindi gaano ang karanasan na makipag-usap sa mga kabataan, samantalang tinatandaan ang sa pakiwari niya ay mga pagkakamali upang masabi niya ang mga iyon sa kaniya para matuto siya kung paano dapat isinasagawa ang gayong mga usapan.

______ Sinisimulan ang karamihan ng mga pakikipag-usap sa mga kabataan, subalit mabilis na isinasama ang isa pang miyembro, at tinutulungan siyang maging kampante sa pakikipag-usap sa mga kabataan.

## BAHAGI 12

Sinuri natin sa nakaraang mga bahagi ang pagpapakumbaba bilang isang katangiang kapuwa nagkakaloob ng impluwensiya sa ating pananalita, at pinangangalagaan tayo mula sa mga patibong na maaari nating makaharap sa mga pagsisikap nating lumaki sa espiritwal. May isa pang mahalagang tulong na maidudulot ang pagpapakumbaba sa ating mga buhay na lalong nauugnay sa pagtuturo. Nagbibigay-daan ang pagpapakumbaba na harapin natin ang lahat ng ating ginagawa, lalo na ang ating mga pagpupunyaging makapaglingkod sa Kapakanan, nang taglay ang isang saloobin ng pagsisikap matuto. Kapag wala ang ganitong saloobin, karaniwang hindi natin nakikita ang sarili nating kamangmangan at inaakala nating alam na natin yaong hindi naman natin alam. Ang isang lubos na kapuri-puring katangian ng mga lumalakad nang mapagpakumbaba sa landas ng Diyos ay ang kanilang kahandaang matuto.

Maaari nating itanong kung bakit napakahalaga ang pagtataglay ng isang saloobing handang matuto para sa ating mga nagnanais ituro nang mabisa ang Kapakanan. Upang masagot ang katanungang ito, nilay-nilayin ang inyong nalalaman tungkol sa pagtuturo. Lagi ba ninyong nalalaman kung alin ang pinaka-angkop na paraang dapat gamitin? Alam ba ninyo kung ano ang dapat sabihin at kung paano ito sasabihin sa bawat pagkakataong kaharap kayo? Sa palagay ba ninyo ay maaaring matutunan mula sa isa o dalawang kurso ang lahat ng kinakailangang malaman tungkol sa ganitong napakabanal na gawain? Ang pagtuturo ba ay maaaring gawing isang pormula lamang? Tiyak na sasang-ayon kayong ang sagot sa ganitong mga katanungan ay "hindi" at ang tanging makatwirang paraan upang itaas pa ang pagiging mabisa natin sa pagtuturo ay ang magtaglay ng saloobin ng pagsisikap matuto.

Habang sinisikap nating maging higit at higit pang mabisa sa pagtuturo ng Kapakanan, dapat nating pag-ingatang hindi tayo mahulog sa patibong ng pakikipagtalo sa mga iba sa pamayanan tungkol sa mga paraan ng pagtuturo. Kung hindi tayo mag-iingat, madali tayong masangkot sa ganitong uri ng pagtatalo, na bawat isa sa atin ay naniniwalang natagpuan na natin ang tamang "pormula" at kapag hindi ginawa ang pagtuturo sa ating paraan, ang "tagumpay" na magaganap.

Maiiwasan natin ang ganoong asal kapag maunawaan nating ang pagtuturo ng Kapakanan ay isang bagay na kailangang matutunan. Pinalalaya natin ang ating mga sarili mula sa itinakda nating mga hangganan kapag nakikita natin ang bawat pagsisikap na magturo bilang isang pagkakataong magtamo ng malalim na pag-unawa at madagdagan ang ating pag-unawa sa espiritwal na pagtutugunan na nagaganap. Ang ating mga talakayan sa ating mga kapwa Bahá'í ay magiging higit na mabunga kapag nagpapalitan tayo ng mga ideya, nagbabahagi ng mga karanasan, at sinusuri ang mga bagay na nakatutulong sa mabisang pagtuturo. Ang bawat isa ay hinihimok na

> **"magnilay-nilay sa tuwi-tuwina sa mabisang mga paraan ng pagtuturo ng Pananampalataya sa kanilang mga kapaligiran, at upang pagningasin sa kanilang mga puso ang maalab na pagnanasang magturo na yaon ay aakit ng mga pagpapatibay mula sa Kaharian ng Maykapal. Ang mga kaluluwang binigyan ng biyaya ng pananalig ay may likas na pagnanasang ibahagi ang biyayang ito sa pamamagitan ng mga usapan sa mga kamag-anak, mga kaibigan, mga kaklase, mga katrabaho, at ng dati ay hindi kilala, hinahanap sa bawat lugar at sa bawat pagkakataon ang isang taingang makikinig. Ang iba't ibang mga tagpo at mga kalagayan ay nagbubukas ng iba't ibang mga paraan, at ang mga kaibigan ay dapat maging abala sa isang nagpapatuloy na proseso ng pagsisikap matuto kung ano ang pinakamabisa sa lugar na kinalalagyan nila."**[22]

Basahin ang mga sitwasyong inihaharap sa ibaba. Paano kayo tutugon sa bawat isa kung disidido kayong makita ang bawat pagsisikap na magturo bilang pagkakataong matuto?

1. Ipinasiya ninyong magdaos ng lingguhang pagtitipon sa inyong tahanan upang talakayin ang Pananampalataya. Inanyayahan ninyo ang sampung tao, na sa iba't ibang mga pagkakataon, ay nagpahayag ng interes. Para sa bawat pagtitipon ay pumili kayo ng isang paksa at nagbigay ng isang maikling panayam tungkol dito, at kasunod noon ay humingi kayo ng mga katanungan. Pagkatapos ay nagkaroon kayo ng isang panahon ng mabuting samahan at pag-aawit. Pagkaraan ng ilang linggo, dalawang tao na lamang ang dumadalo. Ipinasiya ninyong:

______ Kailangang maging mas masaya at makipagkapwa ang mga pagtitipon.

______ Itigil na lang ang lingguhang pagtitipon mula sa inyong mga plano ng pagtuturo; hindi naman pala ito magandang balak.

______ Susubukan ninyo ang ibang ayos sa kasunod na ilang mga pagtitipon, siguro mag-aaral muna kayo ng ilang mga sipi tungkol sa isang paksa, upang mabihasa ang inyong mga panauhin sa Banal na Salita, at pagkatapos ay titingnan kung ano ang maaaring isunod na gagawin.

______ Hahanapin ninyo ang mga taong hindi na dumadalo at itatanong sa kanila kung bakit sila huminto.

2. Noong kayo ay nagsisimula pa lang matuto tungkol sa Pananampalataya, may ilang mga simulain na lubos na tumimo sa inyo, kaya ngayon sa palagay ninyo ang pinakamahusay na paraan upang turuan ang mga tao ay ang ipakilala ang mga simulaing ito sa kanila. Subalit, sa karaniwan ay natutuklasan ninyong ang mga taong nakakausap ninyo ay hindi naman interesado sa mga ideyang sinasabi ninyo. Ipinasiya ninyong:

______ Kailangan pa ninyo ng karagdagang pagsasanay sa paglalahad ng mga simulain.

______ Dapat ninyong hanapin ang mga taong katulad ninyo at sila lamang ang tuturuan.

______ Hindi kayo isinilang bilang likas na tagapagturo at sa gayon ay dapat maglingkod sa Pananampalataya sa ibang paraan.

______ Sa hinaharap ay dapat ninyong sikaping unawain ang mga alalahaning nasa isipan ng mga taong nakakaharap ninyo at isama ang nauugnay na mga katuruan ng Pananampalataya sa inyong mga pakikipag-usap sa kanila.

3. Bahagi kayo ng isang team na nagpasiyang itutok ang mga pagsisikap nito sa isang tanging populasyon at ibahagi ang mensahe ni Bahá’u’lláh sa kanila. Paglipas ng ilang panahon, napansin ninyong waring lahat sila ay nahihirapan sa umiiral na pananaw tungkol sa Diyos. Ipinasiya ng team na:

______ Mabuti pang huwag na lang pag-usapan ang paksang ito. Kung babanggitin man ito ng mga tao, mabilis kayong lilipat sa ibang paksa.

______ Ang mga taong nahihirapang tanggapin ang konsepto ng Diyos ay hindi handang tumanggap sa Pananampalataya, at sa gayon ay hindi kayo dapat mag-ukol ng panahon sa pagtuturo sa kanila.

______ Magpapasama kayo sa isang taong may higit na karanasan upang ipaliwanag ang pag-iral ng Diyos sa inyong mga dinadalaw. Kung hindi iyon umubra, hahayaan na lang ninyo sila sa kanilang mga sarili.

______ Pagkatapos pag-aralan ang nauugnay na mga sipi mula sa mga kasulatan, maghahanda ang inyong team ng isang maikling pahayag upang maunawaan ng inyong mga dinadalaw kung ano ang itinuturo ni Bahá'u'lláh tungkol sa Diyos. Pakikinggan ninyo ang kanilang mga reaksiyon, magninilay-nilay sa mga resulta, babalik sa mga kasulatan upang mahanap ang mga sagot sa mga katanungang inihain, at babaguhin ang inyong pahayag batay sa malalim na mga pag-unawang natamo ng team mula sa karanasan at mula sa mga sipi na sama-sama ninyong pinag-aralan. Magpapatuloy kayo sa paggawa nito hanggang magkaroon ng nakasisiyang mga resulta ang inyong mga pagsisikap.

4. Bahagi kayo ng isang team na nakilahok sa ilang mabisang mga kampanya ng pagtuturo sa isang kapitbahayan. Maraming pamilya ang tumanggap sa Kapakanan. Batid ang kahalagahan ng pagpapalalim ng kanilang kaalaman sa Pananampalataya, regular na dinalaw ng inyong team ang kanilang mga tahanan at tinalakay sa mga miyembro ng mga pamilya ang mga temang inihaharap sa pangatlong yunit ng Aklat 2. Pinag-iisipan ngayon ng team kung paano magpapatuloy ang team sa paraang kapuwa mapalalakas ang pagtatalaga sa Pananampalataya ng mga bagong-sapi at tinutulutan silang ibahagi ang mga katuruan ni Bahá'u'llláh sa mga iba. Ipinasiya ng team na:

______ Sama-sama kayong maghahanda ng isang listahan ng tatlumpung pahayag tungkol sa malawak na hanay ng mga paksa at ihaharap ninyo ang isang bagong paksa sa bawat pagdalaw, at susundan nang matapat ang inyong listahan upang matalakay ang lahat ng mga paksang pinili ninyo.

______ Bibigyan ninyo ang bawat pamilya ng maliit na aklat tungkol sa Pananampalataya at hihilinging basahin nila ang ilang pahina sa pagitan ng inyong mga pagdalaw. Sa tuwing pagdalaw ninyo, tatalakayin ninyo sa kanila ang anumang mga katanungan nila.

_____ Nag-aalala kayo sa paggamit ng isang paraang umuubos ng mahabang panahon. Kaya sa halip ng pagpapatuloy ng pagdalaw sa mga pamilya nang isa-isa, inanyayahan ninyo sila sa isang lingguhang pagtitipon sa tahanan ng isang tao upang talakayin ang Pananampalataya. "Yaong mga talagang interesadong matuto ay dadalo," sinasabi ninyo sa isa't isa.

______ Mag-iisip kayo ng isang pangunahing tema tungkol sa Pananampalataya na nais nilang matutunan ang higit pa tungkol dito at hahanap kayo ng nauugnay na mga sipi sa paksang ito mula sa mga kasulatan. Pagkatapos ay dadalaw kayo sa isa sa mga pamilya at ibabahagi ang mga siping pinili ninyo at tatalakayin iyon sa kanila. Pagkaraan niyon ay ninilay-nilayin ninyo ang mga naging resulta ng pagtitipon, babalik kayo sa mga kasulatan, pipili ng bagong mga sipi sang-ayon sa pangangailangan, at gagamitin itong binagong kalipunan ng mga sipi sa pagdalaw sa ibang pamilya. Samantala, kaugnay ng mga napag-usapan sa pagdalaw sa unang pamilya, pipili kayo ng iba pang pangkat ng mga ideya at mga sipi na pag-aaralan kasama nila sa inyong pangalawang pagdalaw. Magpapatuloy kayo sa ganitong paraan hanggang sa nakapagtatag na kayo ng isang paraan ng regular na pagdalaw na nakatuon sa isang serye ng mga tema. Kaalinsabay nito, pag-uusapan din ninyo sa mga

pamilya kung paano maibabahagi ang mga temang ito sa kanilang mga kapitbahay, mga kamag-anak, at mga kaibigan.

## BAHAGI 13

Nakatulong ang mga pagsasanay sa nakaraang bahagi upang makita natin na kapag abala sa isang personal na pagsisikap magturo o sa sama-samang pagsisikap, lumilitaw ang mahalagang mga katanungan habang tayo ay kumikilos at nagninilay-nilay sa mga bunga ng ating mga kilos. Ang isang pangkat ng mga katanungan na muli't muling lilitaw habang ginagamit natin ang gawi ng pagsisikap matuto ay nauugnay sa paraan ng ating pagharap sa pagtuturo at sa mga saloobing pinaiiral natin sa pagsasagawa nitong sagradong gawain. Dapat ba tayong maging lubusang malakas ang loob? Dapat ba tayong maging maingat at konserbatibo? Dapat ba nating ihandog agad ang mensahe ni Bahá'u'lláh sa bawat taong makaharap natin o dapat ba tayong pumili? Dapat ba nating tuwirang talakayin ang Pananampalataya bilang isang relihiyon para sa sangkatauhan sa kasalukuyang panahon, o dapat ba nating takdaan ang ating usapan sa pangkalahatang pagtalakay lamang sa mga simulaing madaling tanggapin ng mga tao? Dapat ba nating banggitin yaong mga aspekto ng mga katuruan na alam natin ay magiging mapanghamon sa tagapakinig, o dapat ba nating iwan ang lahat ng gayong mga paksa sa susunod na panahon, kapag tinanggap na ng tao ang Pananampalataya? Upang maging kapani-paniwala, dapat ba nating gawing napakalakas at nakagagapi ang ating paglalahad, o dapat ba tayong magsalita nang halos walang damdamin?

Sa sipi sa ibaba, ibinibigay sa atin ng Guardian ang napakahalagang payo kaugnay nito. Ang ilan sa mga salita ay maaaring bago sa inyo, kaya bago pag-aralan ang sipi, maaaring nanaisin ninyong pag-aralan ang sumusunod na talaan ng mga kahulugan:

| | |
|---|---|
| Nakagagalit: | Nagsasanhi ng galit o malakas na pagtutol |
| Matamlay: | Walang sigla |
| Panatiko: | Puspos ng labis o maling sigla |
| Labis: | Higit pa sa karaniwan o nararapat |
| Liberal: | Malawak na pag-iisip; hindi saklaw ng kaugalian o tuntunin |
| Pagpapahayag: | Paliwanag ng kahulugan o layunin; paglalahad ng tema |
| Maingat: | Mapaghunos-dili |
| Nakikipagkasundo: | Handang sumang-ayon |
| Taong seglar: | Taong hindi miyembro ng klero; hindi pari |
| Mapanlait: | Nagpapakita ng kawalang-galang o mapagmaliit; mapanghamak |
| Paliitin: | Unti-unting gawing maliit |
| Ipagkaloob: | Ihandog; ibigay |
| Di-matinag: | Hindi mapakilos o hindi makipagkasundo |

Ngayon ay basahin ang sumusunod na sipi mula sa mga kasulatan ng Guardian:

> **"Dapat sila ay hindi nakagagalit ni hindi matamlay, ni hindi panatiko o labis na liberal, sa kanilang pagpapahayag ng pangunahin at naiibang mga katangian ng**

**kanilang Pananampalataya. Dapat silang maging maingat o malakas ang loob, dapat silang kumilos nang mabilis o maghintay ng panahon, dapat nilang gamitin ang tuwiran o di-tuwirang pamamaraan, dapat silang maging mapanghamon o nakikipagkasundo, nang mahigpit na naaayon sa espiritwal na kahandaan ng kaluluwang kanilang nakatatagpo, maging siya man ay isang taong maharlika o isang karaniwan, isang tagahilaga o isang tagatimog, isang taong seglar o isang pari, isang kapitalisto o isang sosyalista, isang estadista o isang prinsipe, isang manggagawa o pulubi. Sa kanilang pagpapahayag ng Mensahe ni Bahá'u'lláh hindi sila dapat mag-atubili o mautal. Hindi sila dapat maging mapanlait sa mahirap o nauumid sa harap ng mga dakila. Sa kanilang pagpapahayag ng mga pangunahing katotohanan nito hindi nila dapat lubhang bigyang-diin o paliitin ang katotohanang kanilang itinataguyod, maging ang kanilang mga tagapakinig ay nabibilang sa mga marangal, o maging isang prinsipe ng simbahan, o isang politiko, o isang mangangalakal, o isang taumbayan. Nang magkakatulad sa lahat, mataas o mababa, mayaman o mahirap, dapat nilang ipagkaloob, nang bukas-palad, nang may isang maningning na puso, nang may isang mahusay na pananalita, nang walang-hanggang pagtitiyaga, nang di-matinag ang katapatan, nang may matinding karunungan, nang di-mayanig na katapangan, ang Kopa ng Kaligtasan sa ganitong lubhang kritikal na oras…"[23]**

1. Sinasabi sa atin ni Shoghi Effendi na kapag itinuturo ang Kapakanan, kailangang tayo ay hindi ____________________ ni hindi ______________ sa ating __________________ ng ______________________ at __________________________ mga katangian ng Pananampalataya.

2. Dapat tayo ay hindi _____________________ o ________________________________ sa ating pagpapahayag.

3. Dapat tayo ay maging ____________ o __________, dapat tayong kumilos nang __________________ o ____________________, dapat nating gamitin ang ________________ o __________________ pamamaraan, dapat tayong maging ___________________________ o _________________________, nang mahigpit na naaayon sa ___________________________________ ng kaluluwang ating nakatatagpo.

4. Kapag itinuturo ang Kapakanan, dapat tayong kumilos nang mahigpit na ____________ sa __________________________________________ ng kaluluwang ating nakatatagpo, maging siya man ay isang taong maharlika o isang _____________________________, isang tagahilaga o isang _______________________, isang taong seglar o isang _________________, isang kapitalista o isang ______________________, isang estadista o isang _________________, isang manggagawa o isang ________________.

5. Sa pagpapahayag ng Pananampalataya, hindi tayo dapat _____________________ o _____________.

6. Hindi tayo dapat maging ________________________ sa mahirap o ________________ sa harap ng mga dakila.

7. Sa ating pagpapahayag sa mga katotohanan ng Pananampalataya, hindi natin dapat __________________________ o ____________________________ ang katotohanang itinataguyod natin, maging ang ating mga tagapakinig ay nabibilang sa mga ________________ , o maging isang _____________________________________ , o isang _______________________ , o isang _____________________________ , o isang __________________________ .

8. Nang magkakatulad sa lahat, dapat nating ipagkaloob nang __________________, nang may isang ______________________ na puso, nang may isang __________________ na pananalita, nang _____________________ pagtitiyaga, nang ______________________ ang katapatan, nang may __________________ karunungan, nang __________________ na katapangan, ang Kopa ng Kaligtasan sa ganitong kritikal na oras.

# BAHAGI 14

Ngayon ay suriin natin ang sipi sa itaas nang higit na masusi at sikaping tuklasin ang ilan sa praktikal na mga ipinahihiwatig nito.

1. Sinasabi sa atin ng sipi na kapag itinuturo natin ang Kapakanan, dapat ay hindi tayo nakagagalit sa ating paglalahad. Nasa ibaba ang ilang mga sitwasyon. Ilagay ang "N" sa harap ng inyong mga paglalahad na nakagagalit.

   ______ Upang maipamulat sa isang debotong tagasunod ng ibang Pananampalataya na kailangan ng sangkatauhan ang isang bagong Kahayagan, sinisimulan ninyo ang inyong paglalahad sa pagtawag ng kaniyang pansin sa lahat ng mga bagay na nagdulot ng kapahamakan sa kaniyang relihiyon.

   _____ Ipinaliliwanag ninyo sa isang debotong tagasunod ng ibang Pananampalataya na ang mga Kahayagan ng Diyos ay tulad ng mga salamin kung saan naaaninag ang liwanag ng araw. Inaaninag nila ang mga katangian ng Diyos at ipinakikilala ang Kaniyang mga pagkakakilanlang banal. Bagaman magkakaiba ang mga Salamin, ang lahat sa Kanila ay inaaninag ang Liwanag ng iisang Araw. Sa ganitong paraan, tinutulungan ninyo siyang unti-unting maunawaan na ang pagtanggap kay Bahá'u'lláh ay hindi nangangahulugang pagtatatwa sa mga Kahayagang nauna sa Kaniya.

   _____ Tinuturuan ninyo ang isang taong hindi pa nakatitiyak kung naniniwala ba siya sa Diyos. Nagsisimula kayo sa pagsabi sa kaniyang si Bahá'u'lláh ang Kataas-taasang Kahayagan ng Diyos.

______ Nagtipon sa inyong tahanan ang isang maliit na grupo. Ang karamihan ng naroroon ay hindi pa nagpapakita ng anumang malaking interes sa Pananampalataya, at umaasa kayong maipakilala ang mga katuruan sa kanila sa isang paraang bibighani sa kanilang pansin. Habang nagpapatuloy ang inyong mga talakayan, mariin ninyong sinasabi na ang lahat ay magiging Bahá'í sa hinaharap.

______ Sinisimulan ninyo ang inyong paglalahad sa isang taong nagtataglay ng lahat ng mga ginhawa sa buhay sa pagsabing ang kayamanan ay isang lambong sa pagitan ng tao at ng Diyos.

______ Nakilala ninyo ang isang klerigo na talagang interesadong matuto tungkol sa Pananampalataya at hiniling na ipaliwanag ninyo sa kaniya ang ilan sa mga katuruan ni Bahá'u'lláh. Ang unang bagay na sinabi ninyo sa kaniya ay inalis na ng Diyos sa panahong ito ang pagkakaroon ng mga pari.

2. Kapag itinuturo natin ang Kapakanan, dapat hindi tayo matamlay. Alin sa sumusunod na kalagayan ay masyado kayong matamlay? Markahan ang mga iyon ng "M".

______ May nagtanong sa inyo kung ano ba ang bukod-tangi sa Pananampalatayang Bahá'í. Ang inyong sagot: "Ang Pananampalataya ay tulad din ng lahat ng ibang mga relihiyon. Ang diwa nito ay maging mabait at magmahalan."

______ Ang inyong paraan ng pagtuturo sa iba ay ang pagsisikap na ipakita sa kanila na ang Pananampalataya ay binubuo ng kalipunan ng marangal na mga simulaing maaaring tanggapin ng kahit sinuman. "Ang pagtatatag ng kapayapaan," ang sinasabi ninyo, bilang halimbawa, "sino ba ang hindi naniniwala roon?" Sa pagkakataong naakit na sila sa Pananampalataya sa ganitong paraan, hinahayaan na ninyo sila sa kanilang mga sarili, kung minsan ay sinasabi ninyo sa kanilang maaari nilang basahin ang isang aklat kung gusto nila. Hanggang dito na lang ang inyong ginagawa.

______ Itinanong sa inyo ng isang taong malapit nang tanggapin ang Pananampalataya ang tungkol sa mga kaperahan at ang pagbibigay ng ambag. Ang inyong buong kasagutan ay: "Siyempre, tulad ng lahat ng ibang bagay sa buhay, kelangan ng pera upang magawa ang ilang mga bagay. Subalit magbibigay ka lang kung gusto mo."

______ Itinanong sa inyo ng isang taong malapit nang tanggapin ang Pananampalataya ang tungkol sa mga kaperahan at ang pagbibigay ng ambag. Sinasabi ninyo sa kaniya ang pagbibigay sa mga pondo ng Pananampalataya ay isang sagradong tungkulin ng bawat mananampalataya at ipinaliliwanag sa kaniya ang espiritwal na kahulugan ng pagpapakasakit, na ipinahihiwatig niyon na isusuko ang mas mababa upang matanggap yaong mas mataas. "Ang pagbibigay sa mga pondo," inyong sinasabi, "ay isang kinakailangang bahagi ng gawain nating itatag ang isang higit na mabuting daigdig."

______ Hiniling sa inyo ng isang kaibigang pinag-aaralan ang Pananampalataya sa loob ng ilang panahon na ipaliwanag ninyo sa kaniya ang konsepto ng walang hanggang Kasunduan. Sinabi ninyo sa kaniyang simple lang ito: "May

kasunduan sa pagitan ng Diyos at ng sangkatauhan. Sa pana-panahon ay ipinadadala Niya ang Kaniyang mga Kahayagan, at tinatanggap natin Siya at sinisikap na gawin ang sinasabi Niya."

______ Hiniling sa inyo ng isang kaibigang pinag-aaralan ang Pananampalataya sa loob ng ilang panahon na linawin sa kaniya ang konsepto ng walang hanggang Kasunduan. Ipinaliwanag ninyo nang maikli, na yamang nilikha ang sangkatauhan mula sa Kaniyang pag-ibig sa atin, ipinangako ng Diyos na hindi Niya tayo iiwan nang mag-isa kundi ay ipababatid sa atin sa pana-panahon ang Kaniyang Kalooban at Layunin sa pamamagitan ng Kaniynag mga Kahayagan; tayo naman ay nangangakong kikilalanin ang Kahayagan sa ating Panahon at susunod sa Kaniyang mga katuruan.

3. Kapag itinuturo natin ang Kapakanan, dapat tayo ay hindi panatiko sa ating paglalahad. Nasa ibaba ang ilang mga sitwasyon. Lagyan ng "P" ang inyong mga paglalahad na panatiko.

______ Itinanong sa inyo ng isang nagsasaliksik sa Pananampalataya kung paano ba ang pakiramdam ng pagiging isang Bahá'í. Sinabi ninyo sa kaniya na ang pagiging isang Bahá'í ay hindi maliit na bagay. "Kailangan mong talikuran ang lahat para sa Pananampalataya," ipinaliwanag ninyo. "Ito ay lahat o wala."

______ Nagsimula kayo ng isang pagtitipon sa inyong tahanan para sa ilang mga tao na dumalo upang marinig ang tungkol sa Pananampalataya sa kauna-unahang pagkakataon sa pamamagitan ng paghiling sa kanilang hawakan ang kamay ng isa't isa ay awitin ang "Alláh-u-Abhá".

______ Nagsimula kayo ng pagtuturo sa isang debotong tagasunod ng ibang Pananampalataya sa pamamagitan ng pagsabi sa kaniyang ang panahon ng kaniyang relihiyon ay tapos na. Dapat na niyang lisanin ang kaniyang relihiyon. Si Bahá'u'lláh, ang Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyan, ay dumating na," sinabi ninyo sa kaniya. "Dapat mo nang kalimutan ang nakaraan."

______ Ipinaliliwanag ninyo ang Pananampalataya sa isang tao. Hindi siya sumasang-ayon sa isang punto na inyong iniharap. Nagsimula kayong makipagtalo sa kaniya sa pagsabi sa kaniyang ipakikita ninyo sa kaniya ang patunay mula sa Banal na Kasulatan ng sarili niyang relihiyon na mali siya.

______ Ipinaliliwanag ninyo ang Pananampalataya sa isang tao. Hindi siya sumasang-ayon sa isang punto na inyong iniharap. Nakikita ninyong napakalakas ng kaniyang emosyon tungkol sa paksa. Kinikilala ninyo ang kaniyang mga pangamba at sinasabi: "Maari nating talakayin ang partikular na puntong ito sa ibang araw kung nais mo. Pero sa maraming bagay ay nagkakasundo tayo. Para sa ngayon ay saliksikin muna natin ang mga bagay na iyon."

______ Ipinaliliwanag ninyo ang mga batas ng Pananampalataya sa isang kaibigan. "Ang pagsunod sa mga batas ng Diyos ay ang pinakadiwa ng relihiyon," inyong sinasabi. "Ang daigdig ay nasa napakasamang kalagayan sa

kasalukuyan dahil hindi sinusunod ng sangkatauhan ang mga batas ni Bahá'u'lláh. Ang lahat ng hindi sumunod sa Kaniyang mga utos ay hahatulan sa kabilang buhay."

______ Ipinaliliwanag ninyo ang mga batas ng Pananampalataya sa isang kaibigan. "Sinasabi ni Bahá'u'lláh sa atin na ang Kaniyang mga batas ay mga lampara ng Kaniyang masuyong pagkalinga," inyong sinasabi. "Tinatanglawan ng Kaniyang mga batas ang ating landas at inaakay tayo sa tunay na kaligayahan. Gayumpaman hindi tayo perpekto at kung minsan ay nakagagawa tayo ng mga pagkakamali. Subalit kapag tinanggap na natin si Bahá'u'lláh, at habang nagdarasal tayo sa Kaniya, tinutulungan Niya tayo upang mapagtagumpayan ang ating mga kahinaan at binibigyan tayo ng lakas upang sumunod sa Kaniyang mga batas."

4. Kapag itinuturo natin ang Pananampalataya, dapat tayo ay hindi labis na liberal. Ipasiya kung alin sa sumusunod na mga sitwasyon ay labis na liberal. Markahan ang mga iyon ng "L"

______ Itinanong sa inyo ng isang nagsasaliksik sa Pananampalataya kung may mga pinuno ba sa pamayanang Bahá'í. Tumugon kayo ng: "Wala kaming mga pari o mga klero sa namamagitan sa amin at sa Diyos. Lahat kami ay namumuhay sang-ayon sa sarili naming mga konsensiya. Walang nagsasabi sa amin kung ano ang dapat gawin.

______ Itinanong sa inyo ng isang nagsasaliksik sa Pananampalataya kung may mga pinuno ba sa pamayanang Bahá'í. Ipinaliwanag ninyo: "Isinasagawa ng pamayanan ang mga gawain nito sa pamamagitan ng isang pandaigdig na sistema ng pangangasiwa, na kasama roon ang mga lupon sa antas ng pambansa at lokal na tinatawag na mga National at Local Spiritual Assembly. Ang mga lupon na ito ay inihahalal nang walang nominasyon o pangangampanya at sa isang sagradong kapaligiran ng pagdarasal. May isang grupo din ng bukod-tanging mga indibidwal na hinihirang bilang mga tagapayo sa mga Assembly at upang magbigay ng inspirasyon at himukin ang kanilang mga kapwa Bahá'í. Ang lahat nitong mga institusyon ay nasa ilalim ng namamahalang pandaigdig na lupon ng Pananampalatayang Bahá'í na tinatawag na Universal House of Justice."

______ Itinanong ng isang tinuturuan ninyo ng Pananampalataya kung ano ang inaasahang pakikipag-ugnay ng indibidwal sa pangasiwaang Bahá'í. Kayo ay tumugon ng: "Alam mo kasi, kailangan ng Pananampalatayang Bahá'í na magkaroon ng isang paraan ng pangangasiwa, kaya mayroon kaming tinatawag na mga Spiritual Assembly na binubuo ng siyam na tao. Itong mga inihalal na lupon ang namamahala sa mga gawain ngn Pananampalataya sa antas ng lokal at pambansa, pero kelangan mo lang naman silang sundin sang-ayon sa iyong konsensiya."

______ Sinabi ng isang tinuturuan ninyo ng Pananampalataya na nagugustuhan niya ang lahat ng narinig niya maliban lang sa hindi naniniwala ang mga Bahá'í sa *reincarnation*. "Ayos lang iyon, kasi naniniwala naman ang mga Bahá'í sa

pagkakaisa sa pagkakaiba-iba. Ang ibig sabihin niyon ay may pagkakaiba-iba rin sa mga pananaw."

______ Itinanong sa inyo ng isang tao kung paano ipinalalaganap ng mga Bahá'í ang kanilang Pananampalataya. Sinabi lamang ninyo na ang mga Bahá'í ay hindi gumagawa ng sapilitang pangungumberte. "Aming 'isinasabuhay ang buhay' at kapag nagtanong sa amin ang mga tao, sinasabi namin sa kanila ang tungkol sa Pananampalataya."

______ Hiniling sa inyo ng isang taong nakapagbasa na tungkol sa Pananampalataya at nagkaroon ng interes doon na ipaliwanag ninyo kung ano ang inaasahan mula sa mga nagparehistro sa pamayanang Bahá'í. "Ang relihiyon ay isang personal na bagay," sinabi ninyo. "Ito ay isang paraan ng pamumuhay. Ito ay isang bagay na nadarama mo lang sa iyong puso. Mangyari pa, sa Pananampalatayang Bahá'í ay may ilang mga batas, subalit kailangan mo lamang sundin ang mga iyon sang-ayon sa iyong konsensiya."

______ Hiniling sa inyo ng isang nakapagbasa na tungkol sa Pananampalataya at nagkaroon ng interes doon na ipaliwanag ninyo kung ano ang inaasahan mula sa mga nagparehistro sa pamayanang Bahá'í. "Ang pinakadiwa ng relihiyon ay ang kilalanin ang Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Kahayagan, ang manatiling matatag sa Kaniyang pag-ibig, at ang sumunod sa Kaniyang mga katuruan. Ang ating pag-ibig sa Diyos ay ipinaaabot natin sa Kaniyang nilikha; mahal natin ang sangkatauhan at tinutupad natin ang ating tungkulin sa Pananampalataya sa pamamagitan ng pagsusumikap para sa ikabubuti ng lipunan."

______ Kausap ninyo ang ilang mga kaibigan tungkol sa paksa ng edukasyon ng mga bata. Pagkatapos ay sinabi ninyo: "Itinuturo ng Pananampalatayang Bahá'í na ang mga bata ay isinilang nang mabuti, at kung mamahalin mo sila at tutulungang payabungin yaong inilagay ng Diyos sa loob nila, sila ay lalaki nang maayos."

______ Kausap ninyo ang ilang mga kaibigan tungkol sa paksa ng edukasyon ng mga bata. Pagkatapos ay sinabi ninyo: "Sinasabi sa atin ng Pananampalatayang Bahá'í na ang mga bata ay may kakayahang maging mabuti, subalit may mga gawi din silang kailangang pigilan. Kinakailangan nila ng edukasyon upang tahakin nila ang tamang landas at linangin ang malaking kakayahan na natatago sa bawat isa sa kanila."

5. Ipasiya kung alin sa sumusunod na mga tugon ay magiging angkop sa bawat sitwasyon sa ibaba, habang sinisikap ninyong tuklasin kung paano isagawa ang pagtuturo ng Pananampalataya. Maaaring ang isa o mahigit pa sa mga pagpipilian ay naaangkop.

| | |
|---|---|
| a. Maging malakas ang loob | e. Gamitin ang tuwirang paraan |
| b. Maging maingat | f. Gamitin ang di-tuwirang paraan |
| c. Kumilos nang mabilis | g. Maging mapanghamon |
| d. Maghintay ng panahon | h. Maging nakikipagkasundo |

__________ May isang taong dumating sa Bahá'í center na lubos na masigla. Sinabi niyang may nabasa siya sa internet tungkol sa Pananampalataya at gusto pa niyang malaman ang higit pa tungkol kay Bahá'u'lláh. Ipinaliwanag niyang dati na niyang nadarama sa kaibuturan ng kaniyang puso na hindi kailanman iiwang mag-isa ng Diyos ang sangkatauhan at Siya ay magpapadala sa atin ng bagong Kahayagan.

__________ Ikaw at ang iyong pamilya ay lumipat sa isang nayon kung saan wala kayong kakilala. Isang araw, di-nagtagal pagkalipat ninyo, dinalaw kayo ng inyong kapitbahay upang batiin kayo at ipakilala ang kaniyang sarili. Habang ginagawa iyon, nilinaw niyang ang lahat ng mga taga-nayon ay nagkakaisa sa kanilang relihiyon at hindi nila nagugustuhan ang ginagawa nitong "ibang" mga relihiyon na pinaghahati-hati ang mga tao.

__________ Ikaw at ang iyong pamilya ay lumipat sa isang nayon kung saan wala kayong kakilala. Isang araw, di-nagtagal pagkalipat ninyo, dinalaw kayo ng inyong kapitbahay upang batiin kayo at ipakilala ang kaniyang sarili. Napansin niya ang ilang mga aklat ng Bahá'í sa isang mesa at itinanong sa iyo, "Ano ang Pananampalatayang Bahá'í?"

__________ Sumali kayo sa isang kapisanan ng mga taong interesado sa pagtataguyod ng kapayapaan. Ang isa sa mga indibidwal na lalong nahahalina sa mga ideyang ipinahahayag mo sa mga pagtitipon ay matibay ang paniniwalang ang tanging paraan upang makamtan ang makabuluhang pagbabago sa lipunan ay sa pamamagitan ng pagkilos ng mga partido pulitika. Tinitiyak niyang lagi kayong nag-uusap sa tuwing nagtitipon ang kapisanan.

__________ Ilang beses nang binanggit sa iyo ng isa mong katrabaho na hindi siya naniniwala sa Diyos. Subalit gustong-gusto niya ang marami sa mga ideyang sinasabi mo kaugnay ng mga suliraning panlipunan, tulad halimbawa ng pantay na karapatan ng mga lalaki at mga babae at ang pangangailangan sa pangkalahatang edukasyon.

__________ Sa isang pagtitipon ng nayon na dinaluhan ng ilang mga pinuno ng nayon sa rehiyon, iniharap mo ang ilang mga ideya tungkol sa edukasyon ng mga bata. Pagkatapos ng pagtitipon, linapitan ka ng isang pinuno ng nayon at kinausap ka. Sinabi niyang alam niyang ikaw ay isang Bahá'í at nagustuhan niya ang marami sa mga mungkahing ibinigay mo. Interesado siyang matuto nang higit pa tungkol sa Pananampalataya.

__________ Ang isang kaibigang bago pa lamang nagparehistro sa pamayanan ay isinama ka sa kaniyang tahanan upang makilala mo ang kaniyang pamilya. Tutol sila sa kaniyang pagiging Bahá'í at sinisikap nilang paalisin siya sa Pananampalataya.

__________ Ang isang kaibigang bago pa lamang nagparehistro sa pamayanan ay isinama ka sa kaniyang tahanan upang makilala mo ang kaniyang pamilya. Sinabi niya sa iyo na lahat sila ay tuwang-tuwa sa Pananampalataya at sabik na marinig ang higit pa.

6. Sikaping isipin kung anong mga saloobin ang maaaring naroroon, at kung aling mga katangiang espiritwal ang nagkukulang, kapag ang isang tao ay

– mapanlait sa mahirap: ______________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

– nauumid sa harap ng mga dakila: _____________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

7. Magbigay ng halimbawa kung paano, sa pagpapahayag ng mga katotohanan ng Pananampalataya ay maaari nating

– lubhang bigyang-diin ang katotohanan: _________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

– paliitin ang katotohanan: __________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## BAHAGI 15

Ipinaaalaala sa atin ng sumusunod na patnubay mula sa Guardian, na tulad din sa lahat ng ibang bagay, ay dapat tayong tumingin kay ‘Abdu’l-Bahá kapag sinisikap nating tuklasin ang pinakamahusay na paraan ng pagtuturo sa alinmang sitwasyon:

> **“Isaisip din natin ang halimbawang malinaw na iniharap sa atin ng minamahal nating Master. Marunong at madiplomasya sa Kaniyang paraan, gising at alerto sa Kaniyang unang mga pakikipag-usap, malawak at liberal sa Kaniyang mga talumpating pampubliko, maingat at unti-unti sa paglalahad ng pangunahing mga katotohanan ng Kapakanan, maalab sa Kaniyang pagsamo subalit mahinahon sa katwiran, buong lakas-loob ang tono, di-lumilihis ang pananalig, mapitagan sa Kaniyang asal—ganoon ang namumukod na katangian na ginagamit ng ating Minamahal sa marangal na paglalahad sa Kapakanan ni Bahá’u’lláh.”[24]**

1. Habang sinisikap ninyong sundin ang halimbawa ni ‘Abdu’l-Bahá, ano ang inyong sisikaping maging sa inyong paraan ng pagtuturo? ______________________________

2. Paano ninyo sisikaping umasal sa inyong unang mga pakikipag-usap sa tao? _______

______________________________________________________________________

3. Ano ang magiging katangian ng mga salitang gagamitin ninyo sa inyong pagsasalita tungkol sa Pananampalataya sa publiko? ___________________________________

______________________________________________________________________

4. Paano ninyo tatawagin ang pansin ng mga tao sa mga katotohanan ng Kapakanan? __

______________________________________________________________________

5. Ano ang sisikapin ninyong maging

– sa inyong pagsamo? ______________________________________________

– sa inyong katwiran? ______________________________________________

– sa inyong tono? _________________________________________________

– sa inyong pananalig? _____________________________________________

– sa inyong asal? _________________________________________________

Ngayon ay isaulo ang sipi sa itaas.

## BAHAGI 16

Sinimulan natin ang yunit na ito sa pagpapaalaala sa ating mga sarili na ang "pagiging" at ang "paggawa" ay nagpupunuan at di-maihihiwalay na mga bahagi ng isang espiritwal na buhay. Pagkatapos ay inilaan natin ang ilang mga bahagi sa pagsusuri sa ilang mga katangiang espiritwal na kailangan nating lahat na sikaping paunlarin habang isinasagawa natin ang gawain ng regular at masistemang pagtuturo. Ang ating talakayan sa pagpapakumbaba ay nagbunga ng pagsasaalang-alang natin sa ating saloobin kaugnay ng pagsisikap matuto, na napakahalaga kapag itinuturo ang Pananampalataya. Nagtamo rin tayo ng ilang malalim na pag-unawa kaugnay ng epekto ng mga saloobin sa paraan ng ating pagtuturo. Ngayon ay magpatuloy tayo nang isa pang hakbang at saliksikin ang katangian ng ating ugnayan sa yaong mga tinuturuan natin. Paano dapat maging ang ugnayan na ito? Ano ang sinasabi sa atin ng mga kasulatan tungkol dito?

Marahil na ang unang konseptong pumapasok sa isipan ay ang mabuting samahan. Malinaw na kaugnay ng personal na mga pagsisikap sa pagtuturo, ang kakayahang makabuo ng mga bigkis ng pagkakaibigan sa mga tao ay napakahalaga. Itong kakayahan ding ito ay napakahalaga sa ating pakikilahok sa sama-samang mga kampanya—halimbawa, kapag inaanyayahan natin ang mga kabataan na mag-aral ng mga kurso ng institute bilang paraan ng pagpapahusay sa kanilang kakayahang maglingkod, kapag bumubuo tayo ng bagong mga klase para sa edukasyong espiritwal ng mga bata at ng mga grupo para sa pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth, kapag dumadalaw tayo sa mga tahanan ng mga bagong rehistro sa Pananampalataya sa loob ng ating mga kapitbahayan at mga nayon upang suriin kasama nila

ang iba't ibang mga tema, at kapag tayo ay nakikilahok sa mga pagsisikap sa tuwirang pagtuturo sa mga populasyong handang tumanggap sa mensahe ni Bahá'u'lláh. Sa lahat ng gayong mga kaso, ang ating kakayahang bumuo ng marubdob na mga ugnayan ay nagtatakda ng paraan ng paglapit natin sa mga nakakaharap natin, kung paano tayo nakikipag-usap sa kanila, at kung magagawa nating matimo ang kanilang mga puso.

Ang isang katanungang kailangan nating itanong sa ating mga sarili ay kung paano natin pauunlarin itong napakahalagang kakayahan. Ang ating mga pag-uugali, mangyari pa, ay magkakaiba. Ang ilan sa atin, maging bunga ng pagpapalaki sa atin o ng likas na hilig, ay madali lamang makipagkaibigan. Ang mga ilan ay nagagawang magkaroon ng usapan sa mga taong lubos na di-kilala. Ang mga iba naman ay mahiyain at mapanghamon ito para sa kanila. Subalit anupaman ang ating ugali, dapat nating matanto na sa pamamagitan ng buong-kamalayang pagsisikap, maaari tayong matuto ng pakikisalamuha sa mga tao sa diwa ng mabuting samahan. Naghahain ang mga kasulatan ng napakarami at mahalagang mga payo sa paksang ito, na ang ilang mga halimbawa ay ibinibigay sa ibaba. Ang mga pariralang nasa loob ng mga bantas na panipi ay tuwirang hinango mula sa mga kasulatan mismo. Iminumungkahing basahin ninyo nang ilang beses ang mga ideya at pagkatapos ay talakayin ito sa inyong grupo.

> Sinasabi sa atin na pawiin ang "karimlan ng paghihiwalay" at na "tingnan ang lahat ng tao bilang mga kaibigan". Inaasahang tayo ay "makiisa sa lahat ng sambayanan". Dapat nating ibaling ang ating mga mata tungo sa "kalangitan ng napakatandang kaluwalhatian" at ituring ang bawat isa at ang lahat ng nilalang bilang "isang palatandaan ng Diyos", sapagkat sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya at kapangyarihan "ang bawat isa ay humakbang sa daigdig".
>
> Tinatawagan tayong "makipag-ugnay sa magiliw at mabuting samahan sa kapuwa di-kilala at kaibigan", ipinapakita sa lahat ang "sukdulang mapagmahal na kabaitan" at hindi pinapansin "ang antas ng kanilang kakayahan", hindi kailanman itinatanong "kung karapat-dapat silang mahalin".
>
> Kung ang sinuman ay "kumantiyaw at lumait" sa atin, dapat nating "salubungin siya ng pag-ibig". Kung pagbuntunan niya tayo ng "sisi", dapat natin siyang "purihin". Kung bigyan niya tayo ng "nakamamatay na lason", dapat nating ibigay sa kaniya ang "piling-piling pulot bilang kapalit". Kung "pagbantaan" niya ang ating buhay, dapat natin siyang bigyan ng "lunas na makapagpapagaling sa kaniya magpakailanman". Kung siya ay maging "mismong kirot", dapat tayong maging kaniyang "gamot". At kung siya ay maging tulad ng "mga tinik", tayo ay dapat maging tulad ng "mga rosas at matatamis na damo".
>
> Hinihikayat tayong gumawa ng matinding pagsisikap, upang ang "lahat ng mga sambayanan at mga kaanak ng daigid, kahit mga kaaway" ay ilalagak ang "kanilang tiwala, paniniwala, at pag-asa" sa atin. Kung ang isang kaluluwa ay gumawa ng "isang daang libong pagkakamali", siya ay dapat pa ring magtaglay ng "pag-asa ng kapatawaran", nang sa gayon ay hindi siya "mahapis o magdalamhati".
>
> Dapat nating "buong-lakas na tustusan ang isa't isa at sikaping makamtan ang buhay na walang-hanggan" at maging "mga habag at mga biyayang ipinadala" ng Diyos.

Sinabihan tayong ipakita ang kabaitan at pakikipagkaibigan, pagdamay at paggalang" sa lahat, upang tayo ay maging tulad ng "nakagiginhawang tubig para sa bawat nauuhaw" at waring "ang tinapay ng langit para sa bawat nagugutom". Tayo ay dapat na "magpapakita ng pagmamahal na hindi buhat sa daigdig na ito". Dapat nating isipin ang "pagmamahal at mabuting samahan bilang mga kaaliwan ng langit" at ituring ang "poot at pagkamuhi bilang mga parusa ng impiyerno".

Dapat tayong mag-ingat na hindi "masaktan ang alinmang kaluluwa o bigyan ng dalamhatin ang anumang puso". Dapat hindi nating "masaktan ang damdamin ng iba", kahit pa siya ay "gumagawa ng masama" at may "masamang hangarin" sa atin. Hinihimok tayong huwag "tingnan ang mga nilikha", bagkus ay ibaling ang ating mga sarili sa "kanilang Manlilikha".

Tinatawagan tayong "ipagpakasakit" ang ating mga sarili para sa "ikabubuti ng lahat" at nang "nagsusumikap sa araw at gabi" upang "manumbalik ang mabuting kalagayan ng sangkatauhan". Dapat tayong umiyak "dahil sa mga iniluha" ng mga nilalang ng Diyos at magdalamhati dahil sa "pighati" ng Kaniyang mga anak. Dapat nating "talikuran" ang ating "pahinga at kaginhawahan", upang tayo ay "maging sanhi ng katiwasayan ng daigdig ng sangnilikha".

Sinasabihan tayong maging "mapagmahal na mga ama sa ulila, at kanlungan sa walang kakayahan, at ingatang-yaman sa mahihirap, at lunas sa may karamdaman". Dapat tayong maging "katulong … ng bawat biktima ng paniniil, mga patron ng dehado". Dapat tayong mag-isip "sa lahat ng panahon ng pagbibigay ng anumang paglilingkod sa bawat miyembro ng sangkatauhan".

Dapat nating "gawin ang … sukdulan" na ating makakaya upang "dalisayin ang mga puso at mga isipan ng mga tao" at magsumikmmap na "pasayahin ang bawat kaluluwa". Dapat tayong "gumawa … ng anumang kabutihan sa bawat taong daraan sa … landas" natin at "magbigay ng kapakinabangan sa kaniya". Dapat nating sikaping "pabutihin … ang pagkatao ng bawat isa at ng lahat, at ituwid ang pag-iisip ng mga tao". Sa atin ang gawaing "tawagin" ang mga tao tungo sa Diyos at "anyayahan" ang sangkatauhan na "sumunod sa halimbawa ng Kalipunan sa kaitaasan".

Tinatawagan tayong dalhin "yaong mga hindi isinama sa grupo ng matalik na mga kaibigan". Dapat nating "gisingin yaong mga natutulog" at "gawing masunurin ang pabaya". "Sa karimlan ng daigdig" dapat tayong maging "maningning na apoy". "Sa mga buhangin ng kapahamakan" dapat tayong maging "bukal … ng tubig ng buhay" at "patnubay mula sa Panginoong Diyos".

Ngayon ay maaaring nanaisin ninyong isaulo ang sumusunod na sipi mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá:

**"At tungkol naman sa inyo, O kayong mga mangingibig ng Diyos, patatagin ang inyong mga hakbang sa Kaniyang Kapakanan, nang may gayong pagtitika na hindi kayo mayayanig kahit na salantahin ang daigdig ng pinakamalalang mga kalamidad. Walang bagay, sa anumang kalagayan, ang dapat ninyong ikabahala. Maging kasintibay kayo ng mataas na mga bundok, maging mga bituin na sumisikat sa itaas ng guhit-tagpuan ng buhay, maging maliwanag na mga lampara sa mga pagtitipon ng pagkakaisa, maging mga kaluluwang**

**mapagpakumbaba at mababa sa harap ng mga kaibigan, maging wagas ang puso. Maging mga sagisag ng patnubay at mga liwanag ng pagkamakadiyos, nakawalay sa daigdig, nangangapit sa hawakang tiyak at matibay, ikinakalat sa ibayo ang espiritu ng buhay, nakasakay sa Arko ng Kaligtasan. Maging mga pamimitak ng pagkabukas-palad, mga pook-silangan ng mga hiwaga ng buhay, mga lugar na dinadapuan ng inspirasyon, mga pinagsisikatan ng mga karingalan, mga kaluluwang tinutustusan ng Espiritu Santo, nabibighani sa Panginoon, nakawalay sa lahat liban sa Kaniya, banal nang higit sa mga katangian ng tao, nadaramtan ng mga kabutihan ng mga anghel ng langit, nang upang makamtan ninyo para sa inyong mga sarili ang kaloob na pinakamataas sa lahat, sa bagong oras na ito, sa kamangha-manghang panahon na ito."[25]**

## BAHAGI 17

Habang nakikihalu-bilo tayo sa lahat ng tao sa diwa ng mabuting samahan, at sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap na mamuhay ng isang buhay na naaayon sa mga katuruan, nahahalina ang mga iba tungo sa Kapakanan. Mangyari pa, hindi naman tayo inaasahang maging perpekto, ni hindi rin natin sinasabing wala tayong kapintasan. Gayumpaman, sa antas na nagagawa nating maipakita ang mga katangiang inilalahad sa mga katuruan ay gayundin tayo nagiging mabisang mga lagusan para sa paglaganap ng banal na halimuyak. Sa ganitong diwa natin pinag-uusapan ang pagtuturo sa pamamagitan ng halimbawa. Subalit dapat tayong mag-ingat na ang pariralang "pagtuturo sa pamamagitan ng halimbawa" ay hindi maging dahilan upang hindi magturo. Totoong kailangan nating bigyan ng malaking pansin ang ating panloob na kalagayan, sa ating pagkatao, sa ating mga gawa, at sa pagkamatwid ng ating asal. Subalit ang lahat ng ito ay hindi dapat magbunga ng pagkawala sa ating isipan ng katotohanang ginagamit natin ang susi ng ating pananalita upang buksan ang mga pintuan sa lungsod ng puso ng tao. Upang linawin pa ang punto na ito, tingnan natin ang dalawang pangkat ng mga sipi mula sa mga kasulatan at sikaping unawain ang mga ito nang magkasama. Basahin muna ang sumusunod na mga sipi:

**"Sinuman sa inyo ang bumangon upang ituro ang Kapakanan ng kaniyang Panginoon, bago ang lahat ay tulutang turuan niya muna ang kaniyang sarili, upang ang kaniyang pananalita ay makaakit sa mga puso nilang mga nakaririnig sa kaniya."[26]**

**"Isang bagay at iisang bagay lamang ang walang-sala at nag-iisang makatitiyak sa walang-alinlangang tagumpay nitong sagradong Kapakanan, na iyon ay ang antas ng inilalarawan ng ating sariling panloob na buhay at pribadong pagkatao, sa napakaraming aspekto nito, ang karingalan ng mga simulaing walang-maliw na ipinahayag ni Bahá'u'lláh."[27]**

**"Ang sinumang magbangon, sa Araw na ito, upang tumulong sa Aming Kapakanan, at tinatawagan bilang kaniyang mga katulong ang mga hukbo ng isang kapuri-puring pag-uugali at matwid na pagkilos, ang impluwensiyang dumadaloy mula sa gayong kilos ay tiyak na lalaganap sa buong daigdig."[28]**

**"Hayaang isigaw nang malakas sa daigdig ng inyong mga gawa na kayo ay mga Bahá'í, sapagkat ang *mga gawa* ang nangungusap sa daigdig at ay ang siyang dahilan ng pag-unlad ng sangkatauhan.**

**"Kung tayo ay mga tunay na Bahá'í, ang salita ay hindi kailangan. Ang ating mga gawa ay tutulong sa daigdig, magkakalat ng kabihasnan, magbubunsod ng kaunlaran ng agham, at magbubunsod ng pagsulong ng mga sining. Kung walang gawa, walang anuman sa mundong ito ang maaaring maisakatuparan, hindi kailanman magagawa ng mga salita nang walang tulong ang gawa na maitaguyod ang tao sa Kahariang espiritwal. Hindi sa pamamagitan lamang ng paglilingkod-labi nakapagtamo ng kabanalan ang mga hirang ng Diyos, kundi sa pamamagitan ng masiglang paglilingkod na puspos ng pagtitiyaga ay nangyaring makapagdala sila ng liwanag sa daigdig."[29]**

Ngayon ay pag-aralan ang sumusunod na pangkat ng mga sipi:

**"Sa gayong mga panahon ginagamit ng mga kaibigan ng Diyos ang okasyon, sinusunggaban ang pagkakataon, sumusugod at nagwawagi ng gantimpala. Kung ang kanilang gawain ay matatakdaan lamang sa mabuting asal at payo, walang maisasakatuparan. Kailangan nilang magsalita, ipaliwanag ang mga katibayan, ilahad ang malinaw na mga paliwanag, ipalabas ang di-maitatatwang mga patunay na nagpapakikila sa katotohanan ng pagkakahayag ng Araw ng Realidad."[30]**

**"Sa gayon ay huwag tumingin sa antas ng iyong kakayahan, ikaw ay tumingin sa walang-hanggang biyaya ni Bahá'u'lláh; sumasaklaw sa lahat ang Kaniyang biyaya, at sukdulan ang Kaniyang pagpapala."[31]**

**"Ibaling ang iyong mukha tungo sa Kaharian ng Diyos, humingi ng mga kaloob ng Espiritu Santo, magsalita, at ang mga pagpapatibay ng Espiritu ay darating."[32]**

**"O kayong mga minamahal ng Diyos! Huwag kayong humimlay sa inyong mga higaan, hindi lamang iyon, pakilusin ang inyong mga sarili agad nang makilala ninyo ang inyong Panginoon, ang Manlilikha, at marinig ang mga bagay na sumapit sa Kaniya, at magmadali upang tumulong sa Kaniya. Kalagan ang inyong mga dila, at ipahayag nang walang tigil ang Kaniyang Kapakanan. Ito ay magiging higit na mabuti para sa inyo kaysa sa lahat ng mga kayamanan ng nakaraan at ng hinaharap, kung kayo ay nabibilang sa kanilang mga nakauunawa sa katotohanang ito."[33]**

**"Kung ang mga kaibigan ay palaging maghihintay hanggang sila ay ganap na karapat-dapat upang gumawa ng anumang natatanging gawain, ang gawain ng Kapakanan ay halos mahihinto! Ngunit ang mismong kilos ng pagsisikap na makapaglingkod, kahit pa nararamdaman ng isang tao na hindi siya karapat-dapat, ay nakaaakit sa mga biyaya ng Diyos at ginagawa siya na maging higit na karapat-dapat para sa gawain.**

**"Sa kasalukuyan ay napakalaki ang pangangailangan sa panig ng sangkatauhan na marinig ang Mensaheng Dibino, na ang mga mananampalataya ay nararapat na sumugod sa gawain, saanman at anuman ang makakaya nila, hindi alumana**

**ang kanilang sariling mga pagkukulang, subalit laging pinakikinggan ang panaghoy ng pangangailangan ng kanilang kapwa-tao na marinig ang mga Turo sa pinakamadilim na oras ng kanilang paghihirap."[34]**

Kung ihihiwalay natin ang unang pangkat ng mga sipi mula sa lahat ng ibang mga sipi tungkol sa paksa ng pagtututro—na iilang halimbawa lamang ang ibinibigay sa pangalawang pangkat—at dito lamang magtutuon ng pansin, maaari tayong humantong sa paggamit ng mga ito upang hindi magturo. Nahuhulog tayo sa patibong na ito kapag umaabot tayo sa maling akala na ang ating pangunahing tungkulin ay pabutihin ang ating sariling panloob na kalagayan at maging higit at higit pang mabuting mga tao hanggang sa dumating tayo sa yugtong lubos na ganap na tayo na hindi na natin kailangan pa ang mga salita upang makapagturo, dahil maaakit sa atin ang mga iba at sila na mismo ang sariling magsusumikap upang saliksikin ang Pananampalataya. Subalit alam natin na si 'Abdu'l-Bahá, na ang Kaniyang buhay ay puno ng mga gawa na higit na katangi-tangi kaysa sa anumang gawa natin, ay ginamit ang kapangyarihan ng Kaniyang pananalita, at sa bawat pagkakataon, ay nagsalita tungkol sa Pananampalataya.

Ang mahalagang maunawaan ay ang pangunahing tema ng unang pangkat ng mga sipi ay hindi tungkol sa pagtuturo ng Pananampalataya. Isinisiwalat sa atin ng mga siping ito ang napakalalim na mga katotohanang espiritwal tungkol sa kahalagahan ng panloob na kalagayan. Ipinaaalaala sa atin ng mga ito na ang isang kapuri-puring pagkatao at matwid na asal ay nagkakaloob ng kapangyarihan sa ating mga gawa at binabalaan tayong hindi maaaring magkasalungat ang ating mga kilos at ating mga salita. Halimbawa, kung tayo ay magtuturo ng katapatan, kinakailangan nating buong-pusong magsumikap na maging matapat.

Sa karaniwan, hindi ayon sa karunungan ang isaalang-alang ang isang napakalawak at napakalalim na paksa tulad ng pagtuturo, at bumuo ng mga hinuha batay lamang sa isa o dalawang sipi.

Taglay sa isipan ang ganitong mga kaisipan, balikan natin ang mga sipi sa itaas at nilay-nilayin ang mga ito habang pinupunuan natin ang mga patlang sa mga pangungusap sa ibaba ng angkop na mga salita.

1. Sinuman ang bumangon upang ituro ang Kapakanan ng kaniyang Panginoon, bago ang lahat, ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________ .

2. Maliban kung tuturuan niya ang kaniyang sarili, ______________________

______________________________________ .

3. Isang bagay at iisang bagay lamang ang walang-sala at nag-iisang makatitiyak sa walang-alinlangang tagumpay ng Kapakanan, na iyon ay __________________

______________________________________________

______________________________________________ .

4. Ang sinumang magbangon, sa Araw na ito, upang tumulong sa Kapakanan ng Diyos, at tinatawagan bilang kaniyang mga katulong ang mga ____________________________ ________________________ , ang impluwensiyang dumadaloy mula sa gayong kilos ay tiyak na ____________________________________________________ .

5. Ang mga gawa ang ______________________________________ at ay ang siyang dahilan ng ________________________________________ .

6. Kung tayo ay mga tunay na Bahá'í, ________________________________________ . Ang ating mga gawa ay dapat isigaw nang malakas sa daigdig na _________________ _______________________ .

7. Ang ating mga gawa dapat ay __________________________________________, dapat _____________________________________ , dapat __________________________ ___________ , dapat ____________________________________________________ .

8. Kapag walang gawa, _____________________________________________________ _________________________________ , hindi magagaw ng mga salita __________ ____________________________________________________________________ .

9. Hindi sa pamamagitan lamang ng paglilingkod-labi nakapagtamo ng kabanalan ang mga hirang ng Diyos, kundi sa pamamagitan ng _________________________________ ____________________________________________________________________ .

10. Kung ang ating gawain ay matatakdaan lamang sa mabuting asal at payo, ___________ _____________________________________ . Kailangan nating _________________, _________________ ang mga katibayan, ___________________ ang malinaw na mga paliwanag, ___________________________________________________________ na nagpapakilala sa katotohanan ng pagkakahayag ng Araw ng Realidad.

11. Hindi tayo dapat tumingin sa antas ng ating kakayahan, kundi ay tumingin sa ________ _______________________________________________ .

12. Dapat nating ibaling ang ating mga mukha tungo sa Kaharian ng Diyos, ____________ ___________________________________________________________ , magsalita, at __________________________________________________________________ .

13. Hindi tayo dapat humimlay sa ating mga higaan, kundi ay dapat __________________ __________________________ agad nang makilala natin ang ating Panginoon, ang Manlilikha, at marinig ang mga bagay na sumapit sa Kaniya, ______________________ _____________________________ .

14. Dapat nating kalagan ang ating mga dila at ______________________________________ ______________________ . Ito ay higit na mabuti para sa atin kaysa sa ______________ ________________________________________________________________ .

15. Kung palagi tayong maghihintay hanggang tayo ay ganap na karapat-dapat upang gumawa ng anumang natatanging gawain, ______________________________________ ________________________________________________________________________ .

16. Ang mismong kilos ng pagsisikap na makapaglingkod, kahit pa nararamdaman nating hindi tayo karapat-dapat ______________________________________________________ ________________________________________________________________________ .

17. Sa kasalukuyan ay napakalaki ang pangangailangan sa panig ng sangkatauhan na marinig ang Mensaheng Dibino, na nararapat sa atin na ___________________________ ____________ , saanman at anuman ang makakaya natin, ___________________________ ________________________________ , subalit laging pinakikinggan ang ____________ ________________________________________________________________________ sa pinakamadilim na oras ng kanilang paghihirap.

## BAHAGI 18

Wakasan natin ang yunit na ito tungkol sa mga katangiang espiritwal at mga saloobin na dapat magtangi sa ating mga pagsisikap na magturo sa paggunita sa halimbawang ibinigay ni ‘Abdu’l-Baha sa Kaniyang mga paglalakbay sa Kanluran. Ang sipi sa ibaba na isinulat ng Guardian, na inilalarawan kung paano inialay ni ‘Abdu’l-Bahá ang mensahe ng Kaniyang Ama sa mga nakaharap Niya, ay maghahanda sa atin para sa kasunod na yunit kung saan ay susuriin natin ang mismong gawain ng pagtuturo.

> **“Sa panahon ng mga paglalakbay na ito nagpakita si ‘Abdu’l-Bahá ng isang kasiglahan, ng isang kagitingan, ng isang katatagan, ng isang pagtitikang maisagawa ang tungkuling itinakda Niya sa Kaniyang Sarili na gumising sa pagkamangha at paghanga nilang mga nabigyan ng pribilehiyong mapagmasdan nang malapitan ang Kaniyang pang-araw-araw na mga kilos. Hindi iniintindi ang mga tanawin at mga di-pangkaraniwang bagay na kalimitang umaakit sa pansin ng mga manlalakbay at yaong malimit hangarin ng mga miyembro ng Kaniyang pangkat na dalawin Niya; walang-bahala sa Kaniyang kaginhawahan at gayundin sa Kaniyang kalusugan; ginugugol araw-araw ang bawat katiting ng Kaniyang lakas mula bukang-liwayway hanggang lumalim ang gabi; hindi nagbabago sa pagtanggi sa anumang mga regalo o mga kaloob para sa mga gugulin ng Kaniyang mga paglalakbay; hindi nagkukulang sa Kaniyang pagmamalasakit sa may karamdaman, sa nagdadalamhati at api; hindi ipinagkakasundo ang Kaniyang pagtatanggol sa mga lahi at antas sa lipunan na maralita; masagana tulad ng ulan sa Kaniyang pagiging bukas-palad sa mahihirap; walang-pakundangan sa mga pagtuligsang ipinukol sa Kaniya ng mapagmatyag at panatikong mga kaanib ng konserbatibong relihiyon at sekta; kahanga-hanga sa**

**Kaniyang katapatang magsalita mula sa entablado at pulpito, samantalang ipinakikita sa mga Hudyo na batay sa propesiya ang Misyon ni Hesukristo, pinatutunayan sa mga simbahan at synagogue na Dibino ang pinagmulan ng Islám, o ipinamumulat sa mga materyalista, mga ateista o agnostiko ang katotohanan ng Rebelasyong Dibino at ang pangangailangan sa relihiyon; malinaw sa Kaniyang pagluwalhati kay Bahá'u'lláh sa lahat ng oras at sa loob ng mga santuwaryo ng iba't ibang mga sekta at mga denominasyon; walang tigatig sa pagtanggi Niya, sa ilang mga pagkakataon, na maglangis upang makuha ang tangkilik ng mga taong may titulo at mayaman kapuwa sa England at sa United States; at huli man ngunit walang katulad sa bukal sa loob, sa taos-puso at init ng Kaniyang pakiki-isang damdamin at mapagmahal na kagandahang loob na ipinakita sa kapuwa kaibigan at hindi kakilala, nananalig at hindi nananalig, mayaman at mahirap, mataas at mababa, na nakatagpo Niya, alinman sa kapalagayang-loob o nang hindi inaasahan, kahiman nakasabay sa barko, o samantalang nagpapalakad-lakad sa mga lansangan, sa mga parke, o pampublikong liwasan, sa mga pagtitipon o mga piging, sa pook ng mga mahirap o mga mansyon, sa mga pagtitipon ng mga tagasunod Niya o sa pulong ng mga dalubhasa, Siya, ang pagkakatawang-tao ng bawat Bahá'í na katangian at ang diwa ng bawat Bahá'í na mithiin, ay nagpatuloy sa loob ng tatlong taon na punong-puno ng mga gawain upang ibalita sa isang daigdig na nakalubog sa materyalismo at nasa anino na ng digmaan, ang nakagagaling, ang ipinagkaloob ng Diyos na mga katotohanang nadadambana sa Rebelasyon ng Kaniyang Ama."**[35]

Pagkatapos basahin muli ang sipi sa itaas, sumulat ng ilang mga pangungusap na naglalarawan sa mga katangian at mga saloobing nagtatangi sa paraan ng pakikipag-ugnay ni 'Abdu'l-Bahá sa mga tao at kung paano Siya nakipag-usap tungkol sa Pananampalataya—halimbawa, "Nagpakita Siya ng kasiglahan, kagitingan, at katatagan."

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________
6. ______________________________
7. ______________________________
8. ______________________________
9. ______________________________
10. ______________________________

# MGA REPERENSIYA

1. *Habilin at Testamento | Mga Tableta ng Banal na Plano* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2022), no. 8.12, p. 91.

2. Ibid., no. 10.10, p. 72.

3. Mula sa isang liham ng ika-8 ng Nobyembre 1956 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi para sa isang indibidwal, inilathala sa *Teaching the Bahá'í Faith: Compilations and a Statement Prepared by the Research Department of the Universal House of Justice* (Mona Vale: Bahá'í Publications Australia, 1995), no. 156, mp. 84–85.

4. Mula sa isang liham ng ika-6 ng Nobyembre 1949 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi para sa isang indibidwal, inilathala sa *The Power of Divine Assistance: A Compilation of Extracts from the Writings of Bahá'u'lláh, the Báb and 'Abdu'l-Bahá and the Letters of Shoghi Effendi and the Universal House of Justice*, tinipon ng Research Department ng Universal House of Justice (Ingleside: Bahá'í Publications Australia, 2020), no. 80, p. 40.

5. Mula sa isang talumpating ibinigay noong ika-4 ng Nobyembre 1911, inilathala sa *Mga Pagsasalita sa Paris: Mga Talumpati noong 1911 ni 'Abdu'l-Bahá* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2021), no. 21.6, mp. 93-94.

6. Mula sa isang liham ng ika-1 ng Setyembre 1933 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi para sa isang indibidwal, inilathala sa *Teaching the Bahá'í Faith*, no. 92, p. 69.

7. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2021), no. 216.1, p. 429.

8. Mula sa liham ng ika-30 ng Huyo 1937 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi para sa isang indibidwal, inilathala sa *The Power of Divine Assistance*, no. 70, p. 37.

9. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2017), no. 10.10, p. 180.

10. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, no. 213.1, p. 427-28.

11. Ibid., no. 214.2, p. 428-29.

12. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), V, par. 3, p. 7.

13. Ibid., CXXXII, par. 5, mp. 326–27.

14. Ibid., C, par. 1, mp. 227–28.

15. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, no. 204.2, mp. 400-401.

16. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, CXLII, par. 5, p. 351.

17. Mula sa isang liham ng ika-24 ng Nobyembre 1924 na isinulat ni Shoghi Effendi sa mga Bahá'í ng America, inilathala sa *Bahá'í Administration: Selected Messages 1922–1932* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1974, 1998 printing), p. 69.

18. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, no. 217.1, p. 430.

19. Ibid., no. 15.3, p. 49.

20. Bahá'u'lláh, *Ang Natatagong mga Salita* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2017), Arabic no. 42, p. 20.

21. Mula sa isang liham ng ika-31 ng Marso 1932 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi sa isang indibidwal, inilathala sa *The Power of Divine Assistance*, no. 66, mp. 35–36.

22. Mula sa isang mensahe ng ika-30 ng Disyembre 2021 para sa Kumperensiya ng Continental Boards of Counsellors, inilathala sa *Ang Nine Year Plan, 2022–2031: Mga Mensahe ng Universal House of Justice* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2022), no. 6.10, mp. 22-23.

23. Mula sa isang liham ng ika-5 ng Hunyo 1947 na isinulat ni Shoghi Effendi, inilathala sa *Citadel of Faith: Messages to America, 1947–1957* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1965, 2014 printing), mp. 25–26.

24. Mula sa isang liham ng ika-24 ng Nobyembre 1924 na isinulat ni Shoghi Effendi sa mga Bahá'í ng America, inilathala sa *Bahá'í Administration: Selected Messages 1922–1932*, mp. 69–70.

25. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, no. 199.6, mp. 384–85.

26. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, CXXVIII, par. 6, p. 313.

27. Mula sa isang liham ng ika-24 ng Setyembre 1924 na isinulat ni Shoghi Effendi sa mga Bahá'í ng America, inilathala sa *Bahá'í Administration: Selected Messages 1922–1932*, p. 66.

28. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, CXXXI, par. 4, p. 325.

29. Mula sa isang talumpating ibinigay ni 'Abdu'l-Bahá noong ika-8 ng Nobyembre 1911, inilathala sa *Mga Pagsasalita sa Paris*, no. 26.5–6, p. 115.

30. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, no. 212.1, p. 427.

31. Ibid., no. 153.3, mp. 285-86.

32. Ibid., no. 153.4, p. 286.

33. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, CLIV, par. 2, p. 374.

34. Mula sa isang liham ng ika-4 ng Mayo 1942 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi para sa isang indibidwal, inilathala sa *Teaching the Bahá'í Faith*, no. 104, p. 72.

35. Shoghi Effendi, *Nagdaraan ang Diyos* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2019), mp. 311–12.



# Ang Gawain ng Pagtuturo

## Layunin

Upang palakasin ang kakayahang
kilalanin at arugain ang kahandaang tumanggap at
upang linangin ang kakayahang magbigay
ng kapani-paniwalang paglalahad sa Pananampalataya,
na naaangkop sa mga kalagayan, maging bilang bahagi
ng isang personal na pagsisikap sa pagtuturo
o kaugnay ng isang sama-samang kampanya

## BAHAGI 1

Yamang sinuri na natin ang likas na katangiang espiritwal ng pagtuturo sa unang yunit, at ang mga katangian at mga saloobing kailangang-kailangan ng mga nagtuturo sa pangalawang yunit, ibaling naman natin ngayon ang ating pansin sa mismong gawain ng pagtuturo. Karaniwan nating isinasagawa itong sagradong gawain sa isa sa dalawang kaugnayan: sa personal nating mga pagsisikap bilang indibidwal at sa sama-samang pagpupunyagi sa antas ng masa. Mangyari pa, bilang bahagi ng isang lumalaking nucleus ng mga kaibigan sa ating mga kapitbahayan at mga nayon na abala sa mga gawain ng pagtatatag ng masiglang mga pamayanan, nakatagpo na natin ang maraming mga indibidwal mula sa magkakaibang mga pinanggalingan—mga estudyante sa high school at college, mga magulang at mga kamag-anak ng mga bata at junior youth na nakikilahok sa mga programa ng edukasyon ng institute, mga guro, mga magsasaka, mga pinuno ng nayon at iba pang mga namumunong lokal, sa pagbanggit lamang ng ilan—at nakita nating ang ilan sa kanila ay nagpakita ng interes na malaman ang higit pa tungkol sa Pananampalataya. Ang ating pakikilahok sa proseso ng institute gayundin ay nakatulong upang palakasin sa atin ang mga kakayahang kinakailangan upang patnubayan ang mga kaluluwa tungo sa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, lalong-lalo na yaong mga nagbibigay-daan upang maipahayag natin ang ating pag-unawa sa napakalalim na mga konsepto at saliksikin ang espiritwal na realidad sa mga usapang makabuluhan. Kaalinsabay ng mga kakayahang ito, may isa pang kailangang-kailangan nating paunlarin, kapuwa habang isinusulong natin ang ating personal na mga pagsisikap sa pagtuturo at habang nakikilahok tayo sa sama-samang mga pagpupunyagi—na iyon ay ang kakayahang makilala at arugain ang kahandaang tumanggap sa mensahe ni Bahá'u'lláh. Pag-aaralan natin ang kahalagahan ng paglilinang ng kakayahang ito sa susunod na mga bahagi. Subalit nilay-nilayin muna natin ang sumusunod na mga salita ni Bahá'u'lláh, na maaaring nanaisin ninyong isaulo:

> **"Sa tuwing kayo ay makatagpo ng kaluluwang nauuhaw, painumin siya mula sa kopa ng walang-hanggang buhay; at sa tuwing makatagpo kayo ng taingang nakaririnig, bigkasin sa kaniya ang mga bersikulo ng Diyos, ang Malakas, ang Makapangyarihan, ang Madamayin. Kalagan ang inyong mga dila ng mabait na mga salita, at kung matagpuan ninyong nakahilig ang mga tao tungo sa Santuwaryo ng Diyos, tawagin sila sa katotohanan . . ."[1]**

## BAHAGI 2

Ang isang mahalagang konsepto na kailangang maunawaan ng mga nagnanais paunlarin ang kakayahang makilala at arugain ang kahandaang tumanggap ay ang pagtuturo ay higit pa sa pagpapahayag o proklamasyon lamang ng Pananampalataya.

Ang proklamasyon ay isang gawaing lubos na kapuri-puri at kinakailangan, na isinasagawa sa magkakaibang antas ng pormalidad ng mga indibidwal, mga pamayanan, at ng kanilang mga institusyon. Ang gayong gawain ay isang paraan upang maging bihasa ang mga tao sa marangal na mga layunin at huwaran ng Kapakanan at nakatutulong upang palakasin ang mabuting mga saloobin tungo sa Pananampalataya. Ang pagtuturo ay may isang elemento ng proklamasyon, subalit ang pangunahing layunin nito ay ang tulungan ang mga kaluluwa upang makilala si Bahá'u'lláh bilang Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyan, sa pagpapalalim sa kaniyang kaalaman ukol sa Kaniyang Rebelasyon, at sa pagpapatibay sa pananalig na bago pa lamang nilang natamo. Mangyari pa, posible ring sa pamamagitan ng isang gawain ng

proklamasyon ang isang kaluluwa, na lalong handang tumanggap, ay mabibighani sa Pananampalataya, at pagkalipas ng ilang pagsasaliksik, ay magpapasiya nang magparehistro. Gayumpaman ay hindi tayo dapat umasa, sa yugtong ito sa kasaysayan ng tao, na sa pamamagitan ng proklamasyon lamang ang mga puso ng maraming mga tao ay mabubuksan na kay Bahá'u'lláh—ito ay sa kabila ng anumang pagkadetalye ng pagkakabuo ng proyekto o kung gaano kahusay ng pagsasagakatuparan ng isang gawain. Ang pagtuturo ay higit pa sa pagbibigay lamang ng impormasyon at pagkatapos ay hinahayaan na ang mga tao sa kanilang mga sarili. Kailangan nito ng palitan ng pananaw. Kailangan nito ng usapan sa pagitan ng mga kaluluwang pinagtibay na at ng yaong mga handang makinig at saliksikin ang katotohanan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh. Upang saliksikin nang higit pa ang puntong ito, pag-isipan natin ang isang halimbawa.

Ang isang epektibong paraan ng pagtuturo ng Pananampalataya ay sa pamamagitan ng mga *fireside*. Ang fireside ay isang maalab at matalik na pagtitipong idinaraos sa sariling tahanan, kung saan yaong mga interesado sa Pananampalataya ay inaanyayahan. Ang mga ito ay nagbubukas ng napakahusay na mga pagkakataon para sa palitan ng mga ideya at ng mabungang pag-uusap na maaaring humantong sa pagtanggap ng mga tao kay Bahá'u'lláh. Subalit, kapag hindi nag-iingat, ang isang fireside ay madaling maging isang proklamasyon lamang.

Ngayon, para sa layunin ng ating halimbawa, ipagpalagay na kayo ay nagdaraos ng isang lingguhang fireside sa inyong tahanan. Sinisimulan ninyo ang bawat pagtitipon sa malugod na pagtanggap sa inyong mga panauhin at sa paghiling sa isang Bahá'í na naroroon na mag-alay ng isang dasal. Pagkatapos ang tagapagsalitang inanyayahan ay nagbibigay ng isang talumpati sa loob ng tatlumpo o apatnapu't limang minuto tungkol sa isang tanging paksa na nauugnay sa Pananampalataya. Sa wakas ay humihingi kayo ng mga katanungan, at kadalasan ay may isa o dalawa, na sinisikap sagutin ng tagapagsalita. Pagkatapos nito ay may merienda at pagkatapos ay umuuwi na ang inyong mga panauhin. Sasang-ayon ba kayo na ang ganitong uri ng pagtitipon, na may sariling mga kapakinabangan, ay pinakamahusay na matatangi bilang isang gawain ng proklamasyon?

Ipagpalagay na pagkaraan ng ilang panahon ay nagpasiya kayong baguhin ang katangian ng mga pagtitipon. Kaya, para sa bawat isang fireside ay inaanyayahan ninyo ang isa o dalawang kaibigang may talento na magbibigay ng isang maikling palabas ng musika pagkatapos ng talumpati, na makatwiran lamang kayong umaasa na patataasin ng musika ang kapaligirang espiritwal ng pangyayari. Sa palagay ba ninyo sa paggawa nito ay nabago na ninyo ang katangian ng fireside mula sa pagiging gawain ng proklamasyon upang maging gawain ng pagtuturo?

Ano ang ilan sa mga paraang magagawa ninyo upang ang fireside ay maging higit na gawain ng pagtuturo?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

## BAHAGI 3

Ngayon, habang nasa isipan ang pagkakaiba sa pagitan ng pagtuturo at proklamasyon, isipin natin kung paano nating kikilalanin ang mga kaluluwang handang tumanggap, yaong hinahanap ng mga puso ang katotohanan. Mangyari pa, kailangan nating patuloy na magdasal na gagabayan tayo ng Diyos patungo sa yaong mga inihanda na Niya upang tanggapin ang Kaniyang mensahe. Subalit kailangang makilala natin sila kapag nakakaharap natin sila. Ito ay hindi laging madali. Kahit sa kaso ng sama-samang pagsisikap na magturo sa isang populasyon na mataas ang kahandaang tumanggap, hindi lahat ay magnanais na marinig ang mensahe at tanggapin ang katotohanan nito; iniiwan sa atin ang paghanap sa mga kaluluwang iyon na handang tumugon sa panawagan ni Bahá'u'lláh.

Maaaring ang isang taong handang tumanggap ay waring hindi naman hinahanap ang Pananampalataya, o maaaring hindi nahihilig sa relihiyon. Sa katunayan, mahalagang maunawaan na ang pagiging handang tumanggap at ang pagiging relihiyoso ay hindi magkaparehong bagay. Ang kinakailangan ay isang kalagayan kung saan ang tao ay handang matuto tungkol sa mga katuruan at saliksikin ang katotohanan ng mga ito taglay ang isang antas ng pagiging bukas ang isipan. Habang nagtatamo tayo ng karanasan sa pagtuturo, at habang ang ating mga kakayahang espiritwal ay nagiging higit pang matalas, ang ating kakayahang mabatid ang kalagayang ito ay tumataas.

Bagaman hindi posibleng magbigay ng tiyak na mga batayan kung ano ang nagsasanhi sa pagiging handang tumanggap ng isang tao, maaari nating matukoy ang ilang mga bagay na maaaring nakatutulong. Madalas na ang mga bagay na ito ay nagbubunsod sa mga tao upang maging higit na handang tumanggap sa ilang mga yugto ng kanilang mga buhay sa loob ng tanging haba ng panahon. Ito ay totoo kapuwa para sa mga indibidwal at para sa buong mga populasyon. Talakayin ang paksang ito sa ibang mga miyembro ng inyong grupo at isulat ang mga bagay, na sa inyong palagay, ay makatutulong upang maging higit na handang tumanggap ang tao, tulad ng sumusunod na halimbawa:

Pagkakabatid sa malawakang pag-iral ng kawalan ng katarungan sa daigdig

Iminumungkahing bago lumipat sa kasunod sa bahagi ay nilay-nilayin ninyo ang siping ito na isinulat ni Shoghi Effendi. Tinatalakay nito ang ugnayan sa pagitan ng kaguluhan ng kasalukuyang panahon at ang kahandaang tumanggap sa Kapakanan.

> **"Ang mga pagkakataong ibinibigay ng kaguluhan ng kasalukuyang panahon, kasama ang lahat ng mga pighating pinupukaw nito, ang mga pangambang pinaliliyab nito, ang kabiguang ibinubunga nito, ang mga kalituhang nalilikha nito, ang galit na inaantig nito, ang paghihimagsik na ibinubunsod nito, ang mga hinaing na idinudulot nito, ang diwa ng balisang paghahanap na ginigising nito, sa gayunding paraan, ay dapat gamitin para sa layunin ng pagpapalaganap sa malayo't malawak ng kaalaman sa nakaliligtas na kapangyarihan ng Pananampalataya ni Bahá'u'lláh, at para sa pagpapaanib ng bagong mga kasapi sa patuloy na lumalaking hukbo ng Kaniyang mga tagasunod."**[2]

Napakalinaw nating nakikita na ang inilarawan ng Guardian napakaraming dekada noong nakaraan sa pag-iral ng pandaigdig na kaguluhan ay lalo lang tumitindi sa paglipas ng panahon habang ang lumang kaayusan ay patuloy na gumuguho. Nasa ibaba ang ilan sa mga kalagayang ibinubunga nitong kaguluhan. Talakayin sa inyong grupo ang mga ipinahihiwatig ng bawat isa para sa ating mga pagsisikap sa pagtuturo.

- Ang mga pighating pinupukaw nito
- Ang mga pangangambang pinaliliyab nito
- Ang kabiguang ibinubunga nito
- Ang mga kalituhang nalilikha nito
- Ang galit na inaantig nito
- Ang paghihimagsik na ibinubunsod nito
- Ang mga hinaing na idinudulot nito
- Ang diwa ng balisang paghahanap na ginigising nito

## BAHAGI 4

Kapag nakatatagpo tayo ng mga taong handang tumanggap, nakikipag-usap tayo sa kanila, kung minsan ay sa medyo maikling panahon lamang at kung minsan ay nagpapatuloy, na ang layunin niyon ay tulungan silang makilala ang Katayuan ni Bahá'u'lláh. Subalit ano dapat ang nilalaman ng mga usapang ito? Ano ang dapat nating sabihin sa mga tinuturuan natin?

Ang sagot sa katanungang ito ay hindi simple. Alam na ninyo, mula sa karanasang natamo na ninyo hanggang sa ngayon mula sa pagbabahagi ng mga katuruan at mga simulain ng Pananampalataya sa inyong mga kaibigan at sa mga pamilya sa inyong pamayanan, na walang pormula na maaari nating matutunan at ulitin sa lahat sa bawat sitwasyon. Ang mga indibidwal na nakakausap natin ay bawat isang nasa tanging kalagayang espiritwal na magkakaiba ang mga pangangailangan at mga katanungan. Habang sinisikap nating ituro ang Kapakanan, kailangan nating patuloy na magnilay-nilay sa kung paano maipaliliwanag ang mga katotohanan nito sa bawat naghahanap—kung ano ang sasabihin, at sa kung anong pagkakasunod-sunod sasabihin ang mga kaisipan.

Gayumpaman, samantalang dapat nating batid ang indibidwal na mga pagkakaiba, hindi tayo dapat magkamaling labis na bibigyang-diin ang mga ito hanggang sa hindi na natin maalaala ang saligang pagkakaisa sa buhay ng tao. Ang paraan ng pagtugon ng tao sa mensahe ni Bahá'u'lláh ay umaalinsunod sa ilang mga paraan, at ang mga paraang ito ay nagiging higit pang malinaw sa mga magkapareho ang kultura at pinanggalingan. Halimbawa, kung ikaw ay isang estudyante, at itinalaga mo ang iyong sarili sa pagtuturo sa iyong mga kaedad, unti-unti mong matutuklasan ang isang paraan ng pagpapakilala sa Pananampalataya na mapatutunayang mabisa sa karamihan ng iyong mga kaibigan. Ang mga detalye ng iyong sasabihin ay magbabago sa bawat pagkakataon samantalang ang magkakaibang mga katanungan ay inihaharap at ang magkakaibang hilig ang ipinahahayag. Subalit mananatiling pareho ang saligang paraan.

Habang sinisimulan ninyong pag-isipan nang masistema ang paraan ng inyong pagpapaliwanag ng Pananampalataya sa mga iba, maaaring makatulong ang pagsasaalang-alang ng dalawang aspekto ng mensaheng ibabahagi ninyo. Ang una ay impormasyon. Natural lamang na nanaisin ng tagapakinig na malaman ang ilang mga impormasyon tungkol sa Pananampalataya. Saan ito nagsimula? Gaano kalaki ang pamayanang Bahá'í? Gaano kalawak ang saklaw nito? Naniniwala ba ang mga Bahá'í sa kabilang buhay? Ano ang saligang mga simulain ng Pananampalatayang Bahá'í? Tulad ng inyong magugunita, ang bilang ng mga impormasyong nauugnay sa Pananampalataya ay labis na napakarami. Ang uri ng impormasyong ibibigay ninyo sa isang tao sa alinmang pagkakataon ay mababatay sa uri ng inyong usapan. Subalit may ilang mga impormasyong karaniwan ay kailangang malaman ng isang nagsasaliksik sa unang mga yugto ng kaniyang pagsasaliksik, at nakatutulong nang malaki ang pag-isipan ang mga ito. Sa puwang sa ibaba, isulat ang ilang mga impormasyon na maaaring nanaisin ninyong ibahagi. Hindi kayo dapat maging labis na mapaghanap sa paggawa ng inyong listahan. Hihilingin naman sa inyong balikan ito at baguhin pagkatapos nating talakayin ang ilang karagdagang punto sa kasunod na mga bahagi.

Ngayon ay ihambing ang inyong listahan sa ginawa ng inyong mga kasamahan sa kursong ito.

## BAHAGI 5

Sa nakaraang bahagi, sinuri natin ang isang aspekto ng mensaheng ibinabahagi natin sa mga tao sa ating mga pagsisikap na ituro ang Pananampalataya, na iyon ay ang impormasyon. Subalit alam natin na ang pagtuturo ay higit pa sa pagbibigay lamang ng impormasyon. Isipin halimbawa ang impormasyon, na pinakamahalaga sa paniniwalang Bahá'í, na si Bahá'u'lláh ang Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyang panahon. Ang pahayag na "Naniniwala ang mga Bahá'í na si Bahá'u'lláh ang Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyang panahon" ay isa lamang impormasyon, bagaman sa katunayan ito ang pinakahamahalagang impormasyon sa sanlibutan. Subalit ang pagsabi lamang nito ay sapat na ba upang ang karamihan ng tao ay matulungang kilalanin ang Katayuan ni Bahá'u'lláh?

Ngayon isipin ang isang bagay na bagaman nauugnay sa impormasyong ito, ay hindi impormasyon lamang, yaon ay ang konseptong "Si Bahá'u'lláh ang Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyang panahon". Samantalang ang impormasyon ay kailangan lamang ibigay at tanggapin, ang pagtanggap sa konsepto ay nangangailangan ng pag-unawa. Ano ang ibig sabihin ni Bahá'u'lláh sa "Diyos" at sa "Kahayagan", at ano ang katangian ng Kaniyang pag-angkin ng pagiging Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyang panahon?

Ang isa pang halimbawa ay ang pahayag na "Ang mga Bahá'í ay sumusunod sa mga batas na dinala ni Bahá'u'lláh." Kapag tiningnan nang ganito lamang, malinaw na itong pahayag ay isa lamang impormasyon, bagaman muli ay napakahalaga. Subalit ang pagbigay ng impormasyon ay isang napakaliit na bahagi lamang ng pagpapaliwanag sa isang tao na bilang isang Bahá'í, kailangan niyang sumunod sa ilang mga batas. Upang magawa iyon, kailangang tulungan ang taong iyon na maunawaan ang ilang magkakaugnay na ideya, halimbawa, ang napakalalim at napakagandang konsepto ng "batas" na inilarawan ni Bahá'u'lláh nang tawagin

Niya ang Kaniyang mga batas bilang “mga tanglaw ng Aking mapagmahal na pagkupkop sa Aking mga tagapaglingkod, at ang mga susi ng Aking habag sa Aking mga nilalang”.

Kapag nakita na ninyo ang pagkakaiba sa pagitan ng impormasyon at konsepto, hindi na kayo mahihirapang tukuyin ang ilang mga konsepto, na ang pag-unawa ng mga iyon ay makatutulong sa mga nagsasaliksik upang makilala si Bahá’u’llah at sumali sa mga ranggo ng Kaniyang mga tagasunod. Sikaping gumawa ng ganoong listahan. Muli ay isulat ang lahat ng mga konseptong naiisip ninyo, nang hindi nag-aalala sa kahabaan ng inyong listahan o sa pagkakasunod-sunod ng mga ito. Babalikan ninyo ito at muling susuriin sa kalaunan.

Ngayon ay ihambing ang inyong listahan sa ginawa ng inyong mga kasamahan sa kursong ito.

## BAHAGI 6

Yamang napag-isipan na ang pagkakaiba sa pagitan ng mga konsepto at ng impormasyon, ngayon ay ituon natin ang ating talakayan sa kung ano ang inyong sasabihin sa unang pakikipag-usap ninyo sa taong interesadong malaman ang tungkol sa Pananampalataya subalit ay kaunti lamang ang nalalaman tungkol dito. Tandaan na ang inyong layunin ay tumulong upang mabuksan kay Bahá'u'lláh ang mga pinto sa lungsod ng puso ng naghahanap. Natural lamang na kailangan ninyong bigyan ang tagapakinig ng ilang impormasyo at tulungan siya sa pag-unawa ng ilang pangunahing konsepto. Malinaw na ang pangunahing konsepto na nanaisin ninyong maipabatid ay si Bahá'u'lláh ang Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyang panahon, sapagkat nababatay sa pag-unawa nito ang kaniyang pagpasiya kung siya ay sasali sa pamayanang Bahá'í. Kung gayon, habang isinasaisip itong pangunahing konsepto, sasabihin ninyo ang ilang mga bagay, na ang lahat ng mga iyon ay upang ang konsepto ay maging malinaw at aakay sa naghahanap tungo sa pagkilala sa Katayuan ni Bahá'u'lláh.

Sa pagpili sa mga konsepto at sa impormasyong ibabahagi ninyo, at ang pagkakasunod-sunod ng inyong pagbabahagi nito, kailangan ninyong maingat na pag-isipan ang sumusunod na sipi na isinulat ng Universal House of Justice:

> **"Yaong ipinapahayag ang kanilang mga sarili bilang mga Bahá'í ay dapat na narahuyo sa kagandahan ng mga Turo, at naantig ng pag-ibig kay Bahá'u'lláh. Hindi kinakailangang malaman ng mga nagpapatala ang lahat ng mga katibayan, kasaysayan, mga batas at mga simulain ng Pananampalataya, subalit sa proseso ng pagpapatala nila, kinakailangan, bukod sa pagkakaroon ng maliit na ningas ng pananalig, ay magkaroon sila ng sapat na kaalaman tungkol sa Pangunahing mga Katauhan sa Pananampalataya, at gayundin ang pagkakaroon ng mga batas na dapat nilang isagawa at ng isang pangasiwaan na dapat nilang sundin."**[3]

Ngayon ay balikan ang mga listahan ng mga konsepto at ng impormasyon na inyong inihanda sa nakaraang mga bahagi. Batay sa mga salita ng Universal House of Justice sa itaas, ipasiya kung ano ang inyong idaragdag sa inyong listahan ng impormasyon at kung ano ang aalisin ninyo. Gumawa ng bagong listahan, at ilagay ang mga iyon ayon pagkakasunud-sunod ng inyong pagbabahagi sa isang pagpapakilala sa Pananampalataya. Ganoon din ang inyong gawin sa inyong listahan ng mga konsepto.

Impormasyon: ______________________________

Mga Konsepto:

## BAHAGI 7

Upang makatulong sa inyong pag-isipan nang higit pa ang mga konsepto at impormasyon na isasama ninyo sa pagpapaliwanag tungkol sa Pananampalataya sa unang pagkakataon, gagamitin natin ang isang sitwasyong kathang-isip at susuriin kung ano ang sinasabi roon.

Si Anna ay isang kabataang labimpitong gulang na naninirahan sa isang maliit na nayon sa piling ng kaniyang pamilya at pumapasok sa paaralan sa bayan na malapit lamang. Lumaki siya bilang isang Katoliko at apat na taon noong nakaraan ay narinig ang tungkol sa Pananampalataya mula sa kaniyang kuya. Mula noon ay nag-aaral siya ng mga kurso ng institute at isinasagawa ang mga gawain ng paglilingkod, na kabilang na roon ang pagdaraos, sa tulong ng isang bata pang ina, ng Bahá'í na klase para sa mga bata sa tuwing linggo.

Si Emilia ay pumapasok din sa paaralang pinapasukan ni Anna. Siya ay lumaki rin bilang Katoliko. Narinig na niya ang Pananampalatayang Bahá'í subalit kaunti lang ang alam

niya tungkol dito. Kaugnay naman ng sarili niyang mga paniniwala, bagaman hindi siya masyadong abala sa relihiyon, nasa puso niya ang pagmamahal kay Kristo at siya ay isang mabait na tao. Nang itanong ni Anna sa kaniya kung gusto niyang sumama sa itinuturo niyang klase para sa mga bata, masayang sumama sa kaniya si Emilia. Nasiyahan siya sa klase at sa pagtulong sa mga bata sa pagsasaulo ng mga dasal at mga sipi mula sa mga Kasulatang Bahá'í. Ang mga salita ni Bahá'u'lláh ay tumimo sa kaniyang puso at sinabi niya kay Anna, "Pwede mo bang ibahagi sa akin ang higit pa tungkol sa Pananampalatayang Bahá'í?"

Sa susunod na mga bahagi, babasahin ninyo ang mga salitang pambungad ni Anna habang sinisimulan niyang turuan ang kaniyang kaibigan. Dapat ninyong pag-aralang mabuti ang mga ito at isagawa ang kaakibat na mga pagsasanay nang buong ingat. Ang mga pagsasanay na ito ay binuo upang tulungan kayong makabuo ng ilang pasiya tungkol sa kung paano ninyo ipaliliwanag ang Pananampalataya sa magkakaibang mga grupo ng mga tao. Bago tumungo sa mga bahaging ito, maaaring nanaisin ninyong isulat sa ibaba ang pinanggalingan o kinalakihan ng ilan sa mga taong malamang na tuturuan ninyo.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## BAHAGI 8

Ganito ang pagsimula ni Anna sa pagbabahagi ng Pananampalataya kay Emilia:

Nalalaman mo nang isang pandaigdig na relihiyon ang Pananampalatayang Bahá'í, na ang mga katuruan nito ay nakasentro sa pagkakaisa ng sangkatauhan. Ang mga Bahá'í ay mga tagasunod ni Bahá'u'lláh, na naniniwala silang Siya ay ang Siyang Ipinangako ng lahat ng panahon. Kasama sa mga tradisyon ng halos lahat ng sambayanan ang pangako ng isang kinabukasan kung kailan ang kapayapaan at pagkakasundo ay maitatatag sa daigdig at ang sangkatauhan ay mabubuhay sa kasaganaan. Naniniwala kaming ang ipinangakong oras na iyon ay dumating na at si Bahá'u'lláh ay ang dakilang Katauhan na iyon, na ang Kaniyang mga katuruan ang magbibigay-daan upang magawa ng sangkatauhan ang bumuo ng isang panibagong daigdig. Sa isa sa Kaniyang mga Kasulatan, sinasabi ni Bahá'u'lláh:

**"Yaong itinadhana ng Panginoon bilang pinakamakapangyarihang lunas at pinakamalakas na kasangkapan para sa pagpapagaling sa buong daigdig ay ang pagkakaisa ng lahat ng mga sambayanan nito sa iisang pandaigdig na Kapakanan, sa iisang Pananampalataya para sa lahat."**[4]

Kung papayag ka, ibabahagi ko nang maikli kung paano inilalarawan ng mga katuruan ng Pananampalatayang Bahá'í ang Diyos at ang ugnayan natin sa Kaniya. Itinuturo ni Bahá'u'lláh sa atin na hindi maaaring makilala ang Diyos sa Kaniyang mismong Diwa. Ang ibig sabihin nito ay kung anuman ang larawang nasa isipan natin tungkol sa Diyos—halimbawa, ang pag-iisip na Siya ay isang tao—ay bunga lamang ng sarili nating imahinasyon. Sa karaniwan, ang bagay na nilikha ay hindi mauunawaan ang lumikha rito. Halimbawa, hindi mauunawaan ng mesa ang likas na katangian ng karpinterong gumawa rito. Ang buhay ng karpintero ay lubusang di-mauunawaan ng mga bagay na kaniyang ginagawa.

Ang Diyos ang Manlilikha ng lahat ng bagay. Sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh na ang sangkatauhan ay nilikha mula sa pag-ibig ng Diyos. Sinasabi Niya:

**"O Anak ng Tao! Inibig Ko ang paglikha sa iyo, kaya ika'y nilikha Ko. Kung gayon, pakaibigin mo Ako, nang sa ganiyan ay banggitin Ko ang iyong pangalan at puspusin ang iyong kaluluwa ng espiritu ng buhay."**[5]

Sa gayon, kahit na hindi maarok ng ating pag-unawa ang pag-iral ng Diyos, ang Kaniyang pag-ibig ay walang-puknat na dumarating sa ating mga buhay at sa ating pagkatao. Ang paraan ng pagdaloy sa atin ng pag-ibig na ito ay sa pamamagitan ng Kaniyang Kasunduang walang-maliw. Sang-ayon dito sa Kasunduang walang-maliw, kailanman ang Diyos ay hindi tayo iiwanang mag-isa at walang patnubay. Sa bawat panahon, sa tuwing lumalayo ang sangkatauhan sa Kaniya at nalilimot ang Kaniyang mga katuruan, ang isang Kahayagan ng Diyos ay dumarating at ipinababatid sa atin ang Kaniyang Kalooban at Layunin.

Ang salitang "ihayag" ay nangangahulungang isiwalat o ilabas ang isang bagay na dati ay hindi nalalaman. Ang mga Kahayagan ng Diyos ay natatanging mga Katauhan na Sila ang nagsisiwalat sa sangkatauhan ng Salita at Kalooban ng Diyos; sa gayon kapag pinakinggan natin Sila, tumutugon tayo sa Panawagan ng Diyos.

May isang halimbawa mula sa pisikal na daigdig na nakatutulong sa atin upang maunawaan ang konsepto ng "Kahayagan" sang-ayon sa itinuturo ni Bahá'u'lláh. Sa daigdig na ito, ang araw ang pinagmumulan ng lahat ng init at liwanag, na kung wala iyon ang buhay ay hindi maaaring umiral sa planeta. Subalit ang araw mismo ay hindi bumababa sa lupa, at kung susubukan nating lumapit doon, tayo ay lubos na matutupok.

Subalit kung halimbawa ay kukuha tayo ng isang makintab na salamin at ihaharap ito sa araw, makikita natin doon ang larawan ng araw, at habang mas ganap ang kintab ng salamin, mas perpekto rin ang larawan doon. Ang mga Kahayagan ng Diyos ay tulad ng perpektong mga Salamin na inaaninag ang Liwanag ng Diyos sa buong karingalan nito. At ang lahat ng mga Salamin na ito ay inaaninag ang iisang Liwanag lamang. Bagaman ang Diyos ay hindi natin kayang abutin, itong perpektong mga Nilalang ay dumarating sa atin sa pana-panahon, nabubuhay nang kasama natin, binibigyan tayo ng patnubay, at pinupuspos tayo ng lakas na kinakailangan natin upang umunlad sa materyal at espiritwal.

Mapalad ka dahil pinalaki ka sang-ayon sa mga katuruang ipinadala ng Diyos sa sangkatauhan mahigit dalawang libong taon noong nakaraan sa pamamagitan ng Kaniyang Kahayagan, si Kristo, na ang Kaniyang Katayuan ay bilang ang Anak ng

Diyos. Ngayon ay maaari mong tanggapin ang mga katuruan ng isang bagong Kahayagan, si Bahá'u'lláh, na ang Kaniyang taguri ay nangangahulugang ang "Gloria ng Diyos". Sa gayon ang mga katuruan ni Bahá'u'lláh ay nasa lubos na pagkakasundo sa mga katuruan ni Kristo, subalit ay hinaharap ng mga ito ang kalagayan ng sangkatauhan sa kasalukuyang panahon. Kung iisipin mo sandali ang suliranin ng sangkatauhan, nakatitiyak akong sasang-ayon kang napapanahon ang pagdating ng bagong Kahayagan ng Diyos. Hayaan mong bigkasin ko ang isang sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh na nagsasabi tungkol sa Araw kung kailan tayo ay nabubuhay:

**"Ito ang Araw na ibinuhos sa mga tao ang pinakamabuting kagandahang loob ng Diyos, ang Araw na inilalin sa lahat ng nilikhang bagay ang Kaniyang napakalaking biyaya. Tungkulin ng lahat ng sambayanan ng daigdig na pagkasunduin ang kanilang mga hidwaan, at sa lubos na pagkakaisa at kapayapaan, ay manahan sa ilalim ng lilim ng Puno ng Kaniyang pangangalaga at masuyong kabaitan."**[6]

Bago magpatuloy, baka dapat akong huminto sandali rito upang talakayin natin ang anumang mga katanungan mo. Ano ang masasabi mo tungkol sa ibinahagi ko sa iyo?

## BAHAGI 9

Ngayon ay suriin natin kung ano ang sinabi ni Anna hanggang dito. Limang aspekto ng kaniyang pagbabahagi ang sinusuri sa mga pagsasanay sa ibaba. Markahan ang mga pahayag na sinasang-ayunan ninyo. Ang mga pagsasanay na ito ay hindi nangangailangan ng mahabang talakayan. Dapat lamang ninyong basahin ang bawat pahayag, suriin iyon, at ipasiya kung sang-ayon ba kayo o hindi. Ang mahalagang tandaan ay ang pagtuturo ng Pananampalataya ay dapat harapin taglay ang saloobin ng pagsisikap matuto.

1. Nagsimula si Anna sa pagsabing ang Pananampalatayang Bahá'í ay isang pandaigdig na relihiyon, na ang mga katuruan nito ay nakasentro sa kaisahan ng sangkatauhan. Pagkatapos ay agad niyang ipinakikilala si Bahá'u'lláh bilang ang Siyang Ipinangako ng lahat ng panahon.

______ Ang agarang pagpapakilala kay Bahá'u'lláh bilang ang Siyang Ipinangako ay isang napakahusay na paraan ng pagbabahagi ng Pananampalataya sa mga tao mula sa lahat ng relihiyon—mga Kristiyano, Muslim, Hindu, Buddhista at iba pa—sapagkat ang konsepto ng Siyang Ipinangako ay umiiral sa bawat tradisyon ng relihiyon sa isa o iba pang anyo

______ Ang karamihan ng tao sa kasalukuyan ay hindi naman talaga interesado sa relihiyon, kahit pa bahagi sila niyon, kaya pinakamabuting hindi muna ipakilala agad ang Katauhan ni Bahá'u'lláh. Mas mabisa ang pag-usapan muna ang mga paniniwalang Bahá'í, ipinaliliwanag nang medyo madetalye ang iba't ibang mga simulain tulad ng pagkakapantay-pantay ng mga lalaki at babae, ng pagwawaksi ng lahat ng uri ng pagtatangi, at ng kapayapaang pandaigdig.

______ Kung ang inyong tinuturuan ay nahihirapang maniwala sa Diyos, maaari pa rin ninyong ipakilala agad ang Katauhan ni Bahá'u'lláh. Subalit sa ganoong

pagkakataon ay tutukuyin ninyo Siya bilang isa sa pangkalahatang mga Tagapagturo na dumarating sa sangkatauhan sa pana-panahon. Sa kalaunan ay ipakikilala ninyo ang konsepto ng "Kahayagan ng Diyos".

______ Ang pagbabahagi ni Anna ay magiging higit na mabisa kung, pagkatapos niyang ipakilala si Bahá'u'lláh bilang ang Siyang Ipinangako sa lahat ng mga panahon ay babanggit siya ng ilang mga propesiya upang patunayan kay Emilia na Siya na nga ang pagsasakatuparan ng bawat isa.

______ Sa napakaraming mga pagkakataon, ang paggamit ng mga propesiya upang patunayan sa mga tao ang katunayan ng Katayuan ni Bahá'u'lláh ay nagbubunga ng mga sigalot. Malamang na makikipagtalo ang mga tao, sa halip na ilagay sila sa kalagayan ng mapagliming pagninilay-nilay. Ibinabahagi ni Anna ang mahalagang ideya na si Bahá'u'lláh ay ang Siyang Ipinangako sa lahat ng mga panahon subalit nasa katwiran siyang hindi dumako sa mga detalye.

2. Pagkatapos kausapin si Emilia tungkol sa katauhan ni Bahá'u'lláh, inilalarawan nang maikli ni Anna ang konsepto ng Diyos at ang ugnayan ng tao sa Kaniya. Lalong mahalaga ang paraan ng pagbabahagi niya sa mga ideyang ito. Hindi siya nagsisimula sa pagsabing "Naniniwala ang mga Bahá'í …", o lalong hindi na "Naniniwala ako …" Nililinaw niyang humahango siya mula sa mga katuruan ni Bahá'u'lláh nang sa gayon ay nananatili sa Kaniya ang pagtutok ng pansin.

______ Sa kasalukuyang daigidg, kapag binanggit ang Diyos at ang ugnayan ng sangkatauhan sa Kaniya nang masyadong maaga sa isang usapan tungkol sa Pananampalataya ay masisira ang interes ng tao. Ang karamihan ng mga tao ay mas interesado sa mga isyung panlipunan kaysa sa espiritwal. Mas mainam na hindi banggitin ni Anna ang paksa.

______ Ang pagpapakilala sa ideya ng Diyos, sang-ayon sa ipinaliliwanag sa mga katuruang Bahá'í, bilang Diwa na di-maaaring makilala ay lubusang kapaki-pakinabang sa mga naghahanap mula sa lahat ng relihiyon at kahit sa mga nahihirapang maniwala sa Diyos. Agad nitong ibinubukod ang Pananampalataya mula sa lahat ng uri ng mga paniniwalang bunga ng pamahiin at walang batayan sa katwiran. Kasabay niyon, tinutugunan nito ang pagnanasa sa kaluluwa ng naghahanap upang kilalanin ang kaniyang Pinagmulan.

3. Nag-iingat si Anna na gamitin ang salitang "kahayagan" sa tuwing tinutukoy niya si Bahá'u'lláh at si Kristo. Ang larawan ng isang salamin ay nakatutulong sa kaniya sa pagpapaliwanag ng konseptong ito kay Emilia.

______ Ang salitang "kahayagan" ay masyadong mahirap. Ang dapat gamitin ni Anna ay ang salitang "propeta" sapagkat ito ay kapuwa mas simple at mas madaling maunawaan.

______ Ang taong mula sa Katoliko ay ituturing na kabastusan ang tukuyin si Kristo bilang isang Propeta. Gayundin, kapag tutukuyin ni Anna si Bahá'u'lláh

bilang isang “Propeta”, ang palagay na maipababatid niya kay Emilia ay mas mababa ang Kaniyang Katayuan kaysa kay Kristo.

______ Kung ang tinuturuan ay isang Muslim, ang salitang “mensahero” ay magagamit nang mabisa, sapagkat tinutukoy ng mga Muslim si Muḥammad bilang Mensahero ng Diyos, subalit ang konsepto ng “Kahayagan ng Diyos” ay dapat ding ipaliwanag.

______ Tama ang ginawa ni Anna sa pag-iwas sa lantarang pagsabi na si Bahá’u’lláh ang Pagbabalik ni Kristo sapagkat ang ideya ng “pagbabalik” ay napakagulo sa isipan ng mga tao na walang paraan upang malaman kung ano kaya ang kahulugan nito para kay Emilia. Sa paggamit ng paghahalintulad ng salamin, naibabahagi ni Anna ang konsepto nang hindi ginugulo ang paksa.

______ Ayon sa karunungan ang ginawa ni Anna na hindi umubos ng panahon sa konsepto ni “Kristo bilang Anak ng Diyos”. Binanggit lamang niya iyon at pagkatapos ay sinabing si Bahá’u’lláh ang Luwalhati ng Diyos. Sa ganitong paraan, tinatanggap ni Anna ang isang tanging katotohanan nang hindi inililihis ang usapan.

______ Kung ang tinuturuan ay isang tao mula sa relihiyong Hindu, gagamitin mo pa rin ang paghahalintulad sa salamin upang ilarawan ang konsepto ng “Kahayagan”. Subalit sa halip na tukuyin si Kristo, babanggitin mo ang sinabi ni Panginoong Krishna na: “Sa tuwing bumababa ang pagkamatwid, O Bharat, at tumataas ang kawalan ng relihiyon, sa panahong iyon ay ipinadadalo Ko ang Aking espiritu. Para sa kaligtasan ng mabuti, sa pagkawasak ng masama, at para sa matibay na pagtatatag ng tunay na relihiyon, Aking inihahayag ang Aking sarili sa pana-panahon.”

_____ Sa pagpapakilala sa Diyos bilang Diwa na di-maaaring makilala, tinatanggap ni Anna na nakasara sa atin ang pinto tungo sa kaalaman sa Diyos. Subalit ang Diyos, mula sa Kaniyang habag, ay ipinadadala sa atin ang Kaniyang mga Kahayagan, na bilang ganap na mga Salamin, ay inaaninag ang lahat ng Kaniyang mga katangian at isinisiwalat sa atin ang Kaniyang Layunin. Itong paliwanag sa konsepto ng “Kahayagan ng Diyos” ay naaangkop sa lahat, maging sa mga nahihirapang maniwala sa Diyos, isang kahirapan na madalas ay bunga ng karaniwang paglalarawan sa Diyos.

4. Habang kinakausap niya si Emilia, si Anna ay tuwirang sumisipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh nang ilang beses.

______ Ang mga salita sa mga sipi ay masyadong mahirap. Mas mabuti pa kung umiwas si Anna sa tuwirang pagsipi mula sa mga Kasulatan, lalo na nang napakaaga sa kaniyang paglalahad, at ibigay na lamang niya ang mga ideya sa sarili niyang mga salita. Higit pa rito, nanganganib siyang maging waring pastor.

______ Isinasama ni Anna ang mga sipi sa kaniyang paglalahad sa isang natural na paraan, na iyon ay lubos na sumasang-ayon sa payo ni Bahá’u’lláh mismo.

Kahit pa hindi lubusang maunawaan ng kaniyang kaibigang si Emila ang mga sipi, ang mga salita ay magkakabisa sa kaniyang puso.

5. Gumagamit din si Anna ng dalawang paghahalintulad sa pagtalakay kay Emilia ng mahirap na mga konsepto. Tulad ng nabanggit sa itaas, ang paghahalintulad ng araw at ng salamin ay nakatutulong upang maipaliwanag ni Anna ang pariralang "Kahayagan ng Diyos". Ang isa pang paghahalintulad na ginagamit niya ay ang karpintero at mesa upang ilarawan ang konseptong ang Diyos ay hindi maaabot ng pag-unawa ng tao.

______ Kapag gumagamit ka ng mga paghahalintulad sa pagpapaliwanag ng Pananampalataya sa mga tao, aakalain nilang kinakausap mo sila sa paraan ng pagkausap sa bata. Ayaw ng mga taong tratuhin sila bilang mga musmos.

______ Ang paggamit ng paghahalintulad ay isang mabisang paraan ng pagtuturo sa lahat ng tao—bata o matanda, hindi nakapag-aral o pormal na nakapag-aral. Sa katunayan, kapag walang mga paghahalintulad, magiging napakahirap unawain ang ilan sa napakalalim na mga katotohanang nilalaman ng mga katuruan ng Pananampalataya.

## BAHAGI 10

Bagaman humihinto si Anna upang bigyan ng pagkakataon ang kaniyang kaibigan na ipahayag ang kaniyang mga damdamin at magharap ng mga katanungan, sa maagang yugto na ito ng usapan, halos walang sinasabi si Emilia. Sinasabi lamang niya kay Anna na nagustuhan niya ang lahat ng narinig niya hanggang doon. Lalo siyang humahanga sa malinaw na katwiran na ginagamit sa Pananampalatayang Bahá'í upang ipaliwanag ang mga bagay-bagay; nililinaw nito ang napakaraming nakagugulo sa isipan ng tao sa kasalukuyan ukol sa relihiyon. Pagkatapos ay ipinasiya ni Anna ang magpatuloy:

Ngayon ay tulutang ibahagi ko sa iyo ang ilang mga ideya kaugnay ng pangunahing katuruan ng Pananampalatayang Bahá'í, na ang sangkatauhan ay iisa. Sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh na tayo ang mga bunga ng iisang puno at mga dahon ng iisang sanga. Bagaman magkakaiba tayo sa isa't isa sa pisikal, bagaman magkakaiba ang ating mga talento at mga kakayahan, tayong lahat ay umusbong mula sa iisang ugat; tayong lahat ang bahagi ng iisang pamilya ng tao.

Ang sangkatauhan ay maihahalintuladd sa isang malawak na hardin kung saan magkakatabing tumutubo ang mga bulaklak ng bawat anyo, kulay, at kabanguhan. Ang halina at ganda ng hardin ay nasa pagkakaiba-iba nito. Hindi natin dapat hayaan ang mga pagkakaiba sa pagitan natin—sa ating pisikal na mga katangian, sa ating mga pag-uugali, sa ating mga pinanggalingan, sa ating mga kaisipan at mga pananaw—na magbunga ng salungatan at away. Dapat nating makita ang mga miyembro ng lahi ng tao bilang magandang mga bulaklak na tumutubo sa hardin ng sangkatauhan at magdiwang na bahagi tayo ng harding ito.

Bagaman ang kaisahan ng sangkatauhan ay isang katotohanang hindi maitatatwa, ang mga sambayanan ng daigdig ay napakalayo mula roon na hindi madaling gawain ang pagkaisahin sila. Kung pipiliin mong sumapi sa Pananampalatayang Bahá'í—at iyon

ay magdudulot ng malaking kaligayahan sa akin—tinatanggap mo si Bahá'u'lláh bilang Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyan panahon at sisikaping ipatupad ang Kaniyang mga katuruan hindi lamang sa sarili mong buhay kundi gayundin sa mga pagsisikap na makipagtulungan sa amin sa pagtatatag ng mga pamayanang masigla at nagkakaisa. Sinisikap nating lahat na iayon ang ating mga kaisipan at mga kilos sa ating paniniwala sa kaisahan ng sangkatauhan. Sinasabi sa atin na kapag ang isang kaisipan ng digmaan ay pumapasok sa ating isipan, dapat nating agad na palitan iyon ng kaisipan ng kapayapaan. Kapag ang isang damdamin ng pagkamuhi ay nagsisimulang mabuo sa ating mga puso, dapat nating palitan agad iyon ng damdamin ng pag-ibig. Dapat nating gawin ang lahat ng ating magagawa upang mapagtagumpayan ang ating mga pagkiling. Mga pagkiling sa lahi, kulay, nasyunalidad, kultura, relihiyon, at kasarian, ang mga ito ay kabilang sa pinakamalaking mga balakid sa pagtatatag ng isang higit na mabuting daigdig. Itinuturo sa atin ng napakaraming mga sipi sa mga kasulatang Bahá'í kung paano lumakad sa mga landas ng pagkakaisa at kung paano tutulungan ang mga iba na lumakad din sa landas na iyon. May isinaulo akong napakagandang sipi mula sa mga talumpati ni 'Abdu'l-Bahá, na magkukwento pa ako tungkol sa Kaniya sa susunod. Sinasabi Niya:

**"Iginuhit ni Bahá'u'lláh ang bilog ng pagkakaisa, gumawa Siya ng banghay para sa pag-iisa sa lahat ng mga mamamayan, at sa pagtitipon sa kanilang lahat sa ilalim ng bubong ng tolda ng pagkakaisang pandaigdig. Ito ang ginawa ng Banal na Kagandahang-loob, at tayong lahat ay dapat na maglunggating buong puso at kaluluwa hanggang sa makamtan natin ang realidad ng pagkakaisa, at samantalang tayo ay gumagawa, ang lakas ay ipagkakaloob sa atin."**[7]

## BAHAGI 11

Ang sumusunod na mga pagsasanay ay makatutulong sa inyo upang suriin ang dalawang aspekto ng paglalahad ni Anna:

1. Sa tanging pagkakataon na ito, pinili ni Anna ang magsalita muna tungkol sa paksa ng Diyos at ng Kaniyang Kahayagan at pagkatapos ay ang tungkol sa simulain ng pagkakaisa. Maaari din naman siyang magsimula sa kabaliktaran, sa pagtalakay muna sa simulain ng pagkakaisa, at pagkatapos ay talakayin ang Diyos at ang Kaniyang Kahayagan. Siguro ay pinili niya ang unang pagkakasunud-sunod dahil kilala niya si Emilia at inaakalang ito ay higit na angkop na pagkakasunud-sunod ng mga ideya para sa kaniya. May nakikita ba kayong pagkakalamang sa pagsimula sa isa o sa kabilang pagkakasunud-sunod? Ang pagkakasunud-sunod ba ng mga ideyang pipiliin ninyong ibahagi upang ipakilala ang Pananampalataya ay mababatay sa kung sino ang inyong tinuturuan? Paano? Makapagbibigay ba kayo ng ilang mga halimbawa?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

2. Sa kaniyang paglalahad, ipinahayag ni Anna ang kaniyang pag-asa na pipiliin ni Emilia ang maging isang Bahá'í at matututunang gamitin ang mga katuruan upang arugain ang sarili niyang paglaki bilang isang indibidwal at upang tumulong sa pagtatatag ng mga pamayanang masigla at nagkakaisa. Alin sa mga pahayag sa ibaba kayo sumasang-ayon? Markahan ang mga iyon.

______ Kahangalan ang anyayahang sumapi sa pamayanang Bahá'í ang isang tao habang kaunting-kaunti pa lamang ang nalalaman niya tungkol sa Pananampalataya. Malamang na minasama ni Emilia na sinusubukan ng kaniyang kaibigan na ikumberte siya.

______ Sa pagbigkas sa pag-asang si Emilia ay magiging Bahá'í, lumalampas si Anna sa mga hangganan ng kainamang-sukat at sapilitang nangungumberte na.

______ Sa pagbigkas ng pag-asang si Emilia ay magiging Bahá'í, nililinaw ni Anna habang maaga pa, na maaaring sumali si Emilia sa pamayanang Bahá'í sa anumang oras. Subalit ginagawa niya ito sa isaang paraan na hindi nadarama ni Emilia na siya ay pinipilit.

_____ Si Anna ay walang dahilan upang bigkasin ang pag-asang si Emilia ay sasapi sa Pananampalataya. Sapat nang tulungan ni Anna ang maging higit at higit pang nakikilahok sa mga gawain ng paglilingkod sa pamayanan, dahil iyon naman ang talagang mahalaga.

______ Kung gusto nating sumapi ang tao sa pamayanang Bahá'í, dapat hindi tayo bumanggit ng anuman tungkol sa kailangan nilang gawin hanggang hindi pa sila malapit sa Pananampalataya. Mas mabuti pa nga kung hintayin natin hanggang sila ay nagparehistro na bilang Bahá'í.

______ Sa kasawiang-palad, ang karamihan ng mga tao ay interesado lamang sa kung ano ang magdudulot ng kapakinabangan sa kanila. Wala silang malasakit sa magagawa nila upang makatulong sa daigdig sa palibot nila. Sa halip ng pakikipag-usap kay Emilia tungkol sa kung paano siya makikilahok sa mga pagsisikap na magtatag ng mga pamayanang masigla at nagkakaisa, dapat siyang kausapin ni Anna tungkol sa pagmamahal at mabuting samahang nadarama ng tao sa pagsapi sa Pananampalataya.

______ Nagkaroon si Anna ng tamang paninimbang sa pagbabahagi sa kaniyang kaibigan ng isang diwa, sa praktikal na mga salita, sa kung ano ang kahulugan ng kaniyang pagiging isang Bahá'í. Napabatid niyang ito ay mapanghamon

subalit hindi nakagagapi. Ang sipi na pinili ni Anna ay lalong mabisa, sapagkat nauunawaan ni Emilia na siya ay palalakasin sa kaniyang mga pagsisikap na gumawa para sa pagkakaisa at pag-unlad ng kaniyang nayon. Kapag maging kasapi na si Emilia ng pamayanang Bahá'í, malamang na hindi siya magiging isang tagapanood lamang na walang ginagawa, kundi ay magiging isang aktibong manggagawa ng Kapakanan.

## BAHAGI 12

Tulad ng karamihan ng tao sa kasalukuyan, si Emilia ay nahahalina sa mga katuruang Bahá'í ukol sa pagkakaisa. Pinasisigla ng kaniyang narinig tungkol sa mga pagsisikap ng mga Bahá'í sa napakaraming mga lugar na magtatag ng mga pamayanang nagkakaisa, siya ay pumapasok sa isang maikli subalit masiglang usapan kay Anna tungkol sa pinsalang idinudulot ng lahat ng uri ng pagtatangi. Pagkatapos ay itinuloy ni Anna ang kaniyang paglalahad:

Si Bahá'u'lláh ay isinilang noong 1817 sa Ṭihrán, ang kapitolyo ng Iran. Mula sa Kaniyang kamusmusan, Siya ay nakitaan na ng mga palatandaan ng kadakilaan. Bagaman tumanggap Siya ng kaunting pagtuturo sa tahanan, hindi Siya nangailangang pumasok sa paaralan, sapagkat pinagkalooban Siya ng Diyos ng likas na kaalaman. Si Bahá'u'lláh ay nagbuhat sa isang pamilyang maharlika, at nang Siya ay isang kabataan pa lamang ay inalok na sa Kaniya ang isang mataas na tungkulin sa korte ng hari, subalit iyon ay tinanggihan Niya. Nais Niyang ialay ang Kaniyang panahon sa pagtulong sa mga api, sa may karamdaman at mahirap, at sa pagtataguyod sa kapakanan ng katarungan.

May dalawang aspekto sa buhay ni Bahá'u'lláh na nais kong bigyang-diin. Ang isa ay ang pagdurusang dinanas Niya. Ang isa pa ay ang napakalaking impluwensiya Niya sa puso at isipan ng mga tao. Sa katunayan ang mga ito ay mga katangian ng buhay ng lahat ng mga Kahayagan ng Diyos.

Ang mga pagdurusa ni Bahá'u'lláh ay nagsimula sa oras na nagbangon Siya upang ipahayag ang Kapakanan ng Diyos. Ang buhay Niya ay binuo ng pagkapatapon, pagkakulong, at pag-uusig. Siya ay iginapos ng mga tanikala sa isang madilim at mapanglaw na bartolina sa Ṭihrán. Apat na beses Siyang ipinatapon mula sa isang lupain tungo sa isa pang lupain. Sa isa sa Kaniyang mga Tableta na ipinahayag sa panahon nitong mahabang pagkapatapon, isinulat Niya:

**"Alalahanin ang Aking mga araw sa iyong mga araw, at ang Aking kapighatian at pagkapatapon sa malayong bilangguang ito. At ikaw ay magpakatatag sa Aking pag-ibig sa paraang ang iyong puso ay hindi matitinag, kahiman ang mga tabak ng mga umaaway ay ipagtataga sa iyo at ang lahat ng langit at lupa ay magbangon laban sa Iyo."**[8]

Sa kalaunan ay ipinatapon si Bahá'u'lláh sa lungsod-piitan ng 'Akká sa Imperyong Ottoman. Napakalala ng Kaniyang mga pagdurusa na tinukoy Niya ang 'Akká bilang ang "Pinakamatinding Piitan". Lagi kong dala sa aking bag ang isang maliit na kuwaderno kung saan ay isinusulat ko ang mga sipi mula sa mga kasulatang Bahá'í na

lalong tumimo sa aking puso. Tulutang basahin ko sa iyo ang sinabi ni Bahá'u'lláh tungkol sa Kaniyang mga pagdurusa:

**"Ang Napakatandang Kagandahan ay pumayag na gapusan ng mga tanikala nang sa gayon ang sangkatauhan ay makalaya mula sa pagkabihag nito, at tinanggap na maging bilanggo sa loob nitong pinakamatibay na Kuta nang sa gayon ay makamtan ng buong daigdig ang tunay na kalayaan. Sinaid Niya hanggang sa latak ang kopa ng pighati nang sa gayon ang lahat ng sambayanan ng daigdig ay makakamit ng walang-maliw na kaligayahan at mapuspos sa tuwa. Ito ay mula sa habag ng inyong Panginoon, ang Mapagmalasakit, ang Pinakamahabagin. Tinanggap Namin ang paghamak, O mga naniniwala sa Pagkakaisa ng Diyos, upang kayo ay dakilain, at tiniis ang napakaraming mga kahirapan, upang kayo ay palarin at umunlad. Siya na dumating upang baguhin ang buong daigdig, masdan kung paanong pinilit Siya ng yaong mga ipinantay ang kanilang mga sarili sa Diyos na manahan sa pinakamapanglaw na lungsod!"**[9]

Ang lahat ng pagsisikap ay ginawa ng dalawang makapangyarihang korte—yaong ng hari ng Iran at ng Emperador ng Ottoman—upang labanan si Bahá'u'lláh ay pigilin ang paglaganap ng Kaniyang mga katuruan. Subalit ang Liwanag ng Katotohanan ay hindi mapapatay nang ganoong kadali. Ang mismong tubig na ibinubuhos sa apoy na ito upang subhan ang liyab ay nagiging langis, at ang apoy ay lalo pang lumiliyab. Walang magawa upang mapigilan ang lumalaking impluwensiya ni Bahá'u'lláh. Habang higit na malayo ang pagpapatapon kay Bahá'u'lláh, higit na maraming tao naman ang naaakit sa Kaniyang mga katuruan at kumikilala sa Kaniyang kapangyarihan at kamahalan. Sa kabila ng walang-puknat na pag-uusig, patuloy na ipinahayag ni Bahá'u'lláh ang Salita ng Diyos sa loob ng mahigit apatnapung taon at pinawalan ang gayong napakatinding espiritwal na lakas na babaguhin nito sa wakas ang buong daigdig.

Si Bahá'u'lláh ay sumakabilang-buhay noong 1892. Ang Kaniyang Dambana, na itinuturing namin bilang Pinakabanal na Pook sa lupa, ay matatagpuan malapit sa lungsod ng 'Akká. Narito ang ilang larawan ng bungad sa Dambana at ng mga hardin sa palibot nito. Hindi mo batid kung gaano katindi ang aking pagnanasang magsagawa ng peregrinasyon sa Banal na Lupain. Sana, isang araw ikaw rin ay makagawa niyon.

## BAHAGI 13

Sinasaliksik ng sumusunod na mga pagsasanay ang iba't ibang mga aspekto ng kuwento ni Anna sa buhay ni Bahá'u'lláh:

1. Sa pagkuwento sa buhay ni Bahá'u'lláh, pinili ni Anna ang dalawang pangunahing konsepto na nais niyang ipabatid. Sa prosesong ito, ibinabahagi niya ang ilang mga bagay tungkol sa Kaniyang buhay, subalit malinaw na ang kaniyang layunin ay hindi ang magbigay ng maraming impormasyon. Alam niya na kapag si Emilia, tulad ng kaniyang inaasahan, ay magiging isang Bahá'í, pag-aaralan niya ang buhay ni Bahá'u'lláh nang higit na madetalye. Ano ang dalawang konseptong nais niyang ibahagi?

a. ______________________________

b. ______________________________

______________________________

2. Sa inyong palagay bakit niya pinili ang dalawang konseptong ito? ________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

3. Sang-ayon ba kayo na ang mga konseptong ito ay ang dalawang pinakamahalagang maunawaan ni Emilia sa yugtong ito? Kung hindi, may iba pa ba kayong mga mungkahi?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

4. Gumawa ng talaan ng mga impormasyon na ibinahagi ni Anna sa kaniyang kuwento tungkol sa buhay ni Bahá’u’lláh.

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

5. May iba pa bang impormasyon na sa palagay ninyo ay kinakailangan sa yugtong ito?

6. Bukod pa sa pagsisikap ipabatid ang dalawang pangunahing konsepto at ilang kinakailangang impormasyon, malinaw na sinisikap ibahagi ni Anna kay Emilia ang ilang mga damdamin. Ano ang mga ito? Siya ba ay nagtatagumpay?

7. Ngayong napag-isipan na ninyo ang paglalahad ni Anna tungkol sa buhay ni Bahá'u'lláh, sa palagay ba ninyo ay magbabago ito kapag ang kinakausap ninyo ay mula sa ibang relihiyon o walang relihiyon? Kung oo, makapagbibigay ba kayo ng ilang mga halimbawa ng mga pagbabagong gagawin ninyo?

## BAHAGI 14

Ang pakikinig sa sariling mga salita ni Bahá'u'lláh tungkol sa Kaniyang pagdurusa ay malinaw na umantig kay Emilia. Mangyari pa ay naalaala niyang ibinigay ni Kristo ang Kaniyang buhay para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Sa gayon ay sandaling nag-usap ang magkaibigan tungkol sa kahalagahan ng pagdurusa ng mga Kahayagan ng Diyos, na bagaman Sila ay lubos na makapangyarihan, ay kusang-loob na tinatanggap ang mga pagdurusa upang matamo natin ang tunay na kalayaan. Pagkatapos ay itinanong ni Anna kung maaari siyang magpatuloy at ipakilala ang isa pang Pangunahing Katauhan ng Pananampalatayang Bahá'í, ang Báb. Nagpatuloy siya nang ganito:

> Ilang taon bago ipinahayag ni Bahá'u'lláh ang Kaniyang Misyon, ipinadala ng Diyos ang isang natatanging Sugo upang ipahayag ang Kaniyang pagdating. Ang dakilang Tao na ito, na Siya mismo ay isang Kahayagan ng Diyos, ay ginamit ang taguring "ang Báb", na nangangahulugang "ang Pinto". Tunay nga Siyang pinto tungo sa kaalaman sa Diyos at sa isang bagong panahon sa buhay ng sangkatauhan. Sa loob ng anim na taon, walang tigil Siya sa pagtuturo na malapit na ang pagdating ng Isa na higit pa sa Kaniya at inihahanda ang daan para sa Kaniyang pagdating. Sinabi Niya sa mga tao na nasasaksihan na nila ang pamimitak ng isang bagong panahon, ang pamimitak ng Ipinangakong Araw ng Diyos. Tinawagan Niya silang dalisayin ang kanilang mga puso mula sa makalupang mga kapalaluan nang sa ganoon ay makilala nila "Siya na ihahayag ng Diyos".
>
> Tinanggap ng libo-libong mga tao ang mensahe ng Báb at nagsimulang sumunod sa Kaniyang mga katuruan. Subalit ang pamahalaan ng Iran at ang makapangyarihang klero na namumuno sa mga masa ay nagbangon laban sa Kaniya. Ang Kaniyang mga tagasunod ay inusig at ang malaking bilang ay pinatay. Ang Báb Mismo sa edad ng 31 gulang ay minartir ng isang rehimyento ng mga kawal, na sang-ayon sa utos ng pamahalaan, ay iginapos Siya nang nakatayo sa isang liwasang bayan at binaril.
>
> Upang madama mo ang bisa ng mga Salita ng Báb, nais kong usalin sa iyo ang dalawa sa Kaniyang mga dalangin:
>
> **"Mayroon bang Tagapag-alis ng mga kahirapan liban sa Diyos? Sabihin: Purihin ang Diyos! Siya ay Diyos! Lahat ay Kaniyang tagapaglingkod, at lahat ay sumusunod sa Kaniyang mga utos!"**[10]
>
> **"Sabihin: Ang Diyos ay sapat sa lahat ng bagay nang higit sa anumang bagay, at walang anumang bagay sa langit o sa lupa ang makasasapat liban sa Diyos. Tunay na Siya sa Kaniyang Sarili ay ang Nakababatid, ang Tumutustos, ang Pinakamakapangyarihan."**[11]
>
> Isinaulo ng maraming Bahá'í ang unang dalangin, at inuusal ito nang malakas o sa kanilang isip sa panahon ng mga kahirapan. Kung nais mo, maaari tayong huminto sandali upang isaulo ito. Madali lamang itong gawin.

Pagkatapos ng pagsasaulo, nagpatuloy si Anna:

> Di-nagtagal pagkatapos ng pagmamartir sa Kaniya, ang mga labi ng Báb ay nakuha ng Kaniyang mga tagasunod at inilipat sa iba't ibang lugar, laging itinatago mula sa mga kaaway ng Pananampalataya. Sa wakas, ito ay dinala sa Bundok Carmel sa Banal na Lupain. Narito ang ilang mga larawan ng Kaniyang Dambana sa Haifa at ang ilan pang ibang mga Banal na Lugar sa lungsod na iyon at sa lungsod ng 'Akká, na nasa kabila ng look. Sa kasalukuyan, itong kambal na lungsod ay ang espiritwal at pampangasiwaang sentro ng Pananampalatayang Bahá'í—ang espiritwal na sentro dahil dito matatagpuan ang mga Dambana ng Báb at ni Bahá'u'lláh, at gayundin ang iba pang mga Banal na Lugar, at ito ang pampangasiwaang sentro dahil nasa Bundok Carmel ang Luklukan ng kataas-taasang lupon na namamahala sa Pananampalatayang Bahá'í, ang Universal House of Justice.

## BAHAGI 15

Ang mga pagsasanay sa ibaba ay makatutulong sa inyo upang pag-isipan ang bahaging ito ng paglalahad ni Anna.

1. Gumawa ng talaan ng mahalagang mga konsepto at mga impormasyon na ibinabahagi ni Anna sa kaniyang kuwento tungkol sa buhay ng Báb.

   Mga konsepto: ____________________________________________

   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

   Impormasyon: ____________________________________________

   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

2. Bakit mahalagang ipakilala ang Katauhan ng Báb sa maagang yugto ng isang paglalahad ng Pananampalataya, tulad ng ibinibigay ni Anna?

## BAHAGI 16

Pagkatapos ilarawan nang maikli ang mga buhay ng Kambal na mga Kahayagan, nagpatuloy si Anna sa pagbahagi tungkol kay ‘Abdu’l-Baha at sa Kasunduan ni Bahá’u’lláh:

> Ang pinakamahalagang ideya sa ating mga buhay bilang mga Bahá’í ay pumasok tayo sa isang kasunduan kay Bahá’u’lláh. Tulad ng iyong nalalaman, sa lahat ng ibang mga relihiyon, pagkatapos sumakabilang-buhay ang Kahayagan, ang Kaniyang mga tagasunod ay nagkaroon ng walang katapusang pagtatalo sa pagitan ng kanilang mga sarili, at bunga niyon, nahati ang relihiyon sa maraming mga sekta. Ang sanhi ng di-pagkakaisa kung minsan ay ang hangaring mamuno sa panig ng ilang mga indibidwal na mapaghangad. Subalit, kahit pa nagkakaroon ng pagkakaiba ng pananaw sa pagitan ng matapat na mga mananampalataya tungkol sa kahulugan ng mga salita ng Kahayagan, ang Kahayagan Mismo ay walang inatasang tumangan ng awtoridad upang iwaksi ang mga di-pagkakaunawaan, at ito ay nakadagdag din sa pagtatalo at pag-aaway. Ang bawat pangkat ng mga pagpapakahulugan ay nagbunga ng paglikha ng ibang sekta.
>
> Inalagaan ni Bahá’u’lláh ang Kaniyang Pananampalataya laban sa ganoong paghahati-hati sa pagkakaloob dito ng isang kapangyarihang walang kahalintulad, ang kapangyarihan ng Kasunduan. Bago Siya sumakabilang-buhay, sinabi Niya sa pinakamalinaw at nasusulat na mga salita, na pagkatapos Niya, ang lahat ng mga Bahá’í ay dapat bumaling tungo kay ‘Abdu’l-Bahá. Sa gayon, si ‘Abdu’l-Bahá, ang Kaniyang panganay na Anak na lalaki, ay hinirang bilang nag-iisang Tagapagpakahulugan ng Kaniyang mga salita at Sentro ng Kaniyang Kasunduan. Siya ay pinalaki ni Bahá’u’lláh

Mismo, nakilala ang Kaniyang Katayuan mula ng pagkabata, at nakibahagi sa mga pagdurusa ng Kaniyang Ama. Siya ay isang napakahalagang kaloob na ibinigay sa sangkatauhan, ang ganap na Huwaran ng lahat ng mga katuruang Bahá'í.

Si 'Abdu'l-Bahá ay nabuhay sa lupa sa loob ng 77 taon. Isinilang Siya sa mismong gabi kung kailan ipinahayag ng Báb ang Kaniyang Misyon noong 1844 at sumakabilang-buhay noong Nobyembre 1921. Ang buhay Niya ay punong-puno ng pagdurusa, subalit sa lahat ng nakarating sa Kaniyang kinaroroonan ay ibinigay niya ang sukdulang ligaya at tuwa. Pagkatapos sumakabilang-buhay ang Kaniyang Ama, ang pananagutan para sa pamayanang Bahá'í ay pumataw sa Kaniyang mga balikat, at nagsumikap Siya sa araw at gabi upang palaganapin ang Pananampalataya sa kahabaan ng Silangan at Kanluran. Sumulat Siya ng libu-libong mga Tableta sa mga indibidwal at mga grupo sa lahat ng dako at nilinaw ang mga katuruan ng Kaniyang Ama. Ang Kaniyang mga pagpapakahulugan ay isang mahalagang bahagi na ngayon ng mga Kasulatan ng Pananampalatayang Bahá'í.

Sa pagtutok kay 'Abdu'l-Bahá bilang Sentro ng Kasunduan ni Bahá'u'lláh, ang mga Bahá'í sa daigdig ay nananatiling nagkakaisa sa kanilang mga pagsisikap na mamuhay ng buhay ng Bahá'í at tumulong sa pagbabago ng lipunan. Naaalaala natin, na bilang bahagi ng ating pangako kay Bahá'u'lláh, dapat nating mahalin ang isa't isa, at kay 'Abdul'-Bahá ay nakikita natin ang pinakaganap na paghahayag ng pagmamahal. Naaalaala nating dapat nating itaguyod ang katarungan, na dapat tayong maging mapagbigay, na dapat nating hindi pansinin ang mga kakulangan ng mga iba, at mula sa halimbawa ni 'Abdu'l-Baha ay natututo tayo ng katarungan, pagiging mapagbigay, at kapatawaran. Higit sa lahat, sa pagtutok natin kay 'Abdu'l-Bahá, lagi nating nababatid ang ating kasunduan kay Bahá'u'lláh na hindi natin hahayaang mawasak ang pagkakaisa ng Kaniyang mga tagasunod, at habang nagkakaisa sa isang pamayanang pandaigdig, nagpupunyagi tayo hanggang sa maitatag nang matibay ang kaisahan ng sangkatauhan.

Sa Kaniyang Habilin at Testamento, hinirang ni 'Abdu'l-Bahá ang Kaniyang apo, si Shoghi Effendi, bilang Guardian ng Pananampalataya, na pagkatapos sumakabilang-buhay ni 'Abdu'l-Bahá, si Shoghi Effendi na ang awtorisadong tagapagpakahulugan ng mga salita ni Bahá'u'lláh. Sa loob ng tatlumpu't anim na taon, ipinagpatuloy niya ang gawain ng kaniyang Lolo, nililinaw ang mga katuruan ng Kahayagan at matibay na itinatag ang Kaniyang Pananampalataya sa lahat ng bahagi ng planeta. Lima't kalahating taon pagkatapos niyang sumakabilang-buhay, inihalal ng mga Bahá'í ng daigdig ang Universal House of Justice, sang-ayon sa larawang-isip ni Bahá'u'lláh at sa malinaw na paglalarawan ni 'Abdu'l-Bahá at ng Guardian. Ang Universal House of Justice ang kataas-taasang institusyon ng Pananampalataya na doon na ngayon bumabaling ang lahat ng Bahá'í sa daigdig.

## BAHAGI 17

Marahil ay napansin ninyong mabigat ang bahaging ito ng paglalahad ni Anna dahil ipinaliliwanag niya kay Emilia sa ilang mga salita ang ilang napakalalim na mga konsepto. Ang pagsasanay sa ibaba ay makatutulong sa inyo upang suriin nang higit na detalyado ang kaniyang mga sinabi.

1. Hanggang sa yugtong ito, alinsunod sa pahayag ng Universal House of Justice na sinipi sa Bahagi 6, tinalakay ni Anna kay Emilia ang tungkol sa Katayuan ng Tagapauna ng Pananampalataya, ang Báb, at sa May-akda nito, si Bahá'u'lláh. Ngayon ay nais niyang tulungan si Emilia na makilala ang katayuan ni 'Abdu'l-Bahá. Upang magawa iyon, ipinakikilala rin ni Anna ang konsepto ng Kasunduan ni Bahá'u'lláh. Naghahain siya ng ilang mga katotohanan bilang tulong kay Emilia sa pagtamo ng isang antas ng pag-unawa sa dalawang magkaka-ugnay na konseptong ito.

Nasa ibaba ang talaan ng ilan sa mga katotohanang ito. Nilalayon ng bawat isang pangungusap na makatulong sa pag-unawa ni Emilia sa isa o sa kabila ng dalawang konseptong ito. Ilagay ang "1" sa harap ng mga iyon na sa inyong pakiwari ay pinatitibay ang konsepto ng katayuan ni 'Abdu'l-Bahá, at ilagay ang "2" sa harap ng mga iyon na nakatuon sa konsepto ng Kasunduan ni Bahá'u'lláh. Kung sa inyong palagay ang pangungusap ay parehong nakatutulong sa kapuwa konsepto, ilagay ang "1" at "2" sa harap niyon.

______ Ang lahat ng ibang relihiyon ay nahati sa maraming mga sekta dahil sa kakulangan ng isang malinaw na awtorisadong tagapagpakahulugan.

______ Si 'Abdu'l-Bahá ang Sentro ng Kasunduan ni Bahá'u'lláh.

______ Si 'Abdu'l-Bahá ang Tagapagpakahulugan ng mga salita ni Bahá'u'lláh.

______ Ang pagtatag ng Universal House of Justice ay ginunita ni Bahá'u'lláh

______ Hinirang ni 'Abdu'l-Bahá ang Kaniyang apo bilang Guardian ng Pananampalataya sa Kaniyang Habilin at Testamento.

______ Sumulat si 'Abdu'l-Bahá ng libu-libong mga Tableta na naglilinaw sa mga katuruan ng Pananampalataya.

______ Pinangalagaan ni Bahá'u'lláh ang Kaniyang Pananampalataya mula sa paghahati-hati sa pagkakaloob dito ng kapangyarihan ng Kasunduan.

______ Si 'Abdu'l-Bahá ang ganap na Huwaran ng mga katuruan ni Bahá'u'lláh.

______ Si 'Abdu'l-Bahá ay nagbigay ng ligaya at tuwa sa lahat ng nakarating sa Kaniyang kinaroroonan.

______ Sinabi ni Bahá'u'lláh sa pinakamalinaw at nasusulat na mga salita, na pagkatapos Niyang sumakabilang-buhay, ang lahat ng mga Bahá'í ay dapat bumaling tungo kay 'Abdu'l-Bahá.

______ Ang hangaring mamuno ay maaaring maging sanhi ng di-pagkakaisa sa isang relihiyon.

______ Si 'Abdu'l-Bahá ay nagsumikap sa araw at gabi upang palaganapin ang Pananampalataya sa kahabaan ng Silangan at Kanluran.

______ Inihalal ng mga Bahá'í ng daigdig ang Universal House of Justice di-nagtagal pagkatapos sumakabilang-buhay ang Guardian.

______ Ang kakulangan ng isang awtorisadong tagapagpakahulugan sa isang relihiyon ay nagbubukas sa pinto ng pagtatalo at pag-aaway.

## BAHAGI 18

Habang ipinaliliwanag niya ang Kasunduan ni Bahá'u'lláh at ang katayuan ni 'Abdu'l-Bahá, napansin ni Anna na medyo nagapi sa Emilia. Mabilis niyang tinimbang sa kaniyang isipan ang dalawa niyang maaaring pagpilian: maaari siyang umubos pa ng ilang panahon at talakayin ang paksa nang mas malalim pa, o maaari niyang ipagpatuloy ang kaniyang paglalahad at tiyaking, sa ibang pagkakataon sa malapit na hinaharap ay muli nilang pag-aralan ang tema ng Kasunduan. Pinili niya ang pangalawang hakbang at nagpatuloy nang ganito:

> Marami sa mga ideyang ipinaliwanag ko na sa huling paksa na ito ay kailangang pag-isipan nang husto. Kung papayag ka, babalikan natin nang mas malalim ang temang ito sa ibang pagkakataon. Para sa talakayang iyon ay dadalhin ko ang ilang mga sipi mula sa Aklat ng Kasunduan ni Bahá'u'lláh at gayundin mula sa Habilin at Testamento ni 'Abdu'l-Bahá nang sa ganoon ay mabasa natin ang mga ito nang sama-sama. Subalit hayaang magpatuloy ako sa paglalahad ng ilan pang mga ideya na mahalagang malaman tungkol sa Pananampalatayang Bahá'í mula pa sa simula.

Sumang-ayon si Emilia at magiliw na sinabing nagugustuhan niya ang paliwanag, na nakakuha nga siya ng isang sulyap sa kahalagahan ng Kasunduan ni Bahá'u'lláh, at inaasam niyang matutunan ang higit pa sa paksang ito sa lalong madaling panahon. Maligaya at walang pangangambang nagpatuloy si Anna:

> Mahalaga para sa bawat relihiyon ang mga batas na dinadala ng Kahayagan sa sangkatauhan upang patnubayan ito tungo sa wastong daan. Ang ilan sa mga batas at mga kautusan ay di-nagmamaliw, samantalang ang mga iba pa ay nagbabago habang sumusulong at dumaraan sa ebolusyon ang sangkatauhan. Sa Pananampalataya ay itinuturo sa atin na hindi natin dapat isipin ang mga batas ng Bahá'í bilang isang pangkat ng mga patakaran, o serye ng mga dapat at hindi dapat. Sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh na ang Kaniyang mga batas ay "ang mga tanglaw ng Aking mapagmahal na pagkupkop sa Aking mga tagapaglingkod, at ang mga susi ng Aking habag sa Aking mga nilalang." Ni hindi rin nararapat na sinusunod lang natin ang mga batas na ito dahil sa takot sa parusa, sapagkat malinaw na sinabi Niya sa Kaniyang Pinakabanal na Aklat: "Sundin ang Aking mga utos, dahil sa pag-ibig sa Aking kagandahan."
>
> Ang mga ideyang ito ay magiging higit na malinaw kapag magbibigay ako ng ilang mga halimbawa ng mga batas ng Bahá'í. Sa pisikal na daigdig, ang mga tao ay kailangang kumain araw-araw. Ito ay isang pangangailangan ng katawan ng tao; kapag hindi natin gagawin iyon, tayo ay magkakasakit at madaling mamamatay. Masasabi natin, kung gayon, na ang araw-araw na pagkain ay isang batas ng pisikal na pagkabuhay na kailangang sundin. Sa gayunding paraan, ang isa sa mga kautusan ni Bahá'u'lláh ay dapat tayong magdasal araw-araw. Tulad ng ating katawan, ang ating kaluluwa ay nangangailangan ng patuloy na panustos, at ang dasal ang nagbibigay ng

sustansiya para sa ating espiritwal na paglaki. Maraming magandang dasal ang ipinahayag ni Bahá'u'lláh, ng Báb, at ni 'Abdu'l-Bahá, na maaari nating usalin kapag tayo ay nag-iisa o kapag tayo ay nasa mga pagtitipon. Ang ilang mga dasal ay katungkulang isagawa, at kasama ng ilang tangi pang iba, ay may natatanging bisa. Sinasabi sa isa sa mga dalanging katungkulang isagawa araw-araw na:

**"Saksi ako, O aking Diyos, na nilalang Mo ako upang kumilala sa Iyo at sumamba sa Iyo. Sumasaksi ako, sa sandaling ito, sa aking kawalang-lakas at sa Iyong kapangyarihan, sa aking karukhaan at sa Iyong kayamanan.**

**"Walang iba pang Diyos liban sa Iyo, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap."**[12]

Ito ay isang maikli at magandang dalangin, at yamang nakita na natin kung gaano kadali para sa iyo ang magsaulo ng mga sipi, nakatitiyak akong maisasaulo mo rin ito pagkatapos ng ilan lamang pag-uulit.

Sa isa pang kautusan, ipinagbabawal ni Bahá'u'lláh ang tsismis at paninirang-puri. Ito ay mahalaga dahil, kung pag-iisipan mo ito, ang isa sa pinakamatinding kaaway ng pagkakaisa ay ang paninirang-puri. At sa kasawiang-palad, naging karaniwang ugali na ng karamihan ng sangkatauhan na pag-usapan ang mga pagkukulang ng ibang tao kapag hindi sila nakaharap. Waring ang lahat ay abala sa mga pagkukulang ng iba, na iyon ay lalong lumalaki sa lagi-laging pagbanggit niyon. Sinasabi sa atin ni 'Abdu'l-Bahá na gawin ang kabaliktaran niyon. Dapat nating palampasin ang mga pagkukulang ng iba at tumingin gamit ang mata ng pagpapatawad. Dapat nating mahalin ang mga tao alang-alang sa Diyos. Sinasabi sa atin ni 'Abdu'l-Bahá na may mga pagkukulang ang bawat tao, at lagi tayong malulungkot kapag titingin tayo sa mga tao mismo. Subalit kung titingin tayo sa Diyos, mamahalin natin sila at magiging mabait sa kanila.

Si Emilia, na nakikinig nang may tanging interes sa huling mga sinabi ni Anna, ay nagunita ang ilang mga pangyayari sa paaralan kung saan ang paninirang-puri ay nagbunga ng pagsugat sa damdamin ng maraming tao. Ang dalawang magkaibigan ay nag-usap nang ilang panahon tungkol sa kung paano winawasak ng tsismis ang isang pagkakaibigan, at pagkatapos ay naghanap si Anna sa kaniyang kuwaderno at binasa ang sumusunod:

**"O Kasama ng Aking Trono! Huwag makinig sa masama, at huwag tumingin sa masama, huwag gawing aba ang iyong sarili, ni magbuntong-hininga o humagulhol. Huwag magsalita ng masama, nang hindi mo marinig na iyon ay sabihin sa iyo, at huwag palakihin ang mga kamalian ng iba, nang ang iyong sariling mga kamalian ay hindi lumitaw na malaki; at huwag hangarin ang pagkaaba ng sinuman, nang ang sarili mong kaabaan ay hindi mabunyag. Anupa't pamuhayan ang mga araw ng iyong buhay, na kaunti pa kaysa isang panandaliang saglit, lakip ang iyong isipang walang bahid, ang iyong pusong walang dungis, ang iyong kaisipang wagas, at ang iyong kalikasang binanal, nang sa gayon, malaya at nasisiyahan, iyong maiwaksi ang may-kamatayang kalagayang ito, at makapasok sa kahanga-hangang paraiso at manatili sa walang-hanggang kaharian magpakailanman."**[13]

Pagkatapos ay nagpatuloy siya:

Ipinagbabawal din ni Bahá'u'lláh ang pag-inom ng alak, at siyempre, ang paggamit ng bawal na droga. Ang pag-inom ng alak ay isa sa pinakamatinding sakit ng lipunan na umiiral sa kasalukuyang daigdig. Ito ang isa sa karaniwang sanhi ng karahasan at ng pagkawasak sa mabuting pamumuhay ng pamilya. Sa totoo lang, hindi ko nauunawaan kung bakit gumagamit ang mga tao ng bagay na nakagugulo sa kanilang isipan at ginagawang mawala ang kanilang kakayahang mag-isip nang malinaw. Dahil sa pag-inom ang tao ay nakagagawa ng kahiya-hiyang bagay, samantalang sa katunayan ay nilikha tayong marangal. May alam akong napakagandang sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh tungkol sa pagiging marangal:

**"O Anak ng Espiritu! Ika'y nilikha Kong mayaman, bakit mo ibinaba ang iyong sarili sa karalitaan? Ika'y ginawa Kong marangal, ano at pinaging hamak ang iyong sarili? Mula sa diwa ng kaalaman ika'y binigyan Ko ng buhay, bakit humahanap ka ng kaliwanagan sa iba bukod sa Akin? Mula sa luad ng pag-ibig ay hinubog Ko ikaw, paano at nag-aabala ng iyong sarili sa iba? Ituon ang iyong paningin sa iyong sarili, nang makita mong Ako'y nakatindig sa loob mo, malakas, makapangyarihan at nabubuhay sa sarili."[14]**

Ang isa pang kautusan ni Bahá'u'lláh, na lalong tumitimo sa aking puso, ay ang tungkulin ng mga magulang at ng lipunan na turuan ang mga bata. Dito sa kuwaderno ko ay may maikling sipi mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá na ipinaliliwanag ito nang mahusay.

**"Kung gayon, dapat sanayin ng mga minamahal ng Diyos at ng mga babaeng tagapaglingkod ng Mahabagin ang kanilang mga anak nang buong buhay at puso at turuan sila sa paaralan ng kabutihan at kaganapan. Hindi sila dapat maging maluwag sa bagay na ito …**

**"Ang unang tungkulin ng mga minamahal ng Diyos at ng mga kawaksing babae ng Mahabagin ay ito: Kinakailangan nilang pagsikapan sa pamamagitan ng lahat ng paraang maaaring gawin na bigyan ng edukasyon ang kapuwa kasarian; ang mga batang babae tulad ng mga batang lalaki; walang anumang pagkakaiba sa kanila. Ang kamangmangan ng kapuwa ay nararapat sisihin, at ang pagpapabaya sa kapuwa ay masusumbatan. 'Pantay ba silang nakaaalam at di-nakaaalam?'"[15]**

Ang kautusang ito ay napakahalaga na nag-aalay ang pamayanang Bahá'í ng mga klase para sa edukasyong espiritwal ng maliliit na bata sa lahat ng mga nayon dito. Nag-aaral ako ng isang kurso na inihahandog ng Bahá'í training institute bilang tulong sa pagpapaunlad ko ng aking kakayahang magturo ng isa sa mga klaseng ito, yaong ilang beses mo na akong tinulungan nitong nakaraan. Binubuksan ng mga kurso ng institute para sa lahat ng nag-aaral nito ang isang landas ng paglilingkod sa ating pamayanan, at kung ikaw ay interesado, minsan ay maaari kong talakayin ito sa iyo.

# BAHAGI 19

Upang matulungan kayong pag-isipan ang mga ideyang inihain ni Anna, buuin ang mga pagsasanay sa ibaba.

1. Sa bahaging ito ng kaniyang paglalahad, sinisikap ni Anna ang sumunod sa patnubay ng Universal House of Justice na dapat malaman ng naghahanap na may mga batas sa Pananampalataya na kailangang sundin. Alin sa mga pahayag sa ibaba kayo sumasang-ayon?

   ______ Sa yugtong ito, mas mabuti kung hindi muna banggitin ni Anna ang paksa ng mga batas. Sa kasalukuyang lipunan, pinahahalagahan ng mga tao ang kanilang personal na kalayaan at ang ideya ng “mga batas ng relihiyon” ay hindi kaaya-aya sa kanila.

   ______ Dapat banggitin ni Anna kay Emilia ang karamihan, kung hindi ang lahat, ng mga batas ng Bahá’í, halimbawa ang mga batas sa mana, pag-aasawa, libing, at Ḥuqúqu’lláh. Kung hindi, si Emilia ay hindi magkakaroon ng ganap na kaalaman ukol sa pagiging isang Bahá’í.

   ______ Ang pinakamahalaga ay maunawaan ni Emilia ang katotohanang may umiiral na mga batas sa Pananampalatayang Bahá’í, upang magkaroon siya ng ideya sa uri ng mga batas na ito, at mabatid niyang bilang isang Bahá’í ay kailangan niyang sundin ang mga ito. Sa yugtong ito ay hindi pa niya kailangan malaman kung ano ang lahat ng mga batas na ito.

   ______ Para sa layunin ni Anna, sapat na ang magbigay ng halimbawa ng isang batas, yaon ay ang batas ng dasal. Nasosobrahan niya ang paglahad sa apat na batas.

   ______ Ang paliwanag ni Anna sa batas ng dasal ay napakabisa. Sa paglalahad muna ng isang batas kaugnay ng ating pisikal na buhay, naipapaliwanag ni Anna ang kahalagahan ng gayong mga batas tulad ng dasal na namamahala sa ating espiritwal na buhay. Sa ganitong paraan, iniiwasan niya ang karaniwang gawi ng pagbaba sa mga batas ng Diyos na maging isang pangkat ng mga patakaran lamang

   ______ Ang talakayin sa isang nagsasaliksik ang pagbabawal ni Bahá’u’lláh sa paggamit ng alak ay hindi magandang ideya, lalo na sa isang kabataang nagsusumikap pa lamang itatag ang kaniyang kasarinlan at ipakita na siya ay nasa hustong gulang na. Natural lamang na gustong subukan ng isang kabataan ang uminom ng alak, at ang anumang pagbanggit ng batas laban dito ay itataboy lamang siya mula sa Pananampalataya.

   ______ Naaangkop ang paraan ng paglalahad ni Anna tungkol sa pagbabawal ni Bahá’u’lláh sa paggamit ng alak. Sa pagtalakay sa mga epekto ng alak sa malinaw na isipan, ipinakikita niya ang kawastuhan ng batas. Higit pa rito, sa pagpapakilala ng paksa ng karangalan, inilalagay niya ang batas sa isang higit na mataas at espiritwal na kaugnayan

______ Nagkakamali si Anna sa hindi pagsasalita ng higit na matigas tungkol sa pagsunod sa mga batas ni Bahá'u'lláh. Sa katunayan, dapat niyang banggitin ang paksa ng mga parusang pampangasiwaan nang sa gayon ay malaman ni Emilia kung ano ang magiging bunga ng paglabag sa batas.

______ Samantalang hindi binibigyan-diin ang punto ng pagsunod sa mga batas ni Bahá'u'lláh, malinaw na ipinababatid ni Anna kay Emilia ang ideya na ang pagsunod ay nagmumula sa pag-ibig sa Diyos at hindi mula sa takot sa parusa. Kapag naging Bahá'í na si Emila, ang pagsunod sa mga batas ay magiging isang natural na bunga ng kaniyang pagmamahal kay Bahá'u'lláh.

______ Kung ang iyong tinuturuan ay isang tao na may problema sa pag-iinom, napakahalagang ipaliwanag mo sa kaniya ang batas na ipinagbabawal ang paggamit ng alak. Sa ganitong kaso ay natural lamang na kailangan mong sabihin sa kaniya na kapag siya ay naging isang Bahá'í, kailangan niyang ihinto agad ang pag-inom ng alak.

______ Kung ang iyong tinuturuan ay isang tao na may problema sa pag-iinom, napakahalagang ipaliwanag mo sa kaniya ang batas na ipinagbabawal ang paggamit ng alak. Subalit dahil nakikita mo ang kaniyang suliranan ay ipinaliwanag mo sa kaniyang pwede naman siyang magpatuloy ng pag-inom pagkatapos niyang maging isang Bahá'í, basta walang makakita sa kaniya.

______ Kung ang iyong tinuturuan ay isang tao na may problema sa pag-iinom, napakahalagang ipaliwanag mo sa kaniya ang batas na ipinagbabawal ang paggamit ng alak, kasabay ang iba pang mga batas. Babanggitin mo sa kaniya na hindi laging madali ang sumunod sa bawat batas; tayo ay hindi perpekto at kung minsan ay nagkakamali tayo. Subalit kapag tinanggap na natin si Bahá'u'lláh, at habang nagdarasal tayo sa Kaniya, Siya Mismo ang tutulong sa atin upang mapagtagumpayan ang ating mga kahinaan at binibigyan tayo ng lakas upang sumunod sa Kaniyang mga batas.

2. Ipagpalagay na ang iyong tinuturuan ay nahihirapang maniwala sa Diyos. Ilalahad mo pa rin ba sa kaniya ang batas ng dasal? Kung oo, paano mo gagawin ito?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

## BAHAGI 20

Ang unang pag-uusap ni Anna at Emilia tungkol sa Pananampalataya ay nagwawakas na. Nagpakita si Emilia ng malaking interes sa mga katuruang Bahá'í na inilahad ni Anna, at iyon ay humikayat sa kaniyang ipaliwanag ang ilang mga ideya nang mas detalyado. Ngayon ay kailangan na niyang wakasan ang kaniyang pananalita:

> Nakatitiyak akong batid mo na inaanyayahan kitang sumali sa isang relihiyon at hindi lamang tanggapin ang isang pangkat ng magandang mga huwaran. Sa katunayan, ang Pananampalatayang Bahá'í ay isang lubos na organisadong relihiyon at ang mga miyembro nito ay masistemang gumagawa upang ilapat ang mga katuruan ni Bahá'u'lláh sa sarili nilang mga buhay at sa buhay ng lipunan. Sinasabi sa atin ng Universal House of Justice na may tatlong kalahok sa pagsisikap na ito, at ang bawat isa ay may napakahalagang ginagampanan.
>
> Ang unang kalahok ay ang indibidwal. Tungkulin ng indibidwal na manatiling matatag sa Kasunduan, na magsumikap bawat araw na iayon ang kaniyang buhay sa mga katuruang Bahá'í, at maglingkod sa sangkatauhan, laging batid ang katotohanang hindi nagwawakas ang buhay sa kamatayan at ang pakikipag-ugnayan ng isang tao sa Diyos ay walang hanggan. Pagkatapos nating mamatay, ang ating mga kaluluwa ay patuloy na sumusulong patungo sa Diyos sa buong kawalang-hanggan. Ang ating mga buhay rito ay kahalintulad ng buhay ng sanggol sa sinapupunan ng ina. Sa loob ng siyam na buwan ang sanggol ay nagkakaroon ng mga angking kakayahan—mga mata, tainga, kamay, at iba pa—na gagamitin kapag siya ay isinilang na sa daidig na ito. Sa gayunding paraan, tayo ay narito upang paunlarin ang mga kakayahang espiritwal na kakailanganin natin upang sumulong sa iba pang mga daigdig ng Diyos. Mangyari pa, hindi natin matatamo ang ating layunin sa pamamagitan lamang ng pag-iisip tungkol dito. Sa halip, sa larangan ng paglilingkod, habang nagsusumikap tayo para sa pagpapabuti ng lipunan, tayo ay umuunlad sa espiritwal at sa pangkaisipan.
>
> Ang ikalawang kalahok ay ang pamayanan. Ang mga tao ay hindi nilikha upang mamuhay nang nag-iisa. Namumuhay tayo sa mga pamayanan at kailangan nating magtulungan upang magbangon ng isang bagong kabihasnan. Ang pamayanang pinakamalapit sa atin ay yaong lokal na pamayanan, na binubuo ng mga Bahá'í sa ating nayon o bayan. Subalit saan man tayo naninirahan, ang lahat ay inaanyayahan nating sumali sa ating mga pagsisikap na luminang ng kakayahang maglingkod at tumulong sa pagsulong ng ating mga kapitbahayan at mga nayon. Sa loob ng pamayanang lokal, sa paggawa nang kasama ang ating mga kaibigan at kapitbahay, ay doon tayo natututong makipagtulungan sa isa't isa, sumulong nang sama-sama, at magkaisa. Karagdagan sa pagiging mga miyembro ng pamayanang lokal, tayo ay mga miyembro rin ng isang pambansang pamayanan, at gayundin ng pandaigdig na pamayanang

Bahá'í, na patuloy na lumalawak at nakahihikayat ng mga tao mula sa bawat relihiyon, nasyonalidad, etniko, lahi, at tribu.

Sinasabi sa atin ng Universal House of Justice na ang mga institusyon ng Pananampalataya ay ang bumubuo ng pangatlong kalahok sa pagtatatag ng isang bagong kabihasnan. Ito ay isang paksa na kailangan nating pag-usapan nang higit pa kapag tinalakay na natin ang Kasunduan. Sa ngayon, babanggitin ko lamang na kabilang sa mga kautusan ni Bahá'u'lláh marami ang nauugnay sa paraan kung paano dapat isaayos ang lipunan. Noong nakaraan, walang gaanong sinabi ang mga Kahayagan ng Diyos tungkol sa kung paano dapat isaayos ng Kanilang mga tagasunod ang kanilang mga sarili, at kinailangan itong tuklasin ng mga tao sa kanilang mga sarili. Subalit sa kaso ng Pananampalatayang Bahá'í, mayroon tayong biyaya ng isang dibinong nilikha na Kaayusang Pampangasiwaan, na ang ibig sabihin niyon ay si Bahá'u'lláh Mismo ang nagsabi sa atin kung anong mga institusyon ang kailangan nating likhain, kung paano dapat kumilos ang mga ito, at kung paano dapat pamahalaan ng sangkatauhan ang sarili nito.

Pinag-usapan na natin ang kataas-taasang institusyon, ang Universal House of Justice. Sa bawat bansa, inihahalal ng mga Bahá'í sa tuwing taon ang National Spiritual Assembly, at sa bawat lokalidad, ang Local Spiritual Assembly. Ito ang institusyon na pinakamaaga mong makikilala. Walang mga pari o klero sa Pananampalatayang Bahá'í, at ang Local Spiritual Assembly ang gumagabay sa mga gawain ng pamayanan at nangangalaga sa mabuting kalagayan ng indibidwal na mga miyembro nito. Ang Local Spiritual Assembly ay binubuo ng siyam na miyembro na inihahalal sa isang madasaling kapaligiran sa pamamagitan ng lihim na balota mula sa lahat ng mga nasa hustong gulang sa pamayanan. Ang mga Spiritual Assembly ay napakahalaga para sa mga Bahá'í. Sa pamamagitan nila ay natututunan natin kung paano ang nararapat na pangangasiwa sa mga gawain ng tao at kung paano maitatatag sa lipunan ang isang bagong kaayusan, isang kaayusan na makikilala bilang ang Kaayusang Pandaigdig ni Bahá'u'lláh.

Maaari nating ipagpalagay na ang usapan sa pagitan ni Anna at Emilia ay nagwawakas dito. Malinaw na sabik si Emilia na ipagpatuloy ang talakayan sa isa pang araw. Kinuha ni Anna ang isang maliit na aklat-dasalan mula sa kaniyang bag at ibinibigay ito kay Emilia bilang isang regalo, at iminumungkahi niyang magdasal silang dalawa bago sila maghiwalay. Binuksan ni Emilia ang aklat at binasa ang sumusunod:

**"Likhain Mo sa akin ang isang pusong dalisay, O aking Diyos, at gawin Mong panibago ang isang payapang budhi sa loob ng aking sarili, O aking Pag-asa! Sa pamamagitan ng espiritu ng lakas pagtibayin Mo ako sa Iyong Kapakanan, O aking Pinakamamahal, at sa pamamagitan ng liwanag ng Iyong kaluwalhatian, ihayag Mo sa akin ang Iyong landas, O Ikaw na Hantungan ng aking hangarin! Sa pamamagitan ng lakas ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan, itaas Mo ako patungo sa langit ng Iyong kabanalan, O Mula ng aking pagkatao, at sa pamamagitan ng mga simoy ng Iyong kawalang-hanggan, bigyang kagalakan Mo ako, O Ikaw na aking Diyos! Tulutang ang Iyong walang-hanggang mga himig ay magbigay kapahingalayan sa akin, O aking Kasama, at hayaang ang mga kayamanan ng Iyong napakatandang kaanyuan ay maglayo sa akin sa lahat liban sa Iyo, O aking Panginoon, at tulutang ang mga balita ng kapahayagan ng Iyong**

**di-nasisirang Pinakadiwa ay maghatid sa akin ng lugod, O Ikaw na pinakahayag sa lahat ng hayag, at pinakatago sa lahat ng natatago!”[16]**

Bagaman ang ating kuwento tungkol kay Anna at Emilia ay kathang-isip, ito ay batay sa karanasan ng libu-libong mga Bahá’í sa buong daigdig. Bilang wakas ng kuwento, kung gayon, buong lakas-loob nating masasabi na pagkalipas ng ilang araw at ng isa o dalawa pang mga usapan, si Emila ay sasali sa pamayanang Bahá’í, at sa tulong ni Anna, ay magsisimulang tahakin ang isang landas ng paglilingkod sa Kapakanan.

## BAHAGI 21

Suriin natin ang kabuuan ng paglalahad ni Anna sa pamamagitan ng dalawang sumusunod na mga pagsasanay:

1. Ang mga ideyang ibinabahagi ni Anna sa kaniyang kaibigan, lalo na sa kaniyang pangwakas na mga pananalita, ay magkakaroon ng malaking impluwensiya sa paraan ng pagkakabatid ni Emila sa kaniyang mga tungkulin bilang isang indibidwal na miyembro ng pamayanan, sa kaniyang pakikilahok sa mga gawain nito, at sa ugnayan niya sa mga institusyon ng Pananampalataya sa hinaharap.

   Anong larawan ng indibidwal ang sinisikap na ipabatid ni Anna? Ano ang ilang mga katangian ng indibidwal na ito?

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   Anong larawan ng pamayanang Bahá’í ang sinisikap ipabatid ni Anna? Ano ang ilan sa mga katangian nito?

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

Anong larawan ng mga institusyon ng Pananampalataya ang sinisikap ipabatid ni Anna? Ano ang ilan sa mga katangian nito?

2. Sa buong kahabaan ng pag-uusap, malinaw na sinisikap ni Anna na buksan ang pinto upang pumasok si Emilia sa pamayanang Bahá'í. Alin sa sumusunod ang ipinapalagay ninyo ay ang pangunahing tinutumbok ng kaniyang pagsamo?

______ Na ang mga Bahá'í ay mabait na mga tao at ang pamayanang Bahá'í ay nagkakaisa; samakatwid ay umaasa akong sasali ka sa amin.

______ Na ang Pamayanang Bahá'í ay ang nagtataglay ng pinakamaunlad na mga simulaing espiritwal at panlipunan, at dahil tinatanggap mo ang mga iyon, samakatwid ikaw ay isang Bahá'í

______ Na bunga ng maikling pagpapakilala na inilahad ko sa iyo, kailangan mo na ngayong gumawa ng lubos na masusing pag-aaral ng Pananampalatayang Bahá'í at pagkatapos ay ipasiya kung nais mo o hindi na maging isang Bahá'í.

______ Na batay sa sinabi ko na, at ng ilang karagdagang paliwanag bilang tugon sa anumang mga katanungan mo, umaasa akong makikilala mo si Bahá'u'lláh bilang Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyang panahon at madarama ang hangaring maging isa sa Kaniyang debotong mga tagasunod.

## BAHAGI 22

Ang paglalahad na sinuri natin sa mga pahinang ito, na sinusunod sa masaklaw na paraan ang pahayag ng Universal House of Justice sa Bahagi 6, ay inihahain ang isang pangkat ng mga ideyang ayon sa katwiran upang ipaliwanag ang pangunahing mga katangian ng Pananampalatayang Bahá'í para sa isang tao na kaunti lamang ang nalalaman tungkol dito subalit ay interesadong malaman ang higit pa. Isinagawa natin ang pagsusuring ito kaugnay ng personal na pagsisikap magturo, sa isang usapan sa pagitan ng dalawang magkaibigan. Natural

lamang na magkakaiba-iba ang mga sitwasyong mapapasok natin, at kailangan nating maging handa sa lahat ng ating mga pagsisikap magturo na isang-ayon ang ating paglalahad sa tanging mga kalagayan—sa antas ng kahandaang tumanggap ng ating mga nakatatagpo, sa saklaw ng kanilang kaalaman tungkol sa Pananampalataya at sa pakikipag-ugnay nila sa pamayanang Bahá'í, at sa kanilang tanging pinanggalingan. Kung gayon, samantalang hinihimok kayong matutunan nang mahusay ang paglalahad ng mga ideyang ibinahagi ni Anna kay Emilia, mahigit pang mahalaga ay ang maunawaan ninyo ang lohika o katwiran na pinagbabatayan nito. Sa ganitong paraan lamang ay magagamit ninyo ito nang madali, mapaglalabanan ang udyok na gawin itong isang pormula, at ibagay ito nang sang-ayon sa hinihingi ng kalagayan.

Maaaring makatulong sa inyo ang sandaling huminto rito at nilay-nilayin kung ano ang nakataya. Mula nang nagsimula kayong tahakin ang landas ng paglilingkod na ibinukas sa inyo nitong serye ng mga kurso, patuloy ninyong dinaragdagan ang mga kakayahang kinakailangan upang makipag-usap sa mga iba tungkol sa mga katuruang Bahá'í at tungkol sa May-akda ng mga ito. Ngayon ay tinatawagan kayong gawin ang higit pa at linangin ang isang paglalahad ng Pananampalataya ayon sa katwiran, na tumutugon sa kahandaang tumanggap at hilig ng inyong mga kilala na o nakikilala sa ilalim ng magkakaibang mga kalagayan. Nilalayon ng mga pagsasanay na kasunod ng paglalahad sa aklat na ito na matulungan kayong pag-isipan ang likas na katangian ng kakayahang ito at kung ano ang hinihingi mula sa inyo upang paunlarin pa ang kakayahang ito. Maaaring nanaisin ninyong isulat sa ibaba ang ilan sa inyong panimulang mga kaisipan kaugnay nito.

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

## BAHAGI 23

Tiyak na napansin ninyo mula sa natalakay, na ang kakayahang pinag-iisipan dito ay ang nililinang sa larangan ng pagkilos at napapahusay pa sa paglipas ng panahon habang nagtuturo ng higit at higit pang maraming mga tao. Tulad ni Anna sa ating kwento, lahat tayo

ay may mga kaibigan at kamag-anak, katrabaho at kaedad, na ang bawat isa, sa kani-kaniyang paraan, ay hinahanap ang katotohanan, at magiging bukas ang kaisipan ng ilan sa kanila na saliksikin ang mensahe ni Bahá'u'lláh sa usapan kung saan ay nailalahad ang Kaniyang mga katuruan sa isang paraang naaayon sa katwiran at nang tahasan. Maaari din tayong magkaroon ng kahalintulad na usapan sa bagong mga kakilala natin bilang bahagi ng isang sama-samang kampanya ng pagtuturo sa isang populasyong handang tumanggap sa loob ng ating nayon o kapitbahayan. Sa kaso ng huling nabanggit, dapat nating isaisip ang sumusunod na patnubay mula sa Universal House of Justice:

> **"Kung ang unang pag-uusap sa gayong mga bagong kaibigan ay nagbubunga ng paanyaya sa kanila upang sumapi sa pamayanang Bahá'í o na makilahok sila sa isa sa mga gawain nito ay hindi lubhang mahalaga. Ang higit na mahalaga ay yaong madama ng bawat kaluluwa ang malugod na pagtanggap ng pamayanan na makiisa sa pagtulong sa pagpapabuti ng lipunan, nagsisimulang tahakin ang landas ng paglilingkod sa sangkatauhan, na maaaring sa simula nito o kahit sa dakong huli, ay maganap ang pormal na pagsapi."**[17]

Ang dapat nating tandaan, kung gayon, na mula sa mga kasamahan nating gumagawa sa mga pagsisikap sa pagtatatag ng pamayanan, o sinusuportahan ang mga ito sa iba't ibang mga paraan, ay naroroon yaong mga nagsimula dahil sa hangaring makapaglingkod sa sangkatauhan, na sa ngayon ay handa nang uminom nang mas malalim mula sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh. Kaugnay nito, sinasabi ng House of Justice:

> **"Mangyari pa, malugod na tinatanggap ng pamayanan ang anumang antas ng pakikipag-ugnay na nais panatilihin ng tao, maging malaki man o maliit. Gayumpaman, ang pagkilala kay Bahá'u'lláh bilang Kahayagan ng Diyos at ang pagtanggap ng mga pribilehiyo at mga tungkuling nauugnay lamang sa pagiging miyembro ng pamayanang Bahá'í ay isang bukod-tanging sandali sa espiritwal na pag-unlad ng isang tao, na malinaw na hiwalay sa regular na pakikilahok sa mga gawaing Bahá'í o sa pagbibigkas ng suporta sa mga simulaing Bahá'í. Ipinakikita ng karanasan na ang kapaligirang nililikha ng mga pagsisikap sa pagtatatag ng pamayanan sa isang lokalidad ay nagbibigay-daan sa sinumang nagnanais na magawa ito nang madali. Saanman isinasagawa ang ganitong mga pagsisikap, mahalagang laging tandaan ng mga kaibigan na ang mga pinto ng Pananampalataya ay nakabukas nang maluwang at himukin yaong mga nakatayo sa bungad."**[18]

Sa gayon, maging sa ating personal na mga pagsisikap sa pagtuturo, o sa ating sama-samang mga gawain, dapat tayong nakahandang magkaroon ng ganitong tapatang usapan na ginugunita sa itaas, isang usapang makahihikayat sa mga nakatayo sa bungad na pumasok sa kuta ng Kapakanan at kumuha ng lakas mula sa kapangyarihang nagkakaisa ng Kasunduan.

## BAHAGI 24

Nasabi na nating sa karaniwan ay may dalawang kaugnayan ang pagsasagawa natin ng gawain ng pagtuturo: sa ating personal na mga pagsisikap, at sa sama-samang mga kampanya. Susuriin natin ang dalawang kontekstong ito, nang magkakasunod, sa ilang kasunod na mga bahagi. Magsimula tayo sa pag-iisip ng ating sariling personal na mga pagsisikap magturo.

Bihasa na kayo sa sipi sa ibaba mula sa inyong pag-aaral ng naunang mga kurso, subalit ay hinihiling sa inyong nilay-nilayin nang mas malalim pa ang kahulugan nito, sapagkat mula rito ay may mahihimalay tayong mga simulaing espiritwal na bumubuo sa batayan ng bawal personal na plano ng pagtuturo.

> **"O manlalakbay sa landas ng Diyos! Kunin ang iyong bahagi mula sa karagatan ng Kaniyang biyaya, at huwag ipagkait sa iyong sarili ang mga bagay na natatago sa kailaliman nito. Maging kabilang ka sa kanilang mga nakibahagi na sa mga kayamanan nito. Ang isang patak ng hamog mula sa karagatang ito, kung ipapatak sa lahat ng nasa mga kalangitan at kalupaan, ay makasasapat na upang payamanin sila sa biyaya ng Diyos, ang Lubusang Makapangyarihan, ang Nakababatid ng Lahat, ang Sukdulang Marunong. Sa pamamagitan ng mga kamay ng pagkawalay, sumalok sa nagbibigay-buhay na mga tubig nito, at diligin sa pamamagitan nito ang lahat ng nilikhang bagay, upang ang mga ito ay malinis nawa mula sa lahat ng mga hangganang likha ng tao at makalapit nawa sa makapangyarihang luklukan ng Diyos, itong banal at maningning na Pook."**

> **"Huwag magdalamhati kung mag-isa kang gumagawa nito. Hayaang maging sapat sa lahat ang Diyos para sa iyo. Matalik na makipagniig sa Kaniyang Espiritu, at maging kabilang ka sa yaong mga nagpapasalamat. Ipahayag ang Kapakanan ng iyong Panginoon sa lahat ng mga nasa langit at nasa lupa. Sinuman ang tumugon sa iyong panawagan, ilahad sa kaniyang harap ang mga perlas ng karunungan ng Panginoon, ang iyong Diyos, na ibinaba sa iyo ng Kaniyang Espiritu, at maging yaong mga tunay na nananalig. At kung tatanggihan ng sinuman ang iyong handog, lumayo mula sa kaniya, at ilagay ang iyong pananalig at pagtitiwala sa Panginoon, ang iyong Diyos, ang Panginoon ng lahat ng daigdig.""[19]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Dapat nating kunin ang ating ______________ mula sa karagatan ng ___________________ .

   b. Sa pamamagitan ng mga kamay ng ______________________ , dapat tayong sumalok sa ___________________________________ .

   c. Dapat nating diligin ang lahat ng ____________________________________ ng nagbibigay-buhay na mga tubig ng biyaya ng Diyos

   d. Hindi tayo dapat ___________________ kung ___________ nating ginagawa ito.

   e. Dapat tayong _____________________________________ sa Kaniyan Espiritu.

   f. Dapat kabilang tayo sa mga __________________ .

   g. Dapat nating _________________ ang Kapakanan ng ating Panginoon sa lahat ng mga nasa langit at nasa lupa.

h. Kung ang sinuman ay tumugon sa ating panawagan, dapat nating _______________ sa kaniyang harap ang _____________________________________ ng Panginoon.

i. Kung ang sinuman ay tatanggi sa ating handog, dapat tayong _________________ mula sa kaniya, at ilagay ang ating ________________________________________ sa Diyos.

2. Ano ang ibig sabihin na dapat nating kunin ang ating bahagi mula sa karagatan ng biyaya ng Diyos? ________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Ano ang ilan sa mga bagay na natatago sa mga kailaliman ng karagatang ito at kapag natuklasan, ay tutulutan tayong ituro ang Kapakanan sa patuloy na tumataas na bisa?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

4. Ano ang magagawa ng isang patak mula sa karagatan ng biyaya ng Diyos? ________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

5. Bakit natin kailangang gamitin ang "mga kamay ng pagkawalay" sa pagsalok sa nagbibigay-buhay na mga tubig ng karagatang ito?______________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

6. Ano ang dapat nating gawin sa mga tubig na sinalok natin mula sa karagatan ng biyaya ng Diyos?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

7. Ano ang epekto ng ganitong pagdilig?________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

8. Kailangan ba na lagi nating ituturo ang Pananampalataya sa tulong ng ibang mga Bahá'í? ____________________

9. Kailangan ba natin ang kahit sinuman liban sa Diyos kapag ipinapahayag at itinuturo natin ang Kapakanan? ____________________

10. Kanino tayo dapat makipagniig nang matalik kapag ipinapahayag at itinuturo natin ang Kapakanan? ____________________

11. Para sa ano tayo dapat maging mapagpasalamat kapag ipinapahayag at itinuturo natin ang Kapakanan ? ____________________

12. Kanino natin dapat ipahayag ang Kapakanan? ____________________

13. Sino ang dapat nating turuan? ____________________

14. Ano ang dapat nating gawin kapag tinanggihan ang mensaheng ibinigay natin? ______

15. Ang ibig sabihin ba na dapat tayong lumayo sa mga tumanggi sa mensahe ay hindi na natin sila kakaibiganin? O ang ibig lang bang sabihin niyon ay hindi natin dapat ipilit ang pagtuturo ng Pananampalataya sa kanila?

16. Nasa ibaba ang ilang mga parirala tungkol sa pagtuturo. Ipasiya kung alin ang pinakatugma sa sipi sa itaas mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh. Markahan ang mga iyon.

    ______ Ipinasiya kong ang tao na aking tuturuan ay ang aking pinakamatalik na kaibigan, si Miguel. Kaya sa loob ng nakaraang limang taon, itinutuon ko ang aking mga pagsisikap sa kaniya lamang. Hindi siya tumutugon nang mabuti, subalit darating din ang panahon na tutugon siya.

______ Sa palagay ko ay tungkulin nating ipahayag ang Pananampalataya sa mga tao. Pagkatapos ay bahala na sila kung nais nilang magsaliksik pa. Kung talaga namang gusto nila, pwede naman silang humingi ng aklat na mababasa upang makapagpasiya sila sa kanilang mga sarili.

______ Kahapon ay ipinaliliwanag ko ang mensahe ni Bahá'u'lláh sa isa kong kapitbahay habang magkasama kaming nagkakape. Paglipas ng ilang panahon, sinabi niyang bagaman iginagalang niya ang aking kasigasigan, masaya na siya sa sarili niyang relihiyon. Subalit malinaw mula sa paraan ng pagsabi niya nito na hindi niya isinasara ang pinto sa pag-uusap pa tungkol sa Pananampalataya sa hinaharap. Sa gayon, sa susunod naming pagkikita, sisikapin kong tukuyin ang mga aspekto ng Pananampalataya na maaaring kawili-wili sa kaniya at makahihikayat sa kaniyang lumapit sa Kahayagan ng Diyos para sa kasalukuyang Araw.

______ Dahil lamang sa sinabi sa akin na hindi sila interesadong makinig tungkol sa Pananampalataya, hindi ibig sabihin na ganoon na nga iyon. Ipinipilit ko pa rin.

______ Kung alam naman ng isang tao na ako ay isang Bahá'í subalit hindi naman siya nagtatanong tungkol sa Pananampalataya, ang ibig sabihin niyon ay hindi siya interesado.

______ Kung ang isang tao na nakikipagtulungan sa akin sa mga gawaing pagtatatag ng pamayanan ay hindi kailanman nagtanong tungkol sa kung paano magparehistro sa Pananampalataya, ang ibig sabihin niyon ay ayaw niyang ibigay ang espiritwal na pagtatalaga sa pagtanggap kay Bahá'u'lláh.

______ Sinisikap kong makasalamuha ang pinakamaraming tao hanggang maaari, at kapag lumilitaw ang pagkakataon ibinabahagi ko sa kanila ang ilang mga katuruan ng Pananampalataya. Kung nakikita kong handa silang tumanggap, patuloy ko silang tinuturuan hanggang sa magawa ko nang anyayahan silang umanib sa Pananampalataya.

## BAHAGI 25

Sa *The Advent of Divine Justice*, binibigyan tayo ng Guardian ng isang sipi na inilalarawan nang napakahusay ang pangunahing mga elemento ng isang masistemang plano ng personal na pagtuturo. Ang sipi ay hinati sa maiikling mga bahagi sa ibaba. Basahin ang bawat isa at pagkatapos ay punuan ang mga patlang sa mga pangungusap na kasunod ng bawat isa.

**"Yamang sa sarili niyang pagkukusa, at hindi natatakot sa anumang balakid na maaaring ihadlang ng kaibigan man o kaaway, nang hindi sinasadya o sinasadya, sa kaniyang landas, ay nagtika nang bumangon at tumugon sa panawagan ng pagtuturo, hayaang maingat niyang suriin ang bawat pamamaraan ng paglapit na maaari niyang gamitin sa kaniyang personal na mga pagsisikap na tawagin ang pansin, panatilihin ang interes, at palalimin ang pananalig, noong mga**

**hinahangad niyang madala sa kawan ng kaniyang Pananampalataya. Hayaang siyasatin niya ang mga maaaring gawin na inihahain ng kaniyang natatanging mga kalagayan sa buhay, suriin ang mga kapakinabangan nito, at magpatuloy sa matalino at masistemang paggamit ng mga ito para sa pagtatamo ng layuning nasa kaniyang isipan."**[20]

1. Sinasabi sa atin ng Guardian, na sa sarili nating ____________________, ay magtika tayong ___________ at ______________ sa panawagan ng _________________.

2. Sa paggawa niyon, ang mga balakid na maaaring ihadlang ng __________________ man o ____________, nang hindi ________________________ o ______________________, sa ating landas, ay hindi nating tutulutang ilihis tayo mula sa ating layunin.

3. Nang matibay ang pagtitika, dapat nating maingat na suriin ang ____________________ ng _______________ na maaari nating gamitin sa ating personal na mga pagsisikap na tawagin ang ______________, panatilihin ang ______________, at palalimin ang ____________ noong mga hinahangad nating turuan ng Pananampalataya.

4. Nang matibay ang pagtitika, dapat nating maingat na __________________ ang bawat pamamaraan ng paglapit na maaari nating __________ sa ating personal na mga pagsisikap na ___________ ang pansin, _______________ ang interes, at _____________ ang pananalig noong mga hinahangad nating turuan ng Pananampalataya.

5. Sinasabihan tayong ___________________ natin ang mga maaaring gawin na inihahain ng ating natatanging mga _______________________ sa buhay.

6. Dapat nating ___________________ ang mga kapakinabangan ng mga maaaring gawin na nasa harap natin.

7. Kapag nagawa na iyon, dapat tayong magpatuloy sa _____________________________ at ________________________ _____________________ ng mga ito para sa pagtatamo ng layuning pagtuturo ng Pananampalataya.

**"Hayaan din siyang magsikap na magbalangkas ng ganoong mga pamamaraan tulad ng pakikipag-ugnayan sa mga kapisanan, mga pagtatanghal, at mga samahan, mga panayam sa mga paksang natutulad sa mga turo at mithiin ng kaniyang Kapakanan tulad ng pag-iwas sa alkohol, moralidad, kabutihan ng lipunan, pagpaparaya sa mga relihiyon o mga lahi, pang-ekonomiyang pagtutulungan, Islám, at paghahambing ng mga relihiyon, o pakikilahok sa panlipunan, pangkalinangan, makatao, kawanggawa, at pang-edukasyon na mga samahan at mga gawain, na samantalang iniingatan ang karangalan ng kaniyang Pananampalataya, ay magbubukas sa kaniya ng maraming kaparaanan at pamamaraan kung saan ay maaari niyang sunod-sunod na matamo ang**

**pakikiisang-damdamin, ang tulong, at sa dakong huli, ang katapatan ng mga nakakasalamuha niya."[21]**

8. Dapat din tayong mag-isip ng gayong mga paraang tulad ng pakikipag-ugnayan sa mga ________________ , mga ___________________ , at mga ____________________ , mga ________________ sa mga paksang natutulad sa mga ___________________ at ______________ ng Kapakanan.

9. Higit pa rito ay dapat nating sikaping makahanap ng mga paraan upang makilahok sa _________________ , _________________ , ____________ , _________________ , at __________________ na mga __________________ at mga _________________ , na samantalang laging __________________ ang karangalan ng Pananampalataya.

10. Dapat nating gawin iyon upang magbukas sa atin ang maraming __________________ at ________________ kung saan ay maaari nating matamo ang _________________ , ang __________________ , at sa dakong huli, ang __________________ ng mga nakakasalamuha natin.

**"Samantalang ginagawa ang ganoong pakikisalamuha, hayaang isaisip niya ang mga pangangailangan na laging hinihingi sa kaniya ng Pananampalataya na pangalagaan ang dangal at katayuan nito, na ipagsanggalang ang karangalan ng mga batas at mga simulain nito, na ipakita ang malawak na saklaw at pagiging pangkalahatan nito, at nang walang-takot na ipagtanggol ang napakarami at napakahalagang mga interes nito. Hayaang isaalang-alang niya ang antas ng kahandaang tumanggap ng kaniyang tagapakinig, at magpasiya sa kaniyang sarili, sa kaangkupan ng tuwiran o di-tuwirang pamamaraan ng pagtuturo, upang maikintal niya sa naghahanap ang pangunahing kahalagahan ng Banal na Mensahe, at himukin siyang isama ang kaniyang kapalaran doon sa mga tumanggap na rito."[22]**

11. Samantalang gumagawa tayo ng ganoong pakikisalamuha, dapat nating laging isaisip ang ating tungkuling ______________ ang dangal at _________ ng Pananampalataya, na ________________ ang karangalan ng mga ________ at mga _________________ nito, na __________________ ang malawak na saklaw at ______________________ nito, at nang walang-takot na __________________ ang napakarami at napakahalagang mga __________________ nito.

12. Sinasabi sa atin ng Guardian na dapat nating isaalang-alang ang antas ng ___________ _____________ ng ating tagapakinig, at magpasiya sa ating sarili, sa ______________ ng ________________ o ___________________ na pamamaraan ng pagtuturo.

13. Sa pagpili ng alinmang pamamaraan, dapat nating tandaan na ang ating layunin ay upang _____________ sa naghahanap ang ________________________________ ng

Banal na Mensahe at ____________________ siyang ______________________________ __________________ doon sa mga tumanggap na rito.

**"Hayaang gunitain niya ang halimbawang ipinakita ni 'Abdu'l-Bahá, at ang Kaniyang patuloy na paalaala na ibuhos ang gayong kagandahang-loob sa naghahanap, at maging halimbawa ng espiritu ng mga turo sa gayong antas na hinahangad niyang maikintal sa kaniya, na ang tagatanggap ay kusang madarama na ipakikilala ang kaniyang sarili bilang kasapi ng Kapakanan na naglalarawan sa gayong mga turo. Hayaang pigilan niya, sa simula, ang paggigiit sa gayong mga batas at mga pagpapatupad nito na maaaring magpataw ng labis na pabigat sa bagong-gising na pananalig ng naghahanap, at sikaping alagaan siya, nang matiyaga, mahusay ang pakikitungo, at gayundin nang may buong pagtitika, hanggang sa umabot siya sa lubos na kaganapang-isip, at tulungan siyang maipahayag ang kaniyang walang-pasubaling pagtanggap sa anumang iniutos ni Bahá'u'lláh."**[23]

14. Sa ating mga pagsisikap magturo, dapat nating gunitain ang __________________ ipinakita ni 'Abdu'l-Bahá at ang Kaniyang patuloy na paalaala na __________________ ang gayong _________________ sa naghahanap at sikaping maging _________________ ng _______________ ng mga turo sa gayong antas na hinahangad nating maikintal sa kaniya.

15. Dapat tayong maging lubos na maingat sa pagsunod sa halimbawa ni 'Abdu'l-Bahá na ang naghahanap ay ___________________________________________ na ipakikilala ang kaniyang sarili bilang kasapi ng Kapakanan.

16. Yamang naakit na ang naghahanap sa Pananampalataya, dapat tayong mag-ingat sa simula na pigilan ang ____________ sa gayong mga _________ at mga ______________ nito na maaaring ____________________________________________________________ sa bagong-gising niyang pananalig.

17. Dapat natin siyang _________________ nang matiyaga, mahusay ang pakikitungo, at gayundin nang may buong pagtitika, hanggang sa umabot siya sa lubos na _______________________, at ___________ siyang maipahayag ang kaniyang _______________________________________ sa anumang ____________________ ni Bahá'u'lláh.

18. Dapat natin siyang alagaan nang _________________, ____________________________ at gayundin nang __________________________________, hanggang sa umabot siya sa lubos na kaganapang-isip, at tulungan siyang ______________________ ang kaniyang walang-pasubaling pagtanggap sa anumang iniutos ni Bahá'u'lláh.

**“Sa sandaling marating niya ang yugtong iyon, hayaang ipakilala siya sa lupon ng kaniyang mga kapwa mananampalataya, at sikapin, sa pamamagitan ng palagiang pakikisama at masigasig na pakikilahok sa mga gawaing lokal ng kaniyang pamayanan, na magawa niyang ibigay ang kaniyang bahagi para sa ikayayaman ng buhay nito, sa pagtataguyod ng mga tungkulin nito, sa pagpapatatag ng mga kapakanan nito, at sa pagtutugma ng mga gawain nito sa kalapit nitong mga pamayanan.”**[24]

19. Sa sandaling marating ng naghahanap ang yugtong iyon, dapat nating _______________ siya sa ibang mga miyembro ng pamayanan.

20. Mula sa yugtong iyon, dapat nating sikapin, sa pamamagitan ng ___________________ _____________________________ at __________________________________________ sa mga __________________________________ ng pamayanan, na magawa niyang _________________ ang kaniyang bahagi para sa _________________________ ng buhay nito, sa ________________ ng mga tungkulin nito, sa _____________________ ng mga kapakanan nito, at sa ________________________ ng mga gawain nito sa ibang mga pamayanan.

**“Huwag siyang masiyahan hanggang hindi niya naisasalin sa kaniyang espiritwal na anak ang gayong malalim na pagnanasa na magbubunsod sa kaniya na kusang bumangon, bilang kaniyang bahagi, at ilaan ang kaniyang mga lakas sa pagpapasigla ng ibang mga kaluluwa, at sa pagtataguyod ng mga batas at mga simulain na itinakda ng kaniyang bagong-tanggap na Pananampalataya.”**[25]

21. Sinasabi sa atin ng Guardian na hindi tayo dapat masiyahan hanggang hindi natin ________________ sa ating mga tinuruan ang gayong malalim na ________________ na ________________ sa kaniya na ___________________________ bumangon at __________________ ang kaniyang ___________________ para sa pagtuturo ng ibang mga kaluluwa at sa pagtataguyod ng mga batas at mga simulain ng Pananampalataya.

## BAHAGI 26

Habang isinasaisip ang mga sipi mula sa huling dalawang bahagi, ngayon ay hinihiling sa inyong itutok ang inyong pansin sa pagbubuo ng sarili ninyong masistemang personal na plano ng pagtuturo. Bilang unang hakbang, kailangan ninyong pag-isipan kung paano mabubuo sa inyong plano ang mga elementong tinukoy ni Shoghi Effendi. Ang pagsasagawa ng mga pagsasanay sa ibaba ay makatutulong sa inyo upang gawin ito.

1. Malinaw na ang isang napakahalagang elemento ng inyong personal na plano ng pagtuturo ay ang inyong di-matitinag na pagtatalagang gumawa ng konkretong mga hakbang upang humanap ng mga kaluluwang handang tumanggap at ang turuan sila. Sa tuwing gumagawa tayo ng matibay na pagtatalaga upang gawin ang isang bagay, sinusubok ang ating pagtatalaga. Di-maiiwasang lilitaw ang mga balakid. Sa kaso ng

pagtuturo, ang ilan sa mga balakid sa ating landas ay nagmumula sa pagtutol sa Pananampalataya o sa kalagayan ng daigdig sa palibot natin. Halimbawa, maaring maging mas mahirap ang ating mga pagsisikap magturo dahil sa materyalismo sa lipunan, at gayundin dahil sa karaniwang kawalan ng interes ng mga tao sa mga bagay na espiritwal. Ano ang ilan sa mga balakid na malamang ninyong makasagupa sa pagsagawa ninyo ng pagtuturo.

a. ____________________
b. ____________________
c. ____________________
d. ____________________
e. ____________________
f. ____________________

2. Yamang buo ang kalooban upang magbangon at ituro ang Pananampalataya, kailangan ninyong pag-isipan ang inyong sitwasyon at ang mga kalagayan ng sarili ninyong buhay. Mangyari pa, pangunahin sa mga ito ay ang inyong pakikilahok sa mga gawain ng pagtatatag ng pamayanan sa inyong nayon o kapitbahayan, at nabanggit na natin ito ay magbubukas sa inyo ng mga pagkakataong magturo. Subalit bukod pa rito, isaalang-alang ang iba pang mga bahagi ng inyong buhay. Sumulat ng isang maikling parapo na naglalarawan sa mga ito. Halimbawa, kayo ba ay isang estudyante, isang magulang, isang lolo o lola? Ano ang inyong pinagkakaabalahan, o ano ang inyong hanapbuhay? Sa aling mga grupo o kapisanan kayo may ugnayan, at anong klaseng mga tao ang nakakaharap ninyo sa araw-araw?

____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________

Habang isinasaisip ang nasa itaas, isulat ang iba't ibang mga posibilidad sa inyong buhay para sa masistemang pagtuturo:

____________________
____________________
____________________

3. Bukod sa mga posibilidad na tinukoy ninyo sa itaas, bilang isang elemento ng inyong personal na plano ng pagtuturo, kailangan ninyong bumuo ng iba't ibang mga paraan kung paano, samantalang napapangalagaan ang karangalan ng Pananampalataya, ay nagagawa ninyong makilala ang bagong mga tao, na ang ilan sa kanila ay mapapatunayang handang tumanggap sa mensahe ni Bahá'u'lláh. Halimbawa, maaari kayong sumali sa isang kapisanan na ang mga layunin ay tumutugma sa mga katuruan. Kung kayo ay nakatira nang malapit sa isang sentro ng edukasyon, maaari kayong dumalo sa ilang mga panayam sa mga paksang kahawig ng mga katuruan at huwaran ng Kapakanan. Ang elementong ito ng inyong plano ay napakahalaga sapagkat kung hindi kayo patuloy na nakakikilala ng bagong mga tao, hahantong kayo sa pagtutok ng lahat ng pansin sa parehong mga indibidwal sa sunud-sunod na taon—na maaring ang karamihan sa kanila ay hindi naman handang tumanggap. Isulat ang ilang mga paraan upang makakilala kayo ng higit at higit pang mga tao.

4. Sa lahat ng mga posibilidad na natukoy ninyo sa Pagsasanay 2 at 3, habang nakakasalamuha ninyo ang lumalaking bilang ng mga tao, kailangan ninyong pag-isipan kung paano ninyo ipakikilala sa kanila ang mga layunin ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, sa isang paraang may karunungan at karangalan. Samantalang tiyak na masusulyapan nila ang kagandahan ng Kaniyang mga katuruan mula sa inyong mga gawa, nanaisin ninyong makahanap ng angkop na mga pagkakataon upang talakayin sa kanila ang iba't ibang mga aspekto ng Pananampalataya. Mula sa inyong pag-aaral ng pangalawang yunit ng Aklat 2, "Mga Usapang Nagpapasigla", at ng kasunod na karanasan, alam na ninyo kung paano isinasagawa ang gayong mga usapan. Habang nagninilay-nilay kayo sa elementong ito ng inyong plano, makatutulong kung isaisip

ninyo ang iba't ibang mga grupo ng mga tao na inyong nakakasalamuha. Paano ang pinakamabisang paraan upang maipaabot ninyo sa kabatiran ng bawat grupo ang mga layunin at simulain ng Kapakanan? Malinaw na ang maisusulat lamang ninyo rito ay ang inyong panimulang mga kaisipan, sapagkat malalaman lamang ninyo ang tiyak na sasabihin ninyo sa mga tao kapag naroon na kayo sa mismong sitwasyon. Higit pa rito ay magbabago ang inyong mga ideya habang kayo ay nagtatamo ng karanasan.

5. Samantalang ipinagpapatuloy ninyong ipabatid ang marangal na mga layunin at simulain ng Kapakanan sa higit at higit pang maraming tao, magsisimula kayo sa pagtuturo sa mga natatagpuan ninyong handang tumanggap. Kung paano kayo magpapatuloy ay mababatay sa mga kalagayan. Sa ilan, tulad ni Anna sa kaniyang kaibigang si Emilia, ay maaaring ipasiya ninyo na ang pinakamahusay ay ang ilahad ang pangunahing mga katotohanan ng Pananampalataya nang malinaw at maliwanag. Sa mga iba, maaaring magpapatuloy kayo sa usapang nasa tagpo, halimbawa, ng isang regular na fireside. Sa iba pa rin, maaaring aanyayahan ninyo sila sa pagtitipon upang manalangin na dinaraos sa inyong nayon o kapitbahayan. Pagkatapos ay naroon din yaong mga may pagtatalaga na sa larawang-isip ni Bahá'u'lláh para sa isang bagong kaayusang pandaigdig, na kailangan na lamang ang inyong maalab na paghimok. Sa lahat ng kaso, mangyari pa, ay patuloy kayong babaling sa Diyos, hinihiling sa Kaniya na papasukin itong mga kaluluwang tinuturuan ninyo sa lilim ng Kaniyang Kapakanan. Ang inyong layunin ay tulungan ang bawat isa sa kanila ng magtamo ng patuloy na lumalalim na pag-unawa sa mga katuruan ni Bahá'u'lláh. At kapag Siya ay kinilala na nila bilang Kahayagan ng Diyos para sa Araw na ito at sumali sa mga ranggo ng

Kaniyang mga tagasunod, kailangang tulungan ninyo sila sa kanilang mga pagsisikap na palawakin pa ang kanilang kaalaman at maglingkod sa Kaniyang Kapakanan—ito ay upang mapaglabanan ng bago nilang nakamtang pananalig ang mga puwersa ng kabulukang moral na umiiral sa lipunan. Ilista ang mga bagay na maaari ninyong gawin na makatutulong sa pag-aruga sa kanila sa ganitong paraan.

## BAHAGI 27

Yamang tinukoy na ang mga elemento ng isang personal na plano ng pagtuturo, ngayon ay maaaring nanaisin na ninyong gumawa ng isang panimulang plano ng pagkilos para sa isang tanging yugto ng panahon, nang ilang linggo o ilang buwan. Ang inyong plano ay lubos na makatutulong kapag ito ay tiyak, na binabanggit ang pangalan ng mga taong kilala ninyo at binabaybay ang tiyak na mga hakbang na nilalayon ninyong gawin. Habang isinasagawa ang inyong plano, sa gayon, ang bagong mga pagkakataon ay lilitaw at ang mga ugnayan ay mabubuo, at sang-ayon dito ay bubuo kayo ng bagong mga hakbang.

## BAHAGI 28

Malamang na napansin ninyo noong pinag-iisipan ang mga elemento ng inyong personal na plano ng pagtuturo at ng paggawa ng panimulang plano ng pagkilos, madalas na ang ating indibidwal na mga pagsisikap na magturo ay nahahabi sa paraan ng pagkilos na namumukadkad sa ating mga nayon at kapitbahayan. Nakita rin ninyo kung paano ang ganoong indibidwal na mga pagsisikap ay nakatutulong at nagpapalakas sa paraang ito. Subalit upang bumilis ang paraan ng pagkilos sa isang pamayanan—hindi lamang iyon, upang lumawak nang malakihan—kinakailangan ang sama-samang mga kampanya. Upang makasali nang mabisa sa gayong mga kampanya, kinakailangang paunlarin natin ang isang malinaw na pag-unawa sa kung ano ba ang ipinahihiwatig ng sama-samang pagkilos. Isipin natin, halimbawa, ang sumusunod na sitwasyon.

Ipagpalagay na kayo ay sumasali sa isang pagtitipon kung saan ang mga kaibigan mula sa ilang mga karatig nayon o kapitbahayan ay nagsama-sama upang bumuo ng plano para sa isang kampanya ng pagtuturo na hinihiling ng Area Teaching Committee. Ang pagpupulong ay isinagawa sa isang kapaligirang espiritwal, iniharap ang ilang nakatitimong talumpati tungkol sa kahalagahan ng pagtuturo at ng ginagampanan ng indibidwal, at malaking sigla ang nilikha. Nang matapos na ang mga talumpati, ang mga nanggaling sa bawat nayon o kapitbahayan ay

nagsanggunian bilang grupo tungkol sa kanilang mga plano para sa kampanya ng pagtuturo. Paglipas ng ilang panahon, ang lahat ng mga grupo ay nagsama-sama upang ibahagi ang kanilang mga plano. Binuod ng isang kinatawan mula sa isang grupo ang mga bunga ng pagsasanggunian nito sa ganitong mga salita: "Ang planong binuo namin upang makatulong sa planong ito ay simple lamang. Hinihiling sa bawat indibidwal na araw-araw ipagdasal na magkaroon ng isa man lamang tagumpay sa pagtuturo, na babanggitin ng bawat indibidwal ang Pananampalataya sa isang tao man lamang tuwing araw, at magdaraos ang bawat pamilya ng isang fireside minsan sa tuwing labinsiyam na araw."

Ipagpalagay nating ang mga kaibigan mula sa grupong ito ay dinala ang planong ito sa kanilang nayon o kapitbahayan. Walang alinlangan na kapag sinunod ng bawat isa ang mga mungkahi ng grupo taglay ang debosyon at kasigasigan, masasabi nating ang pamayanan ay daranas ng kapuwa paglaki sa bilang at sa kakayahan, na maghahanda rito para sa higit pang malaking mga pagsisikap. Subalit upang lumawak pa ang ating pag-unawa sa paksa, makatutulong kapag itanong natin kung ang gayong plano ay umaakma ba sa ating palagay sa masistemang sama-samang pagkilos. Ang plano ba ay binubuo ng higit pa sa paghimok sa mga indibidwal na ipagpatuloy ang kanilang sariling personal na mga pagsisikap sa pagturo, na may karagdagang sigla buhat sa kabatirang isinasagawa rin ng mga iba ang gayunding uri ng gawain? Ang sama-samang pagkilos ay hindi ba dapat binubuo sa gayong paraan na pinalalakas ng mga talento at kakayahan ng mga indibidwal ang isa't isa, at sa gayon ay pinag-iibayo ang kanilang mga kapangyarihan? Hindi ba dapat ang nagkakaisang pagkilos ng isang grupo ng mga tao ay magbubunga ng higit pang maraming resulta kaysa sa suma ng kanilang hiwa-hiwalay na indibidwal na mga pagsisikap? Nilay-nilayin ang mga katanungang ito kasama ang ibang mga miyembro ng inyong grupo.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## BAHAGI 29

Ang pagtalakay ng mga katanungan sa itaas ay tiyak na pagtitibayin ang nagsisimula na ninyong maunawaan mula sa sarili ninyong karanasan. Tiyak na nakita na ninyo, bilang bahagi ng isang lumalaking nucleus ng mga indibidwal na nagtutulungan sa isang nayon o kapitbahayan, na kung paano ang pagtutugunan ng nagkakaisang pagkilos ay ginagawang mag-ibayo ang ating mga kapangyarihan. Ang ating layunin sa natitirang bahagi ng yunit na ito ay ang sisikaping magtamo ng ilang malalim na pag-unawa sa pagtutugunang ito kaugnay ng pagpapalawak at pagpapatatag ng Pananampalataya.

Una, ay mabilis nating balikan yaong malamang ay nalalaman na ninyo tungkol sa ating paraan ukol sa paglaki ng Pananampalataya sa buong daigdig. Sa kasalukuyang panahon, ang mga pagsisikap na pabilisin ang proseso ng paglaki ay halos lahat isinasagawa sa tanging mga kapitbahayan o mga nayon sa loob ng isang cluster. Ang "cluster" ay tumutukoy sa isang maliit na pangheyograpiyang lugar na para sa layunin ng pagpaplano ay madali sa pamamahala ang sukat niyon. Ang Area Teaching Committee ay kumikilos sa antas na ito. Sa loob ng tagpo ng isang cluster, hinihimok tayo ng Universal House of Justice na kumilos sa "tatlong-buwang mga cycle ng mga gawain na sa pamamagitan nito ang pamayanan ay lumalaki—ang bugso ng pagpapalawak na nararanasan bunga ng matinding pagkilos; ang kinakailangang panahon ng pagpapatatag kung kailan ang pagdami sa mga bilang ay pinalalakas habang sila, halimbawa, ay nakikilahok sa mga devotional meeting at sa Nineteen Day Feast at tumatanggap ng mga dalaw sa kanilang mga tahanan; at ang mga pagkakataong itinatakda upang magnilay-nilay at magplano ang lahat."

Ang mga cycle, kung gayon, ay natatangi ng sunud-sunod na mga yugto ng pagpapalawak, pagpapatatag, at pagninilay-nilay at pagpaplano. Ang bawat cycle ay nagpupundar sa mga tagumpay ng nakaraang cycle. Habang ang higit at higit pang mga tao ay pumapasok sa proseso ng institute pagkaraan ng bawat yugto ng pagpapalawak, ang sama-samang kakayahan ay tumataas habang nagsisimula silang isagawa ang kanilang mga natututunan. Ang isang pangkat ng magkaka-ugnay na mga gawain, na pinakamahalaga para sa proseso ng paglaki—mga pagtitipon upang manalangin, mga klase para sa mga bata, mga grupo ng mga junior youth, at mga study circle—ay lumalawak bunga nito, at ang lumalaking nucleus ng aktibong mga nagtataguyod sa Pananampalataya ay nagagawang pabilisin ang pangkalahatang tulin ng paggawa. Ang proseso ng paglaki ay patuloy na tumutulin sa ganitong paraan.

Ang yugto ng pagpapalawak ay ang nangangailangan ng pinakamataas na antas ng pagiging masikhay, na madalas itong natatamo sa pamamagitan ng pagsasagawa ng sama-samang mga kampanya. Ang mga layunin nito ay magbabago batay sa mga kalagayan sa isang cluster, tulad ng nabanggit na sa itaas. May mga pagkakataong sisikapin ng isang kampanya na paramihin ang mga nakikilahok sa isa o iba pang core activity. Sa ibang mga pagkakataon, maaaring ang tututukan ay ang tuwirang pagtuturo. Madalas na itong huling nabanggit na mga pagsisikap, na isinasagawa sa isang lokalidad kung saan ang mga gawain ay nagsisimula nang magbigay-hugis sa pamumuhay ng pamayanan, ay binubuo ng pagdalaw sa mga tao sa kanilang mga tahanan. Tungkol sa ganitong uri ng mga kampanya, inihahain ng Universal House of Justice ang sumusunod na patnubay:

> **"Sa kaibuturan ng paksa, kung gayon, ay kung paanong ang isang kampanya ng pagtuturo ng Pananampalataya sa pamamagitan ng pagdalaw sa mga tahanan ay nauugnay sa ibang mga gawaing isinasagawa sa kapitbahayan—kung paano ito nauugnay sa mga pagsisikap na magdaos ng mga pagtitipon upang palakasin ang katangiang manalangin ng higit na malawak na pamayanan, na magsagawa ng mga klase upang linangin ang espiritwal na pag-unlad ng mga bata, na bumuo ng mga grupo upang magkaroon ng daluyan ang mga sigla ng mga junior youth, na magtatag ng mga study circle na nakabukas sa lahat upang magawa ng mga tao mula sa iba't ibang pinanggalingan na sumulong sa magkaparehong batayan at saliksikin ang paglapat ng mga katuruan sa kanilang indibidwal at sama-samang pamumuhay."**[26]

## BAHAGI 30

Tulad ng iminumungkahi ng sipi sa itaas, hindi natin dapat isiping ang mga kampanya ng pagtuturo ay isinasagawa nang walang kaugnayan sa kahit anuman. Ang mga ito ay bumubuo ng isa lamang elemento ng ating paraan ng paglaki. Higit pa rito, ang mga pagsisikap sa malakihang pagpapalawak at pagpapatatag ng Pananampalataya ay pinakamabunga kapag ang mga ito ay isinasagawa nang masistema sa loob ng isang mahabang panahon sa isang tanging populasyon.

Sa yunit na ito, ilang beses nating ginamit ang terminong "populasyong handang tumanggap". Ipinakikita ng karanasan, na tulad din ng mga indibidwal, ang ilang mga populasyon ay maaaring mas handa kaysa sa iba upang suriin ang mga ipinahihiwatig ng Pananampalataya para sa kanilang sama-samang pamumuhay. Sinasabi sa atin ng Universal House of Justice na ang gayong kahandaang tumanggap ay madalas "ipinakikilala ang sarili nito bilang isang bukal sa loob na pakikilahok sa proseso ng pagtatatag ng pamayanan na ibinubunsod ng mga core activity." Sa bawat cluster, ang gawaing nasa harap ng mga kaibigan ay

> **"ang pagtuturo sa loob ng isa o higit pang mga populasyong handang tumanggap, ginagamit ang tuwirang paraan ng pagtuturo sa kanilang pagpapaliwanag sa mga simulain ng kanilang Pananampalataya, at hanapin yaong mga kaluluwang sabik umalis sa panghihina na ipinataw sa kanila ng lipunan at ang gumawa nang kaagapay ang iba sa kanilang mga kapitbahayan at mga nayon upang simulaan ang proseso ng pangkalahatang pagbabago."[27]**

Ang nakataya, kung gayon, ay ang pagsulong ng isang populasyon patungo sa larawang-isip ni Bahá'u'lláh ng isang bagong kaayusang pandaigdig at ng isang kabihasnang masagana at nagkakasundo. Upang higit pang nilay-nilayin ang kahalagahan ng prosesong ito, na isinasagawa sa mga cluster sa buong daigdig, basahin ang sumusunod na halaw mula sa isang mensaheng isinulat ng House of Justice:

> **"Kapag ang mga masa ng sangkatauhan ay nagising at pumasok sa Pananampalataya ng Diyos, isang bagong proseso ang nag-uumpisang kumilos at ang pag-unlad ng isang bagong kabihasnan ay nagsisimula. Masdan ang paglitaw ng Kristiyanismo at ng Islám. Ang mga masa na ito ay mga karaniwang tao, na nakalubog sa sarili nilang mga tradisyon, subalit handang tumanggap sa bagong Salita ng Diyos, na sa pamamagitan nito, kapag sila ay tunay na tumutugon dito, sila ay lubos na naiimpluwensiyan nito na napagbabago nila ang mga nakakasalamuha nila.**
>
> **"Ang mga pamantayan ng Diyos ay iba kaysa roon sa mga tao. Ayon sa mga pamantayan ng tao, ang pagtanggap sa anumang Kapakanan ng natatanging mga tao, na kilala sa katanyagan at katayuan, ang nagtatakda sa kahalagahan at kadakilaan ng Kapakanang iyon. Subalit, sa mga salita ni Bahá'u'lláh: 'Ang panawagan at Mensahe na ibinigay Namin ay hindi kailanman nilayong makarating o pakinabangan ng iisang lugar o iisang sambayanan lamang. Ang sangkatauhan sa kabuuan nito ay kinakailangang mangapit nang mahigpit sa anumang ipinahayag at ibinigay rito.'"[28]**

Kaugnay ng likas na katangian ng proseso ng pagbabago na namumukadkad sa mga cluster sa lahat ng dako, mababasa natin ang sumusunod sa isa pang mensahe na isinulat ng House of Justice:

> **"Ibinubunsod ng mga lakas na nilikha kapuwa sa loob at sa labas ng pamayanang Bahá'í, ang mga sambayanan ng daigdig mula sa iba't ibang dako ay makikitang kumikilos palapit nang palapit sa isa't isa, tungo sa magiging isang kabihasnang pandaigdig na kagila-gilalas ang katangian, na walang-saysay para sa atin ang magtangkang ilarawan ito ngayon. Habang ang pagkilos ng mga populasyon tungo sa sentro ay bumibilis sa buong daigdig, ang ilang mga elemento ng bawat kultura, na hindi sang-ayon sa mga turo ng Pananampalataya, ay unti-unting maglalaho, habang ang iba ay palalakasin. Sa gayunding paraan, ang bagong mga elemento ng kultura ay susulong sa paglakad ng panahon habang ang mga tao mula sa bawat grupo ng sangkatauhan, na pinasisigla ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, ay maghahayag ng mga halimbawa ng kaisipan at pagkilos na bunga ng Kaniyang mga turo. . . . "**[29]

1. Batay sa pangalawang sipi sa itaas, sagutin ang mga katanungan sa ibaba.

   a. Ano ang nangyayari kapag ang mga masa ng sangkatauhan ay nagising at pumasok sa Pananampalataya ng Diyos? ________________________________________

   ________________________________________________________________

   b. Anong pagbabago ang nagaganap sa mga masa kapag tunay silang tumutugon sa Salita ng Diyos? ________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   c. Paano ipinaliliwanag ng sipi ang isa sa mga pagkakaiba sa pagitan ng mga pamantayan ng Diyos at ng mga pamantayan ng tao? ______________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

   ________________________________________________________________

2. Batay sa pangatlong sipi sa itaas, ipasiya kung alin sa sumusunod na mga pangungusap ay totoo:

   ______ Upang lumapit sa kabihasnang pandaigdig na ginugunita sa mga kasulatan, kailangang sundin ng bawat populasyon ang mga elemento ng isang nangingibabaw na kultura

   _____ Ang bawat kultura sa daigdig ay naglalaman ng mga elementong kapuri-puri, at mga elementong dapat iwaksi

______ Ang pamantayan ng kung ano ang tama at ano ang hindi kanais-nais sa alinmang kultura ay ang Rebelasyon ni Bahá’u’lláh

______ Hindi katanggap-tanggap para sa isang grupo ng mga tao, sa ngalan ng kultura, na ituring ang kababaihan bilang higit na mababa kaysa kalalakihan

______ Ang mga aspekto ng alinmang kultura na nagbibigay-diin sa pagtutulungan ay dapat pahalagahan at mahalin

______ Yaong mga aspekto ng isang kultura na kapuri-puri ay nakatutulong sa pagpapahusay ng pagkakaiba-iba at kagandahan ng buong lahi ng tao

______ Ang hindi katanggap-tanggap na mga aspekto ng isang kultura ay kailangang magbago habang natatanglawan ito ng liwanag ng mga katuruan ng Pananampalataya.

______ Walang nakatatawa sa mga biro o mga salitang minamaliit sa anumang paraan ang alinmang grupo ng mga tao; sa pinakamabuting pananaw ang mga ito ay mga tira-tirahan mula sa pagkamusmos ng sangkatauhan at dapat nang itapon.

______ Kapag ang isang populasyon ay pumasok na sa Pananampalataya, unti-unti nitong iiwan ang mga elementong iyon ng kultura nito na hindi naaayon sa mga katuruan

______ Kapag ang isang populasyon ay pumasok na sa Pananampalataya, ang mga elementong iyon ng kultura nito na naaayon sa mga katuruan ay patitibayin at palalakasin

______ Ang bawat populasyon, sa paglakad ng panahon, ay gagamit ng bagong mga elemento ng isang kulturang pinasigla ng Rebelasyon ni Bahá’u’lláh—halimbawa, yaong mga naglalarawan sa kahalagahang ibinibigay nito sa pagbibigay ng edukasyon sa nakababatang mga salinlahi

______ Habang lumalapit nang lumalapit ang mga populasyon sa karagatan ng Rebelasyon ni Bahá’u’lláh, di-maiiwasang lalapit sila sa isa’t isa

______ Ang magkakaibang mga populasyon sa wakas ay lalapit sa isa’t isa habang tinatalunton nila ang sarili nilang landas ng pag-unlad, sundin man nila o hindi ang mga katuruan ni Bahá’u’lláh

______ Ang pakikilahok ng higit at higit pang malaking mga bilang sa mga core activity sa loob ng populasyong handang tumanggap ay nagsisimula ng isang proseso ng pagbabago na magbubunsod sa populasyong ito nang higit at higit pang malapit sa larawang-isip ni Bahá’u’lláh para sa isang bagong kaayusang pandaigdig.

Kaugnay ng nasa itaas, nilay-nilaying ang inyong sariling karanasan sa cluster kung saan kayo ay nakatira. Mula nang magsimula kayong tahakin ang landas ng paglilingkod, tumulong kayo sa pagpapalakas at pagpapalawak ng isang pangkat ng magkaka-ugnay na mga gawain—maging ito man ay sa isang tanging lugar sa inyong kapitbahayan o sa iba’t ibang

bahagi ng cluster. Isipin ang mga gawaing iyon sa kabuuan at ang proseso ng pagbabago na inilunsad niyon. Ilarawan kung paano nililikha ang pagsulong ng populasyon habang ang lumalaking nucleus na inyong kinabibilangan ay natututong gawin ang sumusunod sa isang paraang magkaka-ugnay-ugnay: upang payabungin ang katangiang manalangin ng pamayanan; upang tumulong sa pagbibigay-lakas sa espiritwal at intelektwal ng higit at higit pang maraming junior youth; upang anyayahan ang higit at higit pang maraming mga kabataan na tahakin ang landas ng paglilingkod, at tinutulungan sila sa paggawa nila niyon; upang magkaloob ng edukasyong espiritwal sa higit at higit pang maraming mga bata; at upang gawing posible para sa higit at higit pang maraming mga pamilya ng mga bata at mga kabataan na matutunan ang tungkol sa mga katuruan at ipatupad iyon sa kanilang mga buhay.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## BAHAGI 31

Ngayong napagnilay-nilayan na ninyo kung paano nililikha ng isang lumalawak na nucleus ng mga kaibigan sa inyong nayon o kapitbahayan ang pagsulong ng isang populasyon tungo sa larawang-isip ni Bahá'u'lláh ng isang bagong kaayusang pandaigdig, suriin natin ngayon ang mga kalagayang nagbibigay-bisa sa gayong sama-samang paggawa. Sasang-ayon kayo na ang unang kalagayang dapat matupad ay ang pagkakaisa. Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"Kung kayo ay tunay na nagkakaisa, kung nagkakasundo kayong itaguyod yaong pangunahing layunin, at ipakita ang isang pag-ibig na pinagkakaisa ang lahat, isinusumpa ko sa Kaniya na Siyang nagsanhi sa pagtubo ng binhi at sa paghihip ng hangin, na napakatinding liwanag ang sisinag mula sa inyong mga mukha na aabot ito sa kataas-taasang langit, ang katanyagan ng inyong luwalhati ay ibabalita sa ibayo, ang mga katibayan ng inyong kahusayan ay lalaganap sa kahabaan ng lahat ng rehiyon, ang inyong kapangyarihan ay manunuot sa realidad ng lahat ng bagay, ang inyong mga layunin at adhikain ay magdudulot ng impluwensiya nito sa mga bansang dakila at malakas, ang inyong mga espiritu ay sasaklaw sa buong daigdig ng nilalang, at matutuklasan ninyong kayo ay mga hari sa mga kinasasakupan ng Kaharian, at nadadamtan ng maluwalhating korona ng di-nakikitang Lupain, at magiging mga pinuno ng hukbo ng kapayapaan, at mga prinsipe ng mga puwersa ng liwanag, at mga bituing sumisinag mula sa sugpungang-guhit ng kaganapan, at mga lamparang maningning na nagdudulot ng liwanag niyon sa mga tao."**[30]

Na maging ganoon ang pagkakaisa na pinag-iibayo ang ating mga kapangyarihan, tulad ng inilarawan ni ‘Abdu’l-Bahá sa itaas, ay hindi isang kalagayang natatamo natin nang minsanan at wala nang pagbabago. Ito ay nangangailangan ng araw-araw na pagsisikap. Kahit pa gaano kahusay na nating natutunan ang magplano at kahit pa anong husay na natin sa pagpapatupad ng ating mga plano, maliit lamang ang ibubunga niyon kapag hinayaan nating makapasok ang kaliit-liitang sukat ng samaan ng loob o pag-aaway.

Kadalasan, ang mga sanhi ng di-pagkakasundo ay mababaw at hindi naman bunga ng masamang hangarin. Madalas na nagkakaroon ng samaan ng loob dahil may isang naiinip sa mga pagkakamali ng iba o iginigiit na siya ang masunod. Ang lunas nito ay ang kagandahang-loob at ang kakayahang magparaya at palampasin ang mga kababawan sa buhay. Sinasabi sa atin ni ‘Abdu’l-Bahá na:

> **“Ngayon ang panahon, O mga minamahal ng Panginoon, para sa maalab na pagsisikap. Magpunyagi kayo, at magsumikap. At yamang ang Napakatandang Kagandahan ay nailantad araw at gabi sa larangan ng pagmamartir, tayo naman sa ating bahagi ay gumawa nang matindi, at makinig at nilay-nilayin ang mga payo ng Diyos; itapon natin ang ating mga buhay, at talikdan ang ating maikli at nabibilang na mga araw. Ibaling natin palayo ang ating mga mata mula sa hungkag na mga pantasiya nitong magkakaibang mga anyo ng daigdig, at sa halip ay paglingkuran itong pinakamatayog na layunin, itong napakahusay na dibuho. Huwag nating tulutan, dahil sa ating sariling mga kathang-isip, na putulin itong punong itinanim ng kamay ng makalangit na biyaya; huwag nating tulutan ang madilim na mga ulap ng ating mga ilusyon, ng ating makasariling kapakanan, na matabunan ang luwalhating sumisikat mula sa Kahariang Abhá. Huwag tayo maging mga balakid na humahadlang sa dumadaluyong na karagatan ng Diyos na Ganap na Makapangyarihan. Huwag nating pigilan ang dalisay at matamis na mga samyo mula sa hardin ng Kagandahang Ganap na Maluwalhati mula sa paghihip sa malayo at malawak. Huwag nating sarhan, sa araw na ito ng muling pagsasama, ang tagsibol na pag-ulan ng mga biyaya mula sa kaitaasan. Huwag tayong pumayag kailanman na lumipas at maglaho ang mga karingalan ng Araw ng Katotohanan. Ito ang mga paalaala ng Diyos, na inilahad sa Kaniyang mga Banal na Aklat, sa Kaniyang mga Santong Kasulatan, sa Kaniyang mga Tableta, na nagsasaysay ng Kaniyang mga payo sa mga matapat.**
>
> **“Ang luwalhati ay mapasa inyo, at habag ng Diyos, at ang mga biyaya ng Diyos.”**[31]

Sinasabi ng Guardian:

> **“Itutok ang inyong paningin sa napakaraming maaaring mangyari, mga di-matatayang biyaya, di-mapapasukong espiritu nitong umuunlad at nagpupunyaging Pananampalataya ng Diyos, at huwag pahintulutan ang mga walang-kabuluhang pagtatalo at di-maiwasang mga pagkakaiba sa kasalukuyan na palabuin ang inyong pananaw sa maningning na mga tagumpay na inilaan sa kinabukasan ng Kapakanan para sa matatatag at magigiting na mga tagapagtaguyod nito.”**[32]

Ang pagsasaulo at pagsasapuso ng mga siping katulad ng nasa ibaba ay makatutulong sa atin sa pagtataguyod ng pagkakaisa sa ating sama-samang mga pagsisikap.

**"Kung anumang hidwaan ang mangyari sa inyo, masdan Ako na nakatayo sa harap ninyo, at kalimutan ang mga pagkukulang ng isa't isa alang-alang sa Aking pangalan at bilang isang tanda ng inyong pagmamahal sa Aking maliwanag at maringal na Kapakanan. Nais naming makita kayong lagi-laging magkakasama na nagkakaunawaan at nagkakasundo sa loob ng paraiso ng Aking mabuting kasiyahan, at masamyo mula sa inyong mga kilos ang halimuyak ng pagkakaibigan at pagkakaisa, ng mapagmahal na kabaitan at mabuting samahan. Ganoon ang ipinapayo sa inyo ng Nakaaalam ng Lahat, ang Matapat. Kami ay lagi ninyong kasama; kung malalanghap Namin ang bango ng inyong pagsasamahan, ang Aming puso ay tiyak na magagalak, sapagkat wala nang ibang makasisiya sa Amin. Dito ay sumasaksi ang bawat tao na may tunay na pag-unawa."**[33]

Ang pagkakaisa ay higit na madaling panatilihin kapag batid ng lahat ang kahalagahan ng gawaing dapat matupad at ang kadakilaan ng mga layuning dapat matamo. Kapag umiiral ang ganoong kabatiran, hindi gaanong mahirap para sa mga tao ang isaisantabi ang kanilang mga pagkakaiba at ibigay nang walang pag-iimbot ang lahat ng kanilang makakaya sa gawaing kaharap nila. Huminto sandali at isipin: Kayo ba ay handang magdulot ng pinsala sa isang prosesong natatadhanang akayin ang dose-dosenang naghihintay na mga kaluluwa na lalo pang mapalapit sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh alang-alang lamang sa alinman sa sumusunod:

______ Dahil hindi ka handang patawarin ang mga kilos ng iba?

______ Dahil abala ka sa sarili mong mga pagkukulang?

______ Dahil ayaw mong sumunod sa plano ng pagkilos na pinagkasunduan na ng lahat?

______ Dahil naniniwala kang ikaw ay tama at ang lahat ng iba ay mali?

______ Dahil mahilig kang magbiro sa tuwing may pagkakataon, kahit pa hindi naman angkop ang biro at naaasiwa ang mga iba?

______ Dahil lagi mong pinupulaan ang bawat pagkukulang na napapansin mo, kahit anupaman ang maging epekto nito sa sigla ng grupo?

______ Dahil hindi mo pinahahalagahan ang pangangailangan ng masikhay na paggawa sa sama-samang pagkilos?

______ Dahil kinausap ka ng isang tao sa paraang hindi mo nagustuhan?

______ Dahil hindi ka mapalagay sa pagdalaw sa mga tao sa kanilang mga tahanan?

______ Dahil hindi ka masaya kasi hindi naman nagagamit ang iyong tanging mga talento?

## BAHAGI 32

Ang pagkakaisang umiiral sa pagitan ng mga miyembro ng isang nucleus ng mga kaibigang nagtatalaga ng kanilang mga sarili sa pagpupunyagi sa isang nayon o kapitbahayan ay hindi natatakdaan sa mapagmahal na mabuting samahan na nagbibigkis sa kanila. Inihahayag nito ang sarili nito sa malinaw na kabatiran nilang lahat tungkol sa kanilang nagkakaisang layunin. Ang pagkakaisa ng layunin ay ang isa pang kalagayang kinakailangan

para sa nagkakaisang pagkilos; ito ay nagbibigay ng direksiyon sa ating mga pagsisikap, hindi lamang kapag tayo ay sama-samang gumagawa kundi gayundin kapag isinasagawa natin ang isang indibidwal na gawain ng paglilingkod, tulad ng pagtuturo ng klase para sa mga bata o paglilingkod bilang animator ng isang grupo ng mga junior youth. Laganap ito sa ating ginagawa at pinagkakalooban ng kabuluhan ang ating pagkilos. Nakikita natin kung paanong ang ating indibidwal na mga pagsisikap ay magkasamang hinahabi sa sama-samang mga gawain upang lumikha ng isang masiglang paraan ng paggawa na ibinubunsod pasulong ang isang populasyon. Sinasabi ng Universal House of Justice na:

> **"Ang pamayanan ay higit at higit pang nagsisilbi bilang kapaligiran kung saan ang indibidwal na pagsisikap at ang sama-samang pagkilos, sa tulong ng institute, ay maaaring punuan ang isa't isa upang matamo ang pagsulong. Ang siglang ipinakikita nito at ang pagkakaisa sa layunin na nagbibigay-buhay sa mga pagsisikap nito ay umaakit sa lumalaking bilang mula sa lahat ng uri ng pamumuhay na sabik na ilaan ang kanilang panahon at lakas para sa kagalingan ng sangkatauhan."**[34]

Itong kamalayan sa nagkakaisang layunin, kung gayon, ay lumalampas pa sa lokal na antas. Nakikilala natin ang ating mga pagsisikap bilang bahagi ng isang lumalawak na nucleus sa ating nayon o kapitbahayan ay nakatutulong sa higit na malaking layunin ng pagsulong ng gawain sa cluster kung saan tayo naninirahan. Nakikita rin natin na isinusulong nito ang pag-unlad ng ating pambansang pamayanan at ang pamumukadkad ng mga Planong pandaigdig ng Pananampalataya, na sa kalaunan ay hahantong sa paglitaw ng kaayusang pandaigdig ni Bahá'u'lláh.

1. Bakit mahalaga ang ating kabatirang nakatutulong sa higit na malaking layunin ang ating ginagawa sa kapitbahayan o nayon? ____________________

   ____________________
   ____________________
   ____________________

2. Paano natin tinitiyak na ang mga layunin at adhikain ng indibidwal ay sumasang-ayon sa mga layunin ng Pananampalataya? ____________________

   ____________________
   ____________________
   ____________________

3. Paano nagpupunuan ang mga pagsisikap ng indibidwal at ang mga gawaing sama-sama na ipinatutupad sa pamamagitan ng institute? Bakit lubhang kinakailangan para sa nagkakaisang pagkilos ang pag-unawa sa ganitong pagpupunuan?

   ____________________
   ____________________
   ____________________
   ____________________

4. Paano pinalalakas pa ng pagkakaisa ng layunin ang mga bigkis ng pag-ibig sa pagitan ng mga kaibigang sama-samang naglilingkod? ________________________________

## BAHAGI 33

Nakita nating ang pagkakaisa ng layunin ay napakahalaga para sa nagkakaisang pagkilos; pinasisigla tayo nito upang magpunyagi nang walang lubay sa larangan ng paglilingkod. Kinakailangang mamuhunan ng oras at lakas upang matamo ang nagkakaisang layunin—maraming oras ng puspusan subalit maligayang paggawa. May isang maling akala sa daigdig tungkol sa kung ano ba ang bumubuo sa tuwa. Muli't muling ibinibigay sa atin ang mensahe na ang mismong layunin ng buhay ay ang magkaroon ng katuwaan, na iyon ay binibigyan ng kahulugang ayon sa mababaw na mga libangan. Subalit paano maihahambing ang gayong "katuwaan" sa tunay na kaligayahan ng pagbabahagi ng mensahe ni Bahá'u'lláh sa mga iba, ng makita silang pinasisigla ng espiritu ng pananalig, ng pakikilahok sa makabuluhang mga usapan sa mga pamilya ng mga kasali sa mga klase para sa mga bata at sa mga grupo ng mga junior youth, ng makitang sumusulong ang mga nag-aaral sa pangunahing serye ng mga kurso ng institute sa kanilang pag-unawa at kakayahang maglingkod? Kung sakaling lumakas sa isang sama-samang pagsisikap ang hangarin para sa ginhawa at pagpaparaya sa sarili, ito ay maaaring madaig ng paggunita kay 'Abdu'l-Bahá, ang ganap na Huwaran, at sa Kaniyang walang kapagurang mga pagsisikap upang palaganapin ang Kapakanan. Narito ang ilan sa Kaniyang mga salita:

> **"Sumunod sa mga yapak ni 'Abdu'l-Bahá, at sa landas ng Kagandahan ng Abhá ay manabik sa bawat sandali na ialay ang inyong mga buhay. Sumikat nang tulad ng bituing-araw, maging tulad ng dagat na hindi namamahinga; tulad ng mga ulap ng langit, ibuhos ninyo ang buhay sa kapatagan at sa kabundukan, at tulad ng mga hangin sa Abril, humihip ng kasariwaan sa mga punong iyon na mga tao, at dalhin sila sa kanilang pamumulaklak."[35]**

> **". . . dapat lubusang isuko ng tao ang kaniyang kalooban sa Diyos, at lubusang limutin ang kaniyang sariling mga gawain, upang matamo niya ang katayuan ng nabubuhay na alay: Sa gayon, kapag siya ay matutulog, dapat ito ay hindi para sa kaginhawahan, subalit dapat tanging upang mabawi niya ang kaniyang lakas nang sa gayon ang kaniyang diskurso ay maging higit na malinaw, ang kaniyang pananalita ay maging higit na kalugud-lugod, at upang mapaglingkuran niya ang mga nilikha ng Diyos at ipaliwanag ang Kaniyang mga katibayan; at kapag siya ay gising, dapat siyang manatiling alerto, magpakaabala sa paglilingkod sa Kapakanan ng Diyos, at lubusang isailalim ang kaniyang sariling mga hangarin at hilig sa kalooban ng Diyos. Kapag narating na niya ang kalagayang ito, papalibutan siya ng mga pagpapatibay ng Espiritu Santo, at taglay ang gayong**

**kapangyarihan, magagawa niyang mapaglabanan ang lahat ng mga sambayanan ng daigdig."[36]**

**"Umaasa akong mula sa mga biyaya Niya na Siyang nagbibigay-buhay sa mga espiritu, na ikaw ay hindi mananahimik nang kahit isang sandali, ni hindi mapipigilan sa pagpintig tulad ng arteriya sa katawan ng daigdig, na lagi kang hihihip ng espiritu ng buhay sa mga puso at tutulutang makalipad ang mga kaluluwa sa mga kaharian sa kaitaasan."[37]**

**"Ang mga ito ay magpupunyagi nang walang-puknat, sa araw at sa gabi, hindi papansinin ang mga pagsubok ni ang mga pighati, hindi tutulutang magkaroon ng paghinto ang kanilang mga pagsisikap, hindi maghahanap ng pamamahinga; hindi pahahalagahan ang lahat ng kaluwagan at kaginhawahan, at nang nakawalay at walang-dungis, ay itatalaga ang bawat mabilis na lumilipas na sandali ng kanilang mga buhay sa pagpapalaganap ng banal na halimuyak at sa pagdadakila ng banal na Salita ng Diyos. Ang kanilang mga mukha ay sisinag sa makalangit na kaligayahan, at ang kanilang mga puso ay mapupuspos ng ligaya. Ang kanilang mga kaluluwa ay tatamo ng inspirasyon, at ang kanilang saligan ay mananatiling matatag. Hahayo sila sa daigdig, at maglalakbay sa lahat ng rehiyon. Itataas nila ang kanilang mga tinig sa bawat kalipunan, at papalamutihan at muling bubuhayin ang bawat pagtitipon. Magsasalita sila sa bawat wika, at ipaliliwanag ang bawat natatagong kahulugan. Ibubunyag nila ang mga hiwaga ng Kaharian, at ilalantad sa bawat isa ang mga palatandaan ng Diyos. Sila ay mag-aapoy nang maliwanag tulad ng isang kandila sa kalagitnaan ng bawat kapulungan, at sisinag tulad ng bituin sa bawat guhit-tagpuan. Ang mayuming mga simoy na humihihip sa hardin ng kanilang mga puso ay magpapabango at muling bubuhay sa mga kaluluwa ng mga tao, at ang mga ibinubunyag ng kanilang mga kaisipan, tulad ng mga ambon, ay muling magpapasigla sa mga tao at mga sambayanan ng daigdig."[38]**

## BAHAGI 34

Ang isang mahalagang instrumento na ibinigay sa atin upang makatulong sa paglikha at pagpapatatag ng ating pagkakaisa at upang panatilihin ang nagkakaisang diwa ng layunin ay ang pagsasanggunian. Sa pamamagitan ng pagkilos, pagninilay-nilay sa kilos, at sa pagsasanggunian ay nagagawa nating matamo ang pagkakaisa ng isipan. Ang pagkakaisa ng isipan—tungkol sa likas na katangian ng ating mga gawain at tungkol sa mga paraang ginagamit natin at ng mga layuning itinatakda natin—ay isa pang pangangailangan ng mabisa at nagkakaisang pagkilos.

Habang ang isang lumalawak na nucleus ng mga kaibigan ay kumikilos nang hindi pabago-bago at nang may pagkakaisa ng isipan, dapat nitong patuloy na palakasin ang kakayahan at disiplina nito upang regular na magnilay-nilay sa bisa ng mga kilos nito. Sa pagninilay-nilay, pagsasaanggunian, at pag-aaral, ginagamit ng isang nucleus ang karanasan at ang nauugnay na mga sipi mula sa mga kasulatan, lalo na ang patnubay mula sa Universal House of Justice. Kapag itong paraan ng pagkilos, pagninilay-nilay, pagsasanggunian, at pag-aaral ay itinatakda na ang paraan ng sama-samang pagkilos ng isang grupo ng mga kaibigan, ang pagsisikap matuto ay ang nagiging paraan ng kanilang pagkilos. Ang nagpapatuloy na

paglaki ay nagiging posible, habang nagpupundar sila sa mga lakas na natamo nila sa sunud-sunod na mga cycle. Upang mapanatili ang sigla ng ating mga gawain, upang makipag-ugnay sa mga tao mula sa lahat ng pinanggalingan, upang mangasiwa sa mga gawain ng napakalaking mga bilang—sa madaling salita, ang patuloy na paglaki—ito ang layunin ng pagsisikap matuto sa bawat cluster:

> **". . . tulutang huwag ipagkait ng mga kaibigan ang anumang pagsisikap upang pataasin ang antas ng pakikilahok. Tulutang gawin nila ang lahat ng makakaya upang tiyakin na ang sistema na buong hirap nilang itinayo ay hindi magsara sa sarili nito subalit ay paunlad na lumalawak ang saklaw sa parami nang paraming mga tao. Tulutang huwag mawala sa harap ng kanilang paningin ang kapansin-pansing pagiging handang tumanggap na natagpuan nila—hindi lamang iyon, ang diwa ng sabik na pag-aasam na naghihintay sa kanila—habang sila ay nagtatamo ng tiwala sa kanilang kakayahang makipag-ugnayan sa mga tao mula sa lahat ng uri ng pamumuhay at makipag-usap sa kanila tungkol sa Katauhan ni Bahá'u'lláh at ng Kaniyang Rebelasyon."**[39]

1. Ano ang hindi natin dapat ipagkait ang anumang pagsisikap upang pataasin? ________

   ________________________________________

2. Ano ang dapat nating gawin ang lahat ng makakaya upang tiyakin? ________

   ________________________________________

   ________________________________________

3. Ano ang hindi dapat mawala sa harap ng ating paningin? ________

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

4. Ang lumalawak na nucleus na kinabibilangan ninyo ay tiyak na nagtamo na ng maraming malalim na pag-unawa sa proseso ng paglaki sa inyong nayon o kapitbahayan habang kumikilos kayo nang hindi pabago-bago, nagninilay-nilay sa pagkilos, at sama-samang nagsasanggunian. Dito ay nakita ninyong may nagtutugunang ugnayan sa pagitan ng dalawang pag-unlad: ang paglilinang ng kakayahan sa mga indibidwal na tinatahak ang landas ng paglilingkod na binakas ng mga kurso ng institute at ang paglaki ng antas ng mga gawain at ng bilang ng mga lumalahok sa mga iyon. Talakayin ang ilan sa mga malalim na pag-unawang natamo ninyo kaugnay ng ugnayan na ito at ang pangunahing kahalagahan nito para sa proseso ng paglaki.

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

Upang mapagnilay-nilayan nang higit pa ang mga ipinahihiwatig ng pagsisikap matuto bilang paraan ng paggawa at sa paraan ng pagkilos, pagninilay-nilay, pagsasanggunian, at pag-aaral na nagtatakda ng katangian nito, basahin ang sumusunod na mga sipi mula sa Universal House of Justice. Habang ginagawa iyon, isipin ang nucleus ng mga kaibigan na kinabibilangan ninyo, at kasama nila ay buong sigasig kayong naglilingkod sa inyong nayon o kapitbahayan.

**"Nagdiriwang kaming makita sa lumalaking bilang ng mga cluster, at sa mga kapitbahayan at nayon sa loob ng mga ito, na lumitaw na ang isang *nucleus* o panimulang pangkat ng mga kaibigan, sa pamamagitan ng pagkilos at pagninilay-nilay, na natutuklasan kung ano ang kinakailangan, sa anumang tanging yugto, upang sumulong ang proseso ng paglaki sa kanilang mga kapaligiran. Ginagamit nila ang mabisang instrumento ng institute, na sa pamamagitan niyon ang espiritwal at materyal na kasaganaan ng pamayanan ay pinayayabong, at habang sila ay kumikilos, ang bilang ng mga sumasama sa kanila ay lumalaki. Natural lamang na magkakaiba-iba ang mga kalagayan sa iba't ibang mga lugar, at ganoon din naman ang mga katangian ng paglaki. Subalit sa pamamagitan ng masistemang pagsisikap, ang lahat ay makapagbibigay ng higit at higit pang mabisang tulong sa gawaing hinaharap. Sa bawat tagpo, may dalisay na kaligayahan sa pakikipag-usap sa ibang mga kaluluwa sa makabuluhan at nakapagpapasiglang mga usapang tumutungo, nang mabilis man o unti-unti, sa paggising sa mga pandamang espiritwal. Habang higit na maalab ang apoy na pinaririkit sa puso ng mananampalataya, higit na malaki rin ang puwersa ng pagkaakit na madarama ng mga nahaharap sa init nito. At para sa pusong tinutupok ng pag-ibig kay Bahá'u'lláh, ano ang magugunitang higit pang marapat pagkaabalahan kaysa sa humanap ng mga espiritung kahalintulad nito, upang himukin sila sa pagpasok nila sa landas ng paglilingkod, upang alalayan sila habang sila ay nagtatamo ng karanasan—at maaaring ang pinakamatindi sa lahat ng kaligayahan—ay makitang pinagtitibay ang mga kaluluwa sa kanilang pananalig, bumabangon nang kusa, at tinutulungan ang mga iba pa sa gayunding paglalakbay. Ang mga ito ang ilan sa pinakamimithing mga sandali na ipinagkakaloob ng naglalahong buhay na ito."[40]**

**"Ang pagsisikap na matuto bilang isang gawi ng pagkilos ay nangangailangang ang lahat ay mag-angkin ng saloobin ng pagpapakumbaba, isang kalagayan kung saan nililimot ng tao ang sarili, inilalagay ang ganap na pagtitiwala sa Diyos, umaasa sa Kaniyang kapangyarihang nakatutustos sa lahat at nakatitiyak sa Kaniyang walang-maliw na tulong, batid na Siya, at Siya lamang, ang maaaring makapagbago ng isang niknik na maging lawin, isang patak na maging walang-hanggang karagatan. At sa ganoong kalagayan, ang mga kaluluwa ay walang-puknat na gumagawa nang sama-sama, nagagalak hindi sa kanilang sariling mga tagumpay kundi sa pagsulong at paglilingkod ng iba. Sa gayon ang kanilang mga kaisipan ay nakatuon sa buong panahon sa pagtutulungan ng isa't isa upang maabot ang mga rurok ng paglilingkod sa Kaniyang Kapakanan at pumailanlang sa kalangitan ng Kaniyang kaalaman."[41]**

## BAHAGI 35

Mangyari pa ay alam na alam nating ang tagumpay ng ating mga pagsisikap sa sunud-sunod na mga cycle ay lubusang nababatay sa banal na tulong. Natural lamang na sa ating pribadong pakikipagniig sa Diyos ay sumasamo tayo sa Kaniya na bagaman maliit lamang ang ating mga pagsisikap, sana ay maging katanggap-tanggap iyon sa Kaniyang Banal na Bungad. Napakahalaga ng paggunita ng mga siping katulad ng mga ito:

> **"O Panginoon! Ako ay isang ibong bali ang bagwis at nagnanais na lumipad sa Iyong kalawakang walang hanggan. Paano ko magagawa ito kung hindi sa Iyong pagpapala at biyaya, sa Iyong pagpapatibay at tulong."[42]**

> **"Isinasamo ko sa Iyo, sa Kaniya na Ulong-bukal ng Iyong Rebelasyon at Pamimitak ng Iyong mga tanda, na ang aking puso ay gawing sisidlan ng Iyong pag-ibig at ng paggunita sa Iyo. Ihabi ito, kung gayon, sa Iyong pinakadakilang Karagatan, upang dumaloy buhat doon ang nabubuhay na mga tubig ng Iyong karunungan at ang kristal na mga daloy ng pagluluwalhati at pagpupuri sa Iyo."[43]**

> **"Isinasamo ko sa Iyo, O Ikaw na Hari ng umiiral at Tagapagtanggol ng nakikita at di-nakikita, na gawin ang sinumang magbangon upang maglingkod sa Iyong Kapakanan na maging tulad ng isang dagat na pinakikilos ng Iyong hangarin, tulad ng naglalagablab na apoy ng Iyong Banal na Punongkahoy, sumisikat buhat sa sugpungang-guhit ng langit ng Iyong kalooban."[44]**

> **"O aking Diyos, tulungan Mo ang Iyong tagapaglingkod na itaguyod ang Salita, at pabulaanan ang kapalaluan at kasinungalingan, itatag ang katotohanan, ipalaganap ang mga banal na taludtod sa ibayong lugar, ipahayag ang mga kaluwalhatian, at gawin ang liwanag ng umaga na sumikat sa puso ng mga makatwiran."[45]**

> **"O aking Diyos! O aking Diyos! Nakikita Mo ako sa aking kababaan at kahinaan, na abala sa pinakadakilang gawain, nagtitikang itaas ang Iyong salita sa mga karamihan at ikalat ang Iyong mga turo sa Iyong mga sambayanan. Paano ako magtatagumpay kung hindi Mo ako tatangkilikin sa hininga ng Espiritu Santo, tutulungan akong magtagumpay sa pamamagitan ng mga hukbo ng Iyong maluwalhating kaharian, at pauulanin sa akin ang Iyong mga pagpapatibay, na iyon lamang ang makapagpapabago ng niknik upang maging isang agila, ng isang patak ng tubig upang maging mga ilog at mga dagat, at ng isang atomo upang maging mga liwanag at mga araw?"[46]**

Nagsasama-sama rin tayo upang sumamo sa Lubos na Makapangyarihan na ipagkaloob nawa Niya ang mga pagpapatibay sa ating sama-samang mga pagsisikap, lalo na sa panahon ng intensive campaign.

> **"O Panginoon! Gawing mahayag sa Iyong mga lupain ang mga kaluluwang mapagpakumbaba at mapagpahinuhod, natatanglawan ang kanilang mga mukha sa mga sinag ng pamamatnubay, nakawalay sa daigdig, ipinagbubunyi ang Iyong Pangalan, inuusal ang papuri sa Iyo, at ipinalalaganap ang halimuyak ng Iyong kabanalan sa sangkatauhan!"[47]**

**"O Diyos, aking Diyos! Tulungan Mo ang Iyong pinagkatiwalaang mga tagapaglingkod na magkaroon ng mapagmahal at mahabaging mga puso. Tulungan Mo silang ipalaganap, sa mga bansa ng sangkalupaan, ang liwanag ng patnubay na galing sa Samahan sa kaitaasan."[48]**

**"Sa katunayan ang Iyong mga mangingibig ay nauuhaw, O aking Panginoon; akayin sila sa bukal ng biyaya at pagpapala. Sa katunayan, sila ay nagugutom; ipadala Mo sa kanila ang Iyong makalangit na hapag. Sa katunayan, sila ay walang suot; bihisan Mo sila sa mga damit ng pagkatuto at kaalaman."[49]**

**"O Ikaw na walang kahambing na Diyos! O Ikaw na Panginoon ng Kaharian! Ang mga kaluluwang ito ang Iyong hukbo sa langit. Tulungan sila at sa pamamagitan ng mga pangkat ng Kataas-taasang Kalipunan ay pagtagumpayin sila, upang ang bawat isa sa kanila ay maging tulad ng isang rehimyento at masakop ang mga bansang ito sa pamamagitan ng pag-ibig sa Diyos at ng tanglaw ng mga banal na aral."[50]**

## BAHAGI 36

Wawakasan natin dito ang ating pagsasaliksik sa gawain ng pagtuturo. Tiyak na habang iniisip ang pagtuturo nang hindi lamang bilang isang personal na pagkukusa kundi ay bilang isang sama-samang pagsisikap, nababatid ninyong ang magkaparehong mga simulaing espiritwal ay kinakailangan sa dalawang ito. At gayumpaman, ang proseso ng pagpapakilala ng Pananampalataya sa ilang mga kaibigan at ang pagtulong sa kanilang maabot ang mga dalampasigan ng karagatan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh ay talagang naiiba sa pagtulong sa libu-libong mga nananahan sa isang rehiyon sa paglapit sa mga dalampasigang iyon. Ang isang simpleng paghahalintulad ay maglilinaw sa puntong ito: Ang mga simulaing umiiral sa paglaki ng mga halaman ay magkapareho para sa isang maliit na kama ng lupa para sa mga bulaklak at sa isang sakahang sumasaklaw sa daan-daang mga hektarya. Subalit ang pag-alaga ng ilang halaman sa personal na hardin ay lubos na naiiba sa pagsasaka ng malawak na mga lupain.

Sa pagkakataong ang ilan sa inyong mga kaibigan ay nakilala na si Bahá'u'lláh at sumali na sa mga ranggo ng Kaniyang mga tagasunod, patuloy ninyong aarugain ang bawat isa sa kanila bilang bahagi ng inyong personal na plano ng pagtuturo, nag-uubos ng panahon kasama sila at sinusuportahan sila sa kanilang mga pagsisikap na paunlarin ang kanilang kaalaman sa Kaniyang mga katuruan at makapaglingkod sa Kaniyang Kapakanan. Ngayon ay ibaling ang inyong isipan sa isang buong rehiyon. Kapag ang mga pagsisikap sa isang populasyong handang tumanggap ay nagpapakilalang ang malaking mga bilang, lalo na ng mga kabataan, ay handa—sa katunayan ay sabik—na lumakad sa landas ng paglilingkod sa kanilang mga pamayanan, kapag nililinaw ng mga pagsisikap na ang isang malaking porsiyento ay handang pumasok sa Pananampalataya sa pamamagitan ng isang usapang nahahalintulad doon sa namumukadkad sa pagitan nila Anna at Emilia, ang isang lubos na naiibang proseso ay kinakailangan, isang prosesong nagbibigay-daan upang ang dose-dosena ay magagawang bumangon at maglingkod sa Kapakanan sang-ayon sa kanilang mga kakayahang ipinagkaloob ng Diyos. Ang gawaing ganoon kalaki ay hindi matutugunan ng indibidwal na mga pagsisikap lamang.

Ang huling mga bahagi ng yunit na ito ay naghain sa inyo ng isang sulyap sa kung paano maaaring magkasabay na sumulong ang pagpapalawak at pagpapatatag ng Pananampalataya sa malawakang antas. Ang mga elemento ng isang sistemang may kakayahang suportahan itong prosesong dalawa ang bahagi ay buong-hirap na tinuklas at pinino sa loob ng mga dekada ng pagsisikap matuto. Ang ilan sa mga iyon ay binanggit dito, at kayo ay magtatamo ng malalim na mga pag-unawa sa mga iba pa, at higit na mahalaga, sa pamamagitan ng inyong patuloy na karanasan at pag-aaral,  matututo kayo kung paano nagpupunuan ang lahat ng ito upang lumikha ng isang malakas na sistema. Kabilang sa mga ito ay ang konsepto ng isang "cluster", ang mga cycle ng gawain na may mga yugto ng pagpapalawak at pagpapatatag, ang paraan ng koordinasyon, at ang pamamaraan ng pagkilos, pagninilay-nilay, pagsasanggunian, at pag-aaral. Subalit ang susi sa lahat ng mga ito ay isang pangunahing elemento: isang angkop na paraan para sa paglilinang ng kakayahan para sa paglilingkod.

Upang pagkalooban ang patuloy na lumalaking mga pangkat ng "malalim na mga pag-unawang espiritwal, ng kaalaman, at ng mga kasanayang kinakailangan upang maipatupad ang maraming mga gawain ng pinabilis na pagpapalawak at pagpapatatag", nilikha ang training institute. Sa pamamagitan nitong instrumentong "walang-hanggan ang natatagong mga kakayahan", isinulat ng House of Justice na posible, "sa ilalim ng isang malawak na hanay ng magkakaibang mga kalagayan, sa halos alinmang cluster" upang magawa ng "isang lumalawak na nucleus ng mga indibidwal na magsimula ng isang pagkilos tungo sa layunin ng isang bagong Kaayusang Pandaigdig. Binubuod para sa atin ng sumusunod na sipi kung paano ang paglilinang ng kakayahan na pinayayabong ng institute ay ibinubunsod ang gawaing pagtuturo at isinusulong ang pagkilos nito.

> **"Sa kaibuturan ng paraan ng pagkilos na tumutubo sa isang cluster ay ang indibidwal at sama-samang pagbabago na nagaganap sa pamamagitan ng bisa ng Salita ng Diyos. Mula sa simula ng serye ng mga kurso, nakakaharap ng kalahok ang Rebelasyon ni Bahá'u'lláh sa pagsasa-alang-alang ng gayong mabibigat na tema tulad ng pagsamba, paglilingkod sa sangkatauhan, ang buhay ng kaluluwa, at ang edukasyon ng mga bata at mga kabataan. Habang nililinang ng tao ang ugali ng pag-aaral at malalim na pagninilay-nilay sa Mapanlikhang Salita, itong proseso ng pagbabago ay nahahayag sa pamamagitan ng isang kakayahang isawika ang sariling pag-unawa sa napakalalim na mga konsepto at saliksikin ang espiritwal na realidad sa makabuluhang mga pag-uusap. Ang mga kakayahang ito ay nakikita hindi lamang sa uri ng pag-uusap na higit at higit pang nagtatangi sa mga ugnayan sa loob ng pamayanan, kundi sa nagpapatuloy na mga usapang lumalampas sa hangganan niyon—na di-pinakamaliit dito ay ang usapan sa pagitan ng mga kabataang Bahá'í at ng kanilang mga ka-edad—na sumasaklaw sa mga magulang ng mga anak na nakikinabang mula sa mga mga programa ng edukasyon ng pamayanan. Sa pamamagitan ng ganitong mga usapan, ang kamalayan sa espiritwal na mga puwersa ay tumataas, ang inaakalang mga *dichotomy* ay nalulutas ng di inaasahang mga pagkaunawa, ang diwa ng pagkakaisa at nagkakaisang layunin ay pinalalakas, ang paniniwala na maaaring makapaglikha ng higit na mabuting daigdig ay lumalakas, at ang pagtatalagang kumilos ay nagiging hayag. Ang gayong natatanging mga usapan ay unti-unting umaakit ng patuloy na lumalaking bilang upang makibahagi sa isang hanay ng mga gawain ng pamayanan. Ang mga paksa ng pananalig at katiyakan ay natural na lumilitaw, ibinubunsod ng pagiging handang tumanggap at ng mga karanasan ng mga nakikilahok. Ang malinaw, kung gayon, ay habang bumibilis ang buwelo**

**ng proseso ng institute sa isang cluster, ang gawain ng pagtuturo ay unti-unting nagtataglay ng higit na malaking kahalagahan sa mga buhay ng mga kaibigan."[51]**

Tiyak na pinagmumulan ng malaking kaligayahan sa inyo ang kabatirang sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga kurso ng institute ay tinutupad ninyo ang larawang-isip ng Universal House of Justice na inilarawan sa itaas. Kayo ay maliligayahan ding malaman na ang kasunod na aklat na inyong pag-aaralan ay tutulungan kayong paunlarin ang inyong kakayahang maglingkod bilang tutor ng mga kurso ng Ruhi Institute. Itong gawain ng paglilingkod ay napakahalaga hindi lamang para sa pagsulong ng isang patuloy at laging lumalawak na daloy ng mga indibidwal sa mga kurso ng institute kundi gayundin ay sa pangkalahatang proseso ng paglaki sa isang cluster. Ang inyong agarang gawain, gayumpaman, ay ang isagawa ang inyong natutunan sa aklat na ito. Yamang pinalalim na ang inyong pag-unawa sa kahalagahan ng pagtuturo, anong higit pang kaligayahan ang magugunita ninyo kaysa sa sumunod sa panawagan ng Guardian sa ating lahat na "gawin natin itong maging ang nangingibabaw na pagkahilig ng ating buhay."

## REFERENCES


1. *Mga Araw ng Paggunita: Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh para sa mga Banal na Araw ng Bahá'í* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2020), blg. 29.13, p. 242-43.

2. Shoghi Effendi, *The Advent of Divine Justice* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2006, 2018 printing), par. 73, p. 72.

3. Mula sa isang mensahe ng ika-13 ng Hulyo 1964 para sa lahat ng mga National Spiritual Assembly, inilathala sa *Messages from the Universal House of Justice, 1963–1986: The Third Epoch of the Formative Age* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1996), blg. 18.4, p. 39.

4. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), CXX, par. 3, p. 288.

5. Bahá'u'lláh, *Ang Natatagong mga Salita* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 1965, 1989, 2008, 2017), Arabe blg. 4, mp. 3-4.

6. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, IV, par. 1, p. 5.

7. Mula sa isang talumpating ibinigay noong ika-28 ng Oktobre 1911, inilathala sa *Mga Pagsasalita sa Paris: Mga Talumpati noong 1911 ni 'Abdu'l-Bahá* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2021), blg. 15.12, mp. 69-70.

8. Bahá'u'lláh, sa *Mga Dalanging Bahá'í: Katipunan ng mga Piling Dalanging Ipinahayag nina Bahá'u'lláh, ang Báb, at ni 'Abdu'l-Bahá* (Manila: Bahá'í Publishing Trust, 1990), p. 275.

9. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, XLV, par. 1, mp. 111–12.

10. The Báb, in *Mga Dalanging Bahá'í*, p. 13.

11. Ibid., p. 13-14.

12. Bahá'u'lláh, ibid., p. 255.

13. *Ang Natatagong mga Salita*, Persiano blg. 44, mp. 68-69.

14. Ibid., Arabe no. 13, mp. 7–8.

15. *Tablets of Abdul-Baha Abbas*, (New York: Bahá'í Publishing Committee, 1916, 1930 printing), vol. 3, pp. 579–80. (authorized translation)

16. Bahá'u'lláh, in *Mga Dalanging Bahá'í*, mp. 168-69.

17. Mula sa mensahe ng Riḍván 2010 na isinulat para sa mga Bahá'í ng daigdig, inilathala sa *Framework for Action: Selected Messages of the Universal House of Justice and*

*Supplementary Material, 2006–2016* (West Palm Beach: Palabra Publications, 2017), no. 14.4, p. 76.

18. Mula sa mensahe ng ika-30 ng Disyembre 2021 sa Kumperensiya ng Continental Boards of Counsellors, inilathala sa *Ang Nine Year Plan, 2022–2031: Messages of the Universal House of Justice* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2022), blg. 6.9, p. 22.

19. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, CXXIX, par. 1–2, mp. 316–17.

20. Shoghi Effendi, *The Advent of Divine Justice*, par. 78, mp. 76–77.

21. Ibid., par. 78, p. 77.

22. Ibid., par. 78, mp. 77–78.

23. Ibid., par. 78, p. 78.

24. Ibid.

25. Ibid.

26. Mula sa liham ng ika-28 ng Disyembre 2008 na isinulat sa ngalan ng Universal House of Justice sa isang National Spiritual Assembly, par. 4.

27. Mula sa mensahe ng Riḍván 2010 na isinulat ng Universal House of Justice sa mga Bahá'í ng daigdig, inilathala sa *Framework for Action*, no. 14.6, p. 77.

28. Mula sa mensahe ng ika-13 ng Hulyo 1964 sa lahat ng mga National Spiritual Assembly, inilathala sa *Messages from the Universal House of Justice, 1963–1986*, no. 18.1–2, mp. 38–39.

29. Mula sa mensahe ng ika-12 ng Disyembre 2011 na isinulat ng Universal House of Justice sa lahat ng mga National Spiritual Assembly, inilathala sa *Framework for Action*, no. 20.19, p. 136.

30. 'Abdu'l-Bahá, sinipi sa isang liham ng ika-5 ng Hunyo 1947 na isinulat ni Shoghi Effendi, inilathala sa *Citadel of Faith: Messages to America, 1947–1957* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1965, 2014 printing), mp. 29–30.

31. *Mga Pinili Mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2021), no. 207.9–10, mp. 419–20.

32. Pahabol sulat sa sulat-kamay ni Shoghi Effendi, idinagdag sa isang liham ng ika-9 ng Mayo 1933 na isinulat sa ngalan niya para sa isang indibidwal.

33. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, CXLVI, par. 1, p. 357.

34. Mula sa mensahe ng Riḍván 2008 na isinulat ng Universal House of Justice sa mga Bahá'í ng daigdig, inilathala sa *Framework for Action*, no. 10.2, p. 62.

35. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá*, no. 200.11, mp. 390–91.

36. *Tablets of Abdul-Baha Abbas* (New York: Bahá’í Publishing Committee, 1915, 1940 printing), vol. 2, p. 460. (authorized translation)

37. *Tablets of Abdul-Baha Abbas*, vol. 3, p. 727. (authorized translation)

38. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá*, no. 204.2, mp. 400–401.

39. Mula sa mensahe ng ika-28 ng Disyembre 2010 na isinulat ng Universal House of Justice sa Kumperensiya ng Continental Boards of Counsellors, inilathala sa *Framework for Action*, no. 16.15, p. 103.

40. Mula sa mensahe ng Riḍván 2019 na isinulat ng Universal House of Justice sa mga Bahá’í ng daigdig, par. 3.

41. Mula sa mensahe ng Riḍván 2010 na isinulat ng Universal House of Justice sa mga Bahá’í ng daigdig, inilathala sa *Framework for Action*, no. 14.20, p. 84.

42. ‘Abdu’l-Bahá, sa *Mga Dalanging Bahá’í*, p. 218.

43. Bahá’u’lláh, ibid., mp. 206–207.

44. Ibid., mp. 208–210.

45. ‘Abdu’l-Bahá, in *Mga Dalanging Bahá’í*, mp. 211-212.

46. Ibid., mp. 226-227.

47. Ibid., p. 222.

48. Ibid., p. 212.

49. Ibid., mp. 213-214.

50. Ibid., p. 215.

51. Mula sa mensahe ng ika-29 ng Disyembre 2015 sa Kumperensiya ng Continental Boards of Counsellors, inilathala sa *The Five Year Plan, 2016–2021: Messages of the Universal House of Justice*, (West Palm Beach: Palabra Publications, 2016), no. 1.14, mp. 8–9.